PAMBUONG-ESTADO NG CALIFORNIA NA TUWIRANG

PRIMARYANG HALALAN

MARTES, HUNYO 8, 2010

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Sertipiko ng Katumpakan

Ako, si Debra Bowen, Sekretarya ng Estado ng Estado ng California, sa pamamagitan nito ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na kasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan na gaganapin sa Hunyo 8, 2010, at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-18 araw ng Marso, 2010.

Debra Bowen
Sekretarya ng Estado

Sekretarya ng Estado

Mahal na Kapwa Botante:

Sa pagpaparehistro upang makaboto, gumawa ka ng unang hakbang sa pagganap ng isang aktibong papel sa pagpapasiya ng hinaharap ng California. Ngayon, upang tulungan ka na gawin ang iyong mga desisyon, ginawa ng aking opisina itong Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nagtataglay ng mga titulo at buod na inihanda ni Pangkalahatang Abugado Edmund G. Brown Jr., walang-pinapanigang pagsusuri ng batas at maaaring maging mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis na inihanda ni Pambatasang Manunuri Mac Taylor, mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukalang-batas sa balota na inihanda ng mga tagapagtaguyod at kalaban, teksto ng mga iminumungkahing batas na inihanda ni Pambatasang Abugada Diane F. Boyer-Vine, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang paglilimbag ng patnubay na ito ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa ni Umaaktong Tagalimbag ng Estado Kevin P. Hannah.

Ang pagboto ay madali, at sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o sa kanyang lugar ng botohan. Ang huling araw upang humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay Hunyo 1.

Ang mga primaryang halalan ay isinasagawa upang malaman kung sinong iminungkahi sa bawat partidong pampulitika ang kakatawan sa partido sa bawat labanan sa pangkalahatang halalan. Ang nanalong kandidato sa bawat partido (o ang nangungunang dalawang nakakuha ng pinakamaraming boto sa mga hindi partidistang labanan) sa primarya ng Hunyo 8, 2010 ay susulong sa pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2, 2010 kung saan ang lahat ng mga botante, anuman ang kinasasapiang pampulitika, ay pahihintulutang bumoto para sa sinumang kandidato sa balotang iyon.

Ang ilang partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa tumangging-magpahayag (kilala rin bilang hindi partidista o walang kinasasapian) na botante na humiling ng at bumoto sa balota ng kanilang partido sa primaryang halalang ito. Tingnan ang pahina 4 ng patnubay na ito para karagdagang impormasyon.

Maraming iba pang paraan upang lumahok sa proseso ng halalan. Ikaw ay maaaring:

- Maging isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan, tutulong na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat ng karapat-dapat na botante, magpoprotekta sa mga balota hanggang ang mga ito ay mabilang ng mga opisyal sa halalan;
- Ikalat ang salita tungkol sa mga huling araw ng pagpaparehistro ng botante at mga karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng mga email, tawag sa telepono, polyeto, at mga paskil; at
- Tumulong na edukahan ang ibang mga botante tungkol sa mga kandidato at isyu sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga grupong tumatalakay o paglahok sa mga pakikipagtalakayan sa mga kaibigan, pamilya, at mga lider ng komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano at saan boboto, at ang iba pang mga paraan na makakalahok ka sa proseso ng halalan, tumawag sa (800) 339-2957 o bisitahin ang *www.sos.ca.gov*.

Isang magandang pribilehiyo sa isang demokrasya na magkaroon ng mapipili at ng karapatan na isatinig ang iyong opinyon. Ipinatatala mo man ang iyong balota sa isang lugar ng botohan o sa isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, hinihimok kita na mag-ukol ng panahon upang basahing mabuti ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pagboto at ang bawat panukalang-batas sa balota sa patnubay na impormasyon na ito.

Salamat sa pagiging seryoso mo sa iyong sibikong responsibilidad at pagpaparinig ng iyong tinig!

MGA NILALAMAN

PAHINA

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY 7

MGA PROPOSISYON

13 Mga Limitasyon sa Pagtasa sa Buwis sa Ari-Arian. Pagpapatibay Laban sa Lindol ng mga Kasalukuyang Gusali. Pambatasang Susog sa Saligang-Batas. **10**

14 Mga Halalan. Tinataasan Ang Karapatang Lumahok sa mga Primaryang Halalan. **14**

15 Batas sa mga Walang-Kinikilingang Halalan sa California. **20**

16 Nagpapataw ng Bagong Iniaatas na Pag-Aproba ng Dalawang-Ikatlo ng mga Botante Para sa mga Lokal na Pampublikong Tagapagkaloob ng Kuryente. Inisyatibong Susog sa Saligang-Batas. **26**

17 Nagpapahintulot sa mga Kompanya ng Seguro sa Awto na ang Kasaysayan ng Drayber sa Pagsakop ng Seguro Ay Isama Nila sa Batayan ng Kanilang mga Presyo. Inisyatibong Batas. **32**

MGA PAHAYAG NG LAYUNIN NG PARTIDONG PAMPULITIKA 36

LISTAHAN NG MGA KANDIDATO PARA SA PAMBUONG-ESTADONG INIHAHALAL NA KATUNGKULAN 40

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO 42

TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS 62

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE 79

MGA PAHINA NG IMPORMASYON

Mga Primaryang Halalan at mga Tumangging-Magpahayag na Botante 4
Pagpaparehistro ng Botante 4
Mga Pahayag ng Kandidato na Pambatasan ng Estado at para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos 5
Tungkol sa mga Pangangatwiran sa Balota 5
Tungkol sa mga Panukalang-batas sa Balota 5
Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na Nasa Malalaking Letra at Audio 6
Maglingkod Bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan 6
Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan 9
Mga Paglalarawan ng Pambuong-estadong Inihahalal na Katungkulan 38
Mapa ng mga Distrito ng Lupon ng Pagpapantay 39
Mga Opisina sa mga Halalan ng County 60

BISITAHIN ANG WEBSITE NG SEKRETARYA NG ESTADO UPANG:

- Tingnan ang impormasyon sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa balota sa *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Magsaliksik tungkol sa mga kontribusyon sa kampanya at mga aktibidad na paglolobi *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/*
- Hanapin ang iyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_ppl.htm*
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa *www.sos.ca.gov/elections_m.htm*
- Manood ng aktuwal na mga resulta ng halalan pagkatapos magsara ang mga lugar ng botohan sa Araw ng Halalan sa *http://vote.sos.ca.gov/*

Mahalagang Impormasyon Tungkol Dito sa Primaryang Halalan at mga Tumangging-Magpahayag na Botante

Ang isang **tumangging-magpahayag** na botante ay sinumang nakarehistrong botante na pumiling hindi sumapi sa isang partidong pampulitika nang siya ay magparehistro upang makaboto (kung minsan ay tinatawag din na isang di-partidista o DTS na botante).

Ang **mga primaryang halalan** ay ginaganap upang alamin kung sinong nominado sa bawat partidong pampulitika ang kakatawan sa partido sa bawat labanan sa **pangkalahatang halalan**. Ang nanalong kandidato mula sa bawat partido sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan ng Hunyo 8, 2010 ay susulong sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2, 2010.

- Kung ikaw ay nakarehistro upang makaboto sa isang partidong pampulitika, ikaw ay maaari lamang bumoto sa pambuong-estadong tuwirang primaryang halalan para sa mga panukalang-batas sa balota at sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan mula sa partido na ikaw ay nakarehistro.
- Kung hindi ka pumili ng isang partidong pampulitika nang magparehistro ka para makaboto, maaari kang humiling ng isang balota ng alinmang partidong pampulitika na nagpasabi sa Sekretarya ng Estado na ito ay magpapahintulot sa mga tumangging-magpahayag na nakarehistrong botante na tumulong na magmungkahi ng kanilang mga kandidato. HINDI ka maaaring humiling ng balota ng higit sa isang partido.

  Ang mga sumusunod na partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa tumangging-magpahayag na mga botante na humiling at bumoto ng balota ng kanilang partido (maliban sa mga kandidato para sa komite sentral ng county) sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan ng Hunyo 8, 2010:

  - Partidong Demokratiko
  - Partidong Republikano

  Kung hindi ka humiling ng isang partikular na balota, bibigyan ka ng isang di-partidistang balota na nagtataglay ng mga panukalang-batas lamang at ng mga pangalan ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan.

Kung Bumoboto Ka sa Pamamagitan ng Koreo . . . Ang bawat opisina ng county sa mga halalan ay inaatasan na padalhan ang lahat ng tumangging-magpahayag na botante na nakarehistro bilang mga botanteng permanenteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ng isang paunawa at aplikasyon tungkol sa pagboto sa primaryang halalan. Ang paunawa ay dapat magbigay-alam sa botante na siya ay maaaring humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa isang partikular na partidong pampulitika para sa primaryang halalan kung ang partidong iyon ay nagpapahintulot sa tumangging-magpahayag na botante na makaboto sa primarya nito. Kung ikaw ay naisyuhan na ng isang di-partidistang balota pero gusto mong humiling ng isang balota mula sa isa ng mga kalahok na partido, dapat kang makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng iyong county. Para sa isang listahan ng mga opisina sa mga halalan ng county, tingnan ang pahina 60 ng patnubay na ito.

Pagpaparehistro ng Botante

Ang pagpaparehistro upang makaboto ay madali at libre. Ang mga pormularyo ng pagpaparehistro ay makukuha online sa *www.sos.ca.gov* at sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, mga aklatan, mga opisina ng pamahalaan ng lunsod at county, at sa Opisina ng Sekretarya ng Estado ng California. Maaari mo ring hilingin na ipadala sa iyo ang isang pormularyo ng pagpaparehistro sa pamamagitan ng pagtawag sa opisina sa mga halalan ng iyong county o sa walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa (800) 339-2957.

Upang magparehistro para makaboto ikaw ay dapat na isang mamamayan ng Estados Unidos, isang residente ng California, hindi kukulangin sa 18 taong gulang sa Araw ng Halalan, wala sa bilangguan o hindi parolado para sa napatunayang felony, at hindi nahatulan na walang-kakayahan ang isip ng isang hukuman.

Ikaw ay responsable para sa pagsasapanahon ng iyong impormasyon sa pagpaparehistro ng botante. Dapat mong isapanahon ang iyong pagpaparehistro ng botante kung pinalitan mo ang iyong tirahan, pinalitan ang iyong direksiyong pangkoreo, pinalitan ang iyong pangalan, o gustong palitan o piliin ang isang partidong pampulitika.

Tala: Kung lumipat ka sa iyong bagong tirahan pagkatapos ng Mayo 24, 2010, maaari kang bumoto sa iyong dating lugar ng botohan.

Mga Pahayag ng Kandidato na Pambatasan ng Estado at para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos

Itong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ay sumasakop sa mga pambuong-estadong panukalang-batas sa balota at ilang pambuong-estadong opisyal. Ang bawat katungkulan sa Senado at Asembleya ng Estado ay may kaugnayan sa mga botante sa isa lamang o ilang county, kaya ang ilang pahayag ng kandidato ay maaaring makuha sa inyong buklet ng halimbawang balota ng county.

Ang Proposisyon 34, inaprobahan ng mga botante noong Nobyembre 2000, ay nagtatag ng mga boluntaryong limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para sa pambatasang katungkulan sa estado. Ang mga pambatasang kandidato na pumiling panatilihin ang kanilang mga gugulin sa kampanya na mas mababa sa mga tinukoy na dolyar na halaga ay maaaring bumili ng espasyo sa mga halimbawang balota ng county para sa isang 250-salitang pahayag ng kandidato. Upang tingnan ang isang listahan ng mga pambatasang kandidato na tumanggap ng mga limitasyon sa paggasta sa kampanya, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_cand_stat.htm.*

Ang mga kandidato ng estado na nagboluntaryong limitahan ang kanilang mga paggasta sa kampanya ay hindi maaaring gumasta ng higit sa $777,000 sa isang primaryang halalan. Ang mga kandidato para sa asembleya na nagboluntaryong limitahan ang kanilang mga paggasta sa kampanya ay hindi maaaring gumasta ng higit sa $518,000 sa isang primaryang halalan.

Ang mga kandidato para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay maaaring bumili ng espasyo para sa isang 250-salitang pahayag ng kandidato sa mga librito ng halimbawang balota ng county, at hindi napapailalim sa mga boluntaryong limitasyon sa paggasta.

Tungkol sa mga Pangangatwiran sa Balota

Ang Opisina ng Sekretarya ng Estado ay hindi sumusulat ng mga pangangatwiran sa balota. Ang mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukalang-batas sa balota ay ibinibigay ng mga tagapagtaguyod at kalaban ng mga panukalang-batas sa balota. Kung maraming pangangatwiran ang isinumite na panig o laban sa isang panukalang-batas, ang batas ay nag-aatas na ang unang priyoridad ay ibigay sa mga pangangatwirang isinulat ng mga mambabatas sa kaso ng mga pambatasang panukalang-batas, at ang mga pangangatwirang isinulat ng mga tagapagtaguyod ng isang inisyatibo o reperendum sa kaso ng isang inisyatibo o reperendum na panukalang-batas. Ang kasunod na priyoridad para sa lahat ng mga panukalang-batas ay pupunta sa mga tunay na kapisanan ng mga mamamayan at saka sa mga indibidwal na botante. Alinsunod sa batas, ang isinumiteng pananalita sa pangangatwiran ay hindi maaaring beripikahin para sa katumpakan o palitan sa anumang paraan maliban kung ang isang hukuman ay nag-utos na ito ay palitan.

Tungkol sa mga Panukalang-batas sa Balota

May ilang uri ng pambuong-estadong panukalang-batas sa balota. Kasama sa balota ng Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan sa Hunyo 8, 2010 ang sumusunod na tatlong uri ng mga panukalang-batas sa balota.

Pambatasang Susog sa Saligang-batas

Kapag nagmumungkahi ang Lehislatura ng Estado na susugan ang Saligang-batas ng California, ang susog ay dapat aprobahan ng boto ng dalawang-ikatlo ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at saka ihaharap sa mga botante sa isang pambuong-estadong balota. Ang isang pambatasang susog sa saligang-batas ay hindi nag-aatas ng pirma ng Gobernador. Upang mapagtibay, ang isang pambatasang susog sa saligang-batas ay nangangailangan ng isang simpleng mayoriya ng kabuuang botong ipinatala.

Pambatasang Inisyatibong Susog

Kapag nagmumungkahi ang Lehislatura ng Estado na susugan ang isang batas na naunang pinagtibay sa pamamagitan ng proseso ng inisyatibo, ang susog ay dapat aprobahan ng isang boto ng mayoriya ng bawat kapulungan ng Lehislatura at saka ihaharap sa mga botante sa isang pambuong-estadong balota (maliban kung ang orihinal na panukalang-batas ay partikular na nagpapahintulot sa pambatasang susog o pagpapawalang-bisa nang walang pag-aproba ng botante). Upang mapagtibay, ang isang pambatasang inisyatibong susog ay nangangailangan ng isang simpleng mayoriya ng kabuuang botong ipinatala.

Inisyatibo

Madalas na tinatawag na "tuwirang demokrasya," ang proseso ng inisyatibo ay ang kapangyarihan ng mga tao na maglagay ng mga panukalang-batas sa isang pambuong-estadong balota. Ang mga panukalang-batas na ito ay maaaring lumikha o magbago ng mga batas at susugan ang saligang-batas. Kung ang inisyatibo ay nagmumungkahi na lumikha o magbago ng mga batas ng California, ang mga tagapagtaguyod ay dapat magtipon ng mga pirma ng petisyon ng mga nakarehistrong botante na ang bilang ay kapantay ng limang porsiyento ng mga botong ipinatala para sa lahat ng mga kandidato para Gobernador sa pinakahuling halalan sa pagka-gobernador. Kung ang inisyatibo ay nagmumungkahi na susugan ang Saligang-batas ng California, ang mga tagapagtaguyod ay dapat magtipon ng mga pirma ng petisyon ng mga nakarehistrong botante na ang bilang ay kapantay ng walong porsiyento ng mga botong ipinatala para sa lahat ng mga kandidato para Gobernador sa pinakahuling halalan sa pagka-gobernador. Upang mapagtibay, ang isang inisyatibo ay nangangailangan ng isang simpleng mayoriya ng kabuuang botong ipinatala.

Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na Nasa Malalaking Letra at Audio

Ang Sekretarya ng Estado ay nagkakaloob ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante sa malalaking-letra at pormang audio para sa mga taong may kapansanan sa paningin sa Ingles, Tsino, Hapon, Koreano, Espanyol, Tagalog, at Biyetnamis.

Upang makahiling ng bersiyon sa malalaking letra o audio-cassette ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_vig_altformats.htm* o tawagan ang walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa (800) 339-2957.

Para sa maaaring i-download na bersiyong audio MP3 ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa www.voterguide.sos.ca.gov/audio/.

Kumita ng Pera at Gumawa ng Pagkakaiba . . . Maglingkod Bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Halalan!

Bilang karagdagan sa pagkuha ng aktuwal na karanasan sa mga kasangkapan ng ating demokrasya, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng ekstrang pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Halalan.

Maaari kang maglingkod bilang isang manggagawa sa botohan kung ikaw ay:

- Isang nakarehistrong botante, o
- Isang estudyante sa mataas na paaralan na:
  - isang mamamayan ng Estados Unidos;
  - hindi kukulangin sa 16 na taong gulang sa panahon na ikaw ay maglilingkod;
  - may pangkalahatang marka na hindi kukulangin sa 2.5; at
  - isang estudyanteng may magandang katayuan sa isang pampubliko o pribadong paaralan.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisyal sa mga halalan o tumawag sa (800) 339-2957 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan.

Kung ikaw ay isang empleyado ng pamahalaan ng estado, maaari kang magbakasyon sa trabaho, nang hindi mawawalan ng suweldo, upang maglingkod bilang manggagawa sa lugar ng botohan kung magbibigay ka ng sapat na paunawa sa iyong departamento at inaprobahan ng iyong superbisor ang kahilingan.

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 13 MGA LIMITASYON SA PAGTASA SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAGPAPATIBAY LABAN SA LINDOL NG MGA KASALUKUYANG GUSALI. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa balota ng Lehislatura*

Nagtatadhana na ang konstruksiyon upang patibayin laban sa lindol ang mga gusali ay hindi magbubunsod ng muling pagtasa ng halaga ng buwis sa ari-arian. Nagtatatag ng pambuong-estadong pamantayan para sa mga pagpapabuti ng pagpapatibay laban sa lindol na kuwalipikado. Tama sa Pananalapi: **Maliit na kabawasan sa mga kita sa lokal na buwis sa ari-arian na may kaugnayan sa pagtasa ng mga pagpapahusay laban sa lindol.**

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga pagpapabuting pangkaligtasan sa lindol na ginagawa sa mga gusaling di-pinatibay na trabaho ng kantero (tulad ng ladrilyo) ay hindi magreresulta sa mas mataas na mga buwis sa ari-arian hanggang maibenta ang gusali.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga pagpapabuting pangkaligtasan sa lindol na ginagawa sa mga gusaling di-pinatibay na trabaho ng kantero ay patuloy na hindi isasama sa mga buwis sa ari-arian pero hanggang sa 15 taon lamang.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ang Proposisyon 13 ay gumagawa ng isang kailangang pagbabago sa saligang-batas ng ating estado upang maalis ang isang mapanganib na hadlang sa mga may-ari ng ari-arian na pahusayin ang mga istruktura ng di-pinatibay na trabaho ng kantero upang mapabuti ang kaligtasan sa lindol. Ang proposisyong ito ay nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pag-aalis ng hindi pantay na pagtrato sa magkakaibang uri ng ari-arian na sumasailalim sa mga pagpapabuting pangkaligtasan sa lindol.

LABAN Walang iniharap na Pangangatwiran laban sa Proposisyon 13.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

Senator Roy Ashburn's Support Proposition 13 Committee
P.O. Box 11444
Bakersfield, CA 93389
(661) 861-8100

KONTRA

Walang ibinigay na impormasyon tungkol sa matatawagan.

PROP 14 MGA HALALAN. TINATAASAN ANG KARAPATANG LUMAHOK SA MGA PRIMARYANG HALALAN.

BUOD *Inilagay sa balota ng Lehislatura*

Binabago ang proseso ng primaryang halalan para sa mga pangkongreso, pambuong-estado, at pambatasang labanan. Nagpapahintulot sa lahat ng mga botante na pumili ng sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partidong pampulitika ng kandidato o botante. Tumitiyak na ang dalawang kandidatong tumanggap ng pinakamalaking bilang ng mga boto ay lilitaw sa balota ng pangkalahatang halalan anuman ang kinakatigang partido. Tama sa Pananalapi: Walang malaking netong pagbabago sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan upang pangasiwaan ang mga halalan.

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Lahat ng mga botante ay tatanggap ng magkakatulad na balota sa primaryang halalan para sa karamihan ng mga pang-estado at pederal na katungkulan. Ang dalawang kandidato lamang na may pinakamaraming boto—anuman ang kinikilalang partidong pampulitika—ang susulong sa balota ng pangkalahatang halalan.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga botante ay patuloy na tatanggap ng mga balota ng primaryang halalan batay sa kanilang partidong pampulitika. Ang kandidato na may pinakaraming boto mula sa bawat partidong pampulitika ay patuloy na susulong sa balota ng pangkalahatang halalan.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ang botong OO ay nangangahulugang magagawa NINYO na bumoto para sa sinumang kandidato na nais ninyo para sa mga pang-estado at pangkongresong katungkulan, anuman ang kinakatigang partidong pampulitika. Ang mga eksperto ay nagsasabi na ang mga hindi partidistang panukalang-batas na tulad ng Proposisyon 14 ay magreresulta sa mga inihalal na kinatawan sa Sacramento at Washington na HINDI GAANONG PARTIDISTA at MAS PRAKTIKAL.

LABAN Ang mga pulitiko na nasa likod ng Proposisyon 14 ay nagsama ng isang mapanlinlang na tadhana, na hindi gagawing tunay na "Bukas" ang mga primarya. Ang mga kandidato ay hindi na aatasan na ilista sa balota ang kanilang kinasasapiang partido. Gusto nilang lumabas na sila ay "mga independiyente" habang sa katotohanan ay namamalagi sila sa kanilang partidong pampulitika. Gawain gaya ng dati na nakabalatkayo bilang "reporma."

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

YES ON 14-Californians For An Open Primary
info@YESON14OPENPRIMARY.COM
www.YESON14OPENPRIMARY.COM

KONTRA

California School Employees' Association
2045 Lundy Ave.
San Jose, CA 95131
(408) 473-1000

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 15 BATAS SA MGA WALANG-KINIKILINGANG HALALAN SA CALIFORNIA.

BUOD *Inilagay sa balota ng Lehislatura*

Nagpapawalang-bisa sa pagbabawal sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika. Lumilikha ng isang boluntaryong sistema para sa mga kandidato para Sekretaryo ng Estado upang maging kuwalipikado para sa isang pampublikong gawad sa kampanya kung sumang-ayon sila sa mga limitasyon sa paggasta at mga pribadong kontribusyon. Ang bawat kandidatong nagpakita ng sapat na suporta ng publiko ay tatanggap ng halagang katulad ng sa iba. Ang mga lumalahok na kandidato ay pagbabawalan na lumikom o gumasta ng pera na higit sa gawad. Magkakaroon ng mahigpit na pagpapatupad at pananagutan. Pinopondohan ng mga boluntaryong kontribusyon at ng minsan sa dalawang taon na bayad ng mga tagalobi, mga kompanyang naglolobi, at mga tagapag-empleyo ng tagalobi. Tama sa Pananalapi: **Mas malaking kita (karamihan ay mula sa mga singil na may kaugnayan sa mga tagalobi) na may kabuuan na higit sa $6 na milyon** tuwing apat na taon. Ang mga pondong ito ay gagastahin sa pagtustos ng publiko para sa mga kampanya ng mga kandidato para Sekretaryo ng Estado para sa mga halalan ng 2014 at 2018.

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang pagbabawal ng estado sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika para sa mga inihahalal na katungkulan ay aalisin. Para sa mga halalan ng 2014 at 2018, ang mga kandidato para sa katungkulan ng Sekretaryo ng Estado ay makakapili na tumanggap ng mga pondo ng publiko upang bayaran ang mga gastos sa mga kampanya kung natutugunan nila ang mga partikular na iniaatas. Ang mga singil na may kaugnayan sa mga tagalobi ay tataasan upang bayaran ang mga gastos na ito.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang pagbabawal ng estado sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika para sa mga inihahalal na katungkulan ay magpapatuloy. Ang mga kandidato para sa katungkulan ng Sekretaryo ng Esado ay patuloy na magbabayad para sa kanilang mga kampanya sa pamamagitan ng mga pribadong pondo na napapailalim sa mga kasalukuyang tuntunin. Ang mga kasalukuyang singil na may kaugnayan sa mga tagalobi ay hindi magbabago.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG OO sa 15: Ang dami ng pera sa pulitika ay sobra at lumalason sa sistema. Ang League of Women Voters of California ay nagsasabi na ang Prop. 15 ay mag-aalis sa mga pulitiko mula sa larong paglikom ng pondo upang magpokus sila sa mga dapat unahin sa California. Ang mga halalan ay dapat ipanalo, hindi dapat bilhin ng mga espesyal na interes.
www.YesOnProp15.org

LABAN Ang Proposisyon 15 ay isang panlalansi. Ito ay nagtataas ng mga buwis nang walang pananagutan upang magkaloob ng milyun-milyong pera ng nagbabayad ng buwis sa mga pulitiko upang pondohan ang kanilang mga negatibong kampanya AT NAGPAPAHINTULOT DIN sa mga pulitiko na lumikom ng pera mula sa mga grupo ng espesyal na interes. Ang Prop. 15 ay hindi isang tunay na reporma sa kampanya. Mangyaring bumoto ng HINDI sa Prop. 15.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

Derek Cressman
Californians for Fair Elections
3916 S. Sepulveda, Suite 109
Culver City, CA 90230
(800) 566-3780
Prop15@CommonCause.org
www.YesOnProp15.org

KONTRA

STOP PROP 15
455 Capitol Mall, Suite 801
Sacramento, CA 95814
info@stopprop15.com
STOPPROP15.com

PROP 16 NAGPAPATAW NG BAGONG INIAATAS NA PAG-APROBA NG DALAWANG-IKATLO NG MGA BOTANTE PARA SA MGA LOKAL NA PAMPUBLIKONG TAGAPAGKALOOB NG KURYENTE. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nag-aatas ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante bago magkaloob ang mga lokal na pamahalaan ng serbisyong kuryente sa mga bagong parokyano o magtatag ng isang programang kuryente na pinili ng komunidad na gumagamit ng mga pondo o bono ng publiko. Tama sa Pananalapi: **Hindi alam na netong tama sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan—hindi malamang na maging malaki sa panandalian—dahil sa hindi tiyak na epekto ng panukalang-batas sa mga pampublikong tagapagkaloob ng kuryente at sa mga presyo ng kuryente.**

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga lokal na pamahalaan ay pangkaraniwang aatasan na tumanggap ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante bago nila magawang magsimula ng mga serbisyong kuryente o palawakin ang serbisyong kuryente sa isang bagong teritoryo.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga lokal na pamahalaan ay pangkaraniwang maaaring patuloy na magpatupad ng mga mungkahing may kaugnayan sa pagsisimula o pagpapalawak ng serbisyong kuryente sa pamamagitan ng pag-aproba ng isang mayoriya ng mga botante o mga aksiyon ng mga namamahalang lupon.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ang Proposisyon 16 ay ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis. Ito ay nag-aatas ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante bago makagasta o makahiram ng pera ng publiko ang pamahalaan upang pumasok sa negosyong pagtitingi ng kuryente. Sa mahirap na panahon sa ekonomiya, ang mga nagbabayad ng buwis ay dapat magkaroon ng pangwakas na salita sa kung paano gagastahin ng pamahalaan ang ating pera.

LABAN Ang Proposisyon 16 ay gumagawa ng dalawang bagay: Una, ito ay mahigpit na naglilimita sa inyong mga pagpili ng kung sino ang magkakaloob sa inyo ng kuryente. Ikalawa, hinahayaan nito ang mga nagtutubong utilidad sa California na itaas ang mga presyo ng inyong kuryente nang paulit-ulit, sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanilang monopolyo at pag-aalis ng kompetisyon. Para sa mas maraming pagpili at mas mababang singil sa kuryente, HINDI sa Proposisyon 16.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

YES On 16/Californians to Protect Our Right to Vote
2350 Kerner Blvd., Suite 250
San Rafael, CA 94901
info@taxpayersrighttovote.com
www.taxpayersrighttovote.com

KONTRA

Taxpayers Against the PG&E Powergrab, Sponsored by Local Power, Inc. and The Utility Reform Network
Mindy Spatt
5429 Madison Avenue
Sacramento, CA 95841
(415) 929-8876 x306
www.powergrab.info

MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 17 **NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO AY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.**

BUOD *Inilagay sa balota ng mga pirma sa petisyon*

Nagpapahintulot sa mga kompanya na bawasan o dagdagan ang halaga ng seguro depende sa kung ang drayber ay may kasaysayan ng patuloy na pagsakop ng seguro. Tama sa Pananalapi: **Malamang na walang malaking epekto sa pananalapi sa mga kita ng estado sa buwis sa bayad sa seguro.**

ANG IBIG SABIHIN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga kompanya ng seguro ay maaaring mag-alok sa mga bagong parokyano ng isang diskuwento sa kanilang mga hulog sa seguro sa awto batay sa haba ng panahon na ang parokyano ay nagpanatili ng pagsakop na liabilidad sa pinsala ng katawan sa ibang tagaseguro.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga tagaseguro ay maaaring magkaloob ng mga diskuwento sa kanilang mga matagal nang parokyano ng seguro sa awto, pero patuloy na pagbabawalan na magkaloob ng mga naturang diskuwento sa mga bagong parokyano na lilipat mula sa ibang mga tagaseguro.

MGA PANGANGATWIRAN

PANIG Ang OO sa 17 ay makakapagtipid ng hanggang $250 sa mga nakasegurong drayber sa pamamagitan ng pag-aalis ng dagdag na singil para sa pagpapalit ng kompanya ng seguro. Ang 17 ay nagpapahintulot sa mga nakasegurong drayber na dalhin ang mga diskuwento sa patuloy na pagsakop kung nagpalit sila ng mga tagaseguro, tulad ng mga diskuwento sa mabuting drayber. Pinipigilan ito ng isang depekto sa batas ng California. Ang 17 ay nakakapagtipid ng pera ng mga mamimili. www.YesProp17.org

LABAN Gumagasta ang Mercury Insurance ng milyun-milyon sa Proposisyon 17 upang magawa ng mga kompanya ng seguro sa awto NA MAGTAAS NG MGA HULOG NG HANGGANG $1,000 sa mabubuting drayber. Pinawawalang-bisa nito ang isang batas na inaprobahan ng botante at pinahihintulutan ang mga bagong dagdag na singil sa seguro na makakapinsala sa mga gitnang-uring pamilya at hahantong sa mas maraming hindi nakasegurong motorista. Ang mga tagapagtaguyod ng mamimili ay SUMASALUNGAT sa Prop. 17.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PABOR

Yes on 17-Californians for Fair Auto Insurance Rates
(916) 325-0056
info@YesProp17.org
www.YesProp17.org

KONTRA

Campaign for Consumer Rights
(310) 392-0522
VoteNo@StopProp17.org
www.StopProp17.org

Hanapin ang Iyong Lugar ng Botohan

Ang mga lugar ng botohan ay pinag-uugnay ng mga opisina sa mga halalan ng county. Ang iyong lugar ng botohan ay ililista sa panlikod na pabalat ng librito ng halimbawang balota ng iyong county.

Maraming opisina ng mga halalan ng county na nag-aalay ng tulong sa paghahanap ng lugar ng botohan sa pamamagitan ng mga website o walang-bayad na mga numero ng telepono. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Sekretarya ng Estado sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_d.htm* o tumawag sa walang-bayad na Linya ng Botante sa (800) 339-2957.

Ang iyong pangalan ay wala sa listahan ng botante sa iyong lugar ng botohan, may karapatan kang bumoto ng isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan sa county kung saan nakarehistro ka para makaboto.

Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang binotohan ng mga botante na:

- Naniniwala na sila ay nakarehistro upang makaboto kahit na ang kanilang mga pangalan ay hindi lumitaw sa opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante;
- Naniniwala na ang opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante ay hindi wastong naglilista sa kanilang kinasasapiang partidong pampulitika; o
- Bumoboto sa pamamagitan ng koreo pero hindi matagpuan ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at gustong bumoto sa isang lugar ng botohan.

Ang iyong pansamantalang balota ay ibibilang pagkatapos kumpirmahin ng mga opisyal sa mga halalan na ikaw ay nakarehistro para makaboto at hindi bumoto sa ibang lugar sa kaparehong halalan.

(Tala: Kung lumipat ka sa iyong bagong tirahan pagkatapos ng Mayo 24, 2010, maaari kang bumoto sa iyong dating lugar ng botohan.)

PROPOSISYON

13 MGA LIMITASYON SA PAGTASA SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAGPAPATIBAY LABAN SA LINDOL NG MGA KASALUKUYANG GUSALI. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

MGA LIMITASYON SA PAGTASA SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAGPAPATIBAY LABAN SA LINDOL NG MGA KASALUKUYANG GUSALI. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nagtatadhana na ang konstruksiyon upang patibayin laban sa lindol ang mga kasalukuyang gusali ay hindi magbubunsod ng muling pagtasa ng halaga ng buwis sa ari-arian, anuman ang uri ng gusali.
- Nagtatatag ng isang pambuong-estadong pamantayan para sa mga uri ng mga pagpapabuti ng pagpapatibay laban sa lindol na libre sa muling pagtasa.
- Nililimitahan ang pagkalibre mula sa muling pagtasa sa mga partikular na bahagi ng konstruksiyon o muling pagtatayo na kuwalipikado bilang mga pagpapabuti sa pagpapatibay laban sa lindol, gaya ng nilinaw ng Lehislatura.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- **Maliit na kabawasan sa mga kita sa lokal na buwis sa ari-arian na may kaugnayan sa pagtasa ng mga pagpapahusay laban sa lindol.**

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA SCA 4 (PROPOSISYON 13)
(Kabanata 115 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2008)

Senado:	Oo 37	Hindi 0
Asembleya:	Oo 78	Hindi 0

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Ang mga lokal na buwis sa ari-arian ay batay sa tinasang halaga ng bawat ari-arian. Kapag ang isang ari-arian ay binili, ito ay pangkaraniwang binibigyan ng tinasang halaga na katumbas ng presyo sa pagbili nito. Hanggang ang isang ari-arian ay may kaparehong may-ari at walang bagong konstruksiyon sa ari-arian, ang tinasang halaga nito ay pangkaraniwang hindi nagbabago, maliban sa isang maliit na taunang pagtaas para sa implasyon. Ang bagong konstruksiyon ay pangkaraniwang nagiging sanhi ng muling pagtasa kung ito ay nagdagdag ng gusali, nagdagdag ng espasyo, binago ang paggamit ng isang gusali, o binago ang yari ng isang gusali upang ito ay maging parang bago. Ang tinasang halaga ng ari-arian ay tinataasan upang ipakita ang halagang idinagdag ng bagong konstruksiyon. Kasalungat nito, ang tinasang halaga ay hindi itinataas para sa pangkaraniwang pagpapanatili at pagkukumpuni, tulad ng pagpapalit ng isang tumutulong bubong.

Sa kasalukuyan, maraming partikular na di-pagsasama sa Saligang-batas ng Estado mula sa bagong tuntunin sa konstruksiyon. Kasama sa mga ito ang dalawang magkahiwalay na tadhana tungkol sa mga pagbabago para sa kaligtasan sa lindol sa mga kasalukuyang gusali. Ang kauna-unahan ay hindi isinasama ang mga pagpapahusay na pangkaligtasan sa lindol sa "mga gusaling di-pinatibay na trabaho ng kantero" (tulad ng mga gawa sa mga piraso ng ladrilyo o semento) na iniaatas ng mga lokal na ordinansa. Ang mga naturang pagpapahusay ay hindi kasama sa mga muling pagtasa para sa isang panahon na 15 taon. Ang ikalawa ay hindi isinasama sa muling pagtasa ang ibang mga pagbabagong pangkaligtasan sa lindol sa anumang uri ng gusali at walang limitasyon sa panahon. Ang parehong di-pagsasama ay angkop lamang hanggang ibenta ang ari-arian.

MUNGKAHI

Ang susog na ito sa saligang-batas ay nagtatanggal sa pareho ng mga kasalukuyang di-pagsasama at pinapalitan ang mga ito ng iisang di-pagsasama para sa lahat ng mga pagpapahusay na pangkaligtasan sa lindol. Ang di-pagsasama ay hindi lilimitahan sa panahon at tatagal hanggang ang ari-arian ay ibenta. Ang susog na ito ay may praktikal na epekto ng pagtanggal ng 15-taong limitasyon sa di-pagsasama para sa mga pagpapahusay na pangkaligtasan sa mga gusaling di-pinatibay na trabaho ng kantero.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa mga ari-arian na may mga gusaling trabaho ng kantero na kasalukuyang tumatanggap ng di-pagsasama mula sa muling pagtasa ng 15 taon para sa mga pagpapahusay laban sa lindol upang palawigin ang di-pagsasamang ito. Ito ay magpapahintulot din sa anumang mga ari-arian na may mga pagpapahusay ng trabaho ng kantero sa hinaharap na tumatanggap ng mga di-pagsasama nang walang mga limitasyon sa panahon. Ito ay magbabawas sa mga kita ng lokal na buwis sa ari-arian kung ang mga ari-arian ay hindi na muling tatasahin sa mas mataas na mga halaga pagkaraan ng 15 taon. Maraming tagatasa ng county, gayunman, ay nagpabatid na sila ay: (1) ay hindi sumusubaybay sa bilang ng mga taon na ang mga pagpapahusay sa di-pinatibay na trabaho ng kantero ay nakatanggap ng di-pagsasama o (2) nagkaklasipika sa mga pagpapahusay na ito bilang pagpapanatili o pagkukumpuni. Bilang karagdagan, maraming ari-arian na ibinebenta bago matapos ang 15-taon na panahon, na nagbubunsod ng muling pagtasa ng buong ari-arian. Para sa mga dahilang ito, ang mawawala sa mga buwis sa lokal na ari-arian bilang resulta ng panukalang-batas na ito ay malamang na maliit.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 13, tingnan ang pahina 62.

PROP 13 MGA LIMITASYON SA PAGTASA SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAGPAPATIBAY LABAN SA LINDOL NG MGA KASALUKUYANG GUSALI. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 13 ★

Gumagawa ang Proposisyon 13 ng kailangang pagbabago sa saligang-batas ng ating estado upang alisin ang isang mapanganib at hindi makatarungang hadlang sa mga may-ari ng ari-arian na pahusayin ang mga partikular na uri ng mga gusali upang mapabuti ang kaligtasan sa lindol. Ang proposisyong ito ay nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at katarungan sa mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pag-aalis ng hindi pantay na pagtrato sa magkakaibang uri ng ari-arian na sumasailalim sa mga pagpapabuting pangkaligtasan sa lindol.

Sa kasalukuyan, may kawalang-katarungan sa Saligang-batas ng Estado tungkol sa pagtasa ng mga gusali na sumailalim sa mga pagkukumpuni upang gawing mas ligtas ang mga ito kapag may mga lindol. Ang ilang ari-arian, na ginawan ng mga pagkukumpuni upang itaas ang kaligtasan ng gusali kung sakaling lumindol, ay napapailalim sa muling pagtasa at mas mataas na mga buwis habang ang iba ay hindi. Bunga nito, ang mga may-ari ng ari-arian na nagkabit ng mga teknolohiya ng kaligtasan sa lindol ay binubuwisan sa ibang paraan depende sa uri ng gusali na pinabubuti nila.

Ang mga may-ari lamang ng ari-arian na may mga istrukturang pinatibay na trabaho ng kantero ang tumatanggap ng walang-limitasyong di-pagsasama mula sa muling pagtasa. Ang mga may-aring ito ng mga istrukturang di-pinatibay na trabaho ng kantero ay tumatanggap lamang ng isang 15-taon na di-pagsasama sa muling pagtasa. Ang di-pagsasamang ito ay lumilikha ng mali at mapanganib na paghadlang na magpatibay para sa kaligtasan sa lindol. Ang lalong nakababahala ay ang katotohanan na ang mas lumang gusaling di-pinatibay na trabaho ng kantero ay nasa pinakamalaking pangangailangan ng pagpapatibay upang makaligtas ang mga ito sa mga lindol o ibang mga likas na kalamidad na madalas na nangyayari sa California—lalo na sa San Francisco Bay Area at County ng Los Angeles. Ang mga pagpapatibay laban sa lindol ay dapat gawin sa LAHAT ng mga hindi ligtas na gusali, kabilang ang mga istrukturang di-pinatibay na trabaho ng kantero.

Ang proposisyon na pagbobotohan ninyo ay nagtatama sa hindi makatarungang patakarang ito sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pantay na pagtrato sa lahat ng mga may-ari ng ari-arian na nagsasama ng mga pagpapabuting pangkaligtasan sa lindol anuman ang uri ng gusali. Tinitiyak nito na ang anumang ari-arian na sumailalim sa isang pagpapatibay na pangkaligtasan sa lindol ay ililibre sa muling pagtasa ng buwis sa ari-arian para sa pagpapabuting iyon. Ang panukalang-batas na ito ay isinulat nang makitid at hindi nagbabago sa mga proteksiyon ng nagbabayad ng buwis na ipinagkaloob ng orihinal na Proposisyon 13 na pinagtibay noong 1978.

Ang proposisyong ito ay nag-aalis din ng malaking nakatalagang trabaho para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado at mga Tagatasa ng County. Sila ay hindi na aatasan na muling magtasa ng ari-arian upang ipasiya kung aling mga pagpapatibay laban sa lindol ang sakop at alin ang hindi sakop sa ilalim ng lumang batas. Ito ay nagbabawas ng nakatalagang trabaho at magtitipid ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Anumang mawawala sa mga lokal na buwis sa ari-arian mula sa pagtatama sa kawalang-katarungang ito sa pagpapatibay na pangkaligtasan ay maliit, na siyang dahilan kung bakit walang organisadong pagtutol sa proposisyong ito.

Ang lengguwahe para sa proposisyong ito ay ipinasa ng Lehislatura nang buong pagkakaisa. Para sa kaligtasan sa lindol para sa lahat ng mga taga-California—Hilaga, Timog, Silangan at Kanluran—mangyaring bumoto ng Oo sa Proposisyon 13.

ROY ASHBURN
Senador ng Estado ng California
TOM J. BORDONARO, JR.
Tagatasa ng County ng San Luis Obispo
BARBARA ALBY
Punong-Kinatawang Miyembro ng Lupon
Lupon ng Pagpapantay Distrito 2

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 13 ★

Walang iniharap na Pangangatwiran
laban sa Proposisyon 13.

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

14 MGA HALALAN. TINATAASAN ANG KARAPATANG LUMAHOK SA MGA PRIMARYANG HALALAN.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD — NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

MGA HALALAN. TINATAASAN ANG KARAPATANG LUMAHOK SA MGA PRIMARYANG HALALAN.

- Humihimok ng mas malaking paglahok sa mga halalan para sa mga pangkongreso, pambatasan, at pambuong-estadong katungkulan sa pamamagitan ng pagbabago sa pamamaraan na ang kandidato ay pinipili sa mga primaryang halalan.
- Nagbibigay sa mga botante ng mas maraming mapipili sa primarya sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa lahat ng mga botante na pumili ng sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partidong pampulitika ng kandidato o botante.
- Nagtatadhana na ang mga kandidato ay maaaring pumili na hindi ipabatid sa primaryang balota ang kinakatigang partidong pampulitika.
- Nagtatadhana na ang dalawang kandidato lamang na tumanggap ng pinakamalaking bilang ng mga boto sa primarya ang lilitaw sa balota ng pangkalahatang halalan anuman ang kinakatigang partido.
- Hindi binabago ang mga primaryang halalan para sa Presidente, mga katungkulan ng komite ng partido, at mga hindi partidistang katungkulan.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Walang malaking netong pagbabago sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan upang pangasiwaan ang mga halalan.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA SCA 4 (PROPOSISYON 14)
(Kabanata 2 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2009)

Senado:	Oo 27	Hindi 12
Asembleya:	Oo 54	Hindi 20

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Mga Primarya at Pangkalahatang Halalan. Ang California ay pangkaraniwang nagsasagawa ng dalawang pambuong-estadong halalan sa mga taon na ang numero ay pares upang ihalal ang mga kandidato sa mga pang-estado at pederal na katungkulan—isang primaryang halalan (sa Hunyo) at isang pangkalahatang halalan (sa Nobyembre). Ang mga halalang ito (tulad ng para sa Gobernador at mga Miyembro ng Kongreso) ay partidista, na nangangahulugang ang karamihan sa mga kandidato ay may kaugnayan sa isang partidong pampulitika. Para sa mga partidistang katungkulang ito, ang mga resulta ng isang primaryang halalan ay nagpapasiya ng nominado ng bawat partido para sa katungkulan. Ang kandidatong tatanggap ng pinakamaraming boto sa isang primaryang halalan ng partido ay ang nominado ng partidong iyon para sa pangkalahatang halalan. Sa pangkalahatang halalan, ang mga botante ay pumipili mula sa lahat ng mga nominado ng partido, gayon din sa sinumang mga independiyenteng kandidato. (Ang mga independiyenteng kandidato—ang mga walang kaugnayan sa isang partido—ay hindi lumalahok sa mga primaryang halalan.) Ang nanalo sa pangkalahatang halalan ay maglilingkod ng isang taning ng panunungkulan sa katungkulang iyon.

Mga Materyal ng Balota sa Ilalim ng Kasalukuyang Sistema ng Primarya. Para sa bawat primaryang halalan, ang bawat county ay naghahanda ng isang balota at mga kaugnay na materyal para sa bawat partidong pampulitika. Ang mga botanteng kasapi sa mga partidong pampulitika ay tumatanggap ng balota ng kanilang partido. Sa mga balotang ito ng partido ay kabilang ang mga partidistang katungkulan, mga hindi partidistang katungkulan, at mga proposisyon. Ang mga botanteng walang kinasasapiang partido ay tumatanggap ng mga balotang may kaugnayan sa mga hindi partidistang katungkulan at mga proposisyon lamang. Ang mga partido, gayunman, ay maaaring magpahintulot sa mga botanteng walang kinasasapiang partido na tumanggap ng balota ng kanilang partido.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **PATULOY**

Mga Partidistang Pambuong-estadong Halalan sa California. Sa mga partidistang halalan para sa katungkulan sa estado ay kabilang ang para sa Gobernador, Tenyente Gobernador, Kontroler, Sekretaryo ng Estado, Ingat-yaman, Komisyonado ng Seguro, Pangkalahatang Abugado, ang 120 miyembro ng Lehislatura, at apat na miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado. (Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay isang hindi partidistang katungkulan sa estado.) Ang mga partidistang halalan ay isinasagawa rin para sa mga pederal na katungkulan na kabilang ang Presidente, Bise Presidente, at mga Miyembro ng Kongreso.

MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito, na nagsususog sa Saligang-batas ng Estado, ay nagbabago sa proseso ng halalan para sa karamihan sa mga pang-estado at pederal na katungkulan. Ang mga tadhana nito at kaugnay na batas ay magkakabisa para sa mga halalan pagkaraan ng Enero 1, 2011.

Lumilikha ng isang Primaryang Halalan ng Nangungunang Dalawa. Ang panukalang-batas na ito ay lumilikha ng iisang balota para sa mga primaryang halalan para sa pangkongreso at pang-estadong inihahalal na mga katungkulan na ipinakikita sa Pigura 1. Ipababatid ng mga kandidato para sa balota ang kanilang partidong pampulitika (ang partidong pinili sa kanilang pagpaparehistro bilang botante) o walang kinakatigang partido. Lahat ng mga kandidato ay ililista—kabilang ang mga independiyenteng kandidato, na ngayon ay lilitaw sa primaryang balota. Ang bawat botante ay boboto na ginagamit itong iisang primaryang balota. Ang isang botanteng nakarehistro sa Partidong Republikano, halimbawa, ay makakaboto sa primaryang halalan para sa isang kandidatong nakarehistro bilang isang Demokratiko, isang kandidatong nakarehistro bilang isang Republikano, o sinumang ibang kandidato. Ang dalawang kandidato na may pinakamaraming bilang ng mga boto sa primaryang halalan—anuman ang kanilang kinakatigang partido—ay susulong upang makipagtagisan sa pangkalahatang halalan. Ang totoo, ang dalawang kandidato sa pangkalahatang halalan ay maaaring magtaglay ng magkaparehong kinakatigang partido.

Pigura 1
Mga Katungkulang Apektado ng Proposisyon 14

Mga Pambuong-estadong Opisyal
Gobernador
Tenyente Gobernador
Sekretaryo ng Estado
Ingat-yaman
Kontroler
Komisyonado ng Seguro
Pangkalahatang Abugado

Ibang mga Opisyal ng Estado
Mga Senador ng Estado
Mga Miyembro ng Asembleya ng Estado
Mga Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado

Mga Opisyal ng Kongreso
Mga Senador ng Estados Unidos
Mga Miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos

Para sa nilalaman ng Proposisyon 14, tingnan ang pahina 65.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **PATULOY**

Ang Pigura 2 ay naglalarawan kung paano ang isang balota para sa isang katungkulan ay maaaring lumitaw kung aprobahan ng mga botante ang panukalang-batas na ito at ipinakikita kung paano ito naiiba sa kasalukuyang sistema.

Pigura 2
Halimbawa ng Kung Paano Magbabago ang mga Balota kung Aprobahan ng mga Botante ang Proposisyon 14



Hindi Nakakaapekto sa mga Halalan para Presidente at mga Posisyon sa Pamunuan ng Partidong Pampulitika. Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, magkakaroon pa rin ng mga partidistang primaryang halalan para sa mga kandidato para presidente at mga katungkulan sa partidong pampulitika (kabilang ang mga komite sentral ng partido, mga opisyal ng partido, at mga delegado ng presidente).

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Maliliit na Gastos at Matitipid. Ang panukalang-batas na ito ay magbabago sa kung paano ang mga opisyal ng halalan ay maghahanda, maglilimbag, at magpapakoreo ng mga materyal ng balota. Sa ilang kaso, ang mga pagbabagong ito ay maaaring magtaas sa mga gastos na ito ng estado at county. Halimbawa, sa ilalim ng panukalang-batas na ito, lahat ng mga kandidato—anuman ang kanilang kinakatigang partido—ay ililista sa bawat balota ng primaryang halalan. Gagawin nito na mas mahaba ang mga balotang ito. Sa ibang mga kaso, ang panukalang-batas na ito ay magbabawas sa mga gastos sa halalan. Halimbawa, sa pag-aalis sa ilang pagkakataon ng pangangailangan na ihanda ang magkaibang primaryang balota para sa bawat partidong pampulitika, ang mga county kung minsan ay makakapagtipid. Para sa mga balota ng pangkalahatang halalan, ang panukalang-batas ay magbabawas sa bilang ng mga kandidato (sa pamamagitan ng pagtataglay ng dalawang kandidato lamang na nakatanggap ng pinakaraming boto mula sa primaryang halalan sa balota). Gagawin nito na mas maikli ang mga balotang ito. Ang mga tuwirang gastos at matitipid na magiging resulta ng panukalang-batas na ito ay magiging maliit at malamang na bumalanse sa epekto ng isa't-isa. Kaya, tinatantiya namin na ang mga epekto sa pananalapi ng panukalang-batas ay hindi magiging malaki para sa estado at mga lokal na pamahalaan.

Mga Hindi Tuwirang Epekto sa Pananalapi Imposibleng Matantiya. Sa ilang kaso, ang panukalang-batas ay magreresulta sa paghalal sa mga magkakaibang indibidwal sa mga katungkulan kaysa kapag nasa ilalim ng kasalukuyang batas. Ang mga magkakaibang humahawak ng katungkulan ay gagawa ng mga magkakaibang desisyon tungkol sa paggasta at kita ng estado at lokal na pamahalaan. Ang mga hindi tuwirang epektong ito ng panukalang-batas sa pananalapi ay hindi alam at imposibleng matantiya.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 14, tingnan ang pahina 65.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 14 ★

Ang ating ekonomiya ay nasa krisis.

Ang walang trabaho sa California ay higit sa 12%.

Ang Lehislatura, na ang mga miyembro ay inihalal sa ilalim ng mga kasalukuyang tuntunin, ay paulit-ulit na nabibigong ipasa ang badyet ng estado sa oras, o sarhan ang nakangangang $20+ bilyon na kakulangan sa pananalapi ng estado.

Sira ang pamahalaan ng ating estado.

Pero mas gusto ng mga pulitiko na kumapit sa kanilang mahihigpit na partidistang paninindigan at pasayahin ang mga espesyal na interes kaysa magtrabahong magkakasama upang lutasin ang mga problema ng California.

Upang baguhin ang pamahalaan kailangan nating baguhin ang uri ng mga taong ipinadadala natin sa Kapitolyo upang katawanin tayo.

PANAHON NA UPANG TAPUSIN ANG PAG-AAWAY AT PAGBABARA AT AYUSIN ANG SISTEMA

Hindi ito gagawin ng mga pulitiko, pero gagawin ito ng Proposisyon 14.

• Bubuksan ng Proposisyon 14 ang mga primaryang halalan. Magagawa ninyong bumoto para sa sinumang kandidato na gusto ninyo para sa mga pang-estado at pangkongresong katungkulan, anuman ang kinakatigang partidong pampulitika. Ito ay magbabawas sa pagbabara sa pamamagitan ng paghalal sa mga pinakamahusay na kandidato.

• Ang Proposisyon 14 ay magbibigay sa mga independiyenteng botante ng pantay na tinig sa mga primaryang halalan.

• Ang Proposisyon 14 ay tutulong na maghalal ng mas maraming praktikal na humahawak ng katungkulan na mas bukas sa kompromiso.

"Ang pinakamagandang bahagi ng bukas na primarya ay magbabawas ito sa impluwensiya ng mga pangunahing partido, na ngayon ay nasa ilalim ng kontrol ng mga espesyal na interes." (*Fresno Bee,* 2/22/09.)

IBINABAGSAK NG PAGIGING PARTIDISTA ANG ATING ESTADO

Ang mga hindi partidistang panukalang-batas na tulad ng Proposisyon 14 ay magtutulak sa ating mga inihalal na opisyal na magsimulang magtrabahong magkakasama para sa kabutihan ng lahat.

Samahan ang AARP, ang California Alliance for Jobs, ang California Chamber of Commerce at maraming Demokratiko, Republikano, at independiyenteng botante na gustong ayusin ang ating sirang pamahalaan. Bumoto ng OO sa Proposisyon 14.

Bumoto ng Oo sa 14—para sa mga inihalal na kinatawan na HINDI GAANONG PARTIDISTA at MAS PRAKTIKAL.

www.YESON14OPENPRIMARY.com

JEANNINE ENGLISH, AARP
Presidente sa Estado ng California
JAMES EARP, Tagapagpaganap na Direktor
California Alliance for Jobs
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
California Chamber of Commerce

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 14 ★

Isinulat ng mga pulitiko ang Proposisyon 14 upang baguhin ang batas upang maitago nila ang kanilang kinasasapiang partido sa balota ng halalan. Hindi malalaman ng mga botante kung ang pinipili nila ay isang kandidato ng Partidong Demokratiko, Republikano, Libertaryan, o Luntian.

Ang mga tagapagtaguyod ay nagsasabi na ang kanilang panukalang-batas ay magpapatigil sa partidistang pulitika. Pero paano maaayos ang pagiging partidista ng pagpapahintulot sa mga pulitiko na itago ang kanilang kinasasapiang partido? Ang Proposisyon 14 ay mga pulitikong nagtatangkang lansihin ang mga botante upang isipin na sila ay "independiyente."

Ang hindi sinasabi sa inyo ng mga tagapagtaguyod ay ang mga espesyal na interes ay lumilikom ng daan-daang libong dolyar upang ipasa ang Proposisyon 14, kabilang ang pera mula sa mga korporasyon ng segurong pangkalusugan, mga tagapagtayo at institusyon ng pananalapi, dahil gagawin ng Proposisyon 14 na mas madali para sa kanila na ihalal ang mga kandidato na "pinili" nila. Pero hindi ninyo malalaman kung sa aling partidong pampulitika kasama ang kandidato.

Babawasan ng Proposisyon 14 ang pagpili ng botante. Ito ay nagbabawal sa mga isinusulat na kandidato sa mga pangkalahatang halalan. Tanging ang nangungunang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto ang susulong sa pangkalahatang halalan anuman ang partidong pampulitika. Ang mga espesyal na interes na may pera ay magkakaroon ng kalamangan sa paghalal sa mga kandidatong sinusuportahan nila.

Sa kasalukuyan, dalawang estado lamang ang gumagamit na "nangungunang dalawa" na mga halalan. Noong 2008, ang Estado ng Washington ay may 139 labanan at ISA lamang nanunungkulan ang natalo sa isang primarya. Ang Proposisyon 14 ay magpoprotekta sa mga nanunungkulan.

Ang mga Nars, Bumbero at Guro ng California ay sumama sa mga grupong tulad ng Howard Jarvis Taxpayers Association upang salungatin ang Proposisyon 14. Ang mga organisasyong ito ay hindi pangkaraniwang nagkakasundo sa mga isyung pampulitika. Pero ngayon ay nagkakasundo sila.

Ang mga kandidatong humihingi ng inyong boto ay hindi dapat pahintulutan na itago ang kanilang partidong pampulitika.

Patigilin ang mga panlalansi ng espesyal na interes. Hindi sa Proposisyon 14.

ED COSTANTINI, Propesor na Emeritus ng Agham Pampulitika
University of California, Davis
NANCY J. BRASMER, Presidente
California Alliance of Retired Americans
STEVE CHESSIN, Presidente
Californians for Electoral Reform

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 14 ★

Isinulat ang Proposisyon 14 sa gitna ng gabi at inilagay sa balota ng dalawang pulitiko at ni Arnold Schwarzenegger. Idinagdag nila ang kanilang sariling makabubuti-sa-sarili na maliit na pagpapaikot.

Tinatawag nila ito na "bukas na primarya" pero PAHIHINTULUTAN ANG MGA KANDIDATO NA ITAGO SA MGA BOTANTE ANG KANILANG KINASASAPIANG PARTIDO. Ang kasalukuyang iniaatas na ilista ng mga kandidato ang kanilang partido sa balota ay inalis.

Babawasan din ng Proposisyon 14 ang pagpili ng botante at gagawin ang mga halalan na mas magastos:

• Ang pangkalahatang halalan ay hindi magpapahintulot ng mga isinusulat na kandidato.

• Ang mga halalan ay gagastusan ng mas maraming pera sa isang panahon na ang mga kailangang serbisyo na tulad ng mga bumbero, pulis at edukasyon ay binabawasan. Ang mga opisyal sa halalan ng county ay humuhula ng karagdagang gastos na 30 porsiyento.

• Ang pagpili ng botante ay babawasan dahil ang nangungunang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto ay susulong sa pangkalahatang halalan anuman ang partidong pampulitika.

• Ito ay nangangahulugang ang mga botante ay maaaring mapilitang pumili sa pagitan ng dalawang kandidato mula sa iisang partidong pampulitika. Ang mga Demokratiko ay maaaring mapilitang pumili sa pagitan ng dalawang Republikano, o hindi na lang boboto. Ang mga Republikano ay maaaring mapilitang pumili sa pagitan ng dalawang Demokratiko, o hindi na lang boboto.

• Ang mga independiyente at mas maliit na mga partidong pampulitika na tulad ng Luntian at Libertaryan ay pupuwersahin na mawala sa balota, lalong magbabawas ng pagpilil.

Hindi ba makakagawa ang mga pulitiko ng anuman nang hindi nagpapakana ng isang bagay na para sa kanilang sariling interes?

Narito ang panggulat na isinaksak nila sa Proposisyon 14 . . .

"Pagsisiwalat ng Bukas na Kandidato. Sa panahon na nagharap sila ng kandidatura para sa pampublikong katungkulan, lahat ng mga kandidato ay dapat makapili na magpahayag ng kinakatigang partido. Ang mga pangalan ng mga kandidato na pumiling hindi magpahayag ng kinakatigang partido ay dapat samahan ng marka o pagtatalagang 'Walang Kinakatigang Partido' sa pareho ng mga balota ng primarya at pangkalahatang halalan."

Napakagaling! Pinalalabas nila na sila ay "independiyente" habang sa katotohanan ay namamalagi sa kanilang partidong pampulitika. *Gawain gaya ng dati na nakabalatkayo bilang "reporma."*

BINABAGO NG MGA PULITIKO ANG INIAATAS NA PAMBATAS NA PINAGSISIWALAT SILA NG KANILANG PARTIDONG PAMPULITIKA.

Ang mga Demokratiko ay hahantong sa pagboto sa mga Republikano na mapagpanggap. Ang mga Republikano ay hahantong sa pagboto sa mga Demokratiko na mapagpanggap.

Boboto ba kayo sa isang miyembro ng Partidong Kapayapaan at Kalayaan? Sa Partidong Luntian? Sa Partidong Libertaryan? Hindi ninyo tunay na malalaman.

Ang mga espesyal na grupo ay magpapasok ng pera sa mga nanlalansing kandidato . . . mga mapagpanggap na may mga nakatagong adyenda na hindi natin makikita.

Sa kasalukuyan, kapag ang isang naiibang kandidato ay nakakuha ng pagmungkahi, ang mga botante ay may kakayahan na isulat ang kandidatong pinili nila sa pangkalahatang halalan. Pero ang isang nakatagong tadhana AY NAGBABAWAL SA MGA ISINUSULAT NA BOTO na ibilang sa mga pangkalahatang halalan kung ang Prop. 14 ay pumasa.

Iyon ay nangangahulugang kung ang isa ng "nangungunang dalawa" na mga nanalo sa primarya ay napatunayang nagkasala ng isang krimen o natuklasang isang miyembro ng isang ekstremistang grupo, ang mga botante ay minalas dahil tinapos ng Prop. 14 ang isinusulat na pagboto.

Ang mga bumbero ay sumama sa mga guro, nars at sa Howard Jarvis Taxpayers Association sa pagsalungat sa inisyatibong ito.

> "Ang mga pulitikong nasa likod ng Prop. 14 ay gustong taasan ang mga buwis nang hindi pinananagot. Bumoto ng HINDI."— Jon Coupal, Presidente Howard Jarvis Taxpayers Association

Kailangan natin na ang "Mga Bukas na Primarya" ay "Bukas." Iyon ay nangangahulugang buong pagsisiwalat sa balota at walang mga panlalansi. Hindi sa Proposisyon 14.

KEVIN R. NIDA, Presidente
California State Firefighters' Association
ALLAN CLARK, Presidente
California School Employees Association
KATHY J. SACKMAN, REHISTRADONG NARS, Presidente
United Nurses Associations of California /
Union of Health Care Professionals

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 14 ★

Ang Proposisyon 14 ay sinusuportahan ng mga taong tulad ninyo na sawa na sa gusot sa Sacramento at Washington D.C. at gustong gumawa ng isang bagay tungkol dito.

Ang mga pangunahing kalaban ng Proposisyon 14 ay mga espesyal na interes na tumulong na gawin ang gusot na ito at nakikinabang sa kasalukuyang kalagayan ng mga bagay.

Ang kanilang mga sinasabi ay mapanlinlang at katawa-tawa.

KATOTOHANAN: Kung pumasa ang Proposisyon 14, ang pagpaparehistro sa partido ng bawat kandidato sa nakalipas na dekada ay ipapaskil para makita ng publiko. Ito ay nangangahulugang walang kandidato na makakapanlinlang sa mga botante tungkol sa kanilang kasaysayan ng pagpaparehistro sa partido. At ito ay mas malaking pagsisiwalat kaysa iniataas sa mga kandidato ngayon.

KATOTOHANAN: Ang Proposisyon 14 ay hindi magkakaroon ng malaking tama sa pananalapi.

Bakit ginagawa ng mga kalaban ng reporma ang mga maling bintang na ito? Dahil nakikinabang sila mula sa isang sistema na sira.

Bumoto ng oo sa 14 upang:

• Bawasan ang pagbabara sa pamamagitan ng paghalal sa mga pinakamahusay na kandidato sa katungkulan ng estado at Kongreso, anuman ang partidong pampulitika;

• Bigyan ang mga independiyenteng botante ng pantay na tinig sa mga primaryang halalan; at

• Maghalal ng mas maraming praktikal na indibidwal na maaaring magtrabahong magkakasama para sa kabutihan ng lahat.

Bumoto ng Oo sa 14. Sapat na ang naranasan natin.

www.YESON14OPENPRIMARY.com

JEANNINE ENGLISH, AARP
Presidente sa Estado ng California
CARL GUARDINO, Presidente
Silicon Valley Leadership Group
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
California Chamber of Commerce

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

15 BATAS SA MGA WALANG-KINIKILINGANG HALALAN SA CALIFORNIA.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD — NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

BATAS SA MGA WALANG-KINIKILINGANG HALALAN SA CALIFORNIA.

- Ang batas na ito ay nagpapawalang-bisa sa pagbabawal sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika.
- Lumilikha ng isang boluntaryong sistema para sa mga kandidato para Sekretaryo ng Estado upang maging kuwalipikado para sa isang pampublikong gawad sa kampanya kung sumang-ayon sila sa mga limitasyon sa paggasta at mga pribadong kontribusyon.
- Kailangang maging kuwalipikado ang mga kandidato bago makatanggap ng gawad.
- Ang mga kandidatong nagpakita ng sapat na suporta ng publiko ay tatanggap ng halagang katulad ng sa iba.
- Ang mga lumalahok na kandidato ay pagbabawalan na lumikom o gumasta ng pera na higit sa gawad.
- Magkakaroon ng mahigpit na pagpapatupad at pananagutan na may mga nakalathalang ulat na bukas sa publiko.
- Pinopondohan ng mga boluntaryong kontribusyon at ng minsan sa dalawang taon na bayad ng mga tagalobi, mga kompanyang naglolobi, at mga tagapag-empleyo ng tagalobi.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Mas malaking kita (karamihan ay mula sa mga singil sa mga tagalobi, mga kompanyang naglolobi, at mga tagapag-empleyo ng tagalobi) na may kabuuan na higit sa $6 na milyon tuwing apat na taon. Ang mga pondong ito ay gagastahin sa pagtustos ng publiko para sa mga kampanya ng mga kandidato para Sekretaryo ng Estado para sa mga halalan ng 2014 at 2018.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA AB 583 (PROPOSISYON 15)
(Mga Batas ng 2008, Kabanata 735)

Senado:	Oo 21	Hindi 18
Asembleya:	Oo 42	Hindi 32

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Pagbabawal sa mga Pondo ng Publiko na Bayaran ang mga Kampanya. Ang batas ng estado ay nagbabawal sa paggamit ng mga pondo ng publiko para sa mga kampanya ng mga kandidatong pampulitika. Ang pagbabawal na ito ay paaabutin sa lahat ng mga inihalal na opisyal sa antas ng estado at sa karamihan ng mga inihalal na opisyal sa lokal na antas. (Ginamit ang mga kapangyarihang nasa kanila na sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado, ang isang maliit na bilang ng mga lunsod ng saligang-batas ay lumikha ng mga programa para sa pagtustos ng publiko sa mga kandidato para sa mga partikular na lokal na katungkulan.)

Mga Entidad na Nangangasiwa sa mga Batas sa Pagtustos ng Kampanya. Ang mga batas ng estado sa pagtustos ng kampanya ay pinangangasiwaan ng Komisyon sa mga Walang-kinikilingang Gawaing Pampulitika (komisyon) at ng Sekretaryo ng Estado. Sa ilalim ng batas ng estado, dapat isiwalat ng mga indibidwal at grupo kung magkano ang ibinigay, natanggap, at ginasta sa mga kampanyang pampulitika. Ang impormasyong ito ay makukuha ng publiko sa Web site ng Sekretaryo ng Estado. Ang komisyon ay nagbabantay sa mga kandidato at naghandog, at ito ay maaaring magtasa ng mga multa sa mga kandidato at naghandog na lumabag sa mga batas sa halalan.

Pagpaparehistro ng Tagalobi na Pinangangasiwaan ng Sekretaryo ng Estado. Ang Sekretaryo ng Estado ay inihahalal sa buong estado tuwing apat na taon at naglilingkod bilang punong opisyal sa mga halalan ng estado. Ang Sekretaryo ng Estado ay may iba ring mga tungkulin, tulad ng pagsubaybay sa mga aktibidad ng mga tagalobi. Ang paglolobi ay ang gawain na pakikipag-ugnayan nang tuwiran sa mga pampublikong opisyal upang maimpluwensiyahan ang mga aksiyon ng pamahalaan para sa tagapag-empleyo o kliyente ng tagalobi. Tuwing dalawang taon, ang mga tagalobi, mga kompanya ng paglolobi, at mga tagapag-empleyo ng tagalobi ay dapat magparehistro sa Sekretaryo ng Estado. Sa kasalukuyan ay may $25 na bayad na may kaugnayan sa bawat tagalobi upang masakop ang mga gastos sa pangangasiwa ng pagpaparehistro.

MUNGKAHI

Gaya ng ipinakikita sa Pigura 1, ang panukalang-batas na ito ay:

- Nag-aalis ng pagbabawal sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika.
- Nagtatatag ng isang sistema ng pagpopondo ng publiko para sa mga kampanya para sa katungkulan ng Sekretaryo ng Estado.
- Nag-aatas sa mga tagalobi na magbayad ng mas mataas na mga singil para dito sa pagpopondo ng publiko sa kampanya.

Nag-aalis ng Pagbabawal sa Pagpopondo ng Publiko sa mga Kampanyang Pampulitika

Ang panukalang-batas na ito ay nag-aalis ng pagbabawal sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanyang pampulitika para sa inihahalal na katungkulan. Ito ay magpapahintulot sa Lehislatura—at, sa ilang kaso, sa lunsod, county, at ibang mga lokal na inihahalal na tagagawa ng patakaran—na lumikha ng mga programa sa pagtustos ng publiko sa hinaharap. Gaya ng inilarawan sa ibaba, ang panukalang-batas na ito ay lumilikha ng isang programa sa pagtustos ng publiko para lamang sa katungkulan ng Sekretaryo ng Estado.

Pigura 1
Mga Pangunahing Tadhana ng Proposisyon 15

✓ **Nag-aalis ng Pagbabawal sa Pagpopondo ng Publiko sa mga Kampanyang Pampulitika**

✓ **Nagtatatag ng Pagpopondo ng Publiko para sa mga Kampanya ng Sekretaryo ng Estado**
- Ang Sekretaryo ng Estado—ang punong opisyal sa mga halalan ng estado—ay inihahalal sa pambuong-estadong balota tuwing apat na taon.
- Ang isang kandidato para Sekretaryo ng Estado na nakatutugon sa mga mga partikular na iniaatas ay maaaring tumanggap ng mga pondo ng estado upang bayaran ang mga gastos ng isang kampanyang pampulitika.
- Ang halaga ng mga pondo ng estado na matatanggap ng isang kandidato ay tataas kung ang kalaban ay gumasta ng mas maraming pribadong pondo.
- Ang panukalang-batas ay matatapos sa Enero 1, 2019—ibig sabihin ito ay gagamitin sa mga kampanya para Sekretaryo ng Estado sa 2014 at 2018. Maaaring palawigin ng Lehislatura ang petsang ito ng pagtatapos sa pamamagitan ng isang boto ng mayoriya.

✓ **Mas Mataas na mga Singil na May Kaugnayan sa mga Tagalobi**
- Itinataas ang mga singil na may kaugnayan sa mga tagalobi sa $700 tuwing dalawang taon.
- Lumilikom ng higit sa $6 na milyon tuwing apat na taon mula sa mga tinaasang singil na ito at ibang mga pinagkukunan upang ipatupad ang panukalang-batas.

Nagtatatag ng Sistema ng Pagpopondo ng Publiko para sa mga Kampanya ng Sekretaryo ng Estado

Mga Antas ng Pogpopondo ng Publiko at mga Iniaatas para sa mga Kampanya sa Primaryang Halalan

Mga $5 na Nag-aangkop na Kontribusyon. Upang makatanggap ng mga pondo ng publiko para sa kampanya sa isang *primaryang halalan*, ang isang kandidato para Sekretaryo ng Estado ay kailangang kumulekta ng isang partikular na bilang ng mga $5 na kontribusyon ("mga nag-aangkop na kontribusyon") mula sa mga nakarehistrong botante. Ang mga kandidatong naghahangad ng nominasyon mula sa isang pangunahing partido (iyon ay, isang partido na nakakuha ng hindi kukulangin sa 10 porsiyento ng mga botante sa nakalipas na halalan para gobernador o para Sekretaryo ng Estado) ay dapat kumulekta ng 7,500 nag-aangkop na kontribusyon (isang kabuuan na $37,500). Ang mga kandidato sa ibang mga partido ay dapat kumulekta ng 3,750 nag-aangkop na kontribusyon (isang kabuuan na $18,750). (Ang Partidong Demokratiko at Partidong Republikano ay kasalukuyang ibinibilang na mga pangunahing partido sa ilalim ng panukalang-batas na ito. Ang ibang mga partido ay ibinibilang ngayon na "mga minoriyang partido," pero maaaring maging mga pangunahing partido batay sa pagganap sa mga halalan sa hinaharap.) Ang mga kandidatong piniling hindi lumahok ay magpopondo sa mga kandidato mula sa mga pribadong pinagkukunan sa ilalim ng mga kasalukuyang tuntunin.

Mga Pagpopondo para sa mga Karapat-dapat na Kandidato sa mga Primaryang Halalan. Ang Pigura 2 ay nagsasabuod sa mga halaga ng pagpopondo at ibang mga iniaatas sa ilalim ng panukalang-batas na ito para sa mga kampanya ng Sekretaryo ng Estado. Ang mga lumalahok na kandidato na nakikipagtagisan para sa nominasyon ng isang pangunahing partido ay tatanggap ng isang baseng antas ng pagpopondo na $1 milyon para sa primaryang halalan. Ang mga kandidatong ito ay tatanggap ng mga karagdagang pondo ("mga panumbas na pondo") upang pantayan ang perang ginagasta ng mga hindi lumalahok na kandidato o mga tagalabas na grupo na nagtatangkang impluwensiyahan ang halalan. Ang mga lumalahok na kandidato ay maaaring tumanggap ng hanggang isang karagdagang $4 na milyon ng mga panumbas na pondong ito para sa primarya. Halimbawa, kung ang isang hindi lumalahok na kandidato ay kailangang lumikom at gumasta ng $3 milyon at ang ibang grupo ng interes ay kailangang gumasta ng $2 milyon para sa hindi lumalahok na kandidato, ang lumalahok na kandidato ay magiging karapat-dapat tumanggap ng $5 milyon—$1 milyon sa baseng pagpopondo, at $4 na milyon sa mga panumbas na pondo. Ang mga karapat-dapat na kandidato mula sa mga minoriyang partido ay tatanggap ng $200,000 sa baseng pagpopondo. Ang mga kandidatong ito ng minoriyang partido ay maaari ring tumanggap ng mga panumbas na pondo na inilarawan sa itaas—hanggang sa karagdagang $800,000—kung sila ay nagpakita ng mas malawak na suporta sa pamamagitan ng pagkulekta ng 15,000 nag-aangkop na kontribusyon (isang kabuuan na $75,000) sa halip ng 3,750.

Mga Antas ng Pogpopondo ng Publiko at mga Iniaatas para sa mga Kampanya sa Pangkalahatang Halalan

Pagpanalo sa Primaryang Halalan ng isang Partido. Upang makatanggap ng pagtustos ng publiko para sa kampanya sa isang *pangkalahatang halalan*, ang isang kandidato ng partido ay dapat na nakalahok sa programang pagtustos ng publiko sa kampanya sa primaryang halalan. Ang mga kandidatong lumalahok sa programang pagtustos ng publiko sa primaryang halalan ay dapat sumunod sa mga tuntunin ng programa kung nakasulong sila sa pangkalahatang halalan.

Mga Independiyenteng Kandidato. Ang mga independiyenteng kandidato—iyon ay, ang mga walang kaugnayan sa isang partido—ay hindi lumalahok sa mga primaryang halalan. Ang mga kandidatong ito ay dapat kumulekta ng 15,000 nag-aangkop na kontribusyon upang makatanggap ng kaparehong antas ng pagtustos ng publiko sa pangkalahatang halalan bilang mga kandidato ng pangunahing partido na lumalahok.

Pagpopondo para sa mga Karapat-dapat na Kandidato sa Pangkalahatang Halalan. Ang baseng antas ng pagpopondo para sa mga kandidato ng pangunahing partido at mga independiyenteng kandidato o kandidato ng minoriyang partido na nagpapakita na mas malawak na suporta ay $1.3 milyon para sa kampanya

Para sa nilalaman ng Proposisyon 15, tingnan ang pahina 66.

Pigura 2

Iminumungkahing mga Nag-aangkop na Iniaatas at mga Antas ng Pagpopondo ng Publiko para sa mga Kandidato para Sekretaryo ng Estado

		Mga Pondo sa Primaryang Halalan		Mga Pondo sa Pangkalahatang Halalan	
	Mga $5 na Nag-aangkop na Kontribusyon Kailangan	Baseng Antas	Pinakamataas na Antas ng mga Panumbas na Pondo	Baseng Antas	Pinakamataas na Antas ng mga Panumbas na Pondo
Mga kandidato mula sa mga pangunahing partidong pampulitika	7,500	$1,000,000	$4,000,000	$1,300,000	$5,200,000
Mga kandidato mula sa mga minoriyang partido	3,750	200,000	Hindi karapat-dapat	325,000	Hindi karapat-dapat
Mga kandidato mula sa mga minoriyang partido na nagpapakita ng mas malawak na suporta	15,000	200,000	800,000	1,300,000	5,200,000
Mga independiyenteng kandidato	15,000	Hindi angkop[a]	Hindi angkop[a]	1,300,000	5,200,000

[a] Sa kasalukuyan, ang mga independiyenteng kandidato ay hindi lumalahok sa mga primaryang halalan.

sa pangkalahatang halalan. Katulad sa kampanya sa primaryang halalan, ang mga karapat-dapat na kandidato ay tatanggap ng mga karagdagang panumbas na pondo upang pantayan ang perang ginagasta ng mga hindi lumalahok na kandidato o mga tagalabas na grupo na nagtatangkang impluwensiyahan ang halalan. Ang mga karapat-dapat na kandidato ay maaaring tumanggap ng hanggang isang karagdagan na $5.2 milyon nitong mga panumbas na pondo. Ang ibang mga karapat-dapat na kandidato mula sa mga minoriyang partido ay tatanggap ng $325,000 lamang sa baseng pagpopondo.

Ibang mga Iniaatas Upang Makatanggap ng mga Pondo ng Publiko para sa mga Kampanya

Upang makatanggap ng mga pondo ng publiko para sa kampanya sa primarya o pangkalahatang halalan, ang mga kandidato para Sekretaryo ng Estado ay kailangang sumunod sa mga bagong tuntunin at iniaatas na inilarawan sa ibaba.

Mga Pribabong Kontribusyon Tinatakdaan. Upang makatanggap ng pagpopondo ng publiko, ang isang kandidato ay hindi maaaring tumanggap ng pribadong pagpopondo sa kampanya, na may apat na pangunahing eksepsiyon:

- Una, ang mga kandidato ay dapat kumulekta ng mga $5 na nag-aangkop na kontribusyon. (Ang mga nag-aangkop na kontribusyong ito ay idedeposito sa pondong sumusuporta sa programang pagtustos ng publiko, gaya ng inilarawan sa ibaba.)
- Ikalawa, simula sa 18 buwan bago ang isang primaryang halalan, ang mga kandidato ay maaaring kumulekta at gumasta ng nagsisimulang kontribusyon, o "binhing pera." (Ang mga pondong ito ay maaaring gastahin, halimbawa, upang bayaran ang mga gastos para sa pagkulekta ng mga nag-aangkop na kontribusyon.) Ang panukalang-batas ay nagtatakda sa binhing pera na mga kontribusyon sa $100 para sa bawat nakarehistrong botante, at ang mga kabuuang kontribusyon ay magiging limitado sa $75,000 kada kampanya.
- Ikatlo, ang mga kandidato ay maaaring tumanggap ng isang partikular na halaga ng mga kontribusyon mula sa mga partidong pampulitika—5 porsiyento ng baseng antas ng mga pondo ng publiko sa bawat isa ng primaryang halalan at ng pangkalahatang halalan—iyon ay, hanggang $50,000 para sa kampanya sa primaryang halalan, at $65,000 para sa kampanya sa pangkalahatang halalan.
- Ikaapat, kung ang programa ay hindi nagkaroon ng sapat na mga pondo upang ibigay sa mga karapat-dapat na kandidato, ang mga kandidato ay maaaring lumikom mula sa mga pribadong tagahandog ng diperensiya sa pagitan ng kung ano ang karapat-dapat matanggap nila mula sa estado at kung ano ang aktuwal na natanggap nila.

Paggamit ng mga Pondo. Ang mga pondo ng publiko ay maaari lamang gamitin para sa mga tuwirng gastos sa kampanya. Ang panukalang-batas ay nagtataglay ng iba't ibang mga takda upang hadlangan ang mga pondo na magamit para sa ibang mga layunin.

Ibang mga Iniaatas. Ang mga kandidatong pinopondohan ng publiko ay sasailalim din sa ibang mga iniaatas. Halimbawa, kailangan nilang lumahok sa mga pakikipagdebate sa ibang mga kandidato bago ang bawat halalan at magsumite ng mga rekord ng paggasta sa kampanya sa komisyon. Bilang karagdagan, bukod sa unang binhing pera, hindi maaaring gumamit ang mga kandidato ng kanilang mga personal na pondo upang bayaran ang mga gastos sa kampanya o lumikom ng mga pondo para sa ibang mga kandidato sa ibang mga kampanya o para sa mga partidong pampulitika.

Ibang mga Tadhana

Mas Maliit na mga Gawad Kung Hindi Sapat ang mga Pondo. Kung ipinasiya ng komisyon na walang sapat na pera sa programa upang pondohan ang lahat ng mga karapat-dapat na kandidato, ang komisyon ay magbabawas sa mga gawad nang proporsiyunado sa lahat ng mga karapat-dapat na kandidato. Kung hindi sapat ang mga pondo, ang mga lumalahok na kandidato ay pahihintulutang lumikom ng pera na hanggang sa halaga na nararapat tanggapin nila mula sa programa sa pagpopondo ng publiko.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **PATULOY**

Mga Tuntunin para sa mga Hindi Kasama sa Programang Pagpopondo ng Publiko. Ang mga kandidato para Sekretaryo ng Estado ay maaaring pumili na hindi lumahok sa programang pagpopondo ng publiko. Sa sandaling magsimulang gumasta ang hindi lumalahok na kandidato ng higit sa baseng halaga ng pagpopondo para sa mga lumalahok na kandidato, ang hindi lumalahok na kandidato ay dapat mag-ulat ng kanyang paggasta sa kampanya sa komisyon sa paraang elektronikal sa loob ng 24 na oras. Ang ibang mga indibidwal o grupo na gumagasta ng higit sa $2,500 sa isang taon upang impluwensiyahan ang kinalabasan ng labanan para Sekretaryo ng Estado ay dapat ding mag-ulat ng naturang paggasta sa loob ng 24 na oras.

Mga Halaga Iniaakma sa Implasyon. Tuwing apat na taon, ang komisyon ay mag-aakma ng mga limitasyon sa binhing pera at mga halaga ng pagpopondo ng publiko para sa programa batay sa antas ng implasyon.

Matatapos sa Enero 1, 2019. Ang panukalang-batas na ito ay magtatapos sa pagtustos ng publiko sa mga kampanya para Sekretaryo ng Estado sa Enero 1, 2019. Ang pagtustos ng publiko, dahil doon, ay itatatag para sa mga halalan ng 2014 at 2018. Ang Lehislatura, gayunman, ay maaaring magpalawig nitong petsa ng pagtatapos sa pamamagitan ng pagpasa ng isang panukalang-batas na pinirmahan ng Gobernador.

Interaksyon sa Ibang Panukala sa Balota ng Hunyo 2010. Ang Proposisyon 14 sa balotang ito ay magbabago sa proseso ng primarya at pangkalahatang halalan para sa mga katungkulan sa estado, kabilang ang para sa Sekretaryo ng Estado. Ang kahon sa malapit ay tumatalakay kung paano gumagawa ng interaksiyon ang panukalang-batas na ito sa Proposisyon 14.

Proposisyon 14 at ang Panukalang-batas na ito

Kung aprobahan, ang Proposisyong 14—isang susog sa saligang-batas na nasa balota ring ito—ay magbabago sa sistema ng primarya at pangkalahatang halalan para sa mga katungkulan sa estado, kabilang ang Sekretaryo ng Estado. Ang Proposisyon 14 ay gumagawa ng mga pagbabago na maaaring kasalungat ng mga iminumungkahing tadhana ng sistema ng pagpopondo ng publiko sa kampanya sa ilalim ng panukalang-batas na ito. Halimbawa, ang isang maaaring maging kasalungat ay ang pag-uugnay ng panukalang-batas na ito sa mga partikular na desisyon sa paglahok sa isang *partidistang* primaryang halalan, na mawawala na kung ipapasa ang Proposisyon 14.

Kung ang parehong panukala ay pumasa, ang mga magkasalungat na tadhana ng dalawang panukalang-batas na ito ay kailangang pagtugmain sa pamamamagitan ng karagdagang batas, aksiyon ng hukuman, o panukalang-batas sa balota sa hinaharap.

Nag-aatas sa mga Tagalobi na Magbayad ng Mas Mataas na mga Singil

Pondo sa mga Walang-kinikilingang Halalan Itinatag. Kung ang mga pondo ng publiko para sa mga kampanya para Sekretaryo ng Estado ay babayaran mula sa isang bagong Pondo sa Walang-kinikilingang Halalan, na popondohan sa pamamagitan ng mga tinaasang singil sa mga tagalobi, mga nag-aangkop na kontribusyon, maaaring maging boluntaryong mga donasyong ibinabawas sa buwis (sa mga pormularyo sa buwis ng estado sa personal na kita), at ibang mga pinagkukunan.

Nagtataas ng mga Singil na May Kaugnayan sa mga Tagalobi. Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas ng mga singil para sa mga tagalobi, mga kompanya ng paglolobi, at mga tagapag-empleyo ng tagalobi na $700 tuwing dalawang taon. Ang panukalang-batas ay nag-aatas na ang mga singil na ito ay iakma sa antas ng implasyon sa hinaharap. Ang mga singil na ito ay malamang na maging pangunahing pinagkukunan ng pera para sa programang pagpopondo ng publiko. Pagsapit ng Enero 2010, higit sa 4,300 indibidwal at grupo ang nakarehistro bilang mga tagalobi, mga kompanya ng paglolobi, o mga tagapag-empleyo ng tagalobi. Kung ang mga katulad na bilang ng mga pagpaparehistro ay mangyari sa hinaharap, itong pinagkukunan ng kita ay lilikom ng humigit-kumulang na $6 na milyon tuwing apat na taon na inog ng halalan.

Mga Gastos sa Pangangasiwa. Ang panukalang-batas ay nagpapahintulot ng hanggang 10 porsiyento ng lahat ng mga perang idineposito sa Pondo sa Walang-kinikilingang Halalan tuwing apat na taon upang bayaran ang pangangasiwa ng programa sa pagpopondo ng publiko. Ang mga naturang pondo ay babayaran sa opisina ng Sekretaryo ng Estado, sa komisyon, at sa ibang mga kagawaran na may mga bagong tungkulin sa ilalim ng panukalang-batas na ito.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Bagong Kita ng Estado. Tinatantiya namin na ang panukalang-batas na ito ay lilikom ng higit sa $6 na milyon tuwing apat na taon. Kabilang dito ang mga pondo mula sa singil sa tagalobi, gayon din ang mula sa mga nag-aangkop na kontribusyon. Ang halagang ito ay lalaking kasabay ng implasyon sa mga taon sa hinaharap. Posible na ang ibang mga kita ay lilikhain mula sa mga boluntaryong donasyon na ibinabawas sa buwis at mula sa ibang mga pinagkukunan.

Mga Bagong Gastos ng Estado. Ang mga bagong pondo ay magbabayad para sa mga gastos na kaugnay ng panukalang-batas. Ang mga gastos na ibinabayad mula sa bagong Pondo sa mga Walang-kinikilingang Halalan upang pangasiwaan ang panukalang-batas na ito ay hindi maaaring humigit sa 10 porsiyento ng mga perang idineposito sa pondo—humigit-kumulang na $600,000 tuwing apat na taon. Ang mga natitirang pondo ay makukuha ng mga kandidato para Sekretaryo ng Estado na pumiling tumanggap ng mga pondo ng publiko para sa kanilang mga kampanyang pampulitika. Ang halaga ng paggasta sa pagpopondo ng publiko sa mga kampanya sa halalan para Sekretarya ng Estado ay magiging depende sa maraming bagay at nag-iiba sa bawat halalan. Sa mga bagay na nakakaapekto sa paggastang ito ay kabilang ang:

- Bilang ng mga kandidatong tumatanggap ng mga pondo ng publiko.
- Halaga ng perang ginagasta ng mga kandidatong hindi tumatanggap ng mga pondo ng publiko (na magiging isang bagay na isasaalang-alang sa pagpapasiya ng antas ng anumang karagdagang panumbas na pondo na mga pagbabayad).

Batay sa halaga ng paggasta sa kampanya para sa mga kandidato para Sekretaryo ng Estado sa mga huling halalan, ang mga kabuuang gastos ay malamang na nasa pagitan ng $5 milyon at $8 milyon kada kampanya. Kung may sapat na mga pondong makukuha upang magkaloob sa lahat ng mga kandidato ng mga halagang naisip sa ilalim ng panukalang-batas, ang pagpopondo ng publiko na ipinagkakaloob sa mga kandidato ay kailangang bawasan upang ang kabuuang mga paggasta ay hindi humigit sa mga pondong inihanda sa programa.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 15, tingnan ang pahina 66.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 15 ★

Ang mga espesyal na interes na nag-aambag sa kampanya ay may napakalaking impuwensiya sa pamahalaan ng estado at dapat patigilin.

Sira ang pamahalaan ng California. Ang krisis sa badyet ng estado ay lumulumpo sa ating ekonomiya. Ang pagpopondo ay pinakamababa sa kasaysayan. Ang mahahalagang serbisyo sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan ay pinuputol. Ang mga negosyo ay nagsasara ng kanilang mga pinto habang ang mga gitnang uring pamilya ay nahihirapang mapagkasya ang kinikita.

Pero sa halip na lutasin ang mga problema ng California, ang mga pulitiko ay abala sa paglikom ng pera para sa kanilang mga kampanya. Kailangan nating ilayo ang mga pulitiko sa larong paglikom ng pondo upang magpokus sila sa mga dapat unahin sa atin.

ANG HALAGA NG PERA SA PULITIKA AY SOBRA AT LUMALASON SA SISTEMA

Alinsunod sa Komisyon sa mga Walang-kinikilingang Gawaing Pampulitika, *higit sa $1 bilyon ang nalikom ng mga pulitiko ng California mula noong 2000.* Lahat ng mga paglikom na ito ng pondo ay bumibili ng daan para sa mga espesyal na interes, hinahadlangan tayong iba sa kanila.

Kailangan nating baguhin ang paraan na tinutustusan natin ang mga kampanya ng halalan upang ang mga pulitiko ay manatiling nakapokus sa trabaho na ipinadala natin sila upang gawin.

Ang Prop 15 ay lumilikha ng isang boluntaryong pagsubok na programa upang magkaloob ng limitadong pagtustos ng publiko para mga kandidato para Sekretaryo ng Estado sa mga halalan ng 2014 at 2018.

SA ILALIM NG PROP 15:

• Ang mga kandidatong sumang-ayon na gumamit ng mga pondo ng publiko *AY DAPAT MAGPATUNAY NA SILA AY MAY MALAKING SUPORTA* sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pirma at $5 na mga kontribusyon mula sa 7,500 na nakarehistrong botante.

• *ANG MGA KALAHOK NA KANDIDATO AY PINAGBABAWALAN NA LUMIKOM O GUMASTA NG PERA NA HIGIT SA MGA LIMITADONG PONDO.*

• *ANG MGA INIAATAS NA LIMITASYON AT PAG-UULAT NG PAGGASTA AY MAHIGPIT NA IPATUTUPAD.* Ang mga kandidato ay makakagasta lamang sa mga lehitimong gastos. Ang mga lumabag ay haharap sa mga multa, posibleng panahon sa kulungan, at mga pagbabawal na tumakbo para sa katungkulan sa hinaharap.

• *ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS AT MGA PONDO NG PUBLIKO AY PROTEKTADO.* Hindi ito magtataas ng mga buwis o mang-aagaw mula sa ibang mahahalagang programa.

ANG MGA PULITIKO AY GUMAGASTA NG SOBRANG ORAS SA PAGLIKOM NG PERA

Marami tayong seryosong problema na dapat ayusin sa California, mula sa ating mga paaralan hanggang sa badyet ng estado hanggang sa ekonomiya, pero ang ating mga inihalal na opisyal ay gumagugol ng sobrang oras sa mga paglikom ng pondo at hindi sapat na oras sa paggawa ng bagay na dahilan kung bakit sila inihalal.

Ang League of Women Voters of California ay nagsasabi:

"Kailangan nating alisin ang hindi makatarungang impluwensiya ng Malaking Pera sa mga inihalal na opisyal na sa huli ay nagpapasiya ng mga pampublikong patakaran na unang-unang nakakaapekto sa atin. Ang pagpasa ng Prop 15 ay magpapahintulot sa mga inihalal na opisyal na simulan ang pagpokus sa mga interes ng publiko, sa halip na ibalik ang mga pabor na pampulitika sa mga nag-ambag sa kanilang kampanya."

Ang California Nurses Association ay nagsabi:

"Ang mga kompanya ng seguro at gamot ay sumisira sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng malakihang paggasta upang impluwensiyahan ang mga kandidato. Ang Prop 15 ay tutulong na ilayo ang malaking pera sa mahalagang pampublikong patakaran."

Maraming kuwalipikadong taga-California na may magagandang ideya na hindi kayang makipagtagisan sa pinatatakbo-ng-pera na mga halalan ngayon. ANG PROP 15 AY MAGBUBUKAS SA PROSESO UPANG ANG ATING SEKRETARYO NG ESTADO AY ANG TAO NA MAY PINAKAMAHUSAY NA MGA IDEYA AT KARANASAN, HINDI ISA LAMANG PINAKAMAHUSAY NA TAGALIKOM NG PONDO.

Samahan ang dalawang-partidong koalisyon ng mga nars, guro, may-ari ng maliit na negosyo, mga eksperto sa mabuting pamahalaan, mga opisyal ng kaligtasan ng publiko, mga grupong tagapagtaguyod ng mamimili, mga nakatatanda, mamumuhunan, tagapagtaguyod ng kapaligiran, Demokratiko, Republikano at Independiyente sa pagboto ng Oo sa Prop 15.

BUMOTO NG OO SA PROP 15, DAHIL ANG MGA KAMPANYA AY DAPAT IPANALO, HINDI DAPAT BILHIN NG MGA ESPESYAL NA INTERES.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang *www.YesonProp15.org*

JEANNINE ENGLISH, Presidente sa Estado ng California, AARP
ZENAIDA T. CORTEZ, REHISTRADONG NARS, Presidente
California Nurses Association
KAGALANG-GALANG NA DR. RICK SCHLOSSER, Tagapagpaganap na Direktor
California Church IMPACT

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 15 ★

Ang Proposisyon 15 ay walang ginagawa upang lutasin ang mga problema ng California. Ang TALAGANG GINAGAWA nito ay ibigay ang pera ng nagbabayad ng buwis sa mga pulitiko upang bayaran ang mga negatibong anunsiyo at mga basurang ipinakokoreo.

WALANG PANANAGUTAN

Sa ilalim ng Prop 15, halos walang takda sa kung paano gagastahin ng mga kandidato ang ating pera ng buwis. Tulad ng nangyari sa ibang lugar, magagawa nilang ilagay ang mga kamag-anak o kaibigan sa listahan ng pasahod sa kampanya sa kapinsalaan ng nagbabayad ng buwis!

Mas masama, kung walang sapat na pera para bayaran ang kampanya ng bawat karapat-dapat na kandidato, ang mga pulitiko ay makakakuha ng perang nakalaan sa mahahalagang kasalukuyang programa at ilipat ito upang pondohan ang kanilang mga kampanyang pampulitika.

WALANG PAG-APROBA NG BOTANTE NA KAILANGAN UPANG PALAWAKIN ANG PROP 15

Ang Prop 15 ay talagang isinulat upang pahintulutan ang mga pulitiko na palawakin ang panukalang-batas na ito NANG WALANG PAG-APROBA NG BOTANTE upang masakop ang bawat kampanya sa estado. Ang mapanlansing tadhanang ito ay maaaring magresulta sa MGA KAPAREHONG PULITIKO na NABIGONG lutasin ang mga problema ng California na gagantimpalaan ng ating mga dolyar ng buwis upang pondohan ang kanilang mga kampanya.

ANG MGA PULITIKO AY MAAARING PATULOY NA LUMIKOM NG PERA NG ESPESYAL NA INTERES AT TATANGGAP DIN NG MGA DOLYAR NG BUWIS

Ang Prop 15 ay mapangutyang nagsasabi na sasaktan ang mga espesyal na interes. Sa katotohanan, sa ilalim ng Prop 15 ang mga pulitiko ay makakakuha ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis upang patakbuhin ang kanilang kampanya AT UPANG LUMIKOM RIN ng walang-limitasyong pondo mula sa mga grupo ng espesyal na interes para sa iba't ibang layunin. Iyon ay nakagagalit!

ANG PROP 15 AY NAGTATAAS NG MGA BUWIS

Gusto ng mga nasa likod ng Prop 15 na isipin ninyo na ito ay libreng tanghalian. Ang totoo, ang Prop 15 ay lumilikom ng higit sa $6 na milyon sa MGA BAGONG BUWIS upang magbayad para sa mga kampanya ng mga pulitiko.

Huwag paloko. Ang Prop 15 ay HINDI mabisang reporma sa kampanya. Mangyaring bumoto ng HINDI.

T. ANTHONY QUINN, Ph.D, Dating Komisyonado
Fair Political Practices Commission
COLLEEN C. MCANDREWS, Dating Komisyonada
Fair Political Practices Commission
WILLIAM HAUCK, Dating Komisyonado
Fair Political Practices Commission

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 15 ★

Maraming seryosong pangangailangan ang California, pero ang pagbibigay ng pera ng nagbabayad ng buwis sa mga pulitiko upang pondohan ang kanilang mga kampanya ay hindi isa sa mga ito. Narito ang limang magandang dahilan upang bumoto ng HINDI SA PROPOSISYON 15:

ANG PROPOSISYON 15 AY ISANG PANLALANSI

Higit sa 20 taon na ang nakalilipas, IPINAGBAWAL ng mga botante na ibigay sa mga pulitiko ang mga pondo ng nagbabayad ng buwis para sa kanilang mga kampanyang pampulitika. Ang Proposisyon 15 ay isang panakaw na pagtatangka ng mga kaparehong pulitiko upang pawalang-bisa ang pagbabawal na iyon. Ang teksto ng Proposisyon 15 ay nagsasabi ng "Seksiyon 85300 ng Kodigo ng Pamahalaan ay pinawawalang-bisa" pero ayaw ng mga pulitikong sumulat ng Proposisyon 15 na malaman ninyo kung ano ang kahulugan nito. Narito ang *pinawawalang-bisa* ng Proposisyon 15:

" . . . walang kandidato na dapat tumanggap ng mga pera ng publiko para sa layunin na maghangad ng inihahalal na katungkulan."

Itong mapanlinlang na maniobra ay nagbibigay sa LEHISLATURA ng kapangyarihan na PALAWAKIN ang pagtustos ng nagbabayad ng buwis sa kanilang mga sariling kampanya NANG HINDI KUMUKUHA NG PAG-APROBA NG BOTANTE!

HINDI PINATITIGIL NG PROPOSISYON 15 ANG IMPLUWENSIYA NG PERA NG ESPESYAL NA INTERES

Hindi gagawin ng Proposisyon 15 ang ipinangangako nito. Sinasabi nito na puputulin ang impluwensiya ng mga espesyal na interes at tagalobi. Ang mga tagalobi ay PINAGBABAWALAN nang magbigay ng kontribusyon sa mga kandidato. Mapangutya, ang Prop. 15 sa katotohanan ay pumipilit sa mga tagalobi na pondohan ang mga kampanya ng mga kandidato para Sekretaryo ng Estado, ang kaparehong opisyal na nangangasiwa sa mga tagalobi!

"Magiging mali para sa aking kampanya na pondohan ng mismong mga espesyal na interes na pinangangasiwaan ko bilang Sekretaryo ng Estado." Bill Jones, Dating Sekretaryo ng Estado

ANG PROPOSISYON 15 AY PUNO NG NAKATAGONG BUTAS

Ang Proposisyon 15 ay may higanteng butas na hinahayaan ang mga kandidato ring ito na lumikom ng pera mula sa mga espesyal na interes para sa kanilang sariling depensang pambatas (kabilang ang depensa sa krimen) AT maging sa sariling Pampasinayang pagtitipon ng kandidato!

"Talagang hindi ninyo maaaring pagkatiwalaan ang mga pulitiko na sumulat ng mga batas sa kampanya." Gabriella Holt, Presidente, Citizens for California Reform

ANG PAGTUSTOS NG NAGBABAYAD NG BUWIS SA MGA KAMPANYANG PAMPULITIKA AY ISANG MASAMANG IDEYA

Ang Proposisyon 15 ay nagbibigay ng milyun-milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis sa kandidato kahit sino ang kandidato o ano ang kinakatawan ng kandidato. Ang totoo, halos *walang takda* sa kung paano gagastahin ng mga kandidato ang pera. Talaga bang gusto ninyo na ang mga dolyar ng nagbabayad ng buwis ay ginagamit upang bayaran ang mga negatibong anunsiyo at mga basurang ipinakokoreo?

"Kailangan nating bawasan ang negatibong pangangampanya, at talagang hindi natin kailangan na ang mga nagbabayad ng buwis ang magbayad para dito." Colleen McAndrews, Dating Komisyonada, Komisyon sa mga Walang-kinikilingang Gawaing Pampulitika

ANG PROPOSISYON 15 AY NAGTATAAS NG MGA BUWIS

Noong isang taon lamang, tinaasan ng Lehislatura ang mga buwis ng *$12 bilyon* at hindi pa rin nila mabalanse ang badyet ng estado. Ngayon, gusto nilang aprobahan ninyo ang karagdagan pang MGA BAGONG BUWIS—Higit sa $6 milyon sa mga bagong buwis sa maliliit na negosyo, di-nagtutubo, at maging sa mga kawanggawa.

Pero hindi pa iyon ang lahat—ang isang nakatagong tadhana sa Proposisyon 15 ay nagsasabi na kung ang mga bagong buwis ay hindi sapat upang pondohan ang kampanyang pampulitika ng bawat karapat-dapat na kandidato, ang Lehislatura ay makakagamit ng "anumang ibang mga pinagkukunan ng kita mula sa Pangkalahatang Pondo o mula sa ibang mga pinagkukunan gaya ng ipinasiya ng Lehislatura." Alam ninyo ang kahulugan niyon—MGA KARAGDAGANG BUWIS!

"Ang huling bagay na kailangan ng California ay mga karagdagang buwis upang pondohan ang mga hindi kailangang programa." Jon Coupal, Presidente, Howard Jarvis Taxpayers Association

Wala nang mga panlalansi. Wala nang mga butas. Wala nang mga karagdagang buwis. *HINDI SA PROPOSISYON 15.*

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
California Senior Advocates League
JACK STEWART, Presidente
California Manufacturers and Technology Association
PAUL WEBER, Presidente
Los Angeles Police Protective League

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 15 ★

HUWAG HAYAANG ILIGAW NG MGA TAGALOBI NG ESPESYAL NA INTERES!

ANG PROPOSISYON 15 AY ISINULAT NG MGA INDEPENDIYENTE, HINDI PARTIDISTANG MGA GRUPO NG MAMAMAYAN AT MGA EKSPERTO SA BATAS NA AYON SA SALIGANG-BATAS. Ito ay nagpapawalang-bisa sa mga takda sa pagtustos ng publiko na isinulat 20 taon na ang nakalilipas na pumipigil sa mga taga-California na baguhin ang paraan na tinutustusan natin ang mga kampanya sa halalan. Pinalalaya ng Prop 15 ang Sekretaryo ng Estado—ang reperi ng ating mga halalan—mula sa impluwensiya ng pera ng espesyal na interes.

HINDI NINYONG MAAARING PAGKATIWALAAN ANG MGA SINASABI NG MGA KALABAN. Sinasabi nila na ang Proposisyon 15 ay pinopondohan ng "mga buwis" gayong sa katotohanan ito ay pinopondohan ng mga boluntaryong donasyon at isang taunang $350 na bayad sa pagpaparehistro ng mga tagalobi at mga grupo ng interes na kumukuha sa kanila. Sa kasalukuyan, ang mga tagalobi ay nagbabayad ng $12.50 kada taon!

AYAW NG MGA TAGALOBI NA MAKAKITA NG MGA KANDIDATO NA TUMATAKBO PARA SA KATUNGKULAN NANG HINDI NAKIKIUSAP PARA SA MGA KONTRIBUSYON MULA SA MGA ESPESYAL NA INTERES NA KINAKATAWAN NILA. INAALIS NG PROP 15 ANG KANILANG KAPANGYARIHAN—IYON ANG TUNAY NA DAHILAN KUNG BAKIT SINASALUNGAT NG MGA TAGALOBI ANG PROP 15.

"Ang Proposisyon 15 AY HINDI MAGTATAAS NG MGA BUWIS o kukuha ng mga pondo mula sa ibang mga programa. Ito ay naglalagay lamang ng mga makatwirang bayad sa mga tagalobi upang alisin ang Sekretaryo ng Estado sa larong paglikom ng pondo."—Richard Holober, Tagapagpaganap na Direktor, Consumer Federation of California

ANG PROP 15 AY MAHIGPIT

Ito ay nagpapataw ng mahihigpit na bagong limitasyon kung magkano ang magagasta ng mga kalahok na kandidato at ano ang gagastahan nila nito. Ang mga pulitiko at espesyal na interes na lumabag sa batas ay haharap sa posibleng pagkakulong.

Tatapusin ng Prop 15 ay pangingibabaw ng mayayamang kandidato at mga nag-aambag, upang ang mga pulitiko ay managot sa kanilang mga manghahalal—hindi sa mga nag-aambag sa kanila.

HUWAG PALOKO SA MGA TAGALOBI NA NAGTATAGO SA LIKOD NG MAGANDANG PAKINGGAN NA MGA PANGHARAP NA GRUPO AT MGA DATING PULITIKO. *BUMOTO NG OO SA PROP 15.*

JANIS R. HIROHAMA, Presidente
League of Women Voters of California
TRENT LANGE, Presidente
California Clean Money Campaign
KATHAY FENG, Tagapagpaganap na Direktor
California Common Cause

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON 16 NAGPAPATAW NG BAGONG INIAATAS NA PAG-APROBA NG DALAWANG-IKATLO NG MGA BOTANTE PARA SA MGA LOKAL NA PAMPUBLIKONG TAGAPAGKALOOB NG KURYENTE. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD — NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

NAGPAPATAW NG BAGONG INIAATAS NA PAG-APROBA NG DALAWANG-IKATLO NG MGA BOTANTE PARA SA MGA LOKAL NA PAMPUBLIKONG TAGAPAGKALOOB NG KURYENTE. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nag-aatas sa mga lokal na pamahalaan na kumuha ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante bago magkaloob ng serbisyong kuryente sa mga bagong parokyano o palawakin ang naturang serbisyo sa mga bagong teritoryo na gumagamit ng mga pondo o bono ng publiko.
- Nag-aatas ng mga kaparehong dalawang-ikatlong boto upang magkaloob ng serbisyong kuryente sa pamamagitan ng isang programang pinili ng komunidad na gumagamit ng mga pondo o bono ng publiko.
- Nag-aatas na ang boto ay nasa hurisdiksiyon ng lokal na pamahalaan at anumang bagong teritoryo na paglilingkuran.
- Nagkakaloob ng mga eksepsiyon sa mga iniaatas na pagboto para sa isang limitadong bilang ng mga tinukoy na proyekto.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- **Hindi alam na netong tama sa mga gastos at kita ng estado at lokal na pamahalaan dahil sa kawalan ng katiyakan sa mga epekto ng panukalang-batas sa mga pampublikong tagapagkaloob ng kuryente at sa mga presyo ng kuryente. Ang mga epektong ito ay hindi malamang na maging malaki sa panandalian.**

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Pagkakaloob ng Serbisyong Kuryente sa California

Mga Tagapagkaloob ng Kuryente sa California. Ang mga taga-California ay pangkaraniwang tumatanggap ng kanilang serbisyong kuryente mula sa isa sa tatlong uri ng mga tagapagkaloob: mga utilidad ng pag-aari ng mamumuhuhan (mga IOU), mga lokal na utilidad na pag-aari ng publiko, o mga tagapagkaloob ng serbisyong kuryente (mga ESP). Ang mga ito ay nagkakaloob ng 68 porsiyento, 24 na porsiyento, at 8 porsiyento, ayon sa pagkakasunod-sunod, ng serbisyong pagtitingi ng kuryente sa estado.

Mga Utilidad na Pag-aari ng Mamumuhunan. Ang mga IOU ay pag-aari ng mga pribadong mamumuhunan at nagkakaloob ng serbisyong kuryente para sa tubo. Ang tatlong pinakamalaking IOU ng kuryente sa estado ay Pacific Gas and Electric (PG&E), Southern California Edison, at San Diego Gas and Electric. Ang bawat IOU ay may natatangi, nilinaw na heograpikong lugar ng serbisyo at inaatasan ng batas na maglingkod sa mga parokyano sa lugar na iyon. Ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California (CPUC) ay kumokontrol sa mga presyong sinisingil ng mga IOU at kung paano nagkakaloob ang mga ito ng serbisyong kuryente sa kanilang mga parokyano.

Mga Utilidad na Pag-aari ng Publiko. Ang mga utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko ay mga pampublikong utilidad na nagkakaloob ng serbisyong kuryente sa mga residente at negosyo sa kanilang lokal na lugar. Habang hindi kinokontrol ng CPUC, ang mga utilidad ng kuryente na pag-aari ng publiko ay pinamamahalaan ng mga lokal na inihalal na lupon na nagtatatag ng kanilang mga sariling tadhana ng serbisyo, kabilang ang mga presyong sinisingil sa kanilang mga parokyano. Ang serbisyong kuryente ay kasalukuyang ipinagkakaloob ng mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng maraming magkakaibang istruktura ng pamahalaan na inawtorisa sa ilalim ng batas ng estado, kabilang ang:

- Mga kagawaran ng utilidad ng mga lunsod, tulad ng Kagawaran ng Tubig at Enerhiya ng Los Angeles.
- Mga munisipal na distrito ng utilidad, tulad ng Munisipal na Distrito ng Utilidad ng Sacramento (Sacramento Municipal Utility District, SMUD).
- Mga pampublikong distrito ng utilidad, tulad ng Distrito ng Pampublikong Utilidad ng Truckee Donner.
- Mga distrito ng irigasyon, tulad ng Distrito ng Irigasyon ng Imperial.

Mga Tagapagkaloob ng Serbisyong Kuryente. Ang mga ESP ay nagkakaloob ng serbisyong kuryente sa mga parokyano na pumiling huwag tumanggap ng kuryente mula sa IOU o utilidad na pag-aari ng publiko na sa ibang paraan ay maglilingkod sa kanilang heograpikong lugar. Sa ilalim ng pagharap na ito, ang isang parokyano ng kuryente ay pumapasok sa tinatawag na "tuwirang daan sa paggamit" na kontrata sa isang ESP na naghahatid ng kuryente sa parokyano sa pamamagitan ng lokal na sistema ng paghahatid at pamamahagi ng utilidad.

Ang Paglikha at Pagpapalawak ng mga Serbisyong Kuryente na Ipinagkakaloob ng Publiko

Pagkakatipon na Pinili ng Komunidad. Bilang karagdagan sa mga pakikipag-ayos sa ESP na tinalakay sa itaas, ang batas ng estado ay nagpapahintulot sa isang lunsod o isang county, o kombinasyon ng dalawa, na makipag-ayos upang magkaloob ng kuryente sa loob ng kanilang hurisdiksiyon sa pamamagitan ng isang kontrata sa isang tagapagkaloob ng kuryente na iba sa IOU na sa ibang paraan ay maglilingkod sa lokal na lugar na iyon. Ito ay tinatawag na "pagkakatipon na pinili ng komunidad." Bagaman may iisa lamang tagapagtipon na pinili ng komunidad (CCA) sa kasalukuyan na nagkakaloob ng kuryente sa California, maraming komunidad na sinusubukan ang mapipiling ito. Ang isang CCA ay maaaring kumuha ng kuryente nito mula sa isang ESP, ginagamit ang sistema ng paghahatid at pamamahagi ng IOU na naglilingkod sa lokal na lugar na iyon. Ang mga parokyano ng kuryente na nasa loob ng lugar ay awtomatikong tatanggap ng kanilang kuryente mula sa CCA maliban kung pinili nilang patuloy na tumanggap ng serbisyo mula sa IOU.

Mga Mungkahi na Likhain at Palawakin ang mga Pampublikong Tagapagkaloob ng Kuryente. Sa mga huling taon, ang isang limitadong bilang ng mga lokal na pamahalaan sa estado ay sumubok sa ideya ng paglikha ng mga bagong pampublikong tagapagkaloob ng kuryente o pagpapalawak ng mga utilidad na pag-aari ng publiko sa bagong teritoryong kasalukuyang pinaglilingkuran ng isang IOU. Halimbawa, isinaalang-alang ng Lunsod at County ng San Francisco ang paglikha ng isang CCA na isasama ang teritoryong kasalukuyang pinaglilingkuran ng PG&E. Bilang isa pang halimbawa, sinubok ng County ng Yolo na ang SMUD ay magkaloob ng serbisyong kuryente sa teritoryo sa loob ng county na kasalukuyang pinaglilingkuran ng PG&E. Sa ilang kaso, ang mga mungkahing ito ay iniharap na sa mga botante para sa kanilang pag-aproba, sa ilalim ng mga tadhana ng batas ng estado na tinalakay sa ibaba.

Mga Iniaatas na Pag-aproba ng Botante para sa mga Tagapagkaloob ng Kuryente na Pag-aari ng Publiko. Gaya ng ipinabatid sa itaas, ang mga utilidad na pag-aari ng publiko ay magagawang organisahin sa ilalim ng maraming magkakaibang uri ng istruktura ng pamahalaan. Ang bawat uri ng lokal na entidad ng pamahalaan na inawtorisang magkaloob ng serbisyong kuryente, at nagsasaalang-alang na magsimula ng serbisyong kuryente o ng pagpapalawak ng kasalukuyang serbisyo na higit sa kasalukuyang lugar nito ng serbisyo, ay napapailalim sa mga partikular na iniaatas ng estado.

Ang iba't ibang serbisyo ay tumutukoy kung ang pag-aproba ng botante ay iniaatas para sa *pagsisimula* ng serbisyong kuryente ng mga inawtorisang lokal na entidad ng pamahalaan. Sa ilalim ng batas ng estado, kung ang isang lokal na pamahalaan ay naglalayong *palawakin* ang serbisyong kuryente nito sa isang bagong teritoryo, ang bagong lugar na iyon ay dapat isama at, sa mga partikular na kaso, ang mayoriya ng mga botante sa lugar na iminungkahing isama ay dapat mag-aproba ng pagpapalawak. Sa mga naturang kaso, gayunman, walang boto ng publiko na pangkaraniwang iniaatas sa loob ng kasalukuyang teritoryo ng serbisyo ng lokal na entidad ng pamahalaan na nagmumungkahi ng pagpapalawak. (Sa ilang kaso, ang isang lokal na komisyon ay nag-aatas ng naturang boto bilang isang kondisyon ng pag-aproba sa pagsasama.) Kasalungat nito, ang aksiyon ng lokal na ahensiya na *lumikha at magsimula ng pagpapatupad ng isang CCA* ay maaaring isagawa pagkatapos ng pagboto ng namamahalang lupon ng lokal na ahensiya at hindi nag-aatas ng pag-aproba ng lokal na botante.

MUNGKAHI

Ang panukalang-batas ay naglalagay ng mga bagong iniaatas na pag-aproba ng botante sa mga lokal na pamahalaan bago nila magamit ang "mga pampublikong pondo"—binigyan ng malawak na pagpapakahulugan sa panukalang-batas upang isama ang mga kita ng buwis, iba't ibang anyo ng utang, at mga pondo ng nagbabayad ng presyo—upang simulan ang serbisyong kuryente, palawakin ang serbisyong kuryente sa isang bagong teritoryo, o ipatupad ang isang CCA.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 16, tingnan ang pahina 75.

- Una, bago magawa ng isang inawtorisang lokal na entidad ng pamahalaan ang serbisyong kuryente, ito ay dapat tumanggap ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante sa lugar na iminungkahing paglingkuran.
- Ikalawa, bago magawa ng isang kasalukuyang utilidad na pag-aari ng publiko na magpalawak ng serbisyo nitong paghahatid ng kuryente sa isang bagong teritoryo, ito ay dapat tumanggap ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante sa lugar na kasalukuyang pinaglilingkuran ng utilidad at dalawang-ikatlo ng mga botante sa bagong lugar na iminungkahing paglingkuran.
- Ikatlo, ang panukalang-batas ay nag-aatas ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante para magawa ng isang lokal na pamahalaan na ipatupad ang isang CCA.

Ang panukalang-batas ay nagtatadhana ng tatlong pagkalibre sa mga lokal na pamahalaan mula sa mga iniaatas na ito na pag-aproba ng botante:

- Kung ang paggamit ng mga pondo ng publiko ay naunang inaprobahan ng mga botante sa loob ng kasalukuyang lokal na hurisdiksiyon at sa teritoryong iminungkahi para sa pagpapalawak.
- Kung ang mga pondo ng publiko ay gagamitin para lamang bumili, magkaloob, o magtustos ng mga tinukoy na uri ng kuryente mula sa mga napapanumbalik na pingkukunan, tulad ng hangin o enerhiya ng araw.
- Kung mga pondo ng publiko ay gagamitin para lamang magkaloob ng serbisyong paghahatid ng kuryente para sa sariling paggamit ng lokal na pamahalaan.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Lokal na Gastos sa Pangangasiwa ng mga Halalan. Dahil ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas ng pag-aproba ng botante para sa mga tinukoy na aksiyon ng lokal na pamahalaan na sa kasalukuyan ay magagawa nang wala ang mga naturang boto, ito ay magreresulta sa mga karagdagang gastos sa mga halalan. Ang mga gastos na ito ay magkakaroon ng kaugnayan pangunahin sa paghahanda at pagpapakoreo ng mga materyal na may kaugnayan sa halalan. Sa karamihan ng mga kaso, ang paggamit ng balota ay magagawang isama sa mga nakatakda nang halalan. Bilang resulta, ang mga nadagdagang gastos na may kaugnayan sa halalan dahil sa panukalang-batas na ito ay malamang na maliit.

Maaaring Maging Tama sa mga Gastos at Kita ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Ang panukalang-batas na ito ay makakaapekto sa mga gastos at kita ng lokal na pamahalaan dahil sa maaaring maging mga epekto nito sa pagpapatakbo ng mga utilidad ng pag-aari ng publiko at mga CCA. Ito ay makakaapekto rin sa pananalapi ng mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan sa California dahil sa maaaring maging tama nito sa mga presyo ng kuryente. Ang mga epektong ito ay magiging depende nang malaki sa mga aksiyon sa hinaharap ng mga botante at mga lokal na pamahalaan. Tinatalakay namin ang mga maaaring maging tama na ito nang mas detalyado sa ibaba.

Una, ang mga bagong pampublikong iniaatas na pag-aproba ng botante para sa pagsisimula o pagpapalawak ng mga utilidad ng pag-aari ng publiko o ang pagpapatupad ng mga CCA ay maaaring magresulta sa hindi pag-aproba ng publiko sa mga naturang pagbabago. Gayon din, ang pagkakaroon nitong mga bagong iniaatas na pag-aproba ng botante ay maaaring humadlang sa ilang lokal na ahensiya ng pamahalaan na ituloy ang mga naturang plano. Kung ito ay mangyari, ang mga ahensiya ng lokal na pamahalaan ay magiging medyo mas maliit at magkakaroon ng mas kaunting mga parokyano kaysa kung iba ang kalagayan. Bilang resulta, ang mga ito ay magkakaroon ng mas maliit na kabuuang kita at gastos.

Ikalawa, ang pagpapatibay ng panukalang-batas na ito ay makakaapekto rin sa pananalapi ng mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan sa California dahil sa maaaring maging tama nito sa mga presyo ng kuryente. Gaya ng ipinabatid sa itaas, ang mga lokal na ahensiya ng pamahalaan ay maaaring hindi magsimula o magpalawak ng isang utilidad ng pag-aari ng publiko sa isang bagong teritoryo o ipatupad ang isang CCA bilang resulta ng mga bagong iniaatas na pag-aproba ng botante sa panukalang-batas. Sa pangyayaring ito, ang mga presyong binabayaran ng mga parokyano ng kuryente doon at sa mga katabing hurisdiksiyon ay maaaring mas mataas o mas mababa kaysa kung iba ang kalagayan. Halimbawa, kung ang panukalang-batas na ito ay humadlang sa pagpapalawak ng serbisyong kuryente na ipinagkakaloob ng publiko na nakadepende sa konstruksiyon ng bagong impra-istruktura ng enerhiya, ang mga presyo ay maaaring gawing mas mababa kaysa mangyayari kung iba ang kalagayan. Sa kabilang banda, kung ang panukalang-batas na ito ay magbabawas sa mga pamumuwersang pangpaligsahan sa mga pribadong tagapagkaloob

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **PATULOY**

ng kuryente sa pamamagitan ng pagbawas sa mga pagkakataon para sa pagpapalawak ng serbisyong kuryente na ipinagkakaloob ng publiko, ang mga presyong sinisingil sa mga parokyano ng kuryente ay maaaring maging mas mataas sa huli kaysa kung iba ang kalagayan. Ang mga tamang ito ay maaaring makaapekto sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan, dahil maraming pampublikong ahensiya na malalaking tagagamit din ng kuryente. Kung ang mga pagbabago sa mga presyo ng kuryente ay nakakaapekto sa mga tubo, pagbebenta, at nabubuwisang kita ng negosyo, ang mga bagay na ito ay maaari ring makaapekto sa mga kita ng buwis ng estado at lokal na buwis.

Sa panandalian, ang netong epekto sa pananalapi ng lahat ng mga bagay na ito sa pananalapi ng mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay hindi malamang na maging malaki sa buong estado. Ito ay dahil sa limitadong bilang ng mga ahensiya ng lokal na pamahalaan na nagsasaalang-alang ng pagsisimula o pagpapalawak ng mga serbisyong kuryente sa bagong teritoryo. Sa pangmatagalan, ang netong epekto sa pananalapi ng panukalang-batas ay hindi alam at magiging depende sa mga aksiyon sa hinaharap ng mga lokal na pamahalaan at mga botante.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 16, tingnan ang pahina 75.

PROP 16 NAGPAPATAW NG BAGONG INIAATAS NA PAG-APROBA NG DALAWANG-IKATLO NG MGA BOTANTE PARA SA MGA LOKAL NA PAMPUBLIKONG TAGAPAGKALOOB NG KURYENTE. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 16 ★

Bumoto ng OO sa Proposisyon 16, ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis.

Ang Proposisyon 16, ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis, ay gumagawa ng isang simpleng bagay. Ito ay nag-aatas ng pag-aproba ng botante bago magasta ng mga lokal na pamahalaan ang pera ng publiko o magkaroon ng utang sa publiko upang makapasok sa negosyo ng kuryente. At tulad ng karamihan sa mga desisyon sa lokal na espesyal na buwis at bono sa California, ang pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante ay iaatas.

Sa mahihirap na panahong tulad nito sa ekonomiya, ang mga lokal na botante ay may karapatang magkaroon ng pangwakas ng pasiya sa isang isyu na kasinghalaga ng kung sino ang magkakaloob sa kanila ng lokal na serbisyong kuryente, at magkano ang magiging halaga nito.

Ang pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante ay ang ating pinakamahusay na proteksiyon laban sa magastos at mapanganib na mga pakana ng pamahalaan na kunin ang pagpapatakbo ng lokal na serbisyong kuryente.

May ilang lokal na pamahalaan sa California na nagsisikap na kunin ang pagpapatakbo ng mga pribadong negosyo ng kuryente—madalas na ginagamit ang kapangyarihan ng pamahalaan na gumamit ng pribadong ari-arian—at tumatangging hayaan ang mga lokal na botante na magkaroon ng pangwakas na salita sa desisyon, dahil ang batas ng estado ay hindi nag-aatas nito. Ang panukalang-batas na ito ay nagtatatag ng malinaw na mga iniaatas na pag-aproba ng botante bago magawa ng mga lokal na pamahalaan na gastahin ang pera ng publiko o gumawa ng pampublikong utang upang pumasok sa lokal na negosyo ng kuryente.

Sa mga panahong ngayon, na ang paggasta ng pamahalaan ay hindi makontrol at lumalaki ang utang ng pamahalaan—ang pinakamahusay na pananggalang sa pananalapi para sa mga nagbabayad ng buwis ay bigyan ang mga botante ng pangwakas na salita sa mga desisyong ito.

Ang mga tagasuporta ng Proposisyon 16, ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis, kabilang ang California Taxpayers' Association, ang California Chamber of Commerce at Pacific Gas and Electric Company, ay naniniwala na ang mga botante ang dapat magpasiya. Ito ay ating serbisyong kuryente, ating pera ng publiko at, sa huli, problema ng bawat isa kung mabigo ang negosyong kuryente na pinatatakbo ng pamahalaan. Tayo, ang mga botante, ay nararapat sa karapatang magkaroon ng pangwakas na salita tungkol sa kung paano gagastahin ang ating pera.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 16, ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis.

www.taxpayersrighttovote.com

TERESA CASAZZA, Presidente
California Taxpayers' Association
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
California Chamber of Commerce

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 16 ★

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon 16 upang pigilan ang pinakasamang kaso sa ngayon ng isang malaking espesyal na interes—ngayon ito ay PG&E, ang higante, nagtutubong pribadong utilidad—na maling ginagamit ang proseso ng inisyatibo.

Huwag paloko sa PG&E. Hindi ginagalaw ng Proposisyon 16 ang inyong mga buwis sa anumang paraan. Lahat ito ay tungkol sa PG&E na nagpapanatili ng monopolyo nito at nag-aalis ng kompetisyon nito. Ito ay maaaring mangahulugan ng mas matataas na singil na kuryente at mas mahinang serbisyo para sa lahat ng mga taga-California—kahit saan ka man naninirahan.

Gumagawa ang PG&E ng isang hindi tunay na banta upang lituhin kayo. Ang tunay na nakakabahala sa PG&E ay ang maraming komunidad na pumipili ngayon na bumili ng muling nagagawang bago na enerhiya sa mga presyong pakyawan. Naniniwala kami na ang mga residente ay dapat pahintulutan na makapiling bumili ng kuryente sa mas mababang halaga nang hindi nag-aatas ng 2/3 na boto ng malaking mayoriya. Pero ang pagpiling iyon ay ang idinisenyo ng PG&E na pigilan ng Proposisyon 16.

Kaya kapag nakakita kayo ng mga anunsiyo sa TV para sa Proposisyon 16, tandaan na karamihan sa pera para sa bawat isa ay nanggaling mula sa mga singil sa utilidad ng mga tao. Ang Utility Reform Network ay nagsabi, "Mali na kumuha ang PG&E ng pera mula sa mga pamilya, at saka gastahin ito sa kampanyang pampulitika upang makinabang ang sarili." Lalo na kung isasaalang-alang na nagbayad ang PG&E kamakailan ng malalaking bonus sa mga tagapagpaganap nito pagkatapos mabangkarote—tulad ng Wall Street.

Ang League of Women Voters of California ay humihimok sa inyo na Bumoto ng HINDI, sinasamahan ang AARP, ang bawat pahayagan na nagsuri nito, at mga grupong kumakatawan sa mga mamimili, nagbabayad ng buwis, tagapagtaguyod ng kapaligiran at mga magsasaka sa California. Bumoto ng HINDI upang bigyan ang mga lokal, di-nagtutubong utilidad na pagkakataong makipagkumpitensiya para sa inyong serbisyo—sa pamamagitan ng mura, muling nagagawang bago na enerhiya.

MICHAEL BOCCADORO, Tagapagpaganap na Direktor
Agricultural Energy Consumers Association
LENNY GOLDBERG, Tagapagpaganap na Direktor
California Tax Reform Association
JANIS R. HIROHAMA, Presidente
League of Women Voters of California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROP 16 NAGPAPATAW NG BAGONG INIAATAS NA PAG-APROBA NG DALAWANG-IKATLO NG MGA BOTANTE PARA SA MGA LOKAL NA PAMPUBLIKONG TAGAPAGKALOOB NG KURYENTE. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 16 ★

Ang Proposisyon 16 ay gumagawa ng dalawang bagay:

Una, ito ay matinding naglilimita sa inyong mga pagpili ng kung sino ang magkakaloob sa inyo ng kuryente.

Ikalawa, ginagawa nitong mas madali para sa mga nagtutubong utilidad sa California na taasan ang mga presyo ng inyong kuryente.

Tuso ang paraan ng pagkakasulat nito, dahil gusto ng mga nasa likod ng Proposisyon 16 na lokohin ang mga botante. Sinasabi nila na ang panukalang-batas na ito ay tungkol sa pagprotekta sa mga nagbabayad ng buwis. Pero ang tunay na pinoprotektahan nito ay ang monopolyong tinatamasa ng isang higante, nagtutubong utilidad ng kuryente.

Dapat kayong pahintulutan na magkaroon ng mas maraming mapipili sa kung sino ang magkakaloob sa inyo ng kuryente, kung ang mga pagpiling ito ay magbibigay sa inyo ng mas murang halaga at mas mabuting serbisyo. Bumoto ng hindi sa Proposisyon 16.

Karamihan sa mga tao ay sasang-ayon na kung ang isang lokal na di-nagtutubong organisasyon ay gustong bumili ng luntiang enerhiya sa mga presyong pakyawan, at ibenta ito sa mga komunidad sa abot-kayang halaga, ito ay dapat pahintulutan na gawin iyon. Pero ito ay ginagawa ng Proposisyon 16 na imposible.

Lubhang nililimitahan ang inyong pagpili ng pinagkukunan ng inyong kuryente. Walang mas murang luntiang enerhiya. Mas kaunti ang mga pagpili at mas mataas ang mga halaga. Iyon ang ginagawa sa inyo ng Proposisyon 16.

Sino ang *nag-iisang* isponsor ng Proposisyon 16?

PG&E, ang pinakamalaking nagtutubong utilidad sa estado. Noong isulat ang pangangatwirang ito, nag-ambag ang PG&E ng $6.5 milyon sa kampanyang "oo" at sumenyas na nakahanda silang gumasta ng sampu-sampung milyon pa. Ang PG&E ang *nag-iisang* nag-ambag upang ilagay ang proposisyong ito sa balota.

Bakit? Muli, gusto ng PG&E na protektahan ang monopolyo nito. Ang Proposisyon 16 ay hindi tungkol sa pagprotekta ng mga nagbabayad ng buwis—ito'y tungkol sa pagprotekta sa nagtutubong monopolyo ng kuryente ng PG&E.

Basahin lamang ang titulo at buod ng balota, at makikita ninyo.

Gaya ng sabi ng Fresno Bee, "Ang panukalang-batas sa balota (Proposisyon 16) ng PG&E ay isa pang halimbawa ng pagkaligaw ng proseso ng inisyatibo sa California, ng isang makapangyarihang espesyal na interes na ginagamit ang proseso ng inisyatibo para sa sariling makitid na pakinabang."

Ang AARP ay humihimok ng Hindi sa Proposisyon 16 dahil sa pagtatakda sa kompetisyon, ang Proposisyon 16 ay maaaring mangahulugan ng mas matataas na halaga ng kuryente para sa inyo. Ang isang botong Hindi ay nagpoprotekta laban sa maaaring maging nakalulumpong mga pagtaas ng presyo.

Ang totoo, ang PG&E at ibang mga nagtutubong utilidad ay sumisingil na ng mga presyong mas matataas kaysa mga munisipal, di-nagtutubong utilidad. At ngayon gusto nilang taasan ang mga presyo ng $5 bilyon pa.

Ang Consumer Federation of California ay nagsasabi na BUMOTO NG HINDI dahil tulad ng Wall Street, nagbayad ang PG&E ng malalaking bonus sa mga tagapagpaganap nito, kahit na pagkatapos nitong mabangkarote at iligtas ito ng mga nagbabayad ng presyo. Ngayon gusto ng PG&E na ganap na panatilihin ang monopolyo nito—kaya ang mas maliliit, lokal na di-nagtutubong utilidad ay hindi pinahihintulutan na makipagkumpitensiya.

Ang Sierra Club ay nagsasabi na BUMOTO NG HINDI dahil ang Proposisyon 16 ay nag-aatas ng 2/3 na malaking mayoriyang boto bago makabili ang mga komunidad ng malinis na enerhiya at ibang enerhiya sa mga maipanlalabang presyo. Ang mga programang ito ng pagpili ng komunidad ay boluntaryo at hindi nagtataas ng mga buwis.

Ang Proposisyon 16 "ay isang punyal na tuwirang nakaumang sa isang kilusan na bigyan ng kakayahan ang mga munisipalidad na mag-alok ng muling nagagawang bago na luntiang enerhiya sa kanilang mga residente bilang pakikipagkumpitensiya sa mga pribadong utilidad," sabi Michael Hiltzik, isang kolumnista para sa Los Angeles Times.

Magsabi ng HINDI sa isa pang mapag-aksayang inisyatibo na nagsasabi ng isang bagay pero ibang-iba ang ginagawa. Bumoto ng Hindi sa Proposisyon 16 upang panatilihin ang pera sa inyong bulsa at protektahan ang inyong mga pagpili ng utilidad.

JEANNINE ENGLISH, Presidente sa Estado ng California
AARP
ANDY KATZ, Tagapangulo
Sierra Club California
RICHARD HOLOBER, Tagapagpaganap na Direktor
Consumer Federation of California

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 16 ★

Bakit natatakot ang mga kalaban ng Proposisyon 16 na bigyan ang mga nagbabayad ng buwis ng karapatang bumoto? Ang pagboto ay nagbibigay sa inyo ng lubos na pagpili sa kung paano gagastahin ng pamahalaan ang inyong pera. Gusto ng mga kalaban ng Proposisyon 16 na ipagkait sa inyo ang karapatang iyon.

Hindi sinasabi ng mga kalaban ng Proposisyon 16 ang katotohanan. Linawin natin:

- Ang Proposisyon 16 ay HINDI makakaapekto sa mga presyo ng kuryente.
- Ang Proposisyon 16 ay HINDI nagbabanta sa luntiang enerhiya.

Ang Oo sa Proposisyon 16 ay simpleng nagbibigay sa mga nagbabayad ng buwis na karapatang bumoto bago magawa ng mga lokal na pamahalaan na gastahin ang inyong pera o lalong lumubog sa utang upang makapasok sa negosyo ng pagtitingi ng kuryente.

Sa huling pagkakataon na inakala ng pamahalaan na mas marami ang nalalaman nila tungkol sa negosyo ng kuryente kaysa mga kompanya ng utilidad ng kuryente, nagkaroon tayo ng krisis sa enerhiya ng 2001. Ang mga presyo ay mabilis na tumaas at nagkaroon tayo ng mga gumugulong na pagkawala ng kuryente. Ang ibinunga sa mga mamimili ay mapaminsala at ito ay gumawa ng kaguluhan sa buong California.

Oo sa Proposisyon 16. Ang pag-aproba ng botante ay ang pinakamahusay na proteksiyon ng bawat isa laban sa magastos at mapanganib na mga balak ng lokal na pamahalaan na pumasok sa negosyo ng pagtitingi ng kuryente.

www.taxpayersrighttovote.com

TERESA CASAZZA, Presidente
California Taxpayers' Association
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
California Chamber of Commerce

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON 17 NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO AY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.

OPISYAL NA PAMAGAT AT BUOD NA GINAWA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO AY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.

- Nagbabago sa kasalukuyang batas upang pahintulutan ang mga kompanya ng seguro na mag-alok ng diskuwento sa mga drayber na patuloy na nagpapanatili ng pagsakop ng kanilang seguro sa awto, kahit na kung pinalitan nila ang kanilang kompanya ng seguro, at sa kabila ng pagbabawal sa paggamit ng kawalan ng naunang seguro para sa mga layunin ng pagpresyo.
- Pahihintulutan ang mga kompanya ng seguro na itaas ang halaga ng seguro sa mga drayber na walang kasaysayan ng patuloy ng pagsakop ng seguro.
- Itinatatag na ang kawalan ng pagsakop dahil sa hindi pagbabayad ng mga hulog ay maaaring humadlang sa isang drayber na maging kuwalipikado para sa diskuwento.

Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- **Malamang na walang malaking epekto sa pananalapi sa mga kita ng estado sa buwis sa bayad sa seguro.**

PROP 17 NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGUROAY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

KASAYSAYAN

Ang mga seguro sa awto ay isa sa mga pangunahing uri ng seguro na binibili ng mga residente ng California. Ito ang bumubuo sa humigit-kumulang na $19.7 bilyon (36 na porsiyento) ng lahat ng mga bayad na nakulekta ng mga tagaseguro ng California noong 2008. Sa mga uri ng pagsakop ng seguro sa awto na makukuha ay kabilang ang liabilidad sa pinsala ng katawan, na nagkakaloob ng proteksiyon kung ang isang motorista ay makapinsala ng katawan ng ibang tao.

Regulasyon ng Estado sa Seguro sa Awto. Noong 1988, ipinasa ng mga botante ng California ang Proposisyon 103, na nag-aatas sa Komisyonado ng Seguro na aprobahan ang mga pagbabago sa presyo para sa mga partikular na uri ng seguro, kabilang ang seguro sa awto, bago magkabisa ang mga presyo. Ang Proposisyon 103 ay nag-aatas din na ang mga presyo at hulog para sa mga polisa ng seguro sa awto ay itatag sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na bagay sa pagpresyo sa nababawasang hanay ng kahalagahan: (1) ang rekord ng kaligtasan sa pagmamaneho ng nakaseguro, (2) ang bilang ng mga milya na nagmamaneho sila bawat taon, at (3) ang bilang ng mga taon na sila ay nagmamaneho.

Ang Komisyonado ng Seguro ay maaaring magpatibay ng mga karagdagang bagay sa pagpresyo upang ipasiya ang mga presyo at hulog sa awto. Sa kasalukuyan, may16 na mapipiling isinasaalang-alang na bagay sa pagpresyo na maaaring gamitin para sa mga layuning ito. Halimbawa, ang mga kompanya ng seguro ay maaaring magkaloob ng mga diskuwento sa mga indibidwal para sa pagiging matagal nang mga parokyano nila. Ang mga kompanya ng seguro ay pinagbabawalan, gayunman, na mag-alok ng ganitong uri ng diskuwento sa mga bagong parokyano na lumipat sa kanila mula sa ibang mga tagaseguro.

Bilang karagdagan, ang Proposisyon 103 ay nagtataglay ng isang tadhanang may kaugnayan sa mga indibiwal na dating hindi nakaseguro. Sa partikular, ang Proposisyon 103 ay nagbabawal sa mga kompanya ng seguro na gamitin ang impormasyon na ang indibidwal ay dating walang seguro sa awto upang: (1) ipasiya kung ang indibidwal ay karapat-dapat para sa pagsakop o (2) ipasiya ang mga hulog na sinisingil para sa pagsakop.

Buwis sa Hulog sa Seguro. Ang mga kompanya ng seguro na nagnenegosyo sa California ay kasalukuyang nagbabayad ng buwis sa hulog sa seguro sa halip ng buwis sa kita ng negosyo sa estado. Ang buwis ay batay sa halaga ng mga hulog sa seguro na kinikita sa estado bawat taon para sa seguro sa awto gayon din ang para sa ibang mga uri ng pagsakop ng seguro. Noong 2008, ang mga kompanya ng seguro ay nagbayad ng humigit-kumulang na $247 milyon na buwis sa mga kita sa hulog sa mga polisa sa awto sa California. Ang mga kitang ito ay idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay nagsususog sa Proposisyon 103 upang pahintulutan ang isang kompanya ng seguro na mag-alok ng isang diskuwento sa "patuloy na pagsakop" sa mga polisa ng seguro sa awto sa mga bagong parokyano na inilipat ang kanilang pagsakop mula sa ibang tagaseguro. Kung ang isang kompanya ng seguro ay pumili na magkaloob ng naturang diskuwento, ito ay dapat ibatay sa haba ng panahon na ang parokyano ay patuloy na nagtaglay ng pagsakop na liabilidad sa pinsala sa katawan. Ang mga parokyano ay pangkaraniwang magiging karapat-dapat para sa diskuwentong ito kung ang pagsakop sa kanila ay hindi nawala ng higit sa 90 araw sa nakalipas na limang taon, maliban kung ang pagkawala ay resulta ng kabiguang magbayad ng hulog. Gayon din, ang mga parokyano ay magiging karapat-dapat pa rin para sa ganitong uri ng diskuwento sa ilalim ng panukalang-batas kung ang pagkawala sa isang pagsakop ay dahil sa serbisyo sa militar sa ibang bansa. Ang mga anak na naninirahang kasama ng isang magulang ay maaaring maging kuwalipikado para sa diskuwento batay sa pagiging karapat-dapat ng magulang.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magresulta sa isang pagbabago sa kabuuang halaga ng mga hulog sa seguro sa awto na kinikita ng mga kompanya ng seguro sa California at, dahil dito, ang halaga ng mga kita sa buwis sa hulog na natatanggap ng estado para sa mga dahilang tinalakay sa ibaba.

Sa kabilang banda, ang pagtatadhana ng mga diskuwento sa patuloy na pagsakop ay maaaring magbawas ng mga kita sa buwis sa hulog na natatanggap ng estado. Ito ay magiging depende, gayunman, sa kung hanggang saan pipiliin ng mga tagaseguro na mag-alok ng mga naturang diskuwento sa kanilang mga parokyano, at ang laki ng mga diskuwentong ipinagkalaloob. Sa kabilang banda, ang mga tagaseguro na nag-aalok ng mga naturang diskuwento ay makakabawi ng ilan o lahat ng mga diskuwentong ito sa pamamagitan ng pagsingil ng mas mataas na mga hulog sa ilan sa ibang mga parokyano nito.

Ang netong tama sa mga kita ng estado sa buwis sa hulog mula sa panukalang-batas na ito ay malamang na hindi magiging malaki. Ito ay dahil ang kabuuang mga hulog ay ipinapasiya pangunahin ng ibang mga bagay—tulad ng kaligtasan ng drayber, ng bilang ng mga milyang minaneho, at mga taon ng karanasan sa pagmamaneho—na hindi apektado ng panukalang-batas.

Para sa nilalaman ng Proposisyon 17, tingnan ang pahina 77.

PROP 17 NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO AY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 17 ★

ANG PROPOSISYON 17 AY MAKAKAPAGTIPID NG INYONG PERA SA SEGURO SA KOTSE

Ang ekonomiya ng California ay nagpahirap sa ating lahat—mga nawalang trabaho, mga negosyong nagsasara at ating mga naimpok na lumiliit. Kailangan ng mga pamilya na makatipid ng pera saanman magagawa nila. Makakatulong ang Prop. 17. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga drayber na nagpapanatili ng seguro sa kotse sa iisang kompanya ay karapat-dapat sa diskuwento sa patuloy na pagsakop.

Gayunman, ang isang depekto sa kasalukuyang batas ay nagbabawal sa mga drayber na dalhin itong diskuwento sa patuloy na pagsakop kung lilipat sila ng kompanya ng seguro upang makakuha ng mas mababang mga presyo.

Ang 80% ng mga responsableng drayber na nagpapanatili ng seguro sa awto ay hindi dapat parusahan at mawalan ng kanilang diskuwento dahil lamang sa pinalitan nila ang kanilang kompanya ng seguro.

Ang Proposisyon 17 ay simple at diretso. Karapat-dapat kayo sa diskuwento sa patuloy na pagsakop kahit na nagpalit kayo ng tagaseguro.

Ang Oo sa 17 ay nangangahulugang:

- Ang inyong pamilya ay maaaring makatipid ng DAAN-DAANG DOLYAR KADA TAON
- Nadagdagang KOMPETISYON
- Mas maraming PAGPILI AT OPSYON para sa mga mamimili

"Kung mayroon kayong seguro sa awto, ang Proposisyon 17 ay maaaring makapagtipid sa inyong pamilya ng hanggang $250 sa isang taon. Ginagantimpalaan nito ang mga responsableng drayber sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na maghanap ng pinakamababang presyo habang pinananatili ang kanilang diskuwento sa patuloy na pagsakop."

—Harvey Larsen, Sekretaryo-Ingat-yaman, Consumers Coalition of California

ANG MGA MAMIMILI AT MALILIIT NA NEGOSYO AY NAGSASABI NG OO SA PROP. 17

- California Alliance for Consumer Protection
- California Chamber of Commerce
- California Senior Advocates League
- Small Business Action Committee
- California Hispanic Chambers of Commerce
- Consumers First, kasama ng iba.

Maraming negosyo at organisasyon na sumusuporta sa panukalang-batas na ito, kabilang ang Mercury Insurance, dahil ito ay nangangahulugan ng mas maraming kompetisyon sa pamilihan ng seguro at mga bagong parokyano. Ang pagkakaloob ng mga karagdagang diskuwento ay isang paraan upang makipagkumpitensiya ang isang kompanya ng seguro. Ang mas maraming kompetisyon ay nangangahulugang mas mababang mga presyo para sa mga mamimili!

PROPOSISYON 17: MAS MARAMING KOMPETISYON, MAS MABABANG MGA PRESYO

Hindi nawawala ang diskuwento ng mabuting drayber kapag nagpalit sila ng tagaseguro. Hindi dapat mawala sa kanila ang kanilang diskuwento sa patuloy na pagsakop dahil lamang sa nagpalit sila ng tagaseguro.

"Tulad ng pagtanggap ng ilang tindahan sa mga kupon ng kanilang kakumpitensiya, ang Prop. 17 ay nagpapahintulot sa mga drayber na maghanap ng pinakamagandang presyo at panatilihin ang kanilang diskuwento sa patuloy na pagsakop, nagreresulta sa mas maraming pagpili, mas maraming kompetisyon at mas maraming matitipid."

—Tom Hudson, Tagapagpaganap na Direktor, California Taxpayer Protection Committee

HUWAG PADALA SA MGA TAKTIKANG PANANAKOT NG MGA KALABAN

- Nilalabanan ng mga kalaban ang isang diskuwento na pakikinabangan ng 80% ng mga drayber na sumusunod sa batas at nagpapanatili ng seguro.
- Ang kasalukuyang batas (Seksiyon 1861.02) ay nag-aatas na ang mga presyo ng seguro ay ibatay pangunahin sa inyong rekord sa ligtas na pagmamaneho, mga milyang minamaneho taun-taon at mga taon ng karanasan sa pagmamaneho. *Iyon ay hindi binabago ng panukalang-batas na ito!*
- Seksiyon 1861.024 (b) ng panukalang-batas ay partikular na nagpoprotekta sa mga drayber na dapat magkansela ng pagsakop para sa paghihirap sa kabuhayan, sakit, pagkawala ng trabaho o anumang dahilan na iba sa hindi pagbabayad para sa pinakamababang 90 araw. Karapat-dapat pa rin sila para sa diskuwento.
- Ang mga mamimili na mas maliit ang kita ay magiging karapat-dapat pa rin para sa programang Murang Seguro sa Awto ng California.

"Ang Prop. 17 ay nagpoprotekta sa diskuwento sa patuloy na pagsakop para sa mga sundalo na nagkansela ng seguro noong sila ay ipinadala sa ibang bansa upang maglingkod sa ating bansa."

—Willie Galvan, Kumander sa Estado, American GI Forum of California

KAYO MISMO ANG BUMASA NITO.

AT SAKA BUMOTO NG OO SA 17. MAS MABABANG MGA PRESYO SA SEGURO, MAS MARAMING KOMPETISYON AT PAGPILI.

www.yesprop17.org

JIM CONRAN, Dating Direktor
California Department of Consumer Affairs
ALLAN ZAREMBERG, Presidente
California Chamber of Commerce
JOEL FOX, Presidente
Small Business Action Committee

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 17 ★

Ang mga tagapagtaguyod ng Proposisyon 17, pinopondohan ng Mercury Insurance Company, ay nagtatangkang iligaw kayo. Ang laging sinasabi nila ay "mga diskuwento" at "kompetisyon." Narito ang ayaw nilang malaman ninyo:

KATOTOHANAN: Ang Prop 17 ay *magtataas* ng mga hulog sa seguro sa awto para sa milyun-milyon ng mga taga-California na walang ginawang mali. Ito ay pumupuwersa sa inyo na bumili ng seguro—kahit na tumigil kayo sa pagmamaneho—o tatamaan kayo ng mga dagdag na singil na hanggang $1,000/taon (batay sa mga numero ng Mercury) kapag nagsimula kayong muling magmaneho. . . kahit na kayo ay mabuting drayber.

KATOTOHANAN: Kung itinigil ninyo ang pagsakop ng 91 araw o higit sa nakalipas na limang taon, sisingilin kayo ng karagdagan, kahit na gaano pa kalehitimo ang dahilan: sakit, pagpasok sa kolehiyo, nawalan kayo ng trabaho, maging ang serbisyo sa militar.

Iyon ang dahilan kung bakit ang USAA, na naglilingkod sa ating mga sundalo at sa kanilang mga pamilya, ay nagsasabi: "Batay sa maaaring maging pinsala sa mga tauhan ng militar, hindi namin masusuportahan ang Prop. 17. Ginagawa nila ang kanilang tungkulin sa kanilang bansa. Pero maaari silang mabugbog ng ganitong uri ng batas."

KATOTOHANAN: Ang 17 ay nagpapawalang-bisa sa isang batas na ipinasa ng mga botante ng California noong 1988 upang patas na makipagkumpitensiya ang mga tagaseguro para sa mga parokyano.

KATOTOHANAN: Ang Prop 17 ay 99% na pinopondohan ng Mercury, na nahuling "sumisingil ng mga nagtatanging presyo sa mga motorista na walang kasalanan sa mga aksidente, mga miyembro ng sandatahang lakas o nagtrabaho sa mga partikular na propesyon." (Los Angeles Times, 2/15/10)

Kailan huling naglagay ang isang kompanya ng seguro ng isang bagay sa balota upang babaan ang inyong mga presyo? Hindi kailanman.

Para sa inyong sariling proteksiyon, bumoto ng HINDI sa 17.

JOHN GARAMENDI, dating Komisyonado ng Seguro
Estado ng California
JOHN VAN DE KAMP, dating Pangkalahatang Abugado
Estado ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

PROP 17 NAGPAPAHINTULOT SA MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO NA ANG KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO AY ISAMA NILA SA BATAYAN NG KANILANG MGA PRESYO. INISYATIBONG BATAS.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 17 ★

Ang mga tagapagtaguyod ng mamimili ay sumasang-ayon: Bumoto ng HINDI SA PROPOSISYON 17—Ito ay isang mapanlinlang na inisyatibo ng kompanya ng seguro upang taasan ang mga hulog sa seguro para sa milyun-milyon ng mga naghihirap na gitnang uring pamilya sa California.

Binabago ng Proposisyon 17 ang ating mga batas upang paboran ang malalaking kompanya ng seguro na tulad ng Mercury Insurance, ang isponsor ng inisyatibo, habang *sinasaktan ang mga responsableng drayber na walang maling nagawa.*

Hindi sasabihin sa inyo ng mga nasa likod ng Prop 17 ang buong istorya, pero sasabihin ito ng Kagawaran ng Seguro ng California. Sinasabi nito na ang Prop 17 *"ay magreresulta sa isang dagdag na singil"* para sa mga drayber sa California.

Iyon ang dahilan kung bakit ang Consumers Union, di-nagtutubong publisista ng *Consumer Reports,* ay sumasalungat sa Prop 17.

Ang Prop 17 ay nag-aatas sa mga taga-California na nagkansela ng seguro sa awto na magbayad ng multa upang muling simulan ang pagsakop.

-> Hindi sa 17: Pinarurusahan nito ang mga responsableng drayber.

Ang Prop 17 ay nagpapahintulot sa mga kompanya ng seguro na magtaas ng mga presyo sa mga parokyano na may mga perpektong rekord ng pagmamaneho, dahil lamang sa kinansela nila ang seguro para sa kasingkaunti ng siyamnapu't-isang araw sa nakalipas na limang taon. Dapat bayaran ng mga drayber itong hindi makatarungang multa kahit na hindi sila nag-ari ng kotse o nangailangan ng seguro sa nakaraan.

-> Hindi sa 17: Pinarurusahan nito ang ating mga sundalo, kasama ng iba.

Ang inisyatibong ito ay nagtataas ng mga presyo sa mga taga-California na itinigil ang kanilang seguro, kabilang ang militar na naglilingkod sa estado. ANG PAGPAPARUSA SA MGA DRAYBER NA ITO SA PAMAMAGITAN NG PAGPUWERSA SA KANILA NA MAGBAYAD NG MAS MALAKI kapag muli siyang nagpasimula ng seguro ay mali.

-> Hindi sa 17: Ito ay nakakasakit sa mga gitnang uring pamilya sa California.

Sa mahirap na panahon ngayon, maraming taga-California na napipilitang pumili sa pagitan ng pagmamaneho at ng ibang mga pangangailangan. Kung ang isang taong may perpektong rekord sa pagmamaneho ay nahuli sa kahit isa lamang pagbabayad, ang Prop 17 ay nagpapahintulot sa mga kompanya ng seguro na SINGILIN ANG MGA DRAYBER NG DAAN-DAAN PANG DOLYAR kapag muli silang nagpasimula ng pagsakop.

-> Hindi sa 17: Ang mga taga-California ay magbabayad ng mas malaki para sa seguro sa kotse.

Ang mga parusa ng Proposisyon 17 ay labag sa batas sa kasalukuyan sa California, pero sa mga estado kung saan ang mga kompanya ay pinahihintulutang sumingil ng dagdag na singil sa mga drayber, ang resulta ay MAS MATAAS NA MGA HULOG:

- Ang mga taga-Nevada ay maaaring magbayad ng 73% na karagdagan.
- Mga taga-Texas, 84% na karagdagan.
- Mga taga-Florida, 227% na karagdagan.

-> Hindi sa 17: Ito ay hahantong sa mas maraming motorista na hindi nakaseguro, gagastusan natin ng mas malaki.

Dahil sa resesyon, ang mga eksperto sa seguro ay humula na halos 20% na karagdagang hindi nakasegurong motorista sa daan. Alinsunod sa Kagawaran ng Seguro ng California, ang pinansiyal na parusa ng Prop 17: *"ay hindi humihimok [sa mga tao] na bumili ng seguro, na maaaring magdagdag sa bilang ng mga hindi nakasegurong motorista at sa huli ay magtataas ng halaga ng pagsakop ng hindi nakasegurong motorista para sa bawat nakaseguro."*

Ang MAS MARAMING HINDI NAKASEGURONG DRAYBER ay nakakasakit sa kabuuang pananalapi ng mga nagbabayad ng buwis at ng estado.

-> Hindi sa Prop 17: Ito ay isang pagtubos sa kompanya ng seguro.

Ang San Francisco Chronicle ay nag-ulat na ang Prop 17 ng Mercury ay "isang kontrobersiyal na panukalang-batas sa seguro" mula sa isang kompanya na "kalahok sa mga gawain na maaaring labag sa batas, kabilang ang mapanlinlang na pagpresyo at diskriminasyon laban sa mga mamimili tulad ng mga aktibong miyembro ng militar."

Pinatigil ng mga hukuman ng estado ang Mercury sa sobrang pagsingil sa mga motorista noong 2005. Pero gagawing legal ng Prop. 17 ang mga sobrang singil na ito. Iyon ang dahilan kung bakit gumasta na ang Mercury ng $3.5 milyon sa 17—upang maitaas nito ang mga tubo sa kapinsalaan ng mga gitnang uri sa California.

Hindi natin dapat bigyan ang mga kompanya ng seguro ng karagdagang kapangyarihan na itaas ang ating mga presyo, lalo na sa panahon ng resesyon.

BUMOTO NG HINDI sa PROP 17

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *http://www.StopTheSurcharge.org*

HARVEY ROSENFIELD, Tagapagtatag
Consumer Watchdog
ELISA ODABASHIAN, Direktor, Opisina sa West Coast at mga Kampanya sa Estado, Consumers Union
JON SOLTZ, Tagapangulo
VoteVets.org

★ PAGPAPABULAAN SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 17 ★

ANG OO SA 17 AY NAG-AALIS NG KASALUKUYANG DAGDAG NA SINGIL SA PAGPAPALIT NG MGA KOMPANYA NG SEGURO

Sa kasalukuyan, kung kayo ay isang responsableng drayber na nagpapanatili ng pagsakop ng seguro, maaaring magbayad kayo ng dagdag na singil na daan-daang dolyar kung lilipat kayo ng kompanya ng seguro dahil mawawala sa inyo ang diskuwento ng patuloy na pagsakop.

ANG PROP. 17 AY MAKAKAPAGTIPID SA MGA DRAYBER NG HANGGANG $250

Ang 17 ay magpapahintulot sa mga drayber na dalhin ang inyong diskuwento ng patuloy na pagsakop kung pinalitan ninyo ang tagaseguro, magkakapagtipid kayo ng mga daan-daang dolyar sa isang taon at dinaragdagan ang kompetisyon at pagpili.

GUSTO NG MGA KALABAN NA MAPAGTULOY ANG 80% NG MGA DRAYBER NA MAGBAYAD NG ISANG DAGDAG NA SINGIL

Gusto ng mga kalaban ng 17 na patuloy na parusahan ang higit sa 80% ng mga drayber na sumusunod sa batas at nagpapanatii ng pagsakop. Sadyang inililigaw nila ang mga botante. Walang mapapasama sa Prop 17. Ito ay nagkakaloob ng KARAGDAGANG MGA PANAHON NG PATAAN AT PROTEKSIYON NA HINDI NINYO NAKUKUHA NGAYON.

- KATOTOHANAN: Ang 17 AY NAGDARAGDAG ng mga proteksiyon para sa mga sundalo upang panatilihin ang kanilang diskuwento sa patuloy na pagsakop kung kanselahin nila ang seguro kapag naglilingkod sa ibang bansa o sa ibang estado. *Sa kasalukuyan, nawawala ang kanilang diskuwento.*
- KATOTOHANAN: Ang 17 AY NAGDARAGDAG ng mga proteksiyon para sa mga gitnang uring pamilya na itinigil ang pagsakop para sa pagkawala ng trabaho, sakit, o ibang mga dahilan sa mahirap na panahon. *Sa kasalukuyan, nawawala ang kanilang diskuwento.*
- KATOTOHANAN: Ang 17 ay nagpapanatili ng malalakas na batas sa proteksiyon ng mamimili. Ang mga tagaseguro ay aatasan na ibatay ang mga presyo pangunahin sa rekord ng kaligtasan sa pagmamaneho, mga milyang minamaneho taun-taon at karanasan sa pagmamaneho. Dapat pa ring repasuhin at aprobahan ng Kagawaran ng Seguro ang LAHAT ng mga pagtaas at pagbaba ng presyo.
- KATOTOHANAN: Ang 17 ay humihimok na magpanatili ng seguro ang mas maraming tao, hindi mas kaunti!

OO SA 17 = MAS MABABANG MGA PRESYO
www.yesprop17.org

JOHN T. KEHOE, Presidente
California Senior Advocates League
WILLIE GALVAN, Kumander sa Estado
American GI Forum of California
TOM HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
California Taxpayer Protection Committee

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa ganap na kawastuhan ng alinmang opisyal na ahensiya.

MGA PAHAYAG NG LAYUNIN NG PARTIDONG PAMPULITIKA

★ PARTIDONG REPUBLIKANO ★

Ikinararangal ng mga Republikano ang pamumunong ibinigay sa ating estado ni Gobernador Arnold Schwarzenegger at kami ay lubos na nagtitiwala sa kinabukasan ng California at matatag na pinahahalagahan ang lahat ng mabuti tungkol sa mga tao sa California.

Ito ay isang mapanghamong panahon para sa aming partido, puno ng bagong pagkakataon at walang kapantay na sigla. Ang mga Republikano sa Ginintuang Estado ay nagtitipon upang ipagdiwang ang ating mga pinahahalagahan na kasaganaang pangkabuhayan, pagbawas sa mga buwis at pag-aaksaya ng pamahalaan, at isang pagbabalik sa pangunguna sa edukasyon. Inaasahan namin ang pagtatrabahong kasama ninyo upang ibalik ang mga prinsipyo ng Amerika at muling buhayin ang pangako ng Amerika.

Ang Partidong Republikano ay kumakatawan sa inyong pinakamahusay na pagkakataon na tiyakin ang kalayaan at pagkakataon para sa bawat taga-California at sa tulong ninyo, maaari tayong magkaroon ng may-tiwala, praktikal at nananagot na pamumuno sa pareho ng Sacramento at Washington, D.C.

Ang paghalal sa mga Republikanong kandidato ay tutulong na tiyakin na ang mga paaralan ay ligtas at nananagot; pigilan ang pagtaas ng mga buwis; at panatilihing umuunlad ang ekonomiya ng California. Samahan kami sa pagtatayo ng isang mas mabuting California na nagkakaloob ng pagkakataon sa mga pamilya ngayon, at sa susunod na henerasyon.

The California Republican Party
Ron Nehring, *Tagapangulo*
Ronald Reagan California Republican Center
1903 West Magnolia Boulevard, Burbank, CA 91506

(818) 841-5210
Website: www.cagop.org

★ PARTIDONG LUNTIAN ★

Kailangan ng mga taga-California ang mga trabahong may nakabubuhay na suweldo, abot-kayang bahay, maipagpapatuloy na enerhiya, iisang-tagabayad na pangangalagang pangkalusugan at progresibong pagbubuwis. Ang mga Luntian ay sumusuporta sa masisigasig na komunidad na maipagpapatuloy ang kabuhayan, pangangalaga ng kapaligiran, pag-alis sa Iraq at Afghanistan, at pagbuo ng ligtas at malinis na mga pinagkukunan ng enerhiya. Ang mga Luntian ay salungat sa mga pagtubos o paghango at pagtuturing sa korporasyon bilang tao.

Ang mga Luntian ay nagtataguyod ng:

Maipagpapatuloy na Ekonomiya:

- Pagsuporta sa pagkatawan sa lugar ng trabaho, paglikha ng mga trabahong may nakabubuhay na suweldo, abot-kayang bahay, pampublikong transportasyon, at maipagpapatuloy na enerhiya.
- Pagpapatupad ng makatarungang bai-baitang na pagbubuwis sa kakayahan ng isang tao na magbayad, pag-aalis ng mga pagtustos ng pamahalaan sa mga korporasyon, at pagpapatupad ng mga buwis sa karbon.
- Pagtatapos sa pagkakautang ng pamahalaan at paggasta sa kakulangan.

Mga Karapatan Ayon sa Saligang-batas:

- Pagsuporta sa pagharap sa hukuman ng inakusahan, pagpapawalang-bisa ng sapilitang pagsentensiya, at pagsusog sa Batas ng Tatlong Tama.
- Pagpapawalang-bisa sa Batas ng Makabayan, pag-alis mula sa Iraq at pagtatapos sa mga digmaan na paunang paghadlang.
- Pag-aatas ng pampanguluhang halalan sa pamamagitan ng popular na boto, pantay na daan sa mga pagdedebate at mga balota ng estado, pagbotong nirarangguhan ang mga pinili at maaasahang mga paraan ng pagbilang.

Proteksiyon ng kapaligiran:

- Pagtataguyod ng pag-aari ng publiko na ligtas, malinis na muling nagagawang bago na enerhiya.
- Pagbawas ng pag-init ng mundo sa pamamagitan ng pagiging episyente, konserbasyon at mga buwis sa gatong na labi ng mga halaman at hayop.
- Pagprotekta sa mga nanganganib na klase, lupang pang-agrikultura, at pagsalungat sa mga pagtatayo na may malalawak na lupa.

Katarungang Panlipunan:

- Pagsuporta sa iisang-tagabayad na pangangalagang pangkalusugan at libreng pampublikong edukasyon.
- Pagsuporta sa karapatang magtrabaho ng mga hindi nakadokumentong imigrante.
- Pagtatapos sa labis na pagpapahirap at hindi makatwirang pagmamatyag.

Gusto ng mga Luntian ng pananagutan ng pamahalaan, isang masiglang ekonomiya, maipagpapatuloy na mga kapaligiran, hustisyang panlipunan at mga karapatan ayon sa Saligang-batas para sa lahat.

Green Party of California
P.O. Box 2828, Sacramento, CA 95812

(916) 448-3437
Website: www.cagreens.org

★ PARTIDONG AMERIKANONG INDEPENDIYENTE ★

Ang Partidong Amerikanong Independiyente ay ang partido ng maayos na kalayaan sa isang bansa sa ilalim ng Diyos. Naniniwala kami sa mahigpit na pagsunod sa nakasulat na batas. Naniniwala kami na ang Saligang-Batas ay ang kontrata ng Amerika sa sarili. Ang sadyang pagbaluktot nito ay humantong sa paglabag sa ating iginagarantiya ng Ikasampung Susog na karapatan sa limitadong pamahalaan—na di-maiiwasang nag-aatas ng mapang-aping pagbubuwis. Ang matapat na pagpapatupad nito ay mag-aalis ng pasaning ito.

Pinalaya mula sa walang-batas na pang-aapi ng Liberal na pamamahala, maaari na nating gamitin nang mapagmalasakit at makatarungan ang ating enerhiya at pagkamalikhain upang magkaloob para sa ating mga sarili at sa ating mga pamilya. Pagkatapos ay magtatatag tayo ng isang tunay na malaya at responsableng institusyon at muling igigiit ang basikong karapatan ng tao sa ari-arian.

Naniniwala kami sa pagpoprotekta sa lahat ng buhay ng tao gaano man kahina, walang-depensa, o nawawalan ng pag-asa; ineendorso ang pamilya bilang mahalagang kuta ng kalayaan, habag, responsibilidad, at kasipagan; at ipinapahayag ang karapatan at responsibilidad ng pamilya na mag-alaga, magdisiplina, at magturo sa kanilang mga anak.

Iginigiit namin ang ganap, kasabay na iginagarantiya ng Ikalawang-Susog na karapatan ng mga indibidwal sa pagtatanggol sa sarili kasama ng isang malakas na panlahat na depensa, isang panlahat na depensa na nangangailangan ng isang pambansang kataas-taasang kapangyarihan na hindi napinsala ng mga walang-ingat na kasunduan. Sinasalungat namin ang lahat ng labag sa batas na imigrasyon.

Sinusuportahan namin ang mga protektadong hangganan at mga patakaran sa imigrasyon na nag-iimbita sa pinakamahusay sa mundo na samahan tayo sa kalayaan.

American Independent Party
Markham Robinson, *Tagapangulo sa Estado*
476 Deodara St., Vacaville, CA 95688

(707) 359-4884
(707) 222-6040 Fax
E-mail: mark@masterplanner.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ PARTIDONG DEMOKRATIKO ★

Ang Partidong Demokratiko ay nagtatayo ng isang mas malusog na hinaharap para sa ating estado at nagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa lahat ng ating mga residente.

Ang mga Demokratiko ay matagal na nakipaglaban upang lumikha ng isang masiglang ekonomiya, pabutihin ang edukasyon, tiyakin ang kaligtasan ng publiko at pambansang seguridad, palawakin ang daan sa pangangalagang pangkalusugan, protektahan ang karapatan ng babae na pumili, at tulungan ang mga naghihirap na gitnang uri.

Ang mga Demokratiko ng California ay sumusuporta sa Batas sa Pagbangon at Muling Pamumuhunan ng Amerika ni Presidente Obama na lumikha ng $21.5 bilyon sa karagdagang pederal na pagpopondo para sa California, lumikha ng halos 71,000 bagong trabaho at tumutulong sa libu-libong iba pa na manatiling may-trabaho.

Naniniwala kami sa paggantimpala sa masipag na pagtatrabaho at pagpapalawak ng pagkakataon para sa lahat ng mga taga-California upang magtayo ng mas malakas at mas malusog na mga komunidad.

Tinatanggap ng mga Demokratiko ang mga tumangging magpahayag na botante upang bumoto sa aming primarya. Naiintindihan namin ang pangangailangang magtrabahong magkakasama upang maibalik natin sa tamang direksiyon ang ekonomiya ng California sa pamamagitan ng responsableng pagpapasiglang pagkabuhayan at isang pokus sa paglikha ng mabubuting trabaho.

Sa 2010, ang mga Demokratiko ay masipag na magtatrabaho upang ihalal ang isang Demokratikong gobernador, muling ihalal si Senador Barbara Boxer, at ihalal ang mga Demokratikong kandidato sa Kongreso at sa Lehislatura.

Samahan kami habang nagtatayo kami ng isang mas malakas na California—magpatala sa www.cadem.org/signup.

California Democratic Party
Senator John Burton (Retirado), *Tagapangulo*
1401 21st Street #200, Sacramento, CA 95811

(916) 442-5707 / 5715 Fax
E-mail: info@cadem.org
Website: www.cadem.org

★ PARTIDONG KAPAYAPAAN AT KALAYAAN ★

Ang Partidong Kapayapaan at Kalayaan ng California ay naninindigan para sa demokrasya, pagtutulungan, at pagbabahagi. Gusto naming organisahin at turuan ang publiko upang magkakasamang kumilos upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao.

Ang partido ay naniniwala na ang tungkulin ng pamahalaan ay tiyakin na ang bawat isa ay may trabaho, bahay, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, isang malinis na kapaligiran, at pantay na mga karapatan. Sinusuportahan namin ang pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa, mga karapatan sa imigrasyon, organisadong paggawa, at panlahat na iisang-tagabayad na pangangalagang pangkalusugan. Sinasalungat namin ang kasalukuyang aksiyon ng militar ng Estados Unidos sa Iraq at Afghanistan. Panig kami sa biglang pagtataas ng mga buwis sa mga pinakamayamang Amerikano na unang-unang may kakayahang magbayad, at pagbawas sa pasaning buwis sa mga nagtatrabahong tao.

Ang aming mga pangunahing pinagsisikapan ay:

1. Pauwiin ang lahat ng mga sundalo ngayon.
2. Doblehin ang pinakamababang suweldo.
3. Isang sistema ng libre, mahusay na pangangalagang pangkalusugan para sa lahat.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Partidong Kapayapaan at Kalayaan ay matatagpuan sa *www.peaceandfreedom.org*.

Peace and Freedom Party of California
20212 Harvard Way, Riverside, CA 92507

(510) 465-9414
(323) 759-9737

★ PARTIDONG LIBERTARYAN ★

Ang mga Libertaryan ay ang tanging Partido na hindi isasabatas ang inyong personal na moralidad o kapantayang pangkabuhayan. Kami ang tanging partido na malaya sa pagbabarang kaliwa-kanan ng mga matatag na nakapuwestong pulitiko.

- Hayaan ang mga magulang na kontrolin ang mga dolyar ng matrikula upang ang mga paaralan ay bumuti sa pamamagitan ng kompetisyon.
- Kilalanin ang pagkakapantay ng kasal, na gagawin sana ng Batas sa Proteksiyon ng Kasal na Sibil.
- Dagdagan ang bilang ng mga mapipiling pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga insentibo sa buwis at pagrepaso ng mga regulasyon.
- Bigyan ng kakayahan ang paggamit ng mga pasyente ng medikal na marihuwana sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Prop 215.
- Ipagtanggol ang inyong karapatan na magpanatili at magdala ng armas.
- Protektahan ang kapaligiran sa pamamagitan ng luntiang pagpresyo at mga bayad sa pagsisikip sa halip ng mga burukratikong regulasyon na isinulat ng mga tagalobi ng industriya.
- Samahan ang siyam na ibang mga estado na nagpasa ng Susog na Kalayaan, na nagtakda ng panahon para sa pagpapawalang-bisa ng buwis sa kita, at tinatakdaan ang pederal na kapangyarihan sa mga hangganan na ayon sa saligang-batas.
- Salungatin ang maling-ipinayo na pakikialam sa ibang bansa.

Bumoto nang Libertaryan para sa mga praktikal na solusyon batay sa mga prinsipyo ng indibwal na kalayaan, personal na responsibilidad, boluntaryong pakikipagtulungan, pagpili ng parokyano, at mga insentibo sa pamilihan. Manindigan para sa Batas sa mga Karapatan at paglilimita sa pederal na pamahalaan sa mga tungkulin nito na ayon sa saligang-batas na pagprotekta sa kalayaan at hustisya para sa lahat–sa lupang Amerikano. Bumoto nang Libertaryan, at manalo ng isang malayang bansa.

Libertarian Party
Kevin Takenaga, *Tagapangulo ng Estado*
14547 Titus Street, Suite 214
Panorama City, CA 91402-4935

(818) 782-8400
E-mail: office@ca.lp.org
Website: www.ca.lp.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya.

Mga Paglalarawan ng Pambuong-estadong Inihahalal na Katungkulan

Senador ng Estados Unidos

- Isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Senado ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma ng mga pederal na hukom, mga Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos, at maraming mataas-na-antas na mga paghirang ng presidente sa mga katungkulang sibilyan at militar.

Gobernador

- Bilang punong tagapagpaganap na opisyal, nangangasiwa sa karamihan ng mga kagawaran at ahensiya ng estado at naghihirang ng mga hukom.
- Nagmumungkahi ng mga bagong batas at nag-aaproba o nagbebeto ng batas.
- Naghahanda at naghaharap ng taunang badyet ng estado.
- Nagpapakilos at namamatnugot sa mga ginagamit ng estado sa panahon ng mga emerhensiya.

Tenyente Gobernador

- Umaako ng katungkulan at mga tungkulin ng Gobernador sa kaso ng pagsasakdal, pagkamatay, pagbibitiw, pagtanggal sa katungkulan, o pagkawala sa estado.
- Naglilingkod bilang presidente ng Senado ng Estado at may botong kailangan sa pagsira ng tablang boto.
- Nagsisilbing tagapangulo ng Komisyon sa Pagpapaunlad ng Kabuhayan, isang miyembro ng Komisyon sa mga Lupa ng Estado, at umuupo sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.

Sekretaryo ng Estado

- Bilang punong opisyal ng estado sa mga halalan, nangangasiwa sa mga pambuong-estadong halalan at nagkakaloob ng daan ng publiko sa impormasyon tungkol sa pananalapi ng kampanya at paglolobi.
- Sumusuporta sa negosyo ng California sa pamamagitan ng pagrerehistro at pagpapatunay ng mga partikular na uri ng mga negosyo at tatak-pangkalakal, pinangangasiwaan ang mga notaryo publiko, at binibigyan ng kakayahan ang mga may-seguridad na may-pautang na protektahan ang kanilang mga pinansiyal na interes.
- Nangangalaga sa kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pagsanggalang, at pagbahagi ng mga makasaysayang kayamanan ng estado.
- Nagrerehistro ng mga domestikong sanggahan at mga maagang tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan, at nagpoprotekta sa mga pagkakakilanlan ng mga biktima ng karahasan sa tahanan at iba pang mga karapat-dapat sa mga kompidensiyal na tirahan.

Kontroler

- Bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, naglilingkod bilang tagapagtuos at tenedor-de-libro ng lahat ng mga pampublikong pondo.
- Ipinatutupad ang sistema ng pasahod ng estado at mga batas sa mga ari-ariang walang umaangkin.
- Naglilingkod sa maraming lupon at komisyon kabilang ang Lupon ng Pagpapantay at ang Lupon ng Kontrol.
- Nagsasagawa ng mga pagsusuri at pagrepaso ng mga gawain ng estado.

Ingat-yaman

- Bilang bangkero ng estado, pinamamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado.
- Pinangangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at papel de bangko ng estado, at siya ang opisyal sa pamumuhunan para sa karamihan ng mga pondo ng estado.
- Nagsisilbing tagapangulo o naglilingkod sa ilang komisyon, karamihan ng mga ito ay may-kaugnayan sa pagbebenta ng mga bono.
- Binabayaran ang mga pondo ng pondo kapag ginasta ng Kontroler at ng ibang mga ahensiya ng estado.

Pangkalahatang Abugado

- Bilang punong opisyal na pambatas ng estado, tinitiyak na ang mga batas ng estado ay magkakatulad at sapat ang pagpapatupad.
- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Hustisya, na responsable sa pagkakaloob ng mga serbisyong pambatas sa estado at suporta para sa pagpapatupad ng lokal na batas.
- Umaaktong punong tagapayong pambatas sa paghahabla ng estado.
- Pinangangasiwaan ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas, kabilang ang mga abugado ng distrito at mga siyerip ng county.

Komisyonado ng Seguro

- Nagbabantay at nangangasiwa sa lahat ng mga tungkulin ng Kagawaran ng Seguro.
- Naglilisensiya, nangangasiwa, at nagsusuri sa mga kompanya ng seguro.
- Sumasagot sa mga tanong at reklamo ng publiko tungkol sa industriya ng seguro.
- Nagpapatupad ng mga batas sa seguro ng California at nagpapatibay ng mga regulasyon upang ipatupad ang mga batas.

Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

- Bilang punong opisyal ng mga pampublikong paaralan, nagkakaloob ng patakaran at direksiyong pang-edukasyon sa mga lokal na distrito ng paaralan.
- Namamatnugot sa lahat ng mga tungkulin ng Kagawaran ng Edukasyon at nagpapatupad ng mga patakarang itinatag ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.
- Naglilingkod bilang dahil-sa-ibang-katungkulan na miyembro ng mga namamahalang lupon ng sistema ng mas mataas na edukasyon ng estado.
- Nagtatrabaho sa komunidad na pang-edukasyon upang pabutihin ang pagganap sa akademiko.

Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay

Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, ang inihalal na komisyon sa buwis ng estado, na:

- Nangangasiwa sa pagpapatupad ng higit sa dalawang dosenang programa sa buwis at bayad kabilang ang mga para sa pagbebenta at paggamit, sigarilyo at tabako, alkohol at mga gatong.
- Naglilingkod bilang lupon sa paghahabol para sa mga kaso sa buwis sa kita at prangkisya ng California.
- Nangangasiwa sa paglalapat ng buwis sa ari-arian sa buong estado.

Mga County sa Bawat Distrito ng Lupon ng Pagpapantay

Distrito 1

Alameda, Colusa, Contra Costa, Del Norte, Humboldt, Lake, Marin, Mendocino, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Clara, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Trinity, Yolo

Distrito 2

Alpine, Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Glenn, Inyo, Kern, Kings, Lassen, Los Angeles, Madera, Mariposa, Merced, Modoc, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Bernardino, San Joaquin, Santa Barbara, Shasta, Sierra, Siskiyou, Stanislaus, Sutter, Tehama, Tulare, Tuolumne, Ventura, Yuba

Distrito 3

Imperial, Los Angeles, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego

Distrito 4

Los Angeles

Listahan ng mga Kandidato para sa Pambuong-estadong Inihahalal na Katungkulan

Ang Proposisyon 34, inaprobahan ng mga botante noong Nobyembre 2000, ay nagtatag ng mga boluntaryong limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para sa pambuong-estadong katungkulan. Ang mga kandidato para Gobernador, Tenyente Gobernador, Sekretaryo ng Estado, Kontroler, Ingat-yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo, at Lupon ng Pagpapantay na pumiling panatilihin ang kanilang mga gastos sa kampanya na nasa ilalim ng tinukoy na dolyar na halaga ay maaaring bumili ng espasyo sa patnubay na ito para sa 250-salitang pahayag ng kandidato.

Ang limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para Gobernador sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan sa Hunyo 8, 2010 ay $7,768,000. Ang limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para Tenyente Gobernador, Sekretaryo ng Estado, Kontroler, Ingat-yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan sa Hunyo 8, 2010 ay $5,178,000. Ang limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para sa Lupon ng Pagpapantay sa Pambuong-estadong Tuwirang Primaryang Halalan sa Hunyo 8, 2010 ay $1,295,000.

Ang sumusunod na listahan ng mga kandidato para sa pambuong-estadong inihahalal na katungkulan ay pangkasalukuyan hanggang Marso 18, 2010. Para sa isang pangkasalukuyang listahan ng mga kandidato pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_cand.htm*. Ang isang asterisko (*) ay nagmamarka sa mga kandidatong tumanggap ng mga limitasyon ng Proposisyon 34 sa paggasta sa kampanya.

Gobernador

*	Richard William Aguirre	Demokratiko
	S. Deacon Alexander	Luntian
*	Stewart A. Alexander	Kapayapaan at Kalayaan
*	Carlos Alvarez	Kapayapaan at Kalayaan
	Mohammad Arif	Kapayapaan at Kalayaan
	Edmund G. “Jerry” Brown	Demokratiko
*	Bill Chambers	Republikano
*	Lowell Darling	Demokratiko
*	Vibert Greene	Demokratiko
*	Douglas R. Hughes	Republikano
*	Ken J. Miller	Republikano
*	Lawrence “Larry” Naritelli	Republikano
*	Robert C. Newman II	Republikano
*	Chelene Nightingale	Amerikanong Independiyente
*	Dale F. Ogden	Libertaryan
*	Charles “Chuck” Pineda, Jr.	Demokratiko
	Steve Poizner	Republikano
*	Markham Robinson	Amerikanong Independiyente
	Peter Schurman	Demokratiko
*	Joe Symmon	Demokratiko
	David Tully-Smith	Republikano
*	Laura Wells	Luntian
	Meg Whitman	Republikano

Tenyente Gobernador

*	Sam Aanestad	Republikano
	Pamela J. Brown	Libertaryan
*	James “Jimi” Castillo	Luntian
	Bert Davis	Republikano
*	Yvonne R. Girard	Republikano
*	Janice Hahn	Demokratiko
*	Dave Harris	Republikano
*	Jim King	Amerikanong Independiyente
*	Eric Korevaar	Demokratiko
*	Scott L. Levitt	Republikano
*	Abel Maldonado	Republikano
*	Gavin Newsom	Demokratiko
*	C.T. Weber	Kapayapaan at Kalayaan

Sekretaryo ng Estado

*	Debra Bowen	Demokratiko
*	Marylou Cabral	Kapayapaan at Kalayaan
*	Damon Dunn	Republikano
*	Ann Menasche	Luntian
	Merton D. Short	Amerikanong Independiyente
*	Orly Taitz	Republikano
*	Christina Tobin	Libertaryan

Kontroler

	Lawrence G. Beliz	Amerikanong Independiyente
*	John Chiang	Demokratiko
*	David Evans	Republikano
*	Andrew “Andy” Favor	Libertaryan
*	Ross D. Frankel	Luntian
	Nathan E. Johnson	Amerikanong Independiyente
*	Karen Martinez	Kapayapaan at Kalayaan
	Tony Strickland	Republikano

Ingat-yaman

*	Charles “Kit” Crittenden	Luntian
*	Robert Lauten	Amerikanong Independiyente
	Bill Lockyer	Demokratiko
*	Debra L. Reiger	Kapayapaan at Kalayaan
	Edward M. Teyssier	Libertaryan
*	Mimi Walters	Republikano

Listahan ng mga Kandidato para sa Pambuong-estadong Inihahalal na Katungkulan

Pangkalahatang Abugado

* Peter Allen	Luntian
* Steve Cooley	Republikano
Rocky Delgadillo	Demokratiko
* John Eastman	Republikano
* Robert J. Evans	Kapayapaan at Kalayaan
* Timothy J. Hannan	Libertaryan
* Tom Harman	Republikano
Kamala D. Harris	Demokratiko
Chris Kelly	Demokratiko
* Ted W. Lieu	Demokratiko
* Pedro Nava	Demokratiko
* Mike Schmier	Demokratiko
* Diane Beall Templin	Amerikanong Independiyente
* Alberto Torrico	Demokratiko

Komisyonado ng Seguro

* William Balderston	Luntian
Richard S. Bronstein	Libertaryan
* Hector De La Torre	Demokratiko
* Brian Fitzgerald	Republikano
* Dave Jones	Demokratiko
* Dina Josephine Padilla	Kapayapaan at Kalayaan
Clay Pedersen	Amerikanong Independiyente
* Mike Villines	Republikano

Lupon ng Pagpapantay
Distrito 1

* Sherill Borg	Kapayapaan at Kalayaan
* Ted Ford	Demokratiko
G. Alan Montgomery	Demokratiko
* Kevin R. Scott	Republikano
* Kennita Watson	Libertaryan
* Rae Williams	Republikano
* Betty T. Yee	Demokratiko

Distrito 2

* Barbara Alby	Republikano
* Paul Vincent Avila	Demokratiko
* Willard D. Michlin	Libertaryan
* Toby Mitchell-Sawyer	Kapayapaan at Kalayaan
* Alan Nakanishi	Republikano
* Chris Parker	Demokratiko
* George Runner	Republikano
Mark L. Stebbins	Demokratiko
* Edward C. Streichman	Republikano

Distrito 3

* Vic Baker	Republikano
* Mary Christian-Heising	Demokratiko
* Jerry L. Dixon	Libertaryan
Mary Lou Finley	Kapayapaan at Kalayaan
* Terri Lussenheide	Amerikanong Independiyente
* Michelle Steel	Republikano

Distrito 4

* Peter "Pedro" De Baets	Libertaryan
Shawn Hoffman	Amerikanong Independiyente
* Jerome E. Horton	Demokratiko
Nancy Lawrence	Kapayapaan at Kalayaan

Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

* Larry Aceves	Hindi Partidista
* Karen Blake	Hindi Partidista
* Alexia L. Deligianni	Hindi Partidista
* Lydia A. Gutierrez	Hindi Partidista
* Diane A. Lenning	Hindi Partidista
* Leonard James Martin	Hindi Partidista
* Grant McMicken	Hindi Partidista
* Daniel M. Nusbaum	Hindi Partidista
* Gloria Romero	Hindi Partidista
* Faarax Dahir Sheikh-Noor	Hindi Partidista
* Tom Torlakson	Hindi Partidista
* Henry Williams, Jr.	Hindi Partidista

PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG REPUBLIKANO

AL RAMIREZ
Senador ng Estados Unidos

P.O. Box 3002
Santa Monica, CA 90408-3002

(310) 985-0645
info@ramirez2010.com
www.alramirez.com

Para sa impormasyon bisitahin ang *www.alramirez.com*

TOM CAMPBELL
Senador ng Estados Unidos

www.campbell.org

Noong nagtatrabaho ako para kay Presidente Reagan, tinanong niya ang mga Amerikano, "Kung hindi tayo, sino? Kung hindi ngayon, kailan?" Ngayon tayo ang dapat magprotekta sa kadakilaan ng Amerika sa pamamagitan ng paghadlang sa mapanganib na direksiyon na tinutungo ni Presidente Obama at ng Kongreso. Ang Amerika ay may utang na $14 trilyon, higit sa kalahati ng pera ay utang sa Tsina at ibang mga banyagang mamumuhunan, inilalagay ang hinaharap ng Amerika sa kanilang mga kamay, hindi sa atin. Kung titigil tayo sa paghiram ngayon, aabot ng 300 taon upang mabayaran ang utang natin. Ang napakalaking utang ay imoral—mapanganib sa ating pambansang seguridad at isang nakakahiyang pamana para sa ating mga anak. Bilang isang konserbatibong ekonomista at propesor sa negosyo, alam ko ang malubhang pangangailangan na patigilin ang walang-ingat na paggasta at utang, at naiintindihan kung paano pinapatay nito ang pagdami ng trabaho, sinisira ang mga pensiyon at pinagbabantaan ang ating kalayaan. Dahil sa aking mahigpit na pagsalungat sa maaksayang paggasta, ang National Taxpayers Union Foundation ay nagbigay sa akin ng pinakamataas na mga marka noong maglingkod ako sa Kongreso, dalawang beses na minarkahan ako ng "pinakamatipid" na kinatawan. Noong maglingkod ako sa Senado ng Estado, ang California Journal ay tinawag ako na "unang-unang sumusunod sa etika," "pinakamahusay na tagalutas ng problema" at "pinakamahusay na Senador sa pangkalahatan." Noong 2005, ang pinakamalaking badyet ng California ay binalanse nang walang mga gimik o mga bagong buwis noong ako ay Direktor ng Pananalapi ng Estado. Pinuri ni Tom McClintock ang aking gawain, tinawag ako na "maliwanag, prangka at matapat." Ngayon ako ay may isang partikular na plano para sa pagbawas ng higit sa $750 bilyon mula sa pederal na badyet sa taong ito. Mangyaring repasuhin ang aking plano at irekord sa campbell.org. Walang lalaban para sa inyo nang mas mahigpit upang patigilin ang pederal na pag-aaksaya at utang, ipagtanggol ang kalayaan at magdala ng bagong buhay sa ekonomiya ng Amerika.

CHUCK DEVORE
Senador ng Estados Unidos

4790 Irvine Blvd., Suite 105-191
Irvine, CA 92620

(714) 768-2010
info@chuckdevore.com
www.chuckdevore.com

Ako ay kumakandidato para sa Senado ng Estados Unidos dahil, bilang isang mambabatas at tenyente koronel sa Reserba ng Armi ng Estados Unidos, seryoso ako sa panata na ipinangako kong susuportahan at ipagtatanggol ang Saligang-batas ng Estados Unidos; at, bilang isang ama, ako ay labis na nag-aalala tungkol sa epekto ng ating tumataas na pambansang utang sa hinaharap ng ating mga anak. Mangyaring samahan si Kongresista Tom McClintock; Senador ng Estados Unidos Jim DeMint; at ang Howard Jarvis Taxpayers Association sa pagsuporta sa aking kampanya. Ako ay hindi sinusuportahan ng negosyo-gaya-ng-karaniwan na Establisamyento, pero may suporta ako ng masisipag na taga-California. Ang aking mga konserbatibong prinsipyo ay nagtulak sa akin na salungatin ang: malaking pamahalaan, mas mataas na mga buwis, at mas maraming regulasyon; malakihang pag-ahon sa Wall Street; maaksayang Pederal na programang pampasigla; pagkuha ng pamahalaan sa pangangalagang pangkalusugan; amnestiya; at maghangga-at-makipagpalitan na mga plano sa buwis sa enerhiya. Sinusuportahan ko: ang Saligang-batas; mas mababang mga buwis, mas maliit na pamahalaan, at mas kaunting paggasta at utang; pagdril para sa langis at gas ng Amerika; modernong nukleyar na enerhiya; mas maraming tubig para sa California; patatagin ang mga hangganan at paggamit ng tuntunin ng batas sa ating mga patakaran sa imigrasyon. Ang layunin ng pamahalaan ay, gaya ng isinulat ng mga Tagapagtatag sa Deklarasyon ng Kalayaan, upang tiyakin ang ating "hindi maihihiwalay na mga karapatan" sa "buhay, kalayaan, at ang paghahanap ng kaligayahan"; hindi tangkain na bilhin ang kaligayahan ng bilyun-bilyong dolyar na hiniram mula sa Tsina. Bago nahalal sa Asembleya ng estado noong 2004, nagtrabaho ako sa industriya ng espasyong panghimpapawid sa 13 taon. Ako ay naglingkod din kay Presidente Ronald Reagan bilang hinirang ng Puting Bahay sa Kagawaran ng Depensa. Upang tunay na baguhin ang Washington, D.C., magboluntaryo online: www.ChuckDeVore.com. Ikararangal ko na matanggap ang inyong boto.

CARLY FIORINA
Senador ng Estados Unidos

915 L Street, Suite C-378
Sacramento, CA 95814

(877) 664-6676
contact@carlyforca.com
www.carlyforca.com

Sinimulan ko ang aking karera sa negosyo bilang isang sekretarya, natanggap ang aking MBA at naging una at tanging babae na namuno sa isang kompanya ng Fortune 20. Mula sa karanasang iyon naintindihan ko ang mga problemang kinakaharap ng mga tao at kung ano ang kailangan upang lumikha ng mga trabaho. Ngayon ang ating kabataan ay pinagbabantaan ng walang-prenong pederal na paggasta ng Kongreso at dumaraming pederal na kakulangan, na, maliban kung pipigilan, ay magpapabigat sa ating mga anak at mga apo sa nakalululang utang at susugpuin ang pagyabong ng ating ekonomiya sa isang henerasyon. Ako ay isang matatag na konserbatibo sa pananalapi, tumatakbo para sa Senado ng Estados Unidos upang matiyak ang pag-unlad ng ekonomiya at pagkakataon para sa lahat ng mga Amerikano. Iyon ang dahilan kung bakit wala akong pinirmahang bagong pangakong buwis at lalaban upang bawasan ang pederal na paggasta at bawasan ang kakulangan. Panahon na para sa isang tagalabas na pampulitika na tulad ko na hindi nakatali sa lumang pulitika at kultura ng mga pagbabayad na pampulitika upang makapunta sa Washington at lumaban upang repormahin ang ating pamahalaan. Lalaban ako upang ipagbawal ang mga pagtatalagang pangkongreso at paglalangis na pampulitika na ginagastusan natin, ang mga nagbabayad ng buwis, ng napakalaki. Nakikipagdigma tayo sa mga terorista na naghahangad wasakin ang Amerika at ating paraan ng pamumuhay. Ngayon, higit sa lahat, kailangan ng California ng isang Senador ng Estados Unidos na alam sa sariling karanasan kung paano pananatilihing ligtas ang Amerika. Ang aking karanasan bilang tagapayo sa pambansang seguridad sa Kagawaran ng Estado at Pentagon ay nagbibigay sa akin ng isang matatag na pagkaunawa ng kung paano pananatilihing protektado ang Amerika. Magtatrabaho ako para sa isang mas mahigpit na patakaran ng Estados Unidos sa pagharap sa mga terorista at sasalungatin ang ang patakaran ng Pangasiwaan na litisin ang mga terorista sa hukumang sibilyan. Ako po si Carly Fiorina. Hinihingi ko po ang inyong boto.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

ROBERT C. NEWMAN II
Gobernador

P.O. Box 7465
Redlands, CA 92375

(909) 422-3707
info@newman4governor.org
newman4governor.org

Ako ay isang Kristiyanong namumuhay sa pamamagitan ng mga prinsipyo sa Salita ng Diyos. Sinasabi ko ang katotohanan at ako ay responsable, maaasahan, at mapagkakatiwalaan. Gayon din, dapat managot ang pamahalaan sa mga tao. Ako ay hindi isang pulitiko kundi isang tagapaglingkod ng publiko. Ako ay kuwalipikado na may isang AA, BA (zoology/chemistry), MA (panteoriya/pananaliksik) at Ph.D. (sikolohiyang pangklinika). Ako ay naglathala ng mga siyentipikong artikulo, nagtrabaho sa pribadong praktis, nagturo sa antas ng unibersidad, Akademiya ng Pulis at Bumbero, at naglingkod sa mga komiteng pang-edukasyon. Ako ang kasamang tagapangulo ng March AFB ng paglilinis ng mapanganib. May-ari ako ng isang maliit na sakahan; nagtatrabaho sa FFA at 4H. Ako ay lumalahok sa mga pulong ng ahensiya ng tubig at nakapaglakbay sa estado sa pag-aaral ng krisis sa tubig. Dalawang anak, dalawang apo, 49 na taon nang may-asawa at sumasamba kami sa Eagle's Nest Ministries. Ang mga nanganganib na klase ng California ay ang mga may-ari ng maliit na negosyo, mga nagtatrabahong tao, mga magsasaka, guro, at ang pamilya. Ang mga ito ay nangangailangan ng sentido komun na proteksiyon. Kailangan ng pamahalaan na umalis sa daan. www.Newman4governor.org info@Newman4governor.org

BILL CHAMBERS
Gobernador

P.O. Box 6019
Auburn, CA 95604-6019

(530) 823-3262
chambers4governor@sbcglobal.net
www.billchambers4governor.com

Patigilin ang kontrol ng mga korporasyon, mga grupo ng espesyal na interes, unyon, at indibidwal sa ating mga pulitiko at ibalik ang kapangyarihan sa mga botante ng California. Mas kaunting buwis, mas kaunting paggasta, at mas kaunting pamahalaan.

DOUGLAS R. HUGHES
Gobernador

9828 Petunia Ave.
Fountain Valley, CA 92701

(714) 531-5353
drhughes@hughes4governor.com
www.hughes4governor.com

Bilang inyong Gobernador, titiyakin ko na ang lahat ng mga pedophile ay aalis sa Estado o magboboluntaryong manirahang hindi umaalis sa Santa Rosa Island, nang hindi gagastusan ng mga taga-California, dahil magkakaroon sila ng kanilang sariling sumusuporta-sa-sarili na tirahan, malayo sa mga bata. Naniniwala ko na lahat ng buhay ay mahalaga at dapat protektahan. Ang aking dasal at pangako sa inyo ay tiyakin ang kaligtasan ng ating mga anak. Ibababa ko ang mga buwis sa pinakamaliit upang ang mga taga-California ay magkaroon ng mas maraming perang magagasta. Habang gumagasta ang mga taga-California ang mga negosyo ay umuunlad. Bilang karagdagan, aalisin ko ang ilang buwis nang lubusan at babawasan ang kalahati ng burukrasya ng pamahalaan. Ako ay may sariling korporasyon sa 35 taon at malalim ang kaalaman ko sa kung ano ang kahulugan ng magkaroon ng isang trabaho, palawakin ang negosyo, at kung paano ang mga buwis at regulasyon ay pumipigil sa isang negosyo na umunlad. Hihimukin ko ang malalaking korporasyon na magnegosyo sa California sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga regulasyon at pag-aalok ng "walang-buwis" na mga insentibo. Ang malalaking korporasyong ito ay mangangailangan ng mga manggagawa, na nangangahulugang mga trabaho para sa mga taga-California. Ang aking "Batas sa Patente ng Cal" ay hihimok sa maliliit na negosyo at mga empresaryo sa pamamagitan ng pagkakaloob ng proteksiyon ng mga imbensiyon na nilikha ng "nagpapasimula" at pagtataguyod ng paggawa ng produkto sa ating estado. Magagawa ng empresaryo na mag-aplay para sa panimulang pera ng pagtustos upang gawin ang mga bagong imbentong produkto, kaya lilikha ng mga trabaho. Kapag nahalal, lalagyan ko ng tatlong bakod ang ating mga hangganan mula Arizona hanggang Karagatan ng Pasipiko. Ako ay 55 taon nang naninirahan sa California. Wala akong hangarin na magkaroon ng perang pakinabang. Gagawin ko ang California na isang matagumpay na umuunlad na estado na maaaring muling ipagmalaki ng mga residente nito. *Hughes4Governor.com*

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG REPUBLIKANO

ABEL MALDONADO
Tenyente Gobernador

P.O. Box 2205
Salinas, CA 93902

(831) 759-2577
abel@abelmaldonado2010.com
www.abelmaldonado2010.com

Nagagalit sa gusot sa Sacramento? Kung gayon, sumama sa aking krusada na linisin ito. Ako ay isang *konserbatibong Republikanong* may-ari ng negosyo at senador ng estado na lumalaban upang patigilin ang sobrang paggasta at katiwalian sa Sacramento. Upang *patigilin ang mga sugapa sa paggasta*, lumaban ako upang itali ang mga kamay ng mga pulitiko sa pamamagitan ng pagpapatibay ng isang mahigpit na hangganan sa paggasta ng estado at pag-aatas ng isang reserba sa tag-ulan. *Upang iligtas ang bilyun-bilyong dolyar, sinusuportahan ko ang mga pagsisikap na patatagin ang hanggahan at ipatapon ang marahas na ilegal na imigranteng mga bilanggo pabalik sa mga kulungan sa kanilang mga sariling bansa.* Ako ang gumagawa ng sarili kong bayad, at isinulat ang susog ng saligang-batas na ipinasa ninyo na ginagawa *ang pagtataas ng bayad para sa mga pulitiko na labag sa batas* kapag ang estado ay may kakulangan sa badyet. Pinuwersa ko sa harap ng publiko ang isang pulitiko na huwag aksayahin ang mga dolyar ng buwis sa bagong muwebles at nakapagtipid ng milyun-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis. Sa paghahantad sa mga sobrang suweldo ng matataas na opisyal na maling ginagamit ang mga dolyar ng buwis upang ayusin ang kanilang mga mansiyon, nakatulong ako na makatipid ng milyun-milyon pa. *Nag-akda ako ng batas upang itatag ang Opisina ng Independiyenteng Tagasuri at mag-atas ng isang masaklaw na pagsusuri ng pamahalaan ng estado.* Ang paglaban sa malalaking tagagasta sa Sacramento ay naging dahilan kung bakit nagkaroon ako ng ilang makapangyarihang kaaway. Ito ay umani rin para sa akin ng isang 100% marka mula sa California Taxpayers Association at karangalan bilang "Bayani ng Nagbabayad ng Buwis" mula sa Americans for Tax Reform. Bilang Tenyente Gobernador, magtatrabaho ako upang ibangon ang ekonomiya ng California habang ipinagpapatuloy ang aking paglaban upang protektahan ang mga nagbabayad ng buwis laban sa pag-aaksaya, pandaraya at katiwalian. *Samahan ang mga Republikanong Lider sa Senado at Asembleya, ang California Professional Firefighters at ang California Republican Taxpayers Association* sa pagsuporta sa aking kampanya sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.abelmaldonado2010.com.

YVONNE R. GIRARD
Tenyente Gobernador

(951) 965-3943
girard.yc@charter.net
facebook—girard for lt governor

Bilang beterano ng militar nagdadala ako ng hindi masusukat na karanasan sa mga pangangailangan at problema na kinakaharap ng mga miyembro at ng kanilang mga pamilya.

SAM AANESTAD
Tenyente Gobernador

2150 River Plaza Dr., Suite 150
Sacramento, CA 95833

(916) 473-8866
www.voteforsam.com

Ang aking kandidatura ay inireromenda ng Howard Jarvis Taxpayers Association at ni Kongresista Tom McClintock, dalawang pangalan na katumbas ng mga paglaban sa mga buwis at paglaban sa nakagagalit na sobrang paggasta ng pamahalaan. Ang ating susunod na Tenyente Gobernador ay dapat munang magbantay para sa nagbabayad ng buwis. Papanagutin ko ang Gobernador at Lehislatura, magsasalita kapag sila ay mali—anuman ang kinasasapian nilang partidong pampulitika—at lalaban upang protektahan kayo laban sa anumang pagtatangka na taasan ang mga buwis at palakihin ang pamahalaan. Ang aking karanasan bilang Siruhano ng Bibig at Mukha ay nagturo sa akin na huwag kaligtaan ang mga detalye. Dinala ko ang katulad na atensiyon sa detalye kapag naghahantad ng pag-aaksaya at sobrang paggasta sa mga mungkahi sa badyet ng estado ng liberal na mayoriya. Umani ito para sa akin ng reputasyon ng pagiging isa sa mga pinakamalakas na tinig sa Sacramento laban sa mas mataas na mga buwis at laban sa sobrang paggasta. Ang totoo, malakas kong sinalungat ang mga badyet na nagtaas ng mga buwis at garapal na sobrang gumasta, dahil naniniwala ako na hindi tayo dapat gumasta ng pera na simpleng wala naman sa atin. Lumabas na tama ako. Dadalhin ko ang katulad na konserbatibo, lumalaban sa buwis na pagtingin sa mga trabaho bilang inyong susunod na Tenyente Gobernador. Mangyaring samahan ang Howard Jarvis Taxpayers Association at si Kongresista Tom McClintock sa pagsuporta sa akin para Tenyente Gobernador.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

DAMON DUNN
Sekretaryo ng Estado
P.O. Box 984
Willows, CA 95988
damon@damondunn.com
www.damondunn.com

Ang pamahalaan ng California ay hindi gumagana, at ang mga pamilya at malilit na negosyo ay nagdurusa. Panahon na para ayusin ang California. Iyon ang dahilan kung bakit si Damon Dunn ay kumakandidato para Sekretaryo ng Estado. Ipinanganak sa isang 16 na taong gulang na dalagang ina, at dumaan sa malalim na kahirapan, si Damon ay nagtapos mula sa Unibersidad ng Stanford, naglaro sa NFL, at naging matagumpay na may-ari ng maliit na negosyo. Sa pamamagitan ng kanyang trabaho sa mga programang Inisyatibo sa Pagkakamit ng Edukasyon ng Latino, ang Make a Wish Foundation, Fighting Giants Ministry, St. Augustine Soup Kitchen, at ang Cops-N-Kids, si Damon ay nagkaloob ng pag-asa at tulong sa mga komunidad sa lahat ng dako ng ating estado. Pagkatapos magretiro mula sa propesyonal na putbol, si Damon ay nagsimula ng kanyang sariling matagumpay na negosyo. Gayunman, bilang isang negosyante madaling nalaman ni Damon na ang pamahalaan ay madalas na isang hadlang sa pag-unlad na pangkabuhayan at mga bagong trabaho. Bilang Sekretaryo ng Estado, si Damon ay magpopokus sa dalawang lugar: 1) pagpapabuti ng klima sa negosyo ng California at 2) pagprotekta sa integridad ng balota bilang punong opisyal sa mga halalan. Ang mga negosyo ay umaalis sa California at dinadala ang mga trabaho sa ibang mga estado. Ang Sekretarya ng Estado ay nasa walang-katulad na kalagayan upang makipagpulong sa mga negosyong ito at malaman kung ano ang nagiging dahilan ng kanilang pag-alis. Si Damon ay magtatrabaho upang gawin ang mga kailangang pagbabago sa batas ng California upang pigilan ang mga trabaho na umalis sa ating estado. Upang palawakin ang paglahok ng botante, ang mga taga-California ay dapat magkaroon ng tiwala sa proseso ng paghalal. Si Damon ay magtatrabaho upang ipasa ang simpleng reporma ng pag-aatas ng pagkakakilanlan ng botante. Ang mga tao ay kailangang magpakita ng pagkakakilanlan para makaarkila ng pelikula; ang mga botante ay dapat atasan na ipakilala ang mga sarili kapag sila ay bumoboto. www.DamonDunn.com.

MIMI WALTERS
Ingat-yaman
www.mimiwalters.com

Ang mga taon ng walang-ingat na paggasta at iresponsableng mga badyet ay nagtulak sa ating estado sa nalalapit na pagkabangkarote. Ang mga pulitiko ang karera ay walang nalalaman sa damdamin ng mga tao at naubusan na ng mga ideya. Ang halalang ito ay ating pagkakataon na ayusin ang pananalapi ng California. Galing sa isang may karanasan sa Negosyo at Pananalapi, ako ay natatakot sa kabalyerong paraan na tinatrato ang ating pera sa Sacramento. Bilang inyong bagong Ingat-yaman ng Estado, ako ay *Sasalungat sa mga Pagtaas ng Buwis* at maggigiit sa lehislatura na *Balansehin ang Badyet, Itigil ang Maaksayang Paggasta,* at ayusin ang ating bahay ng pananalapi. Bilang Tagapangulo ng Komite sa Etika ng Senado, nagtrabaho ako upang ibalik ang pananagutan at integridad sa pamahalaan ng estado. Bilang Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Kita ng Pagbubuwis ng Senado, malakas kong sinalungat ang *bawat* iresponsableng badyet ng estado na lumabas sa lehislatura, mga badyet na inilagay ang ating estado sa isang krisis sa pananalapi. Nilabanan ko ang *bawat* pagtatangka na taasan ang mga buwis. Ang aking mahigpit na paninindigan sa mga buwis at badyet ay umani para sa akin ng tiwala at suporta ng Howard Jarvis Taxpayers Association at ng National Tax Limitation Committee. Sa aking propesyonal na karera ay kabilang ang paglilingkod bilang Tagapagpaganap sa Pagtustos na Pamumuhuhan sa pitong taon, Alkalde ng aking lunsod, at miyembro ng Senado. Ako ay tagapagtatag ng California Women's Leadership Association at naglingkod sa mga Lupon ng National Association of Women Business Owners at ng American Cancer Society. Bilang Ingat-yaman ng California *Poprotektahan ko kayo, ang nagbabayad ng buwis, hindi ang mga pulitiko ng Sacramento at mga espesyal na interes.* Makakakuha kayo ng karagdagang kaalaman sa *www.MimiWalters.com*. Ikararangal ko na matanggap ang inyong boto.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG REPUBLIKANO

STEVE COOLEY
Pangkalahatang Abugado

10153½ Riverside Drive, #155
Toluca Lake, CA 91602

(213) 598-5058
info@stevecooley.com
www.stevecooley.com

Ako po si Abugado ng Distrito Steve Cooley. Panahon na upang magkaroon tayo ng isang *propesyonal na tagausig—hindi isang pulitiko*—bilang ating Pangkalahatang Abugado. Bilang Pangkalahatang Abugado, hahamunin ko ang kasalukuyang kalagayan, uusigin ang pandaraya, katiwalan at pag-aabuso ng kapangyarihan ng pamahalaan habang lumalaban upang ibalik ang integridad at konserbatismo sa pananalapi sa Sacramento. Bilang Punong Tagausig ng County ng L.A. nilikha ang *Dibisyon ng Pampublikong Integridad* upang usigin ang mga krimeng ginawa ng mga pulitiko, mga opisyal ng pamahalaan at mga tiwaling abugado. Ang aking opisina ay nag-usig ng higit sa 1,000 mapanganib na kriminal sa ilalim ng "Tatlong Tama at Tapos Ka" at nakakuha ng mas maraming hatol na parusang kamatayan kaysa sinumang abugado ng distrito sa California. Nilikha ko ang isang *Programa sa Epekto sa Biktima* upang tiyakin ang espesyal na proteksiyon at tulong para sa pinakamahina—ang nakatatanda at mga biktima ng pang-aabuso sa bata at sekswal na pang-aabuso. Ako ang *tanging* kandidato para Pangkalahatang Abugado na may karanasan bilang pareho ng isang pangharap ng linya na opisyal ng pulisya at tagausig na personal na nagpakulong sa mga mamamatay-tao, manggagahasa, mga miyembro ng gang at mga molestiyador ng bata. Tumanggap ako ng pambansang pagkilala para sa aking pamumuno sa pagdadala ng mga tumakas na mga mamamatay-tao pabalik mula sa Mexico na tumakas sa katarungan—kabilang ang pumatay kay Kinatawang Siyerip David March. Ang California Narcotic Officers' Association ay tinatawag ako na "pinakamatatag na abugado ng distrito sa California." Sina dating Republikanong Gobernador Pete Wilson at George Deukmejian, at mga organisasyon na kumakatawan sa libu-libong opisyal ng pulisya, ay sumusuporta sa akin. Bilang inyong Pangkalahatang Abugado, ako ay magiging Abugado ng mga Tao upang gawin ang pamahalaan na mas nananagot sa mga nagbabayad ng buwis at mga mamamayan habang walang-tigil na nilalabanan ang marahas na krimen at agresibong inuusig ang mga nasa magandang katungkulan na kriminal at mga opisyal ng pamahalaan na ipinagkanulo ang ating tiwala.

JOHN EASTMAN
Pangkalahatang Abugado

3553 Atlantic Avenue, #362
Long Beach, CA 90807-5605

(562) 426-8126
info@eastmanforag.com
www.eastmanforag.com

Ang Pangkalahatang Abugado ng California ay dapat magprotekta sa ating mga basikong karapatan at kalayaan na nasa Saligang-batas. *Una ay ang ating pundamental na karapatan na maging malaya mula sa marahas na krimen.* Ipinasa ng mga taga-California ang mahihigpit na batas na tulad ng "Tatlong Tama" upang igarantiya na ang umuulit, mararahas na kriminal ay ikinukulong sa mahabang panahon, at ang mga karapatan ng mga biktima ay itinataguyod na mas mataas kaysa mga karapatan ng mga kriminal. *Malakas kong sinusuportahan ang mga batas na ito at sasalungatin ang lahat ng mga pagsisikap na pahinain ang mga ito.* Noong kailangan ng mga Abugado ng Distrito ng California ang mataas na pagsasanay para sa mga tagausig na pangkrimen, pumunta sila sa akin bilang Dekano ng Paaralan ng Batas ng Unibersidad ng Chapman. Nagtatag kami ng mga programa upang makatulong na pabutihin ang kanilang pagganap at ilayo ang mga kriminal. Ang mga ilegal na imigrante ay nagpapasikip sa ating mga bilangguan, ginagastusan natin ng bilyun-bilyon. Bilang Pangkalahatang Abugado, *sasalungatin ko ang pederal na pamahalaan* dahil sa kabiguan nito na kontrolin ang ating mga hangganan, pagbabayarin ito para mga bilanggo. *Lalabanan ko ang mga liberal, aktibistang hukom* na nag-imbento ng mga bagong "karapatan" para sa mga bilanggo, naging dahilan ng posibleng pagpapalaya ng libu-libong mararahas na kriminal mula sa bilangguan. *Lalaban din ako para sa mga nagbabayad ng buwis, maliliit na negosyo at mga botante.* Nagtanggol ako ng mga nagbabayad ng buwis laban sa mga labag sa batas na pagtatangkang taasan ang mga buwis at mga negosyo laban sa mga regulasyon na labag sa saligang-batas. Maninindigan ako para sa mga botante kapag nagpapasa sila ng mga inisyatibo sa balota. Nangatwiran ng mga kaso sa mga pinakamataas na hukuman, kabilang ang Korte Suprema ng Estados Unidos. Lumaban ako para sa mga Batang Iskaut, sa Pangako ng Katapatan, mga kalayaang panrelihiyon, mga karapatan sa ari-arian, at laban sa kapangyarihan ng pamahalaan na gumamit ng pribadong ari-arian. Para sa iba pang mga kaalaman tungkol sa aking mga posisyon, mangyaring bisitahin ang www.EastmanForAG.com. Umaasa ako na makukuha ang inyong suporta. Magkakasama, magagawa nating "makuha ang mga biyaya ng kalayaan para sa ating mga sarili at henerasyong susunod sa atin."

TOM HARMAN
Pangkalahatang Abugado

2150 River Plaza Dr., Suite 150
Sacramento, CA 95833

(916) 473-8866 Ext. 7
www.harman4ag.com

Ang batas na "Tatlong Tama at Tapos Ka" ng California ay inaatake, na isang dahilan kung bakit ang mga may-akda ng "Tatlong Tama"—si Mike Reynolds at dating Republikanong Sekretaryo ng Estado Bill Jones—ay inirerekomenda ako para Pangkalahatang Abugado. Alam nila na ako ang tanging Republikanong kandidato na may matatag na rekord ng pampublikong pagboto na sumusuporta sa "Tatlong Tama" sa halip na salungatin ito. Ako rin ang tanging Republikanong kandidato na may isang matatag na rekord ng pagboto na sinasalungat ang maagang pagpapalabas ng mga kriminal pabalik sa ating mga komunidad. Ang pagbagsak ng mga bilanggo sa ating mga komunidad bago nila mapagsilbihan ang kanilang sentensiya ay hindi isang solusyon sa ating mga problema sa badyet. Sa halip, dapat nating alisin ang masyadong magastos na pagsakop na pangkalusugan na kasalukuyang ibinibigay ng California sa mga bilanggo. Ang mga bilanggo sa California ay tumatanggap ng mas mabuting pangangalagang pangkalusugan kaysa karamihan ng mga taga-California. Ito ay matatapos sa aking panunungkulan bilang Pangkalahatang Abugado. Nag-isponsor ako ng mga batas upang panatilihin ang matitigas ang puso ng kriminal sa likod ng mga rehas, upang gawing payak ang Parusang Kamatayan at upang protektahan ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya. Bilang inyong abugado, sinimulan ko ang karera sa batas sa kompanya ng batas na Lucas at Deukmejian. Sa aking apatnapung taon sa batas, ipinagtanggol ko ang may-ari ng maliit na negosyo, itinaguyod ang batas sa parusang kamatayan at tinulungan kong usigin ang marahas na krimen. Higit sa lahat, lumaban ako upang protektahan at ipagtanggol ang Saligang-batas ng ating Estado. Ang Pangkalahatatng Abugado ay ang abugado at tagapagtaguyod ng mga tao; ipagtatanggol ko ang ating mga batas at tatapusin ang pulitika gaya ng karaniwan sa opisinang ito. Ipagtanggol natin ang "Tatlong Tama", unahin ang kaligtasan ng publiko at bawiin ang ating mga kapitbahayan. Salamat po at magalang kong hinihingi ang inyong boto.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MIKE VILLINES
Komisyonado ng Seguro
P.O. Box 606
Fresno, CA 93709
staff@mikevillines.com
mikevillines.com

Si dating Gobernador Pete Wilson ay nagsabi na si Mike Villines ay "isang taong mapagkakaisa ang mga tao at makakalutas ng mga problema" at si dating Gobernador George Deukmejian ay nagpahayag na "siya ay isang makaranasang lider na kailangan natin para sa mga mapanghamong panahong ito." Bilang ating Komisyonado ng Seguro, ang negosyanteng si Mike Villines ay may dalawang pangunahing priyoridad . . . pagprotekta sa mga mamimili at muling pagtatayo sa ating ekonomiya. Halimbawa, pabor siya na hayaan ang mga tao na dalhin ang kanilang segurong pangkalusugan sa pagitan ng mga trabaho at pagtiyak na ang mga mamimili ay may katahimikan ng isip na ang kanilang seguro ay magpoprotekta sa kanila. Alam ni Mike Villines na ang industriya ng seguro ay binubuo ng isang-ikasampu ng ekonomiya ng California, kaya lalaban siya upang pahusayin ang mga regulasyon ng pamahalaan at lumikha ng mga bagong trabaho, hindi itaboy ang mga ito sa ibang mga estado. Dagdag dito, naniniwala siya na ang mga presyo ng seguro ay maaaring maging mas abot-kaya sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mas malaking kompetisyon sa pagitan ng mga kompanya ng seguro. Tulad ng nakaraang Republikanong Lider ng Asembleya, naiintindihan ni Mike Villines na ang pandaraya sa seguro ay ginagastusan ng mga taga-California ng humigit-kumulang na $500 kada residente . . . uusigin niya ang pandaraya na nagiging dahilan ng napakalaking pagtaas sa mga hulog sa seguro. Isang konserbatibo sa pananalapi, si Mike Villines ay susuporta sa mga panukalang pumipigil sa gastos na pinananatili ang mga presyo ng kabayaran sa manggagawa na mababa upang mabawasan natin ang gastos sa pagnenegosyo sa California. . . . hindi nakapagtataka na si Larry Higby, Tagapangulo ng New Majority California, ay nagsabi, " . . . naiintindihan niya na ang susi sa paglikha ng trabaho ay malusog na klima sa negosyo." Masaya sa buhay may-asawa at ama ng tatlong anak, si Mike Villines ay magtutulak din ng sentido komun na mga solusyon na nagkakaloob ng segurong pangkalusugan sa mga indibidwal na may mga naroroon nang kondisyon na nahihirapang makakuha ng seguro. Bisitahin ang *www.mikevillines.com*.

BRIAN FITZGERALD
Komisyonado ng Seguro

Ang regulasyon ng seguro ay mahalaga sa lahat. Bilang Komisyonado magkakaloob kami ng proteksiyon ng mga mamimili at isang matarungan at makatwirang pinangangasiwaan na pamilihan. Ako ay isang dedikadong tagapaglingkod ng publiko sa 16 na taon na naghahangad lamang na magkaloob ng isang matatag na Kagawaran, hindi gamitin ito para sa pagsulong sa mas mataas na katungkulan.

ALAN NAKANISHI
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 2
1136 Junewood Court
Lodi, CA 95242
(916) 473-8866
www.alannakanishi.com

Bilang isang Espesyalista sa mga Trabaho/Ekonomiya, trabaho ko na maging bantay ng mga nagbabayad ng buwis, at itaguyod ang pag-unlad ng ekonomiya upang lumikha ng mga bagong trabaho. Ang aking personal na tatlong-bahaging pangako sa inyo, ang nagbabayad ng buwis, ay higit sa lahat lagi akong maninindigan na tapat sa aking mga pinahahalagahang konserbatibo sa pananalapi. Ang ikalawang bahagi ng pangakong iyon ay ipagtatanggol ko ang mga nagbabayad ng buwis at lalabanan ang mga tagapangasiwa ng pamahalaan na sumisira ng mga trabaho. Sa huli, aalisin ko ang maaksayang paggasta. Nakarating ako sa kinalalagyan ko ngayon sa paraang katulad ng ginawa ng marami sa inyo, sa pamamagitan ng masipag na pagtatrabaho at pagpupunyagi. Ako ay ipinanganak at pinalaki sa California. Ang aking mga magulang ay nagtrabaho sa isang lokal na pagawaan ng pagkaing de-lata at ako ay nagtrabaho sa mga sakahan at taniman ng punong namumunga upang mabayaran ang aking edukasyon. Pumunta ako sa paaralang medikal, naging isang doktor at isang Medyor sa Armi ng Estados Unidos sa panahon ng Biyetnam. Naglingkod ako sa lehislatura ng estado at kasamang inakda ang panukalang-batas sa Reporma sa Kabayaran ng mga Manggagawa na nakapagligtas ng mga trabaho. Ngayon naglilingkod ako bilang isang Espesyalista sa mga Trabaho/Ekonomiya sa Lupon ng Pagpapantay kung saan lumalaban ako araw-araw para sa mga nahihirapang nagbabayad ng buwis. Oo, ako say isang Republikano, pero ako ay higit pa diyan. Ako ay isang konserbatibo, dedikado sa pagbawas ng maaksayang pamahalaan at pagtatanggol sa mga nagbabayad ng buwis. Hinihingi ko po na ipahintulot ninyo sa akin ang pribiliheyo na paglingkuran kayo, ang nagbabayad ng buwis, sa mahalagang lupong ito ng nagbabayad ng buwis. Salamat po at ikalulugod ko ang inyong boto.

GEORGE RUNNER
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 2
P.O. Box 984
Willows, CA 95988
info@georgerunner.com
www.georgerunner.com

Ang *Howard Jarvis Taxpayers Association* ay sumusuporta sa akin dahil ako ay may marubdob na damdamin sa paglaban sa mga pagtaas ng buwis sa mga pamilya at negosyo sa California. Ang aking malawak na karanasan bilang isang *Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis* sa isang pambuong-estadong organisasyon ng bantay ng nagbabayad ng buwis, bilang isang negosyante at bilang isang senador ng estado (na may pangakong walang-buwis) ay bukod-tanging nagbibigay sa akin ng kuwalipikasyon na protektahan ang mga interes ninyo, ang nagbabayad ng buwis. Pinapatay ng mga pulitiko sa Sacramento at Washington ang pagdami ng trabaho sa pamamagitan ng regulasyon at kuskos balungos. Sila ay nag-aalala na kung ako ay ihalal sa Lupon sasalungatin ko ang kasalukuyang kalagayan. Tama sila. Iyon ang eksaktong gagawin ko. Hindi tulad ng karamihan sa mga tao sa Sacramento, ikinalulugod at sinusuportahan ko ang mga aktibidad ng Tea Party dahil ito ay nagpapahayag ng maraming taon ko nang sinasabi. Ang pamahalaan ay napakalaki. Sa kasamaang-palad, hindi naiintindihan ng mga liberal ang konseptong ito. Ang aking pilosopiya sa buwis ay payak: Huwag sobrang bubuwisan ang mga Tao. Kapag ang mga Tao ay sobrang binubuwisan nawawala ang kanilang kalayaan. Inakda ko ang Batas ni Jessica, na lumikha ng pinakamahigpit na mga batas sa sekswal na maninila sa bansa. Kinailangan naming dalhin ang Batas ni Jessica sa balota dahil nabigong kumilos ang Lehislatura. Nilikha ko rin ang Alertong Amber ng California, na nagresulta sa halos 200 pagbabalik ng mga dinukot na bata sa kanilang mga magulang. Bisitahin ang www.GeorgeRunner.com upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa aking misyon na baguhin ang California at protektahan ang mga nagbabayad ng buwis ng ating estado.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG REPUBLIKANO

BARBARA ALBY
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 2
barbara@barbaraalby.com
www.barbaraalby.com

Sawa na sa mga pulitiko at mga buwis? Iyon ang dahilan kung bakit kumakandidato ako para sa Lupon ng Pagpapantay—upang protektahan ang mga nagbabayad ng buwis at ipagtanggol ang Saligang-batas. Bilang awtor ng "Batas ni Megan," nag-aatas ng paunawa sa publiko kapag may sekswal na maninila na lumipat sa inyong kapitbahayan, nakapagligtas ako ng libu-libong bata mula sa pagmolestiya. *Ang ACLU ay nagsabi ng "Hindi," pero nanalo kami!* Ipinagmamalaki ko na naging opisyal na tagapagtaguyod ng Proposisyon 13, nagbababa ng mga buwis sa ari-arian. Sa laganap na maling paniniwala at maaksayang tagagasta sa Sacramento, lalabanan ko ang lahat ng mga pagtaas ng buwis. Ang BOE ay nakakagawa ng mas maraming pinsala sa inyong pitaka kaysa Lehislatura! Bilang Punong-Kinatawan ni Miyembro ng Lupon Bill Leonard at tagapagtaguyod ng nagbabayad ng buwis, epektibo kong nilabanan ang mapang-abusong burukrasya ng pamahalaan, nakapagtipid ng milyun-milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis. Ako ay isang matibay, epektibong konserbatibo na naniniwala na ang mga taga-California ay sobrang binubuwisan at hindi gaanong napaglilingkuran! Ang National Tax Limitation Committee ay paulit-ulit na pinangalanan ako na "Kalaban ng Buwis ng Taon." Si Jon Coupal ng Howard Jarvis Taxpayers Association ay nagsabi, "Malaki ang paggalang namin kay Barbara at siya ay may napakahusay na mga konserbatibong kredensiyal." California Taxpayers Committee: "Ikaw ay isang napakahusay na konserbatibo at aming *pinakamahusay* na tagapagtaguyod ng mga nagbabayad ng buwis. "California Small Business Association: "Maganda ang ginagawa mong pagkatawan sa maliit na negosyo bilang pinakamahusay na tagapagtanggol ng mga nagbabayad ng buwis sa BOE." Ako ay inirerekomenda ng mga klab na Republikano, mga boluntaryo, at mga grupo ng nagbabayad ng buwis. Ang pagkatawan sa inyo ay hindi isang karera, ito'y isang serbisyo sa publiko. *Makakaugnayan ninyo ako sa barbara@barbaraalby.com*. Bilang isang may-ari ng negosyo, asawa at ina alam ko kung gaano kahirap pagkasyahin ang kinikita. Hindi ko malilimutan kung sino ang pinagtatrabuhan ko: *kayo.* Ikararangal ko na matanggap ang inyong boto!

EDWARD C. STREICHMAN
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 2
734 E. Serena Avenue
Fresno, CA 93720
(559) 273-6518
ed@streichmanforboe.com
www.streichmanforboe.com

Ginugol ko ang huling 25 taon sa pagbibigay ng kahulugan at paggamit ng mga batas sa Buwis sa Pagbebenta bilang isang tagasuri ng buwis para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Ang aking mga kuwalipikasyon at karanasan ay ginagawa ako na pinakamahusay na mapipili para gawin ang ahensiyang ito na mas mabuti para sa mga nagbabayad ng buwis. Nararapat kayo sa isang kinatawan na may kadalubhasaan sa mga batas sa Buwis sa Pagbebenta at makikipaglaban para sa mga sentido komun na reporma sa loob ng ahensiya. Ang mga nagbabayad ng buwis na inaapela ang kanilang mga liabilidad sa buwis ng estado ay magkakaroon ng tiwala na ang mga desisyon ay magiging tama at makatarungan. Ikararangal ko na paglingkuran kayo sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado.

VIC BAKER
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 3
P.O. Box 2618
Spring Valley, CA 91979-2618
(800) 533-1396
info@vicbakerforboe.com
www.vicbakerforboe.com

Pinananatili itong *payak* at *makatarungan*

MICHELLE STEEL
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 3
27520 Hawthorne Blvd., #270
Palos Verdes, CA 90274
(310) 697-9000
michellesteel@shawnsteel.com
www.steelforboe.com

Ang mga nagbabayad ng buwis ay dapat laging mauna! Sa Lupon ng Pagpapantay, nagtrabaho ako upang protektahan ang mga nagbabayad ng buwis laban sa sobrang agresibong mga ahensiya ng buwis ng estado. Ako ay lumaban din para sa layunin ng mga may-ari ng maliit na negosyo, at sinalungat ko ang bawat pagtatangka na taasan ang mga buwis ng masisipag na taga-California. Sa nakalipas na apat na taon, nagawa kong talunin ang mga pagsisikap na lumikha ng $500 milyong buwis sa mga digital Internet download—ang tinatawag a I-Tax. Nagsimula rin akong suriin ang pamahalaan ng estado at natuklasan na ang estado ay nag-antala ng pagbabalik ng $42 milyon sa mga deposito sa buwis na dapat ibayad sa higit sa 5,500 maliit na negosyo. Ang aking asawa at ako ay may isang maliit na negosyo, at nag-aalala kami tungkol sa hinaharap ng aming mga anak, lalo na kapag ang negosyo ay umaalis sa California bawat araw dahil sa matataas na buwis at walang-katapusang mga regulasyon. Ngayon higit kailanman, ang ating estado ay dapat tumulong sa maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagbaba ng mga buwis at pagbawas sa mga regulasyon. Hindi ko malilimutan na nakita ang aking ina halos tatlong dekada na ang nakalipas nang, bilang isang may-ari ng maliit na negosyo, pumunta siya sa Lupon ng Pagpapantay upang salungatin ang isang hindi makatarungang panukalang-batas sa buwis. Siya ay masyadong nadismaya na ang mga Miyembro ng Lupon ay hindi man lamang nakinig habang sinasabi niya ang kanyang istorya. Sa huli, wala siyang kakayahang labanan ang malaking ahensiya ng estado, at humantong siya sa pagbabayad ng isang singil sa buwis na hindi niya dapat bayaran. Walang nagbabayad ng buwis na dapat tratuhing tulad niya. Hanggang ako ay nasa Lupon ng Pagpapantay, ako ay magiging isang malakas na tagapagtaguyod para sa mga nagbabayad ng buwis, tinitiyak na naririnig ang kanilang tinig. Ikararangal ko na matanggap ang inyong suporta. *www.SteelforBOE.com*.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

LAURA WELLS
Gobernador
P.O. Box 10727
Oakland, CA 94610
(510) 225-4005
info@laurawells.org
www.laurawells.org

Mga pinahahalagahan—iyon ang dahilan kung bakit nagparehistro akong Luntian. Naglingkod ako bilang kandidato para maging inyong Kontroler ng Estado nang dalawang beses, upang "sundan ang pera," tumanggap ng pinakamaraming partidistang boto ng Luntian Partido ng California sa kasaysayan: higit sa 400,000. Ngayon kumakanditato ako para Gobernador upang "ayusin ang pera!" Daan-daan ng mga Luntian, kabilang ang higit sa 50 inihalal na alkalde, konseho ng lunsod, konseho ng county, at mga miyembro ng lupon ng paaralan ay nagrerekomenda ng aking kampanya upang ikalat ang mensahe: *oo,* may mga problema ang California, at *oo*, may mga nasubok na at nagpapasok ng pagbabago na mga solusyon. Maaari tayong magkaroon ng isang Bangko ng Estado, upang mamuhunan sa California hindi sa Wall Street. Magagawa natin, ng ating mga anak, at mga apo na panatilihin ang kabutihan ng Prop 13: panatilihin ang mga tao sa kanilang mga bahay—at ayusin ang masama: Alisin ang dalawang-ikatlong boto ng mayoriya na nagsasanggalang lamang sa pinakamayaman sa mayaman. Ito ay isang magandang taon upang ikalat ang ating mensahe at itayo ang Partidong Luntian. Hinihingi ko po ang inyong boto: www.LauraWells.org

JAMES "JIMI" CASTILLO
Tenyente Gobernador
305 N. Second Avenue, #225
Upland, CA 91786
ltgov@jimicastillo.org
www.jimicastillo.org

Tingnan ang www.jimicastillo.org para sa impormasyon tungkol sa kandidato.

ANN MENASCHE
Sekretaryo ng Estado
1228 26th Street
San Diego, CA 92102
(619) 702-5856
ann@voteann.org
www.voteann.org

Para sa malilinis na halalan na pinopondohan ng publiko. *Kapangyarihan ng mga tao, hindi kapangyarihan ng korporasyon!* www.voteann.org.

ROSS D. FRANKEL
Kontroler
www.electross.com

www.electross.com

CHARLES 'KIT' CRITTENDEN
Ingat-yaman
11300 Foothill Blvd., #19
Lake View Terrace, CA 91342
(818) 899-1229
ccrittenden@csun.edu
crittendenforstatetreasurer.com

Tingnan ang crittendenforstatetreasurer.com

PETER ALLEN
Pangkalahatang Abugado
www.peterallenforag.com

Mangyaring tingnan: www.peterallenforag.com.

WILLIAM BALDERSTON
Komisyonado ng Seguro
2321 Humboldt Ave.
Oakland, CA 94601
(510) 436-5138
bbalderston@earthlink.net
healthforall2010.net

Tignan ang healthforall2010.net

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG AMERIKANONG INDEPENDIYENTE

DON J. GRUNDMANN
Senador ng Estados Unidos
425 E. Merle Ct.
San Leandro, CA 94577
(510) 895-6789
stoptheirs@hotmail.com
truthusa.org

Mahal na Mamamayan: Mangyaring basahin ang "The Restoration of America" sa truthusa.org o tawagan ako sa (510) 760-0968.

CHELENE NIGHTINGALE
Gobernador
P.O. Box 901115
Palmdale, CA 93590
contact@nightingaleforgovernor.com
www.nightingaleforgovernor.com

Ang mga benepisyo ng publiko para sa mga ilegal na imigrante ay ginagastusan ng mga taga-California ng $12,000,000 taun-taon. Ang agrikultura ng Central Valley ay nawawalan ng $2,000,000 taun-taon sa pagprotekta sa smelt. Ang solusyon ni Schwarzenegger sa pandaigdig na pag-init ay sumira ng negosyo sa California. Hayaan nating "Tayo ang mga Tao" na bawiin ang California mula sa mga buong-oras na mambabatas, espesyal na interes, at malalaking tagagasta ng pera. Bilang isang ina ng nag-aaral sa bahay lalaban ako para sa kinabukasan ng ating mga anak. Ang negosyanteng babaeng ito ay lilikha ng matatalinong solusyon sa pera para sa ating krisis sa pananalapi. Nangangampanya para sa kalayaan, estado, at mga indibidwal na karapatan! www.nightingaleforgovernor.com

MARKHAM ROBINSON
Gobernador
476 Deodara St.
Vacaville, CA 95688
(707) 448-7062
mark@masterplanner.com
www.markhamrobinson4gov.com

www.MarkhamRobinson4Gov-2010.com

ROBERT LAUTEN
Ingat-yaman
P.O. Box 121
Brea, CA 92822
robertlauten.com

Para sa kaligtasang pangkabuhayan ng California, Amerika, at Humanidad sinusuportahan ko ang: ang pagsasakdal kay Presidente Obama *www.LaRouchePAC.com.* Ang inisyatibong balota *www.suspendAB32.org*

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

BARBARA BOXER
Senador ng Estados Unidos

P.O. Box 411176
Los Angeles, CA 90041

(323) 254-1001
info@barbaraboxer.com
www.barbaraboxer.com

Ang California ay ang pinakamasiglang estado sa bansa, at isang malaking karangalan sa akin na naging Senador ninyo. Sa mahihirap na panahong ito para sa ating estado at bansa, ginagawa ko ang lahat ng makakaya upang lumikha ng mga trabaho at gawing mas mabuti ang buhay para sa inyo at sa inyong pamilya. Bilang Tagapangaulo ng Komite ng Senado sa Kapaligiran at mga Pampublikong Gawain, nakatulong akong lumikha ng libu-libong bagong trabaho sa pagpapabuti ng ating mga daan at mga sistema ng paghahatid. Ngayon ako ay nagtatrabaho upang lumikha ng mas marami pang trabaho sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga priyoridad sa transportasyon, pagtulong sa maliliit na negosyo na umunlad at pagkilos upang gawin ang California na pinakamalaking tagalikha ng trabaho sa bagong ekonomiya ng malinis na enerhiya. Pero marami pa tayong dapat gawin. Habang nagpopokus ako sa pagbabalik sa ekonomiya sa tamang direksiyon, nagtatrabaho rin ako para sa abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, mas mabuting mga paaralan, at upang protektahan ang ating mga komunidad, ating kapaligiran at ating mga pundamental na karapatan at kalayaan. Ipinagmamalaki ko na sinusuportahan ng mga pulis, bumbero, lider ng negosyo, manggagawa, nars at marami pang iba sa lahat ng dako ng California na nalalaman na lagi akong maninindigan para sa ating mga pamilya, gaano man kahirap ang hamon.

RICHARD WILLIAM AGUIRRE
Gobernador

4564 Leon Street
San Diego, CA 92107

(619) 226-6279
richard@aguirreforgovernor.com
www.aguirreforgovernor.com

Magtayo ng mga Pabrika ng Panel ng Enerhiya Mula sa Araw. Mag-instala ng mga panel ng Enerhiya Mula sa Araw sa 10 milyong bahay. *Mga Tubo sa Enerhiya na $3 bilyon/buwan Ipinupuhunan:* Pagtanggal ng alat at ibang mineral ng Tubig, Edukasyon, Pangangalagang Pangkalusugan, Transportasyon. *www.aguirreforgovernor.com*

GAVIN NEWSOM
Tenyente Gobernador

4104 24th Street, #766
San Francisco, CA 94114

(415) 963-9240
gavin@gavinnewsom.com
www.gavinnewsom.com

Ako ay kumakandidato para Tenyente Goberandor dahil panahon na para sa atin upang alugin ang Sacramento at repormahin ang pamahalaan ng estado. Bilang Alkalde at Superbisor ng San Francisco ako ay may subok na rekord ng pagharap sa malalaking problema na binabalewala ng iba, nag-aalay ng matatapang na ideya at naghahatid ng mga tunay na resulta. Iyon ang dahilan kung bakit ang ating Lunsod ay ang una sa Amerika na nangahas magkaloob ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan para sa bawat residente—anuman ang naroroon nang mga kondisyong medikal. Sa pampublikong edukasyon, pinahahalagahan natin ang ating mga paaralan, estudyante at guro at itinataas ang ating puntos sa pagsusulit. Habang ang iba ay nagtatanggal ng mga guro, binibigyan natin ang ating mga estudyante ng mas maraming tagatulong para magtagumpay. Sa kapaligiran, tayo ay may pinakaagresibong lokal na mga insentibo sa enerhiya mula sa araw sa bansa, pinakamataas na antas ng pagresaykel at pinakamalakas na mga pamantayan sa luntiang pagtatayo. Tayo ay namumuhunan sa masaklaw na pagsasanay para sa trabaho at ibinabalik ang mga tao sa trabaho sa bagong luntiang ekonomiya. Sa ilalim ng inisyatibong Mga Trabaho Ngayon, naglagay tayo ng higit sa 2,000 tao sa mga trabaho, lumikha ng $35 milyon sa mga lokal na suweldo at pinahintulutan ang mga lokal na negosyo na magtagumpay sa mahihirap na panahon. At nagawa natin ang lahat ng ito nang may mga balanseng badyet at matatalinong patakaran sa pananalapi na nagpoprotekta sa mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Ako ay nasasabik at handa nang baguhin ang pamahalaan ng estado. Nang may malaking pag-asa at kapakumbabaan, hinihingi ko po ang inyong boto.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG DEMOKRATIKO

ERIC KOREVAAR
Tenyente Gobernador

1720 Torrey Pines Road
La Jolla, CA 92037

(858) 692-0459
www.voteforeric.com
iwillsavetaxpayerstenmilliondollarsbydoingthejobmyself@voteforeric.com

Bilang isang Ph.D na siyentista sa halip na isang pulitiko ang karera, magdadala ako ng kailangang mga kakayahan sa pagsusuri at bagong pag-iisip sa Sacramento. Bilang ama ng mga batang anak, matatag kong nadarama na ang mga trabaho ng mga guro sa paaralan ay hindi dapat isakrapisyo bago seryosong bawasan ang sobrang gastos ng pamahalaan. Bilang isang matagumpay na may-ari ng maliit na negosyo na nagsusuot ng maraming sumbrero, magagawa kong tuparin ang mga limitadong responsibilidad ng Tenyente Gobernador nang walang 30 tauhang may badyet, kaya makakapagtipid sa mga nagbabayad ng buwis sa California ng $10 milyon sa loob ng 4 na taon. Walang mga pabor na dapat ibalik sa nakaraang katungkulang pampulitika, uunahin ko ang pangmatagalang interes ng lahat ng mga taga-California sa halip ng mga panandaliang interes ng mga tagalobi habang naglilingkod sa Komisyon sa mga Lupa ng Estado at sa mga Lupon ng mga Sistema ng Unibersidad ng California. Hinihiling ko po ang inyong boto upang independiyente akong makapaglingkod sa inyo nang walang mga tauhan, nagpapakita ng malakas na halimbawa ng katimpian sa pananalapi.

JANICE HAHN
Tenyente Gobernador

janicehahnforlg@gmail.com
www.janicehahn.com

Ako ay kumakandidato para Tenyente Goberandor dahil naniniwala ko na makakatulong akong gumawa ng isang bagong direksiyon para sa ating estado—isang may magagandang trabaho, daan sa mahusay na edukasyon, isang mas malinis na kapaligiran at pinabuting kaligtasan ng publiko. Bilang isang dating guro sa paaralan at dating negosyante, naiintindihan ko ang mahahagang pagkakaugnayan sa pagitan ng edukasyon at mga trabaho at ating ekonomiya. Iyon ang dahilan kung bakit ang *California Federation of Teachers* ay sumusuporta sa aking kandidatura. Bilang isang Rehente ng UC at Katiwala ng CSU, lalabanan ko ang mga pagtaas ng bayad ng estudyante. Bilang isang Konsehala, nagprotekta ako sa kaligtasan ng publiko at tiniyak na ang ating mga unang tagatugon ay may mga kasangkapan at kakayahan na kailangan nila upang pangalagaan tayo laban sa pinsala. Iyon ang dahilan kung bakit ang pinakamalaking organisasyon ng nagpapatupad ng batas sa estado ang *Peace Officers Research Association of California (PORAC)*, kumakatawan sa higit sa 62,000 opisyal na pangkapayapaan sa lahat ng dako ng estado, at ang *California Professional Firefighters*, ay nagrerekomenda ng aking kandidatura. Ang Tenyente Gobernador ay tagapangulo ng Komisyon para sa Pagpapaunlad na Ekonomiya ng California, at ang aking pagtatalaga ng sarili sa pagkakaloob ng mga trabaho at pagsuporta sa mga nagtatrabahong lalaki at babae ay umani para sa akin ng mga pagrekomenda ng *Communications Workers of America* at mga lokal na sangay ng mga unyon ng *Pipe Trades, Longshore* at *Ironworkers.* Ang *National Organization for Women* at ang *National Women's Political Caucus*, na nasasabik sa paghalal ng unang babaeng Tenyente Gobernador sa 160-taong kasaysayan ng California, ay nagrekomenda din ng aking kandidatura. Ang kampanyang ito ay tungkol sa pagtindig para sa pagbabago. Ako ay may karanasan, enerhiya at determinasyon upang makatulong na gumawa ng bagong direksiyon para sa California. Ikararangal ko na makuha ang inyong boto bilang susunod na Tenyente Gobernador ng California.

DEBRA BOWEN
Sekretaryo ng Estado

600 Playhouse Alley, #504
Pasadena, CA 91101

(626) 535-9616
info@debrabowen.com
www.debrabowen.com

Bilang inyong Sekretarya ng Estado, ako ay nagtatalaga ng sarili sa pagtiyak na ang bawat halalan sa California ay isinasagawa nang walang-kinikilingan at ang bawat balota ay binibilang kung paano ito ipinatala. Noong 2008, natanggap ko ang John F. Kennedy Profile in Courage Award™ para sa aking pambansang pamumuno sa integridad ng halalan. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, bisitahin ako sa www.debrabowen.com.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

PEDRO NAVA
Pangkalahatang Abugado

P.O. Box 90459
Santa Barbara, CA 93190

(805) 899-2600
pedronava@pedronava.com
www.pedronava.com

Si Pedro Nava ay isang subok na tagausig at epektibong lumalaban sa krimen. Siya ay piniling *"Namumukod na Mambabatas"* noong 2008 at 2009 ng California State Sheriffs' Association. Si Pedro Nava, isang dating Kinatawang Abugado ng Distrito sa mga county ng Fresno at Santa Barbara, ay may kadalubhasaan at katatatagan upang ilayo sa kalye ang mararahas na kriminal, matitigas ang puso na mga miyembro ng gang, at mga kingpin ng droga; Bilang isang lokal na tagausig, namuno siya sa Nakaasintang Pag-uusig sa Narkotiko at sa programang Pagkawala ng Yaman. Nagprotekta din siya sa mga mamimili laban sa mga kriminal na artista ng panlilinlang. Inihalal sa Asembleya ng Estado noong 2004, si Pedro Nava ay nag-akda ng matagumpay na batas upang protektahan ang mga biktima laban sa mga sekswal na maninila. Naglilingkod siya sa Konseho ng Pagpapayo sa Programa sa Karahasan sa Tahanan kung saan namumuno siya sa mga pagsisikap ng estado na protektahan ang mga biktima ng karahasan sa tahanan. Si Pedro Nava ay nagtrabaho rin upang protektahan ang mga taga-California laban sa mga likas na kalamidad at mga pag-atake ng terorista. Si Nava ay Pangalawang Tagapangulo ng Pinagsamang Pambatasang Komite sa Pamamahala ng Emerhensiya, naglilingkod sa Konseho ng Emerhensiya ng California, at lumaban upang ayusin at palakasin ang paghahanda sa emerhensiya ng California at mga pagsisikap sa seguridad ng sariling bayan. Si Pedro Nava, isang dating miyembro ng Komisyon sa Baybayin ng California, ay nangunguna sa paglaban upang pigilan ang bagong pagdril ng langis sa katihan sa California. Si Pedro Nava ay magiging isang Pangkalahatang Abugado na inuuna ang kaligtasan ng publiko. Poprotektahan niya ang ating mga komunidad laban sa mararahas na kriminal, mga nakalalasong tagadumi, at mga bangko at kompanya ng seguro na lumalabag sa tiwala ng publiko. *Si Pedro Nava ay malakas na inirerekomenda para Pangkalahatang Abugado ng mga pangharap na linya na opisyal na pangkapayapaan, mga kinatawang siyerip, at mga hepe ng pulisya at mga siyerip.* Pedro Nava. Isang subok na tagausig para Pangkalahatang Abugado. Para sa karagdagang impormasyon: www.pedronava.com

ALBERTO TORRICO
Pangkalahatang Abugado

10923 Randall Street
Sun Valley, CA 91352

(916) 492-8781
alberto@albertotorrico.com
www.albertotorrico.com

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng ating estado, ang pamahalaan ay gumasta ng mas maraming pera sa mga bilangguan kaysa mas mataas na edukasyon. Kailangan nating repormahin ang mga bilangguan at kilalanin na ang *edukasyon* ay ang susi sa ating kinabukasan at kaligtasan ng publiko. Ang *edukasyon* ay ang pinakamahusay na paraan upang sarhan ang umiikot na pinto ng ating sistema ng bilangguan—kung saan 70 porsiyento ng mga pinalabas na bilanggo ay bumalik pagkatapos ng tatlong taon. Lumalaban ako upang repormahin ang mga bilangguan sa pamamagitan ng *pag-aatas* sa mga bilanggo na baguhin ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng trabaho, pag-aaral o paggamot *bago* sila palabasin. Ang *edukasyon* ay lumilikha ng malalakas na komunidad. Iyon ang dahilan kung bakit nagtatrabaho ako upang palawakin ang preschool sa bawat kapitbahayan upang ang mga bata ay magsimula ng paaralan na nakahandang matuto. At ako ay namumuno sa paglaban upang ibaba ang matrikula sa kolehiyo sa pamamagitan ng paglaban sa malaking langis sa pamamagitan ng bayad sa pagkuha na hindi maipapasa sa mga mamimili. Ako ang anak ng mga imigranteng Latino at Asyano na nagtrabaho bilang mga Diyanitor upang ako ay maging una sa aking pamilya na pumasok sa kolehiyo. Nagpatuloy ako upang magturo ng mga kurso sa kolehiyo sa mga bagong mamamayan. Alam ko na ang tunay na diwa ng pagkakataon at optimismo sa California ay inaalagaan ng mga napakahusay na paaralan, hindi ng mga bigong paaralan. Inani ang puspusang suporta ng mga nagpapatupad ng batas dahil alam nila na 60 porsiyento ng mga bilanggo ay mangmang—*edukasyon* ang pinakamahusay na istratehiya upang pigilan ang krimen at baguhin ang mga kriminal. Mangyaring samahan ang mga nakatatanda, California Professional Firefighters, ang California Federation of Teachers at higit sa 60,000 pulis at kinatawang siyerip na sumusuporta sa akin dahil sumasang-ayon na ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang kaligtasan ng publiko ay ang mamuhunan sa *edukasyon*.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG DEMOKRATIKO

MIKE SCHMIER
Pangkalahatang Abugado

1475 Powell Street
Emeryville, CA 94608

(510) 919-9327
mike@votemikeag.com
www.votemikeag.com

Ang unang iniaatas ng saligang-batas at tungkulin ng Pangkalahatang Abugado ay "upang makita na ang mga batas ng estado ay magkakatulad at sapat na ipinatutupad." Pero ang mga batas ng California, kabilang ang mga may kaugnayan sa mga trabaho, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, kapaligiran, pabahay at iba pa, ay hindi ipinatupad at hindi magagawang ipatupad nang magkakatulad o sapat. Ang mga pasiya ng Korte Suprema ng California ay nagbabawal sa paggamit o pagbanggit sa mga kaso sa hinaharap ng 90% ng mga opinyon sa paghahabol, mga desisyon na ipinag-utos "na huwag ilathala", kahit na kapag ang mga ito ay magpapawalang-sala sa atin mula sa mga paratang na krimen. Pitong "hindi inilathalang opinyon" na nagpapawalang-bisa sa $500 na "tiket ng kamera sa pulang ilaw" ay hindi nagpoprotekta sa iba. Ang magkakaibang resulta ay lumilitaw sa magkakatulad na kalagayan. Ang pagkamahuhulaan, pagkamaaasahan at pagtitiwala ay nasisira, at ang mga buhay ay nawawasak ng mga sariling kagustuhan, sapalarang opinyon. Ang ating Korte Suprema ay naglobi sa Lehislatura at tinalo ang ilang panukalang-batas upang ibalik ang mga karapatan ng mga mamamayan na ipahayag ang mga opinyon, kahit na ibinalik ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang mga karapatang ito sa mga pederal na hukuman, at karamihan sa mga estado ay sumunod. Ang inyong karapatan sa malayang pagsasalita ay lubhang nililimitahan nitong maling paggamit ng kapangyarihan. Dalawang mahistrado ng Korte Suprema ng California ay kumakandidato ngayon para muling mahalal sa labindalawang taong takdang panahon ng panunungkulan. Kailangan nating mga botante na itanong sa kanila kung bakit hindi tayo pinahihintulutan na gamitin ang lahat ng mga opinyon at pasiya bilang ng mga nauna o halimbawa sa mga kaso sa hinaharap? Bakit hindi nila ibalik ang ating dating karapatan na pawalang-sala at ipagtanggol ang ating mga sarili? Kung wala ang kalayaang ito, hindi magkakaroon ng tunay na reporma ang ating mga hukuman, sistema ng hustisyang pangkrimen, mga proseso ng batas, at mga pamilihan ng pananalapi na lubhang kailangan ng ating lipunan. Magtatrabaho ako upang makita na ang lahat ng mga batas ay magkakatulad at sapat na ipinatutupad. Tingnan: www.NonPublication.com

TED W. LIEU
Pangkalahatang Abugado

1510 J Street, Suite 210
Sacramento, CA 95814

(916) 443-7817
info@tedlieu.com
www.tedlieu.com

Ako ay kumakandidato para Pangkalahatang Abugado dahil naniniwala ako na ang California, sa kabila ng mga hamon, ay nananatiling ang pinakamahusay na estado sa pinakamahusay na bansa na nakita ng mundo. Ang aking mga magulang ay nandayuhan sa Amerika at nanirahan kami sa silong ng bahay ng isang estranghero. Nagbenta kami ng mga regalo sa mga flea market upang makaraos. Pagkatapos ng ilang taon, nakaipon kami ng sapat na pera upang buksan ang aming sariling tindahan ng regalo. Pagkatapos ng ilan pang taon nagpalawak pinaabot namin ito ng hanggang anim na tindahan. Sa pamamagitan ng masipag na pagtatrabaho at pagpupunyagi, nakamit ng aking mga magulang ang Amerikanong Pangarap. Ang mga sakripisyo ng aking mga magulang ay nag-alis sa amin mula sa kahirapan patungo sa gitnang uri, at binigyan ang aking kapatid na lalaki at ako ng isang kahanga-hangang edukasyon: Unibersidad ng Stanford at Batas ng Georgetown. Sumapi ako sa Hukbong Panghimpapawid ng Estados Unidos sa aktibong tungkulin upang magbigay sa bansang ito na napakaraming ibinigay sa akin. Patuloy akong naglilingkod sa mga reserba bilang Pangkalahatang Tagapagtaguyod ng Hukom at Tagausig. Bilang Pangkalahatang Abugado, titiyakin ko na ang lahat ng mga taga-California ay may pagkakataon na makamit ang Amerikanong Pangarap, anuman ang kasarian, edad, lahi, oryentasyong sekswal, o katayuang panlipunan-pangkabuhayan—at upang magawa ito nang ligtas at protektado. Sa aking maraming taon ng serbisyo sa publiko, ako ay patuloy na lumaban sa mga makapangyarihang interes sa ngalan ng mga tao ng California. Ang paglaban ng magandang laban, pagpapabuti ng ating ekonomiya, at pagpapanatiling ligtas ang mga tao ay ang gumigising sa akin tuwing umaga. Kasama ng aking kahanga-hangang asawang si Betty, isang dating Kinatawang Pangkalahatang Abugada, at ang aming dalawang magulong anak na lalaki, mapagpakumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

HECTOR DE LA TORRE
Komisyonado ng Seguro

5015 Eagle Rock Blvd., #100
Los Angeles, CA 90041

(323) 254-5700 Ext. 25
hector@delatorre2010.com
www.delatorre2010.com

Ang personal na karanasan ay nagturo sa akin ng kung paano haharapin ang mga kompanya ng segurong pangkalusugan. Ako ay kumakandidato para Komisyonado ng Seguro upang matiyak na ang nangyari sa aking pamilya ay hindi mangyayari sa inyo. Noong ang isang pambihirang impeksiyon ay naglagay sa aking 5-buwang anak na babae sa isang pantulong sa paghinga ng matinding pangangalaga, ang aking asawa at ako ay nangailangang labanan ang kompanya ng segurong pangkalusugan, habang ang aming sanggol ay lumalaban para sa kanyang buhay. Laban sa kagustuhan ng aming doktor, siya ay inilipat nila sa ibang ospital sa abalang oras ng trapiko, nakakabit sa pantulong sa paghinga. Muling hindi pinansin ang aming doktor, siya ay ipinadala nila sa bahay na may isang tubo ng pagpapakain. Bilang Komisyonado ng Seguro, titiyakin ko na ang mga taga-California ay makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan na binabayaran natin. Nang malaman ko na ang mga kompanya ng seguro ay nag-aalis ng pagsakop pagkatapos magkasakit ang mga tao, nilabanan ko ang kanilang mga tagalobi, sumulat ng isang panukalang-batas upang patigilin sila. Poprotektahan ko ang mga relasyon ng doktor at pasyente—pipigilan ang mga burukrata ng kompanya ng seguro na gumawa ng mga desisyong medikal. Magtatrabaho ako upang patigilin ang mga tagaseguro sa pagkakait ng pagsakop na batay sa mga naroroon nang kondisyon. Poprotektahan ko ang mga nakatatandang mamamayan laban sa mga panloloko ng mga kompanya ng seguro sa buhay at taunang bayad. Nagagawa kong labanan ang mga espesyal na interes dahil ako ay *tumatanggi sa mga kontribusyon mula sa mga kompanya ng seguro.* Ako ay subok na lumalaban—kahit pagkatapos na barilin sa ulo ang aking kasamahan, nanguna ako sa pagpapaalis sa mga tiwaling opisyal sa aking sariling bayan sa Timog California at tumulong na ilagay ang kanilang lider sa likod ng mga rehas. Ikinararangal ko na *inirekomenda ng mga doktor, bumbero, pulis at malilit na negosyo sa California.* Hinihingi ko po ang inyong boto, upang malabanan ko ang mga walang-pusong kompanya ng seguro para sa ating lahat.

DAVE JONES
Komisyonado ng Seguro

1005 12th St., Ste. H
Sacramento, CA 95814

(916) 349-4236
assemblymemberjones@gmail.com
www.davejones2010.com

Kailangan natin ang isang Komisyonado ng Seguro na may katapangan, integridad at kalayaan na labanan ang mga kompanya ng seguro at lumaban upang protektahan ang mga mamimili. Kailangan natin si Dave Jones. *Ang Consumer Federation of California ay pinili sa Dave Jones na "Kampeon ng Mamimili" ng lehislatura.* Si Dave Jones ay lalaban upang papanagutin ang mga kompanya ng seguro. Si Miyembro ng Asembleya Dave Jones ay nagpasa ng higit sa 70 panukalang-batas na nagpapakita ng kanyang pagtatalaga ng sarili sa mga bata at pamilya, abot-kayang pabahay, edukasyon, proteksiyon ng mamimili at kapaligiran, pangangalagang pangkalusugan, mga karapatan sa pagkapribado, mga karapatan ng mga manggagawa, mga karapatang sibil, pantay na daan sa mga hukuman, at pagpapaunlad na pangkabuhayan. Si Dave Jones ay namumuno sa paglaban upang patigilin ang diskriminasyon ng mga kompanya ng seguro at upang kontolin ang mga pagtaas ng hulog ng segurong pangkalusugan. Si Dave Jones ay nagpasa ng mahalagang batas upang pigilan ang mga nakadependeng nakatatanda na maloko ng mga mapang-abusong conservator. Si Dave Jones ay kumuha ng higit sa $2.4 bilyon taun-taon sa bagong pagpopondo upang magkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga pamilya ng California. *Ang totoo, si Dave Jones ay pinarangalan bilang "Pinakaepektibong Mambabatas" ng California ng Capitol Weekly.* Bago siya nahalal sa Asembleya, si Dave Jones ay nagtrabaho bilang isang abugado ng tulong na pambatas, nagkakaloob ng libreng pagkatawan sa mga nakatatanda, maliit ang kita na mga pamilya, umuupa at mamimili. Noong 1995, si Dave Jones ay isa sa 13 lamang na Amerikano na pinili bilang Fellow ng Puting Bahay kung saan naglingkod siya sa Pangasiwaan ni Clinton bilang Tagapayo kay Pangkalahatang Abugada Janet Reno. Bilang isang kandidato para Komisyonado ng Seguro, si Dave Jones ay hindi tumatanggap ng mga kontribusyon mula sa mga kompanya ng seguro. Magkakaroon siya ng kalayaan na unahin ang mga mamimili. Si Dave Jones ay lumalaban para sa atin. Iboto po si Demokatiko Dave Jones para Komisyonado ng Seguro. Para sa karagdagang impormasyon: *www.davejones2010.com*

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO NG PARTIDONG DEMOKRATIKO

BETTY T. YEE
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 1

601 Van Ness Avenue, #E3-438
San Francisco, CA 94102

(415) 759-8355
info@bettyyee.com
www.bettyyee.com

Ipinagmamalaki ko na naglingkod sa mga interes ng mga residente ng aking distrito sa pamamagitan ng pagtulong na lumikha ng mga trabaho at muling pasiglahin ang ekonomiya ng estado sa mahirap na panahong ito para sa ating lahat. Bilang isang anak ng mga imigranteng magulang na nagsimula at nagpatakbo sa higit sa 30 taon ng isang maliit na negosyo ng paglilinis ng damit sa San Francisco na katutubo ako, malinaw kong natatandaan ang mga paghihirap na hinarap ng aking mga magulang upang panatilihin ang negosyong ito na tumatakbo sa magaganda at masasamang panahong pangkabuhayan. Ang mga nagtatrabahong pamilya ay hindi pa nakaranas ng mas mahirap pa sa ngayon, at kailangan nila ng tulong ng pamahalaan upang lumikha ng mga trabaho at ibalik sa tamang direksiyon ang ekonomiya. Ang pagkakaloob ng mga libreng serbisyo at tulong sa nagbabayad ng buwis, pagtiyak ng mga walang-kinikilingan at bukas na pagdinig para sa mga nagbabayad ng buwis na inaapela ang mga pagpapasiya ng buwis ng Estado, at pagprotekta sa mga kita ng Estado upang matiyak na ang mga ito ay matalinong ginagasta ay nananatiling aking mga pangunahing priyoridad bilang isang miyembro ng Lupon. Ako ay may higit sa 25 taon ng karanasan sa pagkilos upang maging mabisa ang pamahalaan ng estado para sa masisipag na taga-California, at marami pa tayong dapat makamit sa mahihirap na panahong ito. Ang mga taga-California ay nararapat sa pinakamahusay, pinakaepisyenteng serbisyo mula sa kanilang pamahalaan. Ang aking karanasan sa paggawa ng matatalinong desisyon sa inyong mga dolyar ng buwis, ang aking malakas na damdamin ng pagiging makatarungan sa bawat isa kung paano bibigyang-kahulugan at gagamitin ang mga batas sa buwis ng California, at ang aking walang-bahid na rekord ng integridad ay gagawin ako na pinakamahusay na mapipili upang ipagpatuloy ang aking serbisyo at pamumuno sa Lupon. Ikararangal ko na magkaroon ng pribilehiyo na patuloy na katawanin at paglingkuran kayo sa Lupon ng Pagpapantay.

CHRIS PARKER
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 2

P.O. Box 161527
Sacramento, CA 95816

(916) 208-2136
chris@parkerforboe.com
www.parkerforboe.com

Ako po si Chris Parker. Ako ay kumakandidato para sa Lupon ng Pagpapantay dahil gusto kong muling sumulong ang ating ekonomiya. Ang mga propesyonal na pulitiko ay gumugugol ng sobrang panahon sa pakikipag-away sa isa't-isa sa halip na lutasin ang mga problemang kinakaharap ng mga pamilya at nakatatanda ng California. Ang isang naghihirap na ekonomiya, mga nawalang trabaho, at pagbagsak ng pamilihan ng bahay ay nakatulong lahat sa isang pambuong-estadong krisis sa pananalapi. Ngayon, higit kailanman, kailangan natin ng mga makaranasang lider na may kadalubhasaan sa pananalapi upang ibalik sa tamang direksiyon ang California. Bilang isang matagal nang eksperto sa buwis, nagdadala ako ng lalim ng karanasan sa paghuli ng mga mandaraya at pag-alis sa pandaraya at pang-aabuso na ginagastusan ng ating estado ng bilyun-bilyon sa nawalang kita. Ako ay naghatid ng milyun-milyong dolyar sa mga hindi nakulektang buwis pabalik sa estado upang makatulong na magbayad para sa edukasyon, kaligtasan ng publiko at ibang mahahalagang serbisyo. Ang aking trabaho ay kinilala ng mga lider ng negosyo, guro, magsasaka, nakatatanda, bumbero, mga tagareporma ng pamahalaan at nars na tinawag ako na nagpapasok ng pagbabago na tagalutas ng problema na maaaring makalampas sa kuskos balungos, magbawas ng pag-aaksaya ng pamahalaan, at magtipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis habang patuloy na nagtatrabaho upang gawin ang ating sistema ng buwis na mas episyente at makatarungan. Sa Lupon, magbibigay ako sa maliliit na negosyo ng kasangkapan na kailangan nila upang magtagumpay, aakitin ang ika-21 siglo na mga industriya na lilikha ng mabubuting gitnang uri ng mga trabaho, at tutulong na lumikha ng isang lubos na sanay, lubos na edukadong lakas paggawa; papanagutin ko ang mga nagtatangkang dayain ang California ng kita sa buwis. Mangyaring bisitahin ang www.ParkerforBOE.com upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa aking karanasan. Ako po si Chris Parker at ako ay isang tagalutas ng problema, hindi isang pulitiko. Ikinararangal ko na matanggap ang inyong suporta.

JEROME E. HORTON
Lupon ng Pagpapantay, Distrito 4

P.O. Box 90932
Los Angeles, CA 90009

(310) 672-2992
jehorton@sbcglobal.net
www.voteforhorton.com

Si Jerome E. Horton, Pangalawang Tagapangulo ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng California, ay may dalawampu't-dalawang taon ng karanasan sa Lupon ng Pagpapantay na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga nagbabayad ng buwis sa California at lumalaban para sa katarungan at pagkakapantay-pantay sa pamahalaan. Ang karanasan ni Jerome sa pagtutuos, pananalapi, at batas sa tunay na ari-arian at negosyo ay nagpahusay sa reputasyon ng Lupon ng Pagbabantay bilang isa sa mga pinakaproduktibo, matugunin, at episyenteng ahensiya ng pamahalaan ng California, lumilikha ng higit sa $53 bilyon para sa mga paaralan, kaligtasan ng publiko, at ibang mahahalagang serbisyo. Kamakailan, pinalawak ni Jerome ang Pinagsamang Pagpapatupad ng Puwersang Tagakilos sa Krimen at sinimulan ang mga programang kinilala sa pag-uusig sa mga ilegal na negosyo na nandaraya sa mga nagbabayad ng buwis sa California. Naglunsad siya ng isang inisyatibo laban sa pagtrapiko ng tao upang makatulong na puksain ang mga moral at pinansiyal na pang-aabuso ng mga manggagawa. Si Jerome ay gumanap ng mahalagang tungkulin sa pagtatag ng "Batas sa mga Karapatan ng mga Nagbabayad ng Buwis" ng Lupon ng Pagpapantay na ginawa ang pamahalaan na mas nananagot sa mga nagbabayad ng buwis sa California. Ang kanyang mga programa ay nakabawi ng milyun-milyong dolyar para sa mga serbisyo sa publiko, nagprotekta sa mga trabaho sa California, at tumulong na alisin ang hindi pagkakapantay-pantay sa pangangasiwa ng buwis. Bilang isang dating Komisyonado sa Tulong na Medikal ng California, Mambabatas, at miyembro ng Lupon ng Pamumuhunan sa Lakas Paggawa ng California, Nagkakaisang Konseho ng Paglikha ng Trabaho, at ang Lupon ng Pagkakaloob na Pangkultura, si Jerome ay kilala bilang isang pragmatikong tagalutas ng problema na nagmamalasakit sa mga taong pinaglilingkuran niya. Bilang isang asawa, magulang, at lolo, si Jerome ay nananatiling may tiwala na makakabuo tayo ng mga koalisyon, upang humanap ng mga solusyon, at tugunan ang mga hamon ng hinaharap. Mangyaring iboto si Jerome E. Horton, Miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado, na nagpakita ng karanasan, kasanayan, at subok na kakayahan na magkamit ng mga positibong resulta. Salamat po!

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MARSHA FEINLAND
Senador ng Estados Unidos

2124 Kittredge St., No. 66
Berkeley, CA 94704

(510) 845-4360
m_feinland@igc.org
www.feinlandforsenate.org

Ilabas ang lahat ng mga sundalo mula sa Iraq at Afghanistan ngayon. Magkaloob ng libreng pangangalagang pangkalusugan para sa lahat. Pangasiwaan ang mga korporasyon at palawakin ang pampublikong transportasyon upang protektahan ang kapaligiran. Ipasiya natin ang kailangan natin at gamitin ang kayamanan ng ating bansa upang bayaran ito. Magparehistro sa Kapayapaan at Kalayaan bago sumapit ang Mayo 24. Iboto po sa Feinland para sa Senado sa Hunyo 8.

CARLOS ALVAREZ
Gobernador

137 N. Virgil Ave., #203
Los Angeles, CA 90004

(323) 810-3380
carlos4gov@votepsl.org
www.votepsl.org

Iahon ang mga nagtatrabahong tao—hindi ang mga bangko. Pondohan ang mga pangangailangan ng tao—hindi digmaan!

C.T. WEBER
Tenyente Gobernador

1403 Los Padres Way
Sacramento, CA 95831-2837

(916) 422-5395
ctwebervoters@att.net
ctweberforlieutenantgovernor.org

Ang Proposisyon 14 ay naglilimita ng inyong mga pagpili. Walang mga independiyente, ikatlong partido, o isinusulat na kandidato. Bumoto ng hindi sa Proposisyon 14.

DINA JOSEPHINE PADILLA
Komisyonado ng Seguro

7564 Watson Way
Citrus Heights, CA 95610

(916) 725-2673
dinajpadilla@gmail.com
www.padilla4insurancecommissioner.com

Si Dina Padilla bilang Komisyonada ng Seguro ay magiging pinakamasamang bangungot ng Industriya ng Seguro. Kailangan natin ng pangangalagang pangkalusugan, hindi mga kompanya ng seguro. www.padilla4insurancecommissioner.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (HINDI PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

DANIEL M. NUSBAUM
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
174 N. Almont Drive, Apt. 102
Beverly Hills, CA 90211
(310) 271-8048
danielm.nusbaum@sbcglobal.net

Ako ay 40 taon nang guro. Kung mahalal magtatatag ako ng Mga Independiyenteng Pampublikong Paaralan ng California, Pantay na Pagpopondo Kada Mag-aaral, Mga Pangkat ng Guro ng Komunidad, mga Musikero at Artista sa mga Paaralan, Mga Katulong na Guro ng Pampublikong Paaralan ng UC/CSU, Mga Sentro ng Pag-aalaga ng Bata ng Mataas na Paaralan, Mga Nakatatandang Tumutulong sa mga Kabataan.

TOM TORLAKSON
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
P.O. Box 21636
Concord, CA 94521
(925) 682-9998
tom@tomtorlakson.com
tomtorlakson.com

Ang pagtuturo ay aking buhay—at aking pagmamahal—sa nakalipas na 37 taon. Bilang isang guro ng silid-aralan, tagasanay, mambabatas at magulang, alam ko na ang ating mga patakaran ay dapat ibatay sa isang simpleng katanungan: *Ano ang makakabuti sa ating mga bata?* Hindi mga burukrata at hindi mga pulitiko. Panahon na upang magkaroon ng isang guro na uunahin ang mga bata at rereformahin ang pundasyon ng ating mga paaralan. Una, hihingi ako ng tunay na pananagutan sa pamamagitan ng isang masaklaw na pagsusuri ng pananalapi at pagganap upang bawasan ang pag-aaksaya at maling pamamahala at ilagay ang mga matitipid na ito sa mga bagong aklat-aralin at mga kompyuter. Ikalawa, titiyakin ko na ang lahat ng mga paaralan ng ating kapitbahayan ay ligtas at palalawakin ang mga programa sa mga aktibidad pagkatapos ng regular na klase, pagsasanay para sa trabaho at pagtuturo. Ikinararangal ko na natanggap ang pagrekomenda ng *bawat pangunahing organisasyon ng kaligtasan ng publiko* sa California kabilang ang *California Professional Firefighters* kasama ng mga lokal na guro ng silid-aralan. Ikatlo, kailangan natin ng mga kalahok na magulang upang suportahan ang pagtuturo na mahalaga ang karakter habang itinatuguyod ang pagiging mapagkakatiwalaan, paggalang, responsibilidad, pagmamalasakit at mabuting pagkamamayan. Ikaapat, palalawakin ko ang *edukasyon sa karerang teknikal* para sa mga estudyante ng mataas na paaralan. Pangwakas, gagawin kong pangunahing priyoridad ang kalusugan at kalakasan ng mga estudyante. Bilang *Tagapangulo at Tagapagtatag ng Puwersang Tagakilos ng California sa Kalusugan ng mga Kabataan at Lugar ng Trabaho,* pinamunuan ko ang pagsisikap na ipagbawal ang basurang pagkain mula sa mga kampus ng paaralan at palawakin ang mga iniaatas na pisikal na edukasyon. Magagawa natin ito. Dapat nating gawin ito. Ang ating mga bata ay magkakaroon ng isa lamang pagkakataon sa isang magandang edukasyon. Bilang isang guro, ako ay may karanasan, enerhiya at mga ideya upang baguhin ang ating mga paaralan. Gawin natin ito nang magkakasama. Ikararangal ko na matanggap ang inyong suporta.

GRANT McMICKEN
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
116 2nd Street, #5
Pacific Grove, CA 93950-3044
(916) 792-5970
gmcmicken1@att.net
www.rescue-california-education.com

Panahon na upang gumawa ng naiiba sa mga pulitiko at edukasyon ng California. Una, tanggihan ang ideya na ang kandidato na lumilikom ng pinakaraming pera ay pinakaangkop na manalo sa halalan. Saka, ihalal ang isang pinarangalan, aktibo, makaranasang guro ng silid-aralan bilang susunod na Superintendente ng Pampublikong Pagtututro ng Estado. Tulungan ang lahat ng ating mga bata, guro at paaralan. Bumoto po upang ihalal si Grant McMicken.

GLORIA ROMERO
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
P.O. Box 32398
Los Angeles, CA 90032
(323) 227-1474
electgloria2010@yahoo.com
gloriaromero.org

Gloria Romero—isang Propesora ng Edukasyon at Senadora ng Estado—ay tinawag na *"pinakaprominenteng tagapagtaguyod ng reporma sa edukasyon sa Lehislatura"* ng San Jose Mercury-News. Namuno siya ng paglaban upang bigyan ang mga magulang ng mga tunay na pagpili sa kung aling mga paaralan ang papasukan ng kanilang mga anak. Ang mga paaralan ay nasa krisis. Tungkulin natin sa ating mga anak na baguhin ang mga ito. Ang California ay nangunguna sa bansa sa bilang ng mga tumitigil sa pag-aaral at naiwan sa pagtuturo sa mga bata para sa kolehiyo at mahuhusay na trabaho. *Kailangan nating ihalal si Gloria Romero bilang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo dahil siya ay may katapangan na unahin ang mga pangangailangan ng mga bata sa halip ng higanteng burukrasya at mga espesyal na interes na pinatatakbo ang sistema ng edukasyon nang napakatagal na.* Si Gloria Romero ay sumulat ng bagong batas na nag-aatas sa mga hindi makaganap na paaralan na magbago ng kayarian, tanggalin ang mga hindi epektibong tagapangasiwa, baguhin ang kurikulum, muling magbukas bilang mga pampublikong nakakontratang paaralan, at pahintulutan ang mga magulang na ilipat ang kanilang mga anak sa mga paaralan na mas mabuti ang pagganap. Si Gloria ay lalaban para sa mga mas ligtas na paaralan, muling binuhay na pagbibigay-diin sa mga basiko, kabilang ang pagbabasa, pagsusulat at aritmetika—at *mas maliliit na sukat ng klase upang ang mga bata ay makatanggap ng mas indibidwal na atensiyon.* Ihahanda niya ang mga estudyante para sa nagbabagong ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapabuti ng edukasyon/pagsasanay sa karerang teknikal. Si Propesora Gloria Romero ay nagsasanay ng mga guro ng hinaharap. Naiintindihan niya kung anong mga kasanayan ang nangangailangan ng pagpapabuti upang ang mga guro at paaralan ay nakahandang tumugon sa hamon. Si Gloria ay lalaban para sa mas maraming tagatulong para sa mga silid-aralan. *Pero hindi niya pahihintulutan ang mga dolyar na buwis na maaksaya sa burukrasya gaya ng karaniwan. Siya ang magiging tinig natin sa paghingi ng pagbabago at isang mahusay na sistema ng edukasyon na masusuportahan natin.* www.GloriaRomero.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (HINDI PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

LYDIA A. GUTIÉRREZ
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
P.O. Box 243
San Pedro, CA 90733
(310) 630-3736
lydiaforkids2010@gmail.com
www.lydiaforkids2010.com

Tatlumpung taon na ang nakalilipas nanguna ang California sa bansa sa mga pamantayan sa edukasyon, pero ngayon ang ating estado ay malapit sa pinakamababa sa halos bawat kategorya. Ang mga propesyonal na pulitiko ay nabigo, inilalagay sa panganib ang mga kinabukasan ng mga bata. Ang karanasan ni *Lydia A. Gutiérrez* sa edukasyon, lokal na pamahalaan, at bilang isang tagapangasiwa ng espasyong panghimpapawid ay nagbibigay kay *Lydia* ng isang katangi-tanging pananaw upang makatulong sa ating mga paaralan na magkaloob ng mataas na uri ng edukasyon para sa ating mga bata. Karanasan ni *Lydia:* 20+ na taon bilang Guro ng Pampublikong Paaralan sa California, Master na Guro para sa Proyekto X sa Matematika ng UCLA, Tagapangasiwa para sa 6 na taon sa industriya ng espasyong panghimpapawid, Inihalal na Opisyal ng Konseho ng Kapitbahayan ng Baybaying San Pedro, Tagapangulo ng Komite sa Badyet at Pananalapi, Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Kaligtasan ng Publiko. Pangako ni *Lydia:* Gawin ang bokasyonal na pagsasanay na isang alternatibong landas ng karera sa kolehiyo. Igarantiya na ang ating mga dolyar na buwis ay mabisang ginagamit upang turuan ang ating mga bata. Protektahan ang ating mga paaralan laban sa mga gang at mga sekswal na maninila. Tiyakin ang mga estudyante ay nagtatapos na may kakayahang magbasa, magsulat, at magsalita ng Ingles. Unahin ang pagbabasa, matematika, agham at ibang mga pangunahing kurso sa akademiko na may lubos na kuwalipikadong guro at pinalawig na oras ng silid-aralan. Pagtibayin ang katumpakan sa mga aklat-aralin sa lahat ng mga lugar ng nilalaman kabilang ang ating mga Tagapagtatag na Ama, ang Saligang-batas at ang kasarinlan ng Estados Unidos ng Amerika. Kumuha ng isang aktibong papel para sa mga magulang sa paggawa ng desisyon sa tagumpay sa akademiko ng kanilang anak. *Mga Bata Muna! Lydia A. Gutiérrez para Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado ng California* www.LydiaforKids2010.com

LARRY ACEVES
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
(408) 288-8181
larry@larryaceves2010.com
www.larryaceves2010.com

Bilang isang guro sa silid-aralan, nasaksihan ko ang epekto ng masisikip ng klase at kawalan ng mga tagatulong sa mga estudyante. Bilang isang punong-guro ng paaralan, nagtrabaho akong kasama ng mga guro at magulang upang pabutihin ang ating mga silid-aralan. Bilang superintendente ng paaralan, nagtrabaho ako upang pabutihin ang pagtuturo para sa lahat ng mga estudyante sa ating distrito. Pinalawak namin ang mga programa sa preschool, nagtatag ng mga libreng klinikang medikal at dental, sinimulan ang pagsasanay ng magulang at mga sentro ng komunidad, at itinatag ang pagsasanay sa pagpigil sa gang. Ipinatupad ko ang mga programa upang bawasan ang sukat ng klase at pinalawak ang sining, musika at teknolohiya. Sa aking 15 taon bilang superintendente, binalanse ko ang isang $70 milyong badyet sa tamang oras, pinamahalaan ang daan-daang guro at tauhan at pinabuti ang pananaguan sa lahat ng mga paaralan. Ikinarangal ko na pinangalanang "Superintendente ng Taon." Ako ay hindi isang pulitiko ang karera, kundi isang superintendente ng paaralan na may higit sa 30 taon ng karanasan sa edukasyon sa mga pampublikong paaralan ng California. Kumakandidato ako upang ibalik ang sentido komuni sa sirang sistema ng edukasyon ng ating estado. Panahon na upang alisin ang pulitiko sa ating mga paaralan! Putulin natin ang kuskos balungos at hayaan ang ating mga guro na gawin ang trabaho na sinanay silang gawin. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

DIANE A. LENNING
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
P.O. Box 4306
Huntington Beach, CA 92605-4306
(562) 596-4825
diane@lenning.com
http://www.dianelenningforcasuptofpublicinstruction2010.vpweb.com

Ang mga edukador at magulang ang unang-unang nakakaalam kung paano *aayusin* ang ating mga paaralan! Ang mga Lehislatura at unyon ay dinala ang ating mga paaralan mula sa pagiging *una patungo sa pagiging pinakamasama!* Ibalik ang mga karapatan at lokal na kontrol ng mga magulang! Ngayon na ang panahon para sa *nabawasang bilang ng mga tumitigil sa pag-aaral* na nakakapagtipid ng $1.1 bilyon sa mga taunang gastos na may kaugnayan sa krimen, matatag na *mga ligtas na paaralan,* nakokontrol na mga distritong maling pinamamahalaan, mga bagong lokal na distrito, mga pagbabayad na insentibong nakakaakit ng mga lubos na kuwalipikadong edukador, *bokasyonal na edukasyon, pagbibigay ng kapangyarihan sa guro* upang magdala ng tagumpay sa mga walang-disiplinang estudyante; *ibinabalik ang edukasyon upang muling maging una!* Ang iniaatas na pinakamababang antas ng kakayahan sa mga sibiko/pamahalaan ay nagpapasa ng *sulo ng kalayaan* sa bawat henerasyon, pinangangalagaan ang ating Demokratikong Republika. Bilang isang edukador sa mga trinsera sa higit sa tatlumpung taon sa mga pampublikong mataas na paaralan at sa Awtoridad ng mga Kabataan ng California, muling bubuhayin ni Diane ang pokus sa *kasanayan sa mapanuring pag-iisip* para sa paggawa ng mga pagpili sa buhay, tagumpay sa akademiko ng estudyante, at pagkuha ng *mga trabaho.* Ibabalik ni Diane ang ating mga paaralan sa unang puwesto! Si Diane Lenning ay may isang *Digring Master sa Sekundaryong Edukasyon,* at *Baitang I ng Kredensiyal sa Pangangasiwa.* Si Diane ay inirerekomenda ng mga lider ng edukasyon at komunidad sa lahat ng dako ng estado. Si Diane ay nagsisikap na makakuha ng isang digri sa batas upang ipatupad ang matatalinong programa sa edukasyon, at makikipagtulungan sa mga lider ng edukasyon sa buong estado para sa mga muling pagtasa at mga hangarin. Ang inyong boto ay naghahalal sa isang ikalimang henerasyon na taga-California na nag-aral sa mga paaralan at unibersidad ng California noong una ang mga ito sa bansa. Nagwagi ng *Gantimpalang Medalya ng Kalayaan* at edukador sa *distritong nagwagi ng pambansang gantimpala na Eli Broad* na may pangunahing napabuting mga puntos ng estudyantesabansa. http://www.DianeLenningforCaSuptofPublicInstruction2010.vpweb.com http://www.DianeLenning.com fax: 562-430-7503 Diane@Lenning.com

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay ipinasiya sa pamamagitan ng bunutan. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensiya. Ang bawat pahayag ay boluntaryong isinumte ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring kuwalipikado sa ibang paraan na lumitaw sa balota.

MGA OPISINA SA MGA HALALAN NG COUNTY

ALAMEDA COUNTY
1225 Fallon Street, Room G-1
Oakland, CA 94612
(510) 272-6973
www.acgov.org/rov

ALPINE COUNTY
99 Water Street
P.O. Box 158
Markleeville, CA 96120
(530) 694-2281
www.alpinecountyca.gov

AMADOR COUNTY
810 Court Street
Jackson, CA 95642
(209) 223-6465
www.co.amador.ca.us

BUTTE COUNTY
25 County Center Drive, Suite 110
Oroville, CA 95965-3361
(530) 538-7761 o (800) 894-7761
http://clerk-recorder.buttecounty.net

CALAVERAS COUNTY
891 Mountain Ranch Road
San Andreas, CA 95249
(209) 754-6376
www.co.calaveras.ca.us

COLUSA COUNTY
546 Jay Street, Suite 200
Colusa, CA 95932
(530) 458-0500
www.colusacountyclerk.com

CONTRA COSTA COUNTY
555 Escobar Street
P.O. Box 271
Martinez, CA 94553
(925) 335-7800
www.cocovote.us

DEL NORTE COUNTY
981 H Street, Suite 160
Crescent City, CA 95531
(707) 465-0383
www.dnco.org

EL DORADO COUNTY
2850 Fairlane Court
P.O. Box 678001
Placerville, CA 95667
(530) 621-7480
www.co.el-dorado.ca.us/elections

FRESNO COUNTY
2221 Kern Street
Fresno, CA 93721
(559) 488-3246
www.co.fresno.ca.us/elections

GLENN COUNTY
516 W. Sycamore Street, 2nd Floor
Willows, CA 95988
(530) 934-6414
www.countyofglenn.net/elections/home_page.asp

HUMBOLDT COUNTY
3033 H Street, Room 20
Eureka, CA 95501
(707) 445-7678 o (707) 445-7481
www.co.humboldt.ca.us/election

IMPERIAL COUNTY
940 West Main Street, Suite 202
El Centro, CA 92243
(760) 482-4226
www.imperialcounty.net/elections

INYO COUNTY
168 N. Edwards Street
P.O. Box F
Independence, CA 93526
(760) 878-0224
www.inyocounty.us

KERN COUNTY
1115 Truxtun Avenue
Bakersfield, CA 93301
(661) 868-3590
http://elections.co.kern.ca.us/elections/

KINGS COUNTY
1400 W. Lacey Blvd.
Hanford, CA 93230
(559) 582-3211 ext. 4401
www.countyofkings.com/acr/elections/index.html

LAKE COUNTY
255 N. Forbes Street, Room 209
Lakeport, CA 95453-4748
(707) 263-2372
www.co.lake.ca.us

LASSEN COUNTY
220 S. Lassen Street, Suite 5
Susanville, CA 96130
(530) 251-8217
http://lassencounty.org/govt/dept/county_clerk/default.asp

LOS ANGELES COUNTY
12400 Imperial Highway
Norwalk, CA 90650-8350
(800) 481-8683 o (562) 466-1310
www.lavote.net

MADERA COUNTY
200 West 4th Street, 1st Floor
Madera, CA 93637
(559) 675-7720
www.madera-county.com/elections

MARIN COUNTY
3501 Civic Center Drive, Room 121
San Rafael, CA 94903
P.O. Box E
San Rafael, CA 94913
(415) 499-6456
www.marinvotes.org

MARIPOSA COUNTY
4982 10th Street
P.O. Box 247
Mariposa, CA 95338
(209) 966-2007
www.mariposacounty.org

MENDOCINO COUNTY
501 Low Gap Road, Room 1020
Ukiah, CA 95482
(707) 463-4371
www.co.mendocino.ca.us/acr

MERCED COUNTY
2222 M Street, Room 14
Merced, CA 95340
(209) 385-7541
www.mercedelections.org

MODOC COUNTY
204 S. Court Street
Alturas, CA 96101-0131
(530) 233-6200

MONO COUNTY
74 School Street, Annex I
P.O. Box 237
Bridgeport, CA 93517
(760) 932-5537
www.monocounty.ca.gov

MONTEREY COUNTY
1370-B South Main Street
P.O. Box 4400
Salinas, CA 93912
(831) 796-1499
www.montereycountyelections.us

NAPA COUNTY
900 Coombs Street, Suite 256
Napa, CA 94559
(707) 253-4321
www.countyofnapa.org

NEVADA COUNTY
950 Maidu Avenue
Nevada City, CA 95959
(530) 265-1298
www.mynevadacounty.com/elections

ORANGE COUNTY
P.O. Box 11298
Santa Ana, CA 92711
(714) 567-7600
www.ocvote.com

PLACER COUNTY
2956 Richardson Drive
Auburn, CA 95603
(530) 886-5650
www.placerelections.com

PLUMAS COUNTY
520 Main Street, Room 102
Quincy, CA 95971
(530) 283-6256
www.countyofplumas.com

RIVERSIDE COUNTY
2724 Gateway Drive
Riverside, CA 92507-0918
(951) 486-7200
www.voteinfo.net

SACRAMENTO COUNTY
7000 65th Street, Suite A
Sacramento, CA 95823-2315
(916) 875-6451
www.elections.saccounty.net

SAN BENITO COUNTY
440 Fifth Street, Room 206
Hollister, CA 95023-3843
(831) 636-4016
www.sbcvote.us

SAN BERNARDINO COUNTY
777 E. Rialto Avenue
San Bernardino, CA 92415
(909) 387-8300
www.sbcrov.com

SAN DIEGO COUNTY
5201 Ruffin Road, Suite I
San Diego, CA 92123
(858) 565-5800
www.sdvote.com

SAN FRANCISCO COUNTY
City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place #48
San Francisco, CA 94102
(415) 554-4375
www.sfelections.org

SAN JOAQUIN COUNTY
44 N. San Joaquin Street, Suite 350
Stockton, CA 95202
(209) 468-2885
www.sjcrov.org

SAN LUIS OBISPO COUNTY
1055 Monterey Street, D-120
San Luis Obispo, CA 93408
(805) 781-5228
www.slocounty.ca.gov/clerk

SAN MATEO COUNTY
40 Tower Road
San Mateo, CA 94402
(650) 312-5222
www.shapethefuture.org

SANTA BARBARA COUNTY
130 E. Victoria Street, Suite 200
P.O. Box 159
Santa Barbara, CA 93102
(800) SBC-VOTE
(805) 568-2200
www.sbcvote.com

SANTA CLARA COUNTY
1555 Berger Drive, Bldg. 2
San Jose, CA 95112
(408) 299-VOTE o (866) 430-VOTE
www.sccvote.org

SANTA CRUZ COUNTY
701 Ocean Street, Room 210
Santa Cruz, CA 95060-4076
(831) 454-2060
www.votescount.com

SHASTA COUNTY
1643 Market Street
Redding, CA 96001
(530) 225-5730
www.elections.co.shasta.ca.us

SIERRA COUNTY
P.O. Drawer D
Downieville, CA 95936
(530) 289-3295
www.sierracounty.ws

SISKIYOU COUNTY
510 N. Main Street
Yreka, CA 96097
(530) 842-8084 o
(888) 854-2000 ext. 8084
www.co.siskiyou.ca.us/clerk/index.htm

SOLANO COUNTY
675 Texas Street, Suite 2600
Fairfield, CA 94533
(707) 784-6675
www.solanocounty.com/elections

SONOMA COUNTY
435 Fiscal Drive
P.O. Box 11485
Santa Rosa, CA 95406-1485
(707) 565-6800 o (800) 750-VOTE
www.sonoma-county.org/regvoter

STANISLAUS COUNTY
1021 I Street, Suite 101
Modesto, CA 95354-2331
(209) 525-5200
www.stanvote.com

SUTTER COUNTY
1435 Veterans Memorial Circle
Yuba City, CA 95993
(530) 822-7122
www.suttercounty.org

TEHAMA COUNTY
444 Oak Street, Room C
P.O. Box 250
Red Bluff, CA 96080
(530) 527-8190 o (866) 289-5307
www.co.tehama.ca.us

TRINITY COUNTY
11 Court Street
P.O. Box 1215
Weaverville, CA 96093
(530) 623-1220
www.trinitycounty.org

TULARE COUNTY
5951 S. Mooney Blvd.
Visalia, CA 93277
(559) 624-7300
www.tularecoelections.org

TUOLUMNE COUNTY
2 S. Green Street
Sonora, CA 95370-4696
(209) 533-5570
www.tuolumnecounty.ca.gov

VENTURA COUNTY
800 S. Victoria Avenue
Ventura, CA 93009-1200
(805) 654-2664 o (805) 654-2781
http://recorder.countyofventura.org/elections.htm

YOLO COUNTY
625 Court Street, Room B05
Woodland, CA 95695
(530) 666-8133
www.yoloelections.org

YUBA COUNTY
915 8th Street, Suite 107
Marysville, CA 95901-5273
(530) 749-7855
http://elections.co.yuba.ca.us

PROPOSISYON 13

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Susog 4 ng Senado sa Saligang-batas ng Regular na Sesyon ng 2007–2008 (Kabanata 115 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2008) ay malinaw na nagsususog sa Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagsusog sa isang seksiyon nito; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhana na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italiko* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

IMINUMUNGKAHING SUSOG SA
SEKSIYON 2 NG ARTIKULO XIII A

SEK. 2. (a) Ang "buong halaga sa pera" ay nangangahulugang ang paghalaga ng tagatasa ng county sa tunay na ari-arian gaya ng ipinapakita sa batas sa buwis ng 1975–76 sa ilalim ng "buong halaga sa pera" o, pagkaraan, ang tinayang halaga ng tunay na ari-arian kapag binili, bagong tayo, o may nangyaring pagpapalit ng may-ari pagkaraan ng pagtasa ng 1975. Ang lahat ng tunay na ari-arian na hindi pa natatasa ng hanggang sa buong halaga sa pera ng 1975–76 ay maaaring muling tasahin upang ipakita ang paghalagang iyon. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, sa "bagong tayo" ay hindi kabilang ang tunay na ari-arian na muling itinayo pagkatapos ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, kung saan ang makatarungang halaga ng tunay na ari-arian, na muling itinayo, ay maihahambing sa makatarungang halaga sa pamilihan bago ang kalamidad. ~~Gayon din~~ *Para sa mga layunin ng seksiyong ito,* ang katawagang "bagong tayo" ay hindi kabilang ~~ang~~ *iyong* bahagi ng isang *isang kasalukuyang istruktura na binubuo ng konstruksiyon o* muling pagtatayo ~~o pagpapabuti sa isang istruktura, ginawa sa di-pinatibay na trabaho ng kantero na may konstruksiyon ng dingding, na kailangan upang sumunod sa anumang lokal na ordinansa na may kaugnayan sa kaligtasan sa lindol sa unang 15 taon kasunod ng muling pagtatayo o pagpapabuti~~ *ng mga bahagi ng pagpapatibay laban sa lindol, gaya ng nilinaw ng Lehislatura.*

Gayunman, ang Lehislatura ay maaaring magtadhana na, sa ilalim ng mga angkop na pagkakataon at alinsunod sa mga pamamaraang itinatag ng Lehislatura, sinumang tao na higit sa edad na 55 taon na naninirahan sa ari-arian na karapat-dapat para sa pagkalibre ng may-ari ng bahay sa ilalim ng subdibisyon (k) ng Seksiyon 3 ng Artikulo XIII at anumang nagpapatupad na batas ay maaaring maglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian na karapat-dapat sa pagkalibre, na ang mga pag-aakma na inawtorisa ng subdibisyon (b), sa anumang pamalit na tirahan na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng kaparehong county at binili o bagong tayo ng taong iyon bilang kanyang panungahing tirahan sa loob ng dalawang taon pagkatapos ng pagbebenta ng orihinal na ari-arian. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, "sinumang tao na higit sa edad na 55 taon" kabilang ang isang mag-asawa na ang isang miyembro ay may edad na higit sa 55 taon. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, "pamalit na tirahan" ay nangangahulugang isang gusali, istruktura, o ibang tirahan na bumubuo ng isang lugar ng tirahan, tunay na ari-arian man o personal na ari-arian, at anumang lupa na maaaring pinagtayuan nito. Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang isang dalawang-tirahang yunit ay dapat ituring na dalawang magkahiwalay na pang-isang pamilyang tirahan. Ang talataang ito ay dapat iaplay sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng Nobyembre 5, 1986.

Bilang karagdagan, ang Lehislatura ay maaaring mag-awtorisa sa bawat lupon ng mga superbisor ng county, pagkatapos sumangguni sa mga lokal na apektadong ahensiya sa loob ng mga hangganan ng county, na magpatibay ng isang ordinansa na ginagawa ang mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng halaga sa batayang taon na angkop din sa mga kalagayan kung saan ang mga pamalit na tirahan ay matatagpuan sa county na iyon at ang mga orihinal na ari-arian ay matatagpuan sa ibang county sa loob ng Estadong ito. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang "apektadong lokal na ahensiya" ay nangangahulugang alinmang lunsod, espesyal na distrito, distrito ng paaralan o distrito ng kolehiyo ng komunidad na tumatanggap ng isang taunang paglalaan ng kita sa buwis sa ari-arian. Ang talataang ito ~~ay dapat gamitin~~ *ginagamit* sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong gawa sa o pagkaraan ng petsa na pinagtibay ng county ang mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng halaga sa batayang taon, pero hindi ~~dapat~~ *tunay* na ginagamit sa anumang pamalit na tirahan na binili o bagong tayo bago sumapit ang Nobyembre 9, 1988.

Maaaring paabutin ng Lehislatura ang mga tadhana ng subdibisyong ito na may kaugnayan sa paglipat ng mga halaga sa batayang taon mula sa mga orihinal na ari-arian patungo sa mga pamalit na tirahan ng mga may-ari ng bahay na higit sa edad na 55 taon patungo sa mga may-ari ng bahay na matindi ang kapansanan, pero iyon lamang mga pamalit na tirahan na binili o bagong tayo sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito.

(b) Ang batayang buong halaga sa pera ay maaaring magpakita sa bawat taon ng antas ng implasyon na hindi dapat humigit sa 2 porsiyento para sa anumang taon o pagbawas na gaya ng ipinakikita sa indise ng presyo ng mamimili o maihahambing na mga datos para sa lugar na nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng pagbubuwis, o maaaring bawasan upang magpakita ng malaking pinsala, pagkawasak, o ibang mga bagay na naging dahilan ng pagbaba ng halaga.

(c) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), ang Lehislatura ay maaaring magtadhana na sa katawagang "bagong tayo" ay hindi kabilang ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Ang konstruksiyon o pagdagdag ng anumang aktibong sistema ng enerhiya mula sa araw.

(2) Ang konstruksiyon o instalasyon ng anumang sistema ng pangwilig para sa sunog, ibang sistema ng pampatay na apoy, sistema ng pagtuklas ng apoy, o pagpapabuti ng espasyo na may kaugnayan sa apoy, gaya ng nilinaw ng Lehislatura, na itinayo o ikinabit pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito.

(3) Ang konstruksiyon, instalasyon, o pagbabago sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito ng anumang bahagi o sangkap ng istruktura ng isang pang-isang- o pangmaraming-pamilyang tirahan na karapat-dapat sa pagkalibre ng may-ari ng bahay kung ang konstruksiyon, instalasyon, o pagbabago ay para sa layunin na gawin ang tirahan na mas madaling magagamit ng isang taong matindi ang kapansanan.

~~(4) Ang konstruksiyon o instalasyon ng mga pagpapabuti ng pagpapatibay laban sa lindol o mga pagpapabuti na gumagamit ng mga teknolohiya ng pagpapagaan ng panganib sa lindol, na itinatayo o ikinakabit sa mga kasalukuyang gusali pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito. Dapat linawin ng Lehislatura ang mga karapat-dapat na pagpapabuti. Ang di-pagsasamang ito ay hindi gagamitin sa muling pagtatayo o mga pagpapabuti ng kaligtasan sa lindol na kuwalipikado para sa di-pagsasama alinsunod sa huling pangungusap ng unang talataan ng subdibisyon (a).~~

~~(5)~~

(4) Ang konstruksiyon, instalasyon, pagtanggal, o pagbabago sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng talataang ito ng anumang bahagi o sangkap ng instruktura ng isang kasalukuyang gusali o istruktura kung ang konstruksiyon, instalasyon, o pagbabago ay para sa layunin na gawin ang gusali na mas madaling mapuntahan, o mas madaling magamit ng, isang taong may-kapansanan.

(d) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang katawagang "pagbabago ng may-ari" ay hindi nagsasama ng pagtatamo ng tunay na ari-arian bilang pamalit para sa maihahambing na ari-arian kung ang taong kukuha ng tunay na ari-arian ay napaalis mula sa ari-arian na pinalitan ng mga pamamaraan sa kapangyarihan ng pamahalaan na gumamit ng pribadong ari-arian, sa pamamagitan ng pagkuha ng isang pampublikong entidad, o aksiyon ng pamahalaan na nagbunga ng pagpapasiya na pabaligtad na pagkondena. Ang tunay na ari-arian na kinuha ay dapat ituring na maihahambing sa ari-ariang pinalitan kung ito ay may kaparehong sukat, utilidad, at pagganap, o kung ito ay sumusunod sa mga regulasyon ng estado na nilinaw ng Lehislatura na namamahala sa paglilipat ng mga taong napaalis ng mga pagkilos ng pamahalaan. ~~Ang mga tadhana nitong~~ *Itong* subdibisyon ay ~~dapat gamitin~~ *ginagamit* sa anumang ari-ariang kinuha pagkaraan ng Marso 1, 1975, pero ~~dapat makaapekto~~ *nakakaapekto* lamang sa mga pagtasa ng ari-ariang iyon na nangyayari pagkatapos magkabisa ang mga tadhana ng subdibisyong ito.

(e) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng seksiyong ito, ang Lehislatura ay dapat magtadhana na ang halaga sa batayang taon ng ari-arian na napinsala nang malaki o nasira ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, ay maaaring ilipat sa maihahambing na ari-arian sa loob ng kaparehong county na kinuha o bagong tayo bilang pamalit sa ari-arian na napinsala o nasira nang malaki.

(2) Maliban kung itinatadhana sa talataan (3), ang subdibsiyong ito ay ~~dapat gamitin~~ *ginagamit* sa anumang maihahambing na pamalit na ari-arian na kinuha o bagong tayo sa o pagkaraan ng Hulyo 1, 1985, at sa pagpapasiya ng mga halaga sa batayang taon para sa taon ng pananalapi na 1985–86 at mga taon ng pananalapi pagkaraan.

(3) Bilang karagdagan sa paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian sa loob ng kaparehong county na ipinahihintulot ng talataan (1), ang Lehislatura ay maaaring mag-awtorisa sa lupon ng mga superbisor ng bawat county na magpatibay, pagkatapos sumangguni sa mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng county, ng isang ordinansang nagpapahintulot ng paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian na matatagpuan sa loob ng ibang county sa Estado at napinsala o nasira nang malaki ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, sa maihahambing na pamalit na ari-arian na may kapantay o mas mababang halaga na matatagpuan sa loob ng nagpatibay na county at kinuha o bagong tayo sa loob ng tatlong taon pagkaraan ng malaking pinsala o pagkasira ng orihinal na ari-arian bilang pamalit para sa ari-ariang iyon. Ang saklaw at dami ng benepisyong ipinagkakaloob sa isang may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng paglipat ng halaga sa batayang taon ng ari-arian alinsunod sa talataang ito ay hindi dapat humigit sa saklaw at dami ng benepisyong ipinagkakaloob sa isang may-ari ng ari-arian sa pamamagitan ng paglipat ng halaga sa batayan taon ng ari-arian alinsunod sa subdibisyon (a). Para sa mga layunin ng talataang ito, ang "apektadong lokal na ahensiya" ay nangangahulugang alinmang lunsod, espesyal na distrito, distrito ng paaralan o distrito ng kolehiyo ng komunidad na tumatanggap ng isang taunang paglalaan ng mga kita sa alinsunod sa halaga na buwis sa ari-arian. Ang talataang ito ay ~~dapat gamitin~~ *ginagamit* sa anumang maihahambing na pamalit na ari-arian na kinuha o bagong tayo bilang isang pamalit na ari-arian na napinsala o nasira nang malaki ng isang kalamidad, gaya ng idineklara ng Gobernador, nangyari noong Oktubre 20, 1991 o pagkaraan, at sa pagpapasiya ng mga halaga sa batayang taon para sa taon ng pananalapi na 1991–92 at mga taon ng pananalapi pagkaraan.

(f) Para sa mga layunin ng subdibisyon (e):

(1) Ang ari-arian ay napinsala o nasira nang malaki kung ito ay tumanggap ng pisikal na pinsala na umaabot ng higit sa 50 porsiyento ng halaga nito bago ang kalamidad. Kabilang sa pinsala ang pagliit ng halaga ng ari-arian bilang resulta ng tinakdaang paggamit na dulot ng kalamidad.

(2) Ang pamalit na ari-arian ay maihahambing sa ari-arian na napinsala o nasira nang malaki kung ito ay may sukat, utilidad, at pagganap na kapareho ng ari-arian na pinapalitan nito, at kung ang makatarungang halaga sa pamilihan ng kinuhang ari-arian ay maihahambing sa makatarungang halaga sa pamilihan ng pinalitang ari-arian bago ang kalamidad.

(g) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), ang mga katawagang "binili" at "pagbabago ng may-ari" ay hindi kabilang ang pagbili o paglipat ng tunay na ari-arian sa pagitan ng mga asawa mula noong Marso 1, 1975, kabilang ang, pero hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Ang mga paglipat sa isang katiwala para sa kapaki-pakinabang na paggamit ng isang asawa, o ng naiwang asawa ng isang namatay o naglipat, o sa pamamagitan ng isang katiwala ng naturang ipinagkakatiwala sa asawa ng nagtiwala.

(2) Mga paglipat sa isang asawa na nagkakabisa sa pagkamatay ng isang asawa.

(3) Mga paglipat sa isang asawa o dating asawa na may kaugnayan sa isang kasunduan sa pakikipag-ayos sa ari-arian o utos na pagbuwag ng isang kasal o legal na paghihiwalay.

(4) Ang paglikha, paglipat, o pagtatapos, sa pagitan lamang ng mga mag-asawa, ng anumang interes ng kasamang may-ari.

(5) Ang pamamahagi ng ari-arian ng isang legal na entidad sa isang asawa o dating asawa bilang kapalit ng interes ng asawa sa legal na entidad na may kaugnayan sa kasunduan sa pakikipag-ayos sa ari-arian o isang utos na pagbuwag ng isang kasal o legal na paghihiwalay.

(h) (1) Para sa mga layunin ng subdibisyon (a), sa mga katawagang "binili" at "pagpapalit ng may-ari" ay hindi kabilang ang pagbili o paglipat ng pangunahing tirahan ng naglipat sa kaso ng isang pagbili o paglipat sa pagitan ng mga magulang at ng kanilang mga anak, gaya ng nilinaw ng Lehislatura, at ng pagbili o paglipat ng unang isang milyong dolyar ($1,000,000) ng buong halaga sa pera ng lahat ng ibang tunay na ari-arian sa pagitan ng mga magulang at ng kanilang mga anak, gaya ng nilinaw ng Lehislatura. Ang subdibisyong ito ay ~~dapat gamitin~~ *ginagamit* sa parehong boluntaryong paglipat at mga paglipat na ibinunga ng utos ng hukuman o pasiyang panghukuman.

(2) (A) Napapailalim sa subtalataan (B), nagsisimula sa mga pagbili o paglipat na nangyari sa o pagkaraan ng petsa na ang panukalang-batas na nagdaragdag sa talataang ito ay magkakabisa, ang di-pagsasamang itinatag ng talataan (1) ay ginagamit din sa isang pagbili o paglipat ng tunay na ari-arian sa pagitan ng mga lolo o lola at sa kanilang apo o mga apo, gaya ng nilinaw ng Lehislatura, na sa ibang paraan ay kuwalipikado sa ilalim ng talataan (1), kung ang lahat ng mga magulang ng apo o mga apong iyon, na kuwalipikado bilang mga anak ng mga lolo o lola, ay namatay sa petsa ng pagbili o paglipat.

(B) Ang isang pagbili o paglipat ng isang pangunahing tirahan ay hindi dapat pigilang mapasama alinsunod sa subtalataan (A) kung ang nilipatang apo o mga apo ay tumanggap din ng

isang pangunahing tirahan, o interes dito, sa pamamagitan ng ibang pagbili o paglipat na maaaring hindi isama alinsunod sa talataan (1). Ang buong halaga sa pera ng anumang tunay na ari-arian, na iba sa isang pangunahing tirahan, na inilipat sa apo o mga apo alinsunod sa isang pagbili o paglipat na maaaring hindi isama alinsunod sa talataan (1), at ang buong halaga sa pera ng isang pangunahing tirahan na hindi naging kuwalipikado para sa di-pagsasama bilang resulta ng naunang pangungusap, ay dapat isama sa paggamit, para sa mga layunin ng subtalataan (A), ang ~~isang milyong dolyar~~ *isang-milyong dolyar* ($1,000,000) na limitasyon sa buong halaga sa pera na tinukoy sa talataan (1).

(i) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng seksiyong ito, ang Lehislatura ay dapat magtadhana ng nauukol sa isang kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, gaya ng nilinaw sa talataan (2), na alinman, pero hindi pareho, ng sumusunod ay ~~dapat~~ gamitin:

(A) (i) Napapailalim sa limitasyon ng sugnay (ii), ang halaga sa batayang taon ng kuwalipikadong kontamindaong ari-arian, na iniaakma gaya ng inawtorisa ng subdibisyon (b), ay maaaring ilipat sa isang pamalit na ari-arian na kinuha o bagong tayo bilang isang pamalit para sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian, kung ang pamalit na tunay na ari-arian ay may makatarungang halaga sa pamilihan na kapantay ng o mas mababa sa makatarungang halaga sa pamilihan ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian kung ang ari-arian ay hindi kontaminado at, maliban kung iba ang itinatadhana ng sugnay na ito, ay matatagpuan sa loob ng kaparehong county. Ang halaga sa batayang taon ng kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay maaaring ilipat sa isang pamalit na tunay na ari-arian na matatagpuan sa loob ng ibang county kung ang lupon ng mga superbisor ng ibang county na iyon, pagkatapos sumangguni sa mga apektadong lokal na ahensiya sa loob ng county, ay nagpatibay ng isang resolusyon na nag-aawtorisa ng paglipat sa ibang county ng halaga sa batayang taon na inilarawan.

(ii) Ang subtalataang ito ay gagamitin lamang sa pamalit na ari-arian na kinuha o bagong tayo sa loob ng limang taon pagkatapos na ang pag-aari sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay ipinagbili o inilipat.

(B) Sa kaso kung saan ang muling pamamagitan sa mga problemang pangkapaligiran sa kuwalipikadong kontaminadong ari-arian ay nangangailangan ng pagsira ng, o nagbunga ng malaking pinsala sa, isang istrukturang matatagpuan sa ari-ariang iyon, sa katawagang "bagong konstruksiyon" ay hindi kabilang ang pagkukumpuni ng isang istruktura na napinsala nang malaki, o sa konstruksiyon ng isang istrukturang nagpapalit sa isang nasirang istruktura sa kuwalipikadong kontaminadong ariarian, ginawa pagkatapos ng muling pamamagitan sa mga problemang pangkapaligiran sa ari-ariang iyon, sa kondisyon na ang kinumpuni o pamalit na istruktura ay may sukat, utilidad, at pagganap na katulad ng orihinal na istruktura.

(2) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang "kuwalipikadong kontaminadong ari-arian" ay nangangahulugang tunay na ari-arian na pantahanan o hindi pantahanan na lahat ng mga sumusunod:

(A) Sa kaso ng pantahanang tunay na ari-arian, na hindi na matirahan, at sa kaso ng hindi pantahanan na tunay na ari-arian, na hindi na magagamit, bilang resulta ng alinman sa mga problemang pangkapaligiran, may katangian na at kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkakaroon ng nakalalason o mapanganib na materyal, o ang muling pamamagitan sa mga problemang iyon na pangkapaligiran, maliban kung ang pagkakaroon ng mga problemang pangkapaligiran ay alam ng may-ari, o ng isang kaugnay na indibidwal o entidad gaya ng inilarawan sa talataan (3), sa panahon na ang tunay na ari-arian ay kinuha o ginawa. Para sa mga layunin ng subtalataang ito, ang pantahanang tunay na ari-arian ay "hindi matitirahan" kung ang ari-ariang iyon, bilang resulta ng mga panganib sa kalusugan na dulot ng o kaugnay ng mga problemang pangkalusugan, ay hindi angkop para tirahan ng tao, at ang hindi pantahanang tunay na ari-arian ay "hindi magagamit" kung ang ari-ariang iyon, bilang resulta ng mga panganib na dulot o kaugnay ng mga problemang pangkalusugan, ay hindi malusog at hindi angkop na tirahan.

(B) Matatagpuan sa isang lugar na itinalaga bilang nakalalason o panganib sa kapaligiran o bilang lugar ng paglilinis na pangkapaligiran ng isang ahensiya ng Estado ng California o ng pederal na pamahalaan.

(C) Ang tunay na ari-arian na nagtataglay ng isang istruktura o mga istruktura doon bago ang pagkumpleto ng mga aktibidad na paglilinis ng kapaligiran, at ang istruktura o mga istrukturang iyon ay napinsala o nasira nang malaki bilang resulta ng mga aktibidad na iyon na paglilinis ng kapaligiran.

(D) Itinadhana ng pangunahing ahensiya ng pamahalaan, na nauukol sa mga problemang pangkapaligiran o paglilinis ng kapaligiran ng tunay na ari-arian, na hindi pa nagagawang hindi matitirahan o hindi magagamit, gaya ng angkop, gaya ng inilarawan sa subtalataan (A), ng anumang pagkilos o hindi pagkilos kung saan ang isang may-ari ng tunay na ari-arian na iyon ay lumahok o sumang-ayon.

(3) Dapat na ipalagay na ang isang may-ari ng tunay na ari-arian na lumahok o sumang-ayon sa anumang pagkilos o hindi pagkilos na ginawa sa tunay na ari-arian na ginawang hindi matitirahan o hindi magagamit, gaya ng angkop, kung ang may-aring iyon ay may kaugnayan sa sinumang indibiwal o entidad na gumawa ng pagkilos o hindi pagkilos sa alinman ng mga sumusunod na paraan:

(A) Isang asawa, magulang, anak, lolo o lola, apo, o kapatid ng indibidwal na iyon.

(B) Isang punong negosyo, sangay, o kasapi ng entidad na iyon.

(C) Isang may-ari ng, o may kontrol sa, entidad na iyon.

(D) Pag-aari o kontrolado ng entidad na iyon.

Kung ang pagpapalagay na ito ay hindi madaig, ang may-ari ay hindi dapat tumanggap ng kaluwagang itinatadhana sa subtalataan (A) o (B) ng talataan (1). Ang pagpapalagay ay maaaring madaig sa pamamagitan ng paghaharap ng kasiya-siyang ebidensiya sa tagatasa, na hindi dapat sumailalim sa mga pagpapasiya ng pangunahing ahensiya ng pamahalaan sa pagpapasiya kung ang pagpapalagay ay natalo.

(4) Ang subdibisyong ito ay gagamitin lamang sa pamalit na ari-arian na kinuha o itinayo sa o pagkaraan ng Enero 1, 1995, at walang mga pagkukumpuni ng ari-arian na ginawa sa o pagkaraan ng petsang iyon.

(j) Maliban kung partikular na itinatadhana sa ibang paraan, ang mga susog sa seksiyong ito na pinagtibay bago sumapit ang Nobyembre 1, 1988, ~~ay dapat na~~ *ay* magkakabisa para sa mga pagbabago sa pag-aari na nangyari, at ang bagong konstruksiyon na nakumpleto, pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng susog. Maliban kung partikular na itinatadhana sa ibang paraan, ang mga susog sa seksiyong ito na pinagtibay pagkaraan ng Nobyembre 1, 1988, ~~ay dapat na~~ *ay* magkakabisa para sa mga pagbabago sa pag-aari na nangyari, at ang bagong konstruksiyon na nakumpleto, sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng susog.

PROPOSISYON 14

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Susog 4 ng Senado sa Saligang-batas ng Regular na Sesyon ng 2009–2010 (Kabanata 2 ng Resolusyon, Mga Batas ng 2009) ay malinaw na nagsususog sa Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagsusog sa isang seksiyon nito; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhana na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italiko* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Una—Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas na Nangungunang Dalawang Kandidato sa Bukas na Primarya."

Ikalawa—Napag-alaman at ipinahahayag ng mga Tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

(a) Layunin. Ang Batas na Nangungunang Dalawang Kandidato sa Bukas na Primarya sa pamamagitan nito ay pinagtitibay ng mga Tao ng California upang protektahan at pangalagaan ang karapatan ng bawat taga-California na bumoto para sa kandidatong gusto niya. Ang batas na ito, kasama ng batas na pinagtibay ng Lehislatura upang ipatupad ang batas na ito, ay naglalayong ipatupad ang isang sistema ng bukas na primarya sa California gaya ng nakalagay sa ibaba.

(b) Nangungunang Dalawang Kandidato sa Bukas na Primarya. Lahat ng mga nakarehistrong botante na sa ibang paraan ay kuwalipikadong bumoto ay dapat garantiyahan ng walang-takdang karapatan na bumoto para sa kandidatong gusto nila sa lahat ng mga pang-estado at pangkongresong halalan. Lahat ng mga kandidato para sa isang pang-estado o pangkongresong katungkulan ay dapat ilista sa iisang primaryang balota. Ang nangungunang dalawang kandidato, gaya ng ipinasiya ng mga botante sa isang bukas na primarya, ay dapat sumulong sa isang pangkalahatang halalan kung saan ang nanalo ay dapat na ang kandidatong tumanggap ng pinakamalaking bilang ng mga botang ipinatala sa isang bukas na pangkalahatang halalan.

(c) Bukas na Pagpaparehistro ng Botante. Sa panahon na magparehistro sila, ang lahat ng mga botante ay dapat magkaroon ng kalayaang pumili kung isisiwalat o hindi ang kanilang kinakatigang partido. Walang botante na dapat pagkaitan ng karapatang bumoto para sa kandidato na pinili niya sa alinman sa isang primarya o pangkalahatang halalan para sa pambuong-estadong katungkulan na ayon sa saligang-batas, sa Lehislatura ng Estado, o sa Kongreso ng Estados Unidos batay sa kanyang pagsisiwalat o hindi pagsisiwalat ng kinakatigang partido. Ang mga kasalukuyang pagpaparehistro ng botante, na tumutukoy sa kinasasapiang partidong pamulitika, ay dapat ituring na nagsiwalat ng partidong iyon bilang kinakatigang partidong pampulitika ng botante maliban kung ang isang bagong apidabit ng pagpaparehistro ay iniharap.

(d) Pagsisiwalat ng Bukas na Kandidato. Sa panahon na nagharap sila ng kandidatura para sa pampublikong katungkulan, lahat ng mga kandidato ay dapat makapili na magpahayag ng kinakatigang partido. Ang kinakatigang pinili ay dapat magsama ng pangalan ng kandidato sa pareho ng mga balota ng primarya at pangkalahatang halalan. Walang pangalan ng mga kandidato na pumiling hindi magpahayag ng kinakatigang partido na dapat samahan ng pagtatalagang "Walang Kinakatigang Partido" sa pareho ng mga balota ng primarya at pangkalahatang halalan. Ang pagpili ng isang kinakatigang partido ng isang kandidato para sa isang pang-estado o pangkongresong katungkulan ay hindi dapat bumuo o magpahiwatig ng pagrekomenda ng kandidato ng partidong itinalaga, at walang kandidato para sa katungkulang iyon na dapat ituring na opisyal na kandidato ng alinmang partido dahil sa pagpili sa kanya sa primarya.

(e) Kalayaan ng mga Partidong Pampulitika. Wala sa batas na ito na dapat maglagay ng takda sa karapatan ng mga indibidwal na sumali o mag-organisa ng mga partidong pampulitika o maglagay ng takda sa anumang paraan sa karapatan ng pribadong kapisanan ng mga partidong pampulitika. Wala sa panukalang-batas na ito na dapat maglagay ng takda sa karapatan ng mga partido na mag-ambag, magrekomenda, o sumuporta sa isang kandidato para sa pang-estadong inihalalal o pangkongresong katungkulan. Ang mga partidong pampulitika ay maaaring magtatag ng mga naturang pamamaraan na nakikita nilang angkop na irekomenda o suportahan o lumahok sa lahat ng mga halalan, at sila ay maaaring di-pormal na "magmungkahi" ng mga kandidato sa isang kombensiyon ng partido o sa anumang ayon sa batas na mekanismo na pipiliin nila, iba sa mga primaryang halalan na isinasagawa ng estado. Ang mga partidong pampulitika ay maaari ring magpatibay ng mga gayong tuntunin na nakikita nilang angkop para sa pagpili ng mga opisyal ng partido (kabilang ang mga miyembro ng komite sentral, mga pampanguluhang manghahalal, at mga opisyal ng partido). Maaaring kabilang dito ang paglalagay ng takda sa paglahok sa mga halalan para sa mga opisyal ng partido sa mga nagsisiwalat ng kinakatigang partido para sa partidong iyon sa panahon ng pagpaparehistro.

(f) Mga Pampanguluhang Primarya. Ang batas na ito ay walang ginagawang pagbabago sa kasalukuyang batas dahil ito ay nauukol sa mga pampanguluhang primarya. Ang batas na ito ay umaayon sa mga pasiya ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa Estado ng Washington State Grange v. Washington State Republican Party (2008) 128 S.Ct. 1184. Ang bawat partidong pampulitika ay nagpapanatili ng karapatan na sarhan ang mga pampanguluhang primarya nito sa mga botanteng nagsiwalat ng kanilang kinakatigang partido para sa partidong iyon sa panahon ng pagpaparehistro o buksan ang pampanguluhang primarya nito upang isama ang mga botante na nagparehistro nang hindi isiniwalat ang kinakatigang partidong pampulitika.

Ikatlo—Na ang Seksiyon 5 ng Artikulo II ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 5. (a) *Ang isang pagmungkahi-ng-botante na primaryang halalan ay dapat isagawa upang piliin ang mga kandidato para sa mga pangkongreso at pang-estadong inihahalal na katungkulan sa California. Lahat ng mga botante sa isang pagmungkahi-ng-botante na primaryang halalan para sa sinumang kandidato para sa pangkongreso at pang-estadong inihahalal na katungkulan nang hindi isinasaalang-alang ang kinakatigang partidong pampulitika na isiniwalat ng kandidato o ng botante, sa kondisyon na ang botante ay kuwalipikadong bumoto para sa mga kandidato para sa katungkulang tinukoy. Ang mga kandidato na nangungunang dalawa sa pagkuha ng boto sa isang iminungkahi-ng-botante na primaryang halalan para sa isang pangkongreso o pang-estadong inihahalal na katungkulan ay dapat, anuman ang kinakatigang partido, na makipagtagisan sa darating na pangkalahatang halalan.*

(b) Maliban kung iba ang itinatadhana ng Seksiyon 6, ang isang kandidato para sa isang pangkongreso o pang-estadong inihahalal na katungkulan ay maaaring magpabatid ng kanyang kinakatigang partidong pampulitika, o ng kawalan ng kinakatigang partidong pampulitika, sa balota para sa katungkulan sa paraang itinatadhana ng batas. Ang isang partidong pampulitika o komite sentral ng partido ay hindi dapat magmungkahi ng isang kandidato para sa alinmang pangkongreso o pang-estadong inihahalal

na katungkulan sa iminungkahi-ng-botante na primarya. Ang subdibisyong ito ay hindi dapat bigyang-kahulugan na nagbabawal sa isang partidong pampulitika o komite sentral ng partido na gawin ang pagrekomenda, pagsuporta, o pagsalungat sa sinumang kandidato para sa isang pangkongreso o pang-estadong inihahalal na katungkulan. Ang isang partidong pampulitika o komite sentral ng partido ay hindi dapat magkaroon ng karapatan na palahukin ang kinakatigang kandidato nito sa pangkalahatang halalan para sa isang iminungkahi-ng-botante na katungkulan na iba sa isang kandidato na isa sa dalawang pinakamarami ang nakuhang boto sa primaryang halalan, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (a).

(c) Ang Lehislatura ay dapat magtadhana para sa mga ~~primaryang~~ *partidistang* halalan para sa mga ~~partidistang katungkulan~~ *mga pampangulang kandidato, at partidong pampulitika at mga komite sentral ng partido*, kabilang ang isang bukas na pampanguluhang primarya kung saan ang mga kandidato sa balota ay ang mga napag-alaman ng Sekretaryo na Estado na mga kinikilalang kandidato sa buong bansa o sa buong California para sa katungkulan ng Presidente ng Estados Unidos, at iyong ang mga pangalan ay inilalagay sa balota sa pamamagitan ng petisyon, pero hindi kasama ang sinumang kandidato na umurong sa pamamagitan ng paghaharap ng apidabit ng hindi pagkandidato.

~~(b)~~

(d) Ang isang partidong pampulitika na lumahok sa isang primaryang halalan para sa isang partidistang katungkulan *alinsunod sa subdibisyon (c)* ay may karapatang lumahok sa pangkalahatang halalan para sa katungkulang iyon at hindi dapat pagkaitan na kakayahan na ilagay sa balota ng pangkalahatang halalan ang kandidatong nakatanggap, sa primaryang halalan, ng pinakamaraming boto mula sa mga kandidato ng partido.

Ikaapat—Na ang Seksiyon 6 ng Artikulo II ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 6. (a) Lahat ng mga katungkulan sa hukuman, paaralan, county, at lunsod, *kabilang ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo,* ay dapat na di-partidista.

(b) ~~Walang~~ *Ang isang* partidong pampulitika o komite sentral ng partido ay ~~maaaring magrekomenda, sumuporta, o sumalungat~~ *hindi dapat magmungkahi ng isang kandidato para sa hindi partidistang katungkulan, at ang kinakatigang partido ng kandidato ay hindi dapat isama sa balota para sa hindi partidistang katungkulan.*

Ikalima—Ang panukalang-batas na ito ay dapat magkabisa sa Enero 1, 2011.

PROPOSISYON 15

Ang batas na ito ay iminumungkahi ng Panukalang-batas ng Asembleya 583 (Mga Batas ng 2008, Kabanata 735) at inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, Seksiyon 10 ng Saligang-batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagsususog sa mga seksiyon ng Kodigo sa mga Halalan; nagdaragdag at nagpapawalang-bisa sa mga seksiyon ng Kodigo ng Pamahalaan; at nagdaragdag at nagpapawalang-bisa sa mga seksiyon ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis; dahil dito, ang mga tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italiko* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON. 1. Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksiyon 20600) ay idinaragdag sa Dibisyon 20 ng Kodigo sa mga Halalan, upang mabasang:

KABANATA 7. PONDO NG MGA WALANG-KINIKILINGANG HALALAN

20600. (a) Ang bawat kompanyang naglolobi, gaya ng nilinaw ng Seksiyon 82038.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ang bawat tagalobi, gaya ng nilinaw ng Seksiyon 82039 ng Kodigo ng Pamahalaan, at bawat tagapag-empleyo ng tagalobi, gaya ng nilinaw ng Seksiyon 82039.5 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay dapat magbayad sa Sekretaryo ng Estado ng hindi maisasauling bayad na pitong daang dolyar ($700) tuwing dalawang taon. Dalawampu't-limang dolyar ($25) ng bawat bayad mula sa bawat tagalobi ay dapat ideposito sa Pangkalahatang Pondo at gamitin, kapag inilaan, para sa mga layunin ng Artikulo 1 (nagsisimula sa Seksiyon 86100) ng Kabanata 6 ng Titulo 9 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang natitirang halaga ng bawat bayad ay dapat ideposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na itinatag alinsunod sa Seksiyon 91133 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bayad sa seksiyong ito ay maaaring bayaran sa mga taon na pares ang numero kapag ang mga pagpaparehistro ay binigyan ng panibagong bisa alinsunod sa Seksiyon 86106 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(b) Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat na mag-akma minsan sa dalawang taon ng halaga ng mga bayad na nasingil alinsunod sa seksiyong ito upang magpakita ng anumang pagtaas o pagbaba sa Indise ng Presyo ng Mamimili.

SEK. 2. Seksiyon 85300 Kodigo ng Pamahalaan ay pinawawalang-bisa.

~~85300. Walang pampublikong opisyal na dapat gumasta at walang kandidato na dapat tumanggap ng anumang pera ng publiko para sa layunin ng paghahangad ng inihahalal na katungkulan.~~

SEK. 3. Seksiyon 86102 Kodigo ng Pamahalaan ay pinawawalang-bisa.

~~86102. Ang bawat kompanyang naglolobi at tagapag-empleyo ng tagalobi na inaatasang magharap ng isang pahayag ng pagpaparehistro sa ilalim ng kabanatang ito ay maaaring singilin ng hindi hihigit sa dalawampu't-limang dolyar ($25) kada taon para sa bawat tagalobing inaatasang ilista sa pahayag ng pagpaparehistro.~~

SEK. 4. Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 91015) ay idinaragdag sa Titulo 9 ng Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

KABANATA 12. BATAS NG 2008 SA MGA WALANG-KINIKILINGANG HALALAN NG CALIFORNIA

Artikulo 1. Pangkalahatan

91015. Ang batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas ng 2008 sa Mga Walang-kinikilingang Halalan ng California.

91017. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng California ang mga sumusunod:

(a) Ang kasalukuyang sistema sa pagtustos ng kampanya ay pinagpapasan ang mga kandidato ng walang tigil na hirap sa paglikom ng pondo at dahil dito ay nagbabawas sa panahong magagamit upang isakatuparan ang kanilang mga responsibilidad sa publiko.

(b) Ang kasalukuyang sistema ng pagtustos sa kampanya ay nagpapaliit sa mga karapatan sa malayang pagsasalita ng mga botanteng hindi mayaman at mga kandidatong ang mga tinig ay nalulunod ng mga may kakayahang magmonopolisa ng arena ng mga binabayarang komunikasyong pampulitika.

(c) Ang kasalukuyang sistema ng pagtustos ng kampanya ay gumagatong sa pagkaunawa ng publiko sa katiwalian sa

pinakamasama at salungatan ng interes sa pinakamabuti at pinahihina ang tiwala ng publiko sa demokratikong proseso at mga demokratikong institusyon.

(d) Ang mga kasalukuyang limitasyon sa panahon ng panunungkulan ay naglalagay ng mas malaking pangangailangan ng paglikom ng pondo para sa susunod na halalan kahit na para sa mga inihalal na opisyal na nasa mga ligtas na puwesto.

(e) Ang kasalukuyang sistema ng pagtustos sa kampanya ay sumisira sa karapatan sa Unang Susog ng mga botante at kandidato na marinig sa prosesong pampulitika, sinisira ang karapatan sa Unang Susog ng mga botante na marinig ang lahat ng mga talumpati ng mga kandidato, at sinisira ang pangunahing prinsipyo ng Unang Susog na bukas at masiglang talakayan sa prosesong pampulitika.

(f) Gusto ng mga mamamayan na tiyakin ang integridad ng sistema ng California ng pag-uulat na gumagamit ng elektroniko ng mga kontribusyon ng tagalobi at ang integridad ng mga Sekretaryo ng Estado sa hinaharap upang pangasiwaan ang mga programa ng pagsisiwalat ng tagalobi. Gusto ng mga botante ng pagkakataong maghalal ng isang Sekretaryo ng Estado na hindi tumanggap ng anumang mga kontribusyon mula sa mga entidad o indibidwal na gumagamit ng mga tagalobi.

(g) Sa mga estado kung saan ang mga batas sa pagtustos ng publiko sa mga walang-kinikilingang halalan ay pinagtibay at ginamit, ang mga resulta ng halalan ay nagpapakita na mas maraming indibidwal, lalo na ang mga babae at minoriya, na tumatakbo bilang mga kandidato at ang paglaki ng kabuuang mga gastos sa kampanya ay nababawasan.

91019. Ang mga tao ay nagpapatibay ng kabanatang ito upang itatag ang isang pagsubok na programa ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa mga kampanya para sa katungkulan ng Sekretaryo ng Estado upang makamit ang mga sumusunod na layunin:

(a) Upang bawasan ang pakiramdam ng impluwensiya ng malalaking kontribusyon sa mga desisyong ginagawa ng pamahalaan ng estado.

(b) Upang tanggalin ang kayamanan bilang pangunahing dahilan na nakakaapekto sa kung ang isang indibidwal ay pipiling maging kandidato.

(c) Upang magkaloob ng mas malaking pagkakaiba-iba ng mga kandidato upang lumahok sa proseso ng paghalal.

(d) Upang pahintulutan ang mga kandidato na pagsikapan ang mga isyu sa patakaran sa halip ng pagiging okupado sa paglikom ng pondo at pahintulutan ang mga humahawak ng katungkulan na isakatuparan ang kanilang mga opisyal na tungkulin.

(e) Upang bawasan ang panganib ng aktuwal na katiwalian o ang pakiramdam ng publiko ng katiwalian at palakasin ang tiwala ng publiko sa mga proseso ng pamahalaan at halalan.

(f) Upang bawasan ang pakiramdam ng impluwensiya ng mga tagapag-empleyo ng tagalobi sa mga Sekretaryo ng Estado sa hinaharap at sa kanilang pangangasiwa ng programang pagsisiwalat ng tagalobi.

(g) Upang protektahan ang interes ng publiko sa pananalapi sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga sapat na kakayahan upang gawin ang programang pagtustos na isang maaaring mapili para sa mga kuwalipikadong kandidato, habang hindi nag-aaksaya ng mga kakayahan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga kandidato ng isang hindi kailangang malaking unang gawad ng mga pondo ng publiko.

91021. Pagtitibayin ng mga tao ang kabanatang ito upang higit na makamit ang mga sumusunod na layunin:

(a) Upang itaguyod ang mas pantay at makabuluhang paglahok sa prosesong pampulitika.

(b) Upang magkaloob sa mga kandidatong lumahok sa programa ng sapat na kakayahan upang makipag-ugnayan sa mga botante.

(c) Upang itaas ang pananagutan ng Sekretaryo ng Estado sa mga manghahalal na naghalal sa kanya.

(d) Upang magkaloob sa mga botante ng napapanahong impormasyon tungkol sa mga pinagkukunan ng mga kontribusyon sa kampanya, mga paggasta, at anunsiyong pampulitika.

Artikulo 2. Pagiging Angkop sa Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika

91023. Maliban kung partikular na pinawalang-bisa ng batas na ito, ang mga pagpapakahulugan at tadhana ng Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika ay dapat mamahala sa pagbibigay-kahulugan ng kabanatang ito.

Artikulo 3. Mga Pagpapakahulugan

91024. "Direksiyon" ay nangangahulugang ang direksiyong pangkoreo gaya ng itinatadhana sa pormularyo ng pagpaparehistro ng botante.

91025. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang "kandidato" ay nangangahulugang, maliban kung iba ang ipinahayag, isang kandidato para Sekretaryo ng Estado.

91027. Ang isang "pinag-ugnay na paggasta" ay nangangahulugang isang pagbabayad na ginawa para sa layunin na impluwensiyahan ang resulta ng isang halalan para Sekretaryo ng Esado na ginagawa sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan:

(a) Sa pamamagitan ng isang tao sa pakikipagtulungan, pagsangguni, o kasama ng, sa kahilingan o pagmungkahi ng, o alinsunod sa isang partikular na pakikipagkasundo sa isang kandidato, isang komiteng kinokontrol ng kandidato, o isang ahenteng umaakto sa ngalan ng isang kandidato o isang kinokontrol na komite.

(b) Sa pamamagitan ng isang tao para sa pagpapalaganap, pamamahagi, o muling paglalathala, nang buo o bahagi, ng alinmang isinasahimpapawid o anumang nakasulat, nakalarawan, o ibang anyo ng materyal sa kampanya na inihanda ng isang kandidato, isang komiteng kinokontrol ng kandidato, o isang ahente ng isang kandidato o isang kinokontrol na komite.

(c) Batay sa partikular na impormasyon tungkol sa mga plano, proyekto, o pangangailangan ng kandidato na ipinagkakaloob sa taong gumagawa ng pagbabayad ng kandidato o ahente ng kandidato na nagkakaloob ng impormasyon na naglalayong magawa ang pagbabayad.

(d) Sa pamamagitan ng isang tao kung, sa kaparehong primarya at pangkalahatang halalan kung saan ang pagbabayad ay ginagawa, ang taong gumawa ng pagbabayad ay naglilingkod o naglingkod bilang isang miyembro, empleyado, tagalikom ng pondo, o ahente ng kinokontrol na komite ng kandidato na nasa isang katungkulan na nagpapaganap o gumagawa ng patakaran.

(e) Sa pamamagitan ng isang tao kung ang taong gumagawa ng pagbabayad ay naglingkod sa alinmang pormal na patakaran o nagpapayong katungkulan sa kampanya ng kandidato o lumahok sa mga talakayan sa istratehiya o paggawa ng patakaran sa kampanya ng kandidato na may kaugnayan sa pagsisikap ng kandidato na imungkahi para sa halalan, o halalan, sa katungkulan ng Sekretarya ng Estado sa kaparehong primarya at pangkalahatang halalan gaya ng primarya at pangkalahatang halalan kung saan ginagawa ang pagbabayad..

(f) Sa pamamagitan ng isang tao kung ang taong gumagawa ng pagbabayad ay nagpapanatili ng mga propesyonal na serbisyo ng isang indibidwal o tao na, sa isang hindi ministeryal na

kapasidad, ay nagkaloob o nagkakaloob ng mga serbisyong may kaugnayan sa kampanya sa kaparehong halalan sa isang kadidato na naghahangad ng katulad na pagmungkahi o paghalal gaya ng sinuman sa mga kandidato na tinutukoy ng komunikasyon.

91028. "Mabibisang paggasta" para sa isang hindi kalahok na kandidato ay nangangahulugang ang halagang ginasta at anumang independiyetneng paggasta sa kampanya na naglalayong makatulong na ihalal ang kandidato hindi kasama ang anumang paggastang itinuturing na isang independiyenteng paggasta sa kampanya na naglalayong talunin ang kandidato. Para sa isang kalahok na kandidato, ito ay nangangahulugang ang halaga ng pagpopondo sa Mga Walang-kinikilingang Halalan na natanggap ng kandidato at anumang independiyenteng paggasta sa kampanya na naglalayong makatulong na ihalal ang kandidato hindi kasama ang anumang paggasta na itinuturing na isang independiyenteng paggasta sa kampanya na naglalayong talunin ang kandidato.

91029. "Entidad" ay nangangahulugang sinumang tao na iba sa isang indibidwal.

91031. "Sobrang halaga sa paggasta" ay nangangahulugang ang halaga ng mga pondong ginasta o inubligang gastahin ng isang hindi kalahok na kandidato na sobra sa halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-Kinikilingang Halalan na makukuha ng isang kalahok na kandidato na tumatakbo para sa katulad na katungkulan.

91033. "Panahon ng pagsubok" ay nangangahulugang ang panahon na nagsisimula 18 buwan bago ang primaryang halalan at matatapos sa huling araw ng nag-aangkop na panahon. Ang panahon ng pagsubok ay nagsisimula bago ang, pero umaabot sa katapusan ng, nag-aangkop na panahon.

91035. "Panahon ng kampanya ng pangkalahatang halalan" ay nangangahulugang ang panahon na nagsisimula sa araw pagkatapos ng primaryang halalan at matatapos sa araw ng pangkalahatang halalan.

91037. "Independiyenteng kandidato" ay nangangahulugang isang kandidato na hindi kumakatawan sa isang partidong pampulitika na ginawaran ng katayuan ng balota para sa pangkalahatang halalan at naging kuwalipikado, o naghahangad na maging kuwalipikado, na mapasama sa balota ng pangkalahatang halalan.

91039. "Independiyenteng paggasta sa kampanya" ay nangangahulugang anumang paggasta ng dalawang libo limang daang dolyar ($2,500) o higit na ginagawa ng isang tao, komite ng partido, komiteng pampulitika o komite sa aksiyong pampulitika, o anumang entidad na inaatasan na magharap ng mga ulat alinsunod sa Seksiyon 84605, sa panahon ng 45 na araw ng kalendaryo bago ang isang primarya o 60 araw ng kalendaryo bago ang isang pangkalahatang halalan, na malinaw na nagtataguyod sa paghalal o pagkatalo ng isang malinaw na tinukoy na kandidato o mga pangalan o naglalarawan ng malinaw na kinikilalang mga kandidato.

91043. "Hindi kalahok na kandidato" ay nangangahulugang isang kandidato na nasa balota pero pumiling hindi mag-aplay para sa pagpopondo sa kampanya ng Mga Walang-kinikilingang Halalan o isang kandidato na nasa balota at nag-aplay pero hindi natugunan ang mga iniaatas para sa pagtanggap ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

91045. "Kuwalipikado-sa-katungkulan na partido" ay nangangahulugang isang partidong pampulitika na ang iminungkahi para gobernador o Sekretaryo ng Estado ay nakatanggap ng 10 porsiyento o higit ng mga bota sa nakaraang halalan.

91046. "Kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato" ay isang kandidatong naghahangad ng pagmungkahi mula sa isang kuwalipikado-sa-katungkulan na partido.

91049. "Kalahok na kandidato" ay nangangahulugang isang kandidato na kuwalipikado para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan. Ang mga kandidatong ito ay karapat-dapat makatanggap ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa panahon ng kampanya sa primarya at pangkalahatang halalan.

91051. "Kandidato ng partido" ay nangangahulugang isang kandidatong kumakatawan sa isang partidong pampulitika na ginawaran ng katayuan ng balota at nagsasagawa ng isang primaryang halalan upang pumili ng iminungkahi nito para sa pangkalahatang halalan.

91053. "Kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato" ay nangangahulgang alinman sa isang kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato o isang kanidato na nagpakita ng malawak na base ng suporta sa pamamagitan ng pagkuha ng doble ng bilang ng mga nag-aangkop na kontribusyon gaya ng iniaatas para sa isang kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato. Ang mga independiyenteng kandidato ay maaaring kuwalipikado para sa pagpopondo bilang mga kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato.

91055. "Nakahandang pondo sa maliliit na gastos" ay nangangahulugang perang nagkakahalaga ng isang daang dolyar ($100) o mas mababa kada araw na kinukuha sa Kard ng Debito ng Mga Walang-kinikilingang Halalan at ginagamit upang bayaran ang mga gastos na hindi humihigit sa dalawampu't-limang dolyar ($25) bawat isa.

91059. "Panahon ng kampanya sa primaryang halalan" ay nangangahulugang ang panahon na nagsisimula 120 araw bago ang primaryang halalan at nagtatapos sa araw ng primaryang halalan.

91061. "Kuwalipikadong kandidato" ay nangangahulugang isang kandidatong naghahangad ng pagmungkahi mula sa isang partido na hindi isang kuwalipikado-sa-katungkulan na partido.

91063. "Nag-aangkop na kontribusyon" ay nangangahulugang isang kontribusyon na limang dolyar ($5) na tinatanggap sa panahon ng itinalagang nag-aangkop na panahon ng isang kandidatong naghahangad na maging karapat-dapat para sa pagpopondo sa kampanya ng Mga Walang-kinikilingang Halalan mula sa isang nakarehistrong botante ng distrito kung saan ang kandidato ay tumatakbo para sa katungkulan.

91065. "Nag-aangkop na panahon" ay nangangahulugang ang panahon kung kailan ang mga kandidato ay pinahihintulutang magtipon ng mga nag-aangkop na kontribusyon upang maging kuwalipikado para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan. Ito ay nagsisimula 270 araw bago ang primaryang halalan at natatapos 90 araw bago ang araw ng primaryang halalan para sa mga kandidato ng partido at nagsisimula anumang araw pagkaraan ng Enero 1 ng taon ng halalan at tumatagal ng 180 araw, pero hindi kailanman matatapos nang lampas sa 90 araw, bago ang pangkalahatang halalan para sa mga kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato na tumatakbo bilang mga independiyenteng kandidato.

91067. "Punlang pera na kontribusyon" ay nangangahulugang isang kontribusyon na hindi hihigit sa isang daang dolyar ($100) na ginawa ng isang nakarehistrong botante ng California sa panahon ng pagsubok.

Kabanata 4. Pagiging Karapat-dapat sa Mga Walang-kinikilingang Halalan

91071. (a) Ang isang kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato ay nagiging kuwalipikado bilang isang kalahok na

kandidato para sa panahon ng kampanya sa primaryang halalan kung ang mga sumusunod na iniaatas ay natugunan:

(1) Ang kandidato ay nagharap ng isang pahayag sa komisyon na ang kandidato ay sumunod at susunod sa lahat ng mga iniaatas ng batas na ito, kabilang ang iniaatas na sa panahon ng pagsubok at sa nag-aangkop na panahon ang kandidato ay hindi tumanggap o gumasta ng mga pribadong kontribusyon mula sa anumang iba sa mga punlang pera na kontribusyon, mga nag-aangkop na kontribusyon, mga pondo sa Mga Walang-kinikilingang Halalan, at mga pondo ng partidong pampulitika gaya ng tinukoy sa Seksiyon 91123.

(2) Ang kandidato ay nakatutugon sa mga sumusunod na iniaatas na nag-aangkop na kontribusyon bago ang pagsasara ng nag-aangkop na panahon:

(A) Ang kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato ay dapat kumulekta ng hindi kukulangin sa 7,500 na nag-aangkop na kontribusyon.

(B) Ang bawat nag-aangkop na kontribusyon ay dapat kilalanin ng isang resibo sa nag-ambag, na may isang kopyang isinusumite ng kandidato sa tagapagrehistro ng mga botante ng county sa county kung saan ang kandidato ay nagharap ng kanyang pahayag ng kandidatura. Ang resibo ay dapat magsama ng pirma ng nag-ambag, nakalimbag na pangalan, at tirahan, ang petsa, at pangalan ng kandidato na ginawan ng kontribusyon. Bilang karagdagan, ang resibo ay dapat magpabatid ng pirma ng nag-ambag na naiintindihan ng nag-ambag na ang layunin ng nag-aangkop na kontribusyon ay tulungan ang kandidato para sa pagpopondo sa kampanya ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, na ang kontribusyon ay ang tanging nag-aangkop na kontribusyon na ibinigay ng nag-ambag sa isang kandidato para sa katungkulang ito, at ang kontribusyon ay ginagawa nang walang pamimilit o pagbabayad.

(C) Ang isang kontribusyon na isinumite bilang isang nag-aangkop na kontribusyon na hindi kabilang ang isang pinirmahan at lubos na kinumpletong resibo ay hindi dapat isama bilang nag-aangkop na kontribusyon.

(D) Lahat ng limang-dolyar ($5) na mga nag-aangkop na kontribusyon, sa anyo man ng pera, tseke, money order na ginawa sa kuwenta ng kampanya ng kandidato, ay dapat ideposito sa kuwenta ng kampanya ng kandidato.

(E) Lahat ng mga pinirmahang resibo ng mga nag-aangkop na kontribusyon ay dapat ipadala sa mga tagapagrehistro ng mga botante ng county sa county kung saan ang kandidato ay nagharap ng kanyang pahayag ng kandidatura at dapat samahan ng isang tseke o ibang nakasulat na instrumento mula sa kuwenta ng kampanya ng kandidato para sa kabuuang halaga ng mga pondo ng nag-aangkop na kontribusyon na natanggap para ideposito sa Pondo ng Mga Walang-Kinikilingang Halalan. Ang pagsumite ay dapat samahan ng isang pinirmahang pahayag mula sa kandidato na nagpapabatid na ang lahat ng impormasyon sa mga resibo ng nag-aangkop na kontribusyon ay kumpleto at tumpak sa abot ng kaalaman ng kandidato at ang halaga ng kalakip na tseke o ibang nakasulat na instrumento ay kapantay ng halaga ng lahat ng limang dolyar ($5) na mga nag-aangkop na kontribusyon na natanggap ng kandidato. Dapat dalhin ng mga tagapagreshisto ng botante ng county ang mga tsekeng ito o ibang mga nakasulat na instrumento sa komisyon.

(b) Ang isang kandidato ay kuwalipikado bilang isang kalahok na kandidato para sa panahon ng kampanya sa pangkalahatang halalan kung ang mga sumusunod na iniaatas ay natugunan:

(1) Ang kandidato ay nakatugon sa lahat ng angkop na iniaatas at nagharap ng pahayag sa komisyon na ang kandidato ay nakatupad at tutupad sa mga iniaatas sa isang kalahok na kandidato gaya ng nakasaad sa batas na ito.

(2) Bilang isang kandidato ng kalahok na partido sa panahon ng kampanya sa primaryang halalan, ang kandidato ay nagkaroon ng pinakamataas na bilang ng mga boto ng mga kandidatong nakipagtagisan sa primaryang halalan mula sa kaukulang partido ng kandidato at, dahil dito, nagwagi ng pagmungkahi ng partido.

91073. (a) Ang isang kuwalipikadong kandidato ay dapat kumulekta ng hindi kukulangin sa kalahati ng bilang ng mga nag-aangkop na kontribusyon gaya ng iniaatas para sa kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato para sa kaparehong katungkulan. Ang isang kuwalipikadong kandidato ay maaaring magpakita ng isang mas malaking base ng suporta sa pamamagitan ng pagkulekta ng doble ng halaga ng mga nag-aangkop na kontribusyon gaya ng iniaatas para sa kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato upang maging isang kuwalipiado-sa-pagganap na kandidato. Ang kandidato ay dapat ding magharap ng pahayag sa komisyon na ang kandidato ay sumunod at susunod sa lahat ng mga iniaatas ng batas na ito.

(b) Ang isang independiyenteng kandidato na hindi tumatakbo sa isang primarya ay maaaring maging kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato sa pamamagitan ng pagkulekta ng doble ng mga nag-aangkop na kontribusyon gaya ng iniaatas ng isang kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato. Ang nag-aangkop na panahon para sa mga naturang kandidato ay dapat magsimula anumang oras pagkaraan ng Enero 1 ng taon ng halalan at dapat tumagal ng 180 araw, maliban sa ito ay dapat matapos nang hindi lalampas sa 90 araw bago ang pangkalahatang halalan. Ang isang independiyenteng kandidato ay dapat magbigay ng paunawa sa komisyon sa loob ng 24 na oras pagkaraan ng araw na ang kandidato ay nagsimula ng pagkulekta ng mga nag-aangkop na kontribusyon. Ang kandidato ay dapat ding magharap ng pahayag sa komisyon na siya ay sumunod at susunod sa lahat ng mga iniaatas ng kabanatang ito.

91075. Sa panahon ng unang halalan na nangyari pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, ang isang kandidato ay maaaring sertipikahan bilang isang kalahok na kandidato, sa kabila ng pagtanggap ng mga kontribusyon o paggawa ng mga paggasta mula sa mga pribadong pondo bago ang petsa ng pagpapatibay na, kung wala ang seksiyong ito, ay mag-aalis ng karapatan ng kandidato bilang isang kalahok na kandidato, sa kondisyon na anumang mga pribadong pondo na tinanggap pero hindi ginasta bago ang petsa ng pagkakabisa ng batas na ito ay nakatutugon sa alinman ng mga sumusunod na pamantayan:

(a) Ibinalik sa nag-ambag.

(b) Pinananatili sa isang nakahiwalay na kuwenta at ginagamit lamang para sa pagreretiro ng isang utang mula sa naunang kampanya.

(c) Isinumite sa komisyon para ideposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

91077. Ang isang kalahok na kandidato na tumanggap ng anumang mga benepisyo sa panahon ng kampanya sa primaryang halalan ay dapat sumunod sa lahat ng mga iniaatas ng batas na ito hanggang sa panahon ng kampanya sa pangkalahatang halalan patuloy mang tumanggap o hindi tumanggap ang kandidato ng mga benepisyo.

91079. (a) Sa mga panahon ng kampanya sa primarya at pangkalahatang halalan, ang isang kalahok na kandidato na boluntaryong lumahok, at naging karapat-dapat, sa mga benepisyo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, ay hindi dapat tumanggap ng mga pribadong kontribusyon mula sa anumang pinagkukunan na iba sa partidong pampulitika ng kandidato na tinukoy sa Seksiyon 91123.

(b) Sa nag-aangkop na panahon at sa mga panahon ng kampanya sa primarya at pangkalahatang halalan, ang isang kalahok na kandidato na boluntaryong sumang-ayon na lumahok, at naging karapat-dapat, sa mga benepisyo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay hindi dapat humingi o tumanggap ng mga kontribusyon para sa sinumang ibang kandidato o para sa alinmang partidong pampulitika o ibang komiteng pampulitika.

(c) Walang tao na dapat gumawa ng kontribusyon sa ngalan ng ibang tao. Ang isang kalahok na kandidato na tumatanggap ng nag-aangkop na kontribusyon o isang punlang perang kontribusyon na hindi mula sa taong nakalista sa resibo na iniaatas na subtalataan (D) ng talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksiyon 91071 ay dapat magbayad sa komisyon ng buong halaga ng hindi tumpak na tinukoy na kontribusyon, bilang karagdagan sa anumang mga parusa.

(d) Sa panahon ng kampanya sa primarya at pangkalahatang halalan, ang isang kalahok na kandidato ay dapat magbayad para sa lahat ng mga paggasta sa kampanya ng kandidato, maliban sa mga paggasta ng inihandang pera sa maliliit na gastos, sa pamamagitan ng isang "Kard ng Debito ng Mga Walang-kinikilingang Halalan" na ipinalabas ng komisyon, gaya ng inawtorisa sa ilalim ng Seksiyon 91137.

(e) Ang mga kalahok na kandidato ay dapat magbigay ng kumpletong mga rekord ng kampanya sa komisyon kapag hiniling. Ang mga kandidato ay dapat makipagtulungan sa anumang pagsusuri o pagsisiyasat ng komisyon, ng Lupon sa Buwis sa Prangkisya, o anumang ahensiya ng pagpapatupad.

91081. (a) Sa panahon ng primaryang halalan at panahon ng pangkalahatang halalan, ang bawat kalahok na kandidato ay dapat magsagawa ng lahat ng mga pinansiyal na aktibidad ng kampanya sa pamamagitan ng iisang kuwenta ng kampanya.

(b) Sa kabila ng Seksiyon 85201, ang isang kalahok na kandidato ay maaaring magpanatili ng isang kuwenta ng kampanya na iba sa kuwenta ng kampanya na inilarawan sa subdibisyon (a) kung ang ibang kuwenta ng kampanya ay para sa layunin na iretiro ang netong natitirang utang na nagawa sa naunang kampanya sa halalan kung saan ang kandidato ay hindi isang kalahok na kandidato.

(c) Ang mga kontribusyon para sa mga layunin ng pagretiro ng isang naunang utang sa kampanya na nakadeposito sa "ibang kuwenta ng kampanya" na inilarawan sa subdibisyon (b) ay hindi dapat ituring na "mga kontribusyon" sa kasalukuyang kampanya ng kandidato. Ang mga kontribusyon ay dapat lamang itaas sa anim na buwan na panahon kasunod ng petsa ng halalan.

91083. (a) Ang mga kalahok na kandidato ay dapat lamang gumamit ng kanilang mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa tuwirang mga layunin ng kampanya.

(b) Ang isang kalahok na kandidato ay hindi dapat gumamit ng mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa alinman ng mga sumusunod:

(1) Mga gastos sa depensang pambatas o mga multa na bunga ng anumang pamamaraan sa pagpapatupad ng batas sa kampanya sa ilalim ng batas na ito.

(2) Mga hindi tuwirang layunin ng kampanya, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

(A) Ang personal na suporta ng kandidato o kabayaran sa kandidato o sa pamilya ng kandidato.

(B) Ang personal na pagharap ng kandidato.

(C) Isang kontribusyon o pautang sa komite sa kampanya o ibang kandidato para sa anumang inihalal na katungkulan o sa isang komite sa partido o ibang komiteng pampulitika.

(D) Isang independiyenteng paggasta sa kampanya.

(E) Isang regalo na higit sa dalawampu't-limang dolyar ($25) kada tao.

(F) Anumang pagbabayad o paglipat na ang pambayad na halaga ay hindi natanggap.

91085. (a) Ang mga personal na pondo na iniambag bilang punlang pera ng isang kandidatong naghahangad na maging karapat-dapat bilang kalahok na kandidato o ng may sapat na gulang na mga miyembro ng pamilya ng kandidato ay hindi dapat humigit sa pinakamataas na isang daang dolyar ($100) kada nag-ambag.

(b) Ang mga personal na pondo ay hindi dapat gamitin upang matugunan ang iniaatas na nag-aangkop na kontribusyon maliban sa isang limang-dolyar ($5) na kontribusyon mula sa kandidato at isang limang-dolyar ($5) na kontribusyon mula sa asawa ng kandidato.

91087. (a) Ang tanging pribadong mga kontribusyon na dapat tanggapin ng kandidatong naghahangad maging karapat-dapat para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, iba sa mga nag-aangkop na kontribusyon at mga limitadong kontribusyon mula sa partidong pampulitika ng kandidato gaya ng tinukoy sa Seksiyon 91123, ay punlang pera na mga kontribusyon na ibinigay ng angkop na nakarehistrong mga botante sa distrito kung saan ang kandidato ay tumatakbo para sa halalan bago ang katapusan ng nag-aangkop na panahon.

(b) Ang isang punlang pera na kontribusyon ay hindi dapat humigit sa isang daang dolyar ($100) kada nag-ambag, at ang kabuuang halaga ng punlang pera na mga kontribusyon na tinanggap ng isang kandidatong naghahangad na maging karapat-dapat para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay hindi dapat humigit sa pitumpu't-limang libong dolyar ($75,000).

(c) Ang mga resibo para sa punlang pera na mga kontribusyon ay dapat kabilang ang pirma ng nag-ambag, nakalimbag na pangalan, tirahan, at ZIP Code. Ang mga resibong inilarawan sa subdibisyong ito ay dapat ihanda para sa komisyon pagkatapos hilingin.

(d) Ang punlang pera ay dapat lamang gastahin sa mga sumusubok at nag-aangkop na panahon. Ang punlang pera ay hindi dapat gastahin sa mga panahon ng kampanya sa primarya o pangkalahatang halalan, maliban kung ang mga ito ay kasabay ng nag-aangkop na panahon ng kandidato. Anumang hindi nagastang punlang pera ay dapat ibigay sa komisyon para ideposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

(e) Sa loob ng 72 oras pagkatapos ng pagsasara ng nag-aangkop na panahon, ang mga kandidatong naghahangad na maging karapat-dapat para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay dapat gumawa ng pareho ng mga sumusunod:

(1) Lubos na isiwalat ang lahat ng mga punlang pera na kontribusyon at paggasta sa komisyon.

(2) Ibigay sa komisyon para ideposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ang anumang punlang pera na nalikom ng kandidato sa panahon ng pagsubok na humigit sa kabuuang limitasyon sa punlang pera.

91091. Ang mga kalahok na kandidato sa mga pinaglalabanan ay dapat sumang-ayon na lumahok sa kahit isang pampublikong pagdedebate sa isang primaryang halalan at dalawag pampublikong pagdedebate sa isang pangkalahatang halalan, na isasagawa alinsunod sa mga regulasyon ng komisyon.

91093. (a) Hindi hihigit sa limang araw ng negosyo pagkatapos mag-aplay ang kandidato para sa mga benepisyo

ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, ang tagapagrehistro ng mga botante ng county sa county kung saan nagharap ang kandidato ng kanyang pahayag ng kandidatura ay dapat magpatunay na ang kandidato ay karapat-dapat o hindi karapat-dapat. Ang pagiging karapat-dapat ay maaaring pawalang-bisa kung lumabag ang kandidato sa mga iniaatas ng batas na ito, kung saan lahat ng mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay dapat bayaran.

(b) Ang kahilingan ng kandidato para sa pagpapatunay ay dapat pirmahan ng kandidato at ng ingat-yaman sa kampanya ng kandidato sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag.

(c) Ang pagpapasiya ng pagpapatunay ng tagapagrehistro ng mga botante ng county ay pangwakas maliban sa ito ay napapailalim sa isang kaagad na pagrepaso ng hukuman.

Artikulo 5. Mga Benepisyo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan

91095. (a) Ang mga kandidatong kuwalipikado para sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa mga primarya at pangkalahatang halalan ay dapat:

(1) Tumanggap ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan mula sa komisyon para sa bawat halalan sa isang halagang tinukoy sa Seksiyon 91099. Ang pagpopondong ito ay maaaring gamitin upang tustusan ang mga gastos sa pagtustos sa kampanya sa panahon ng partikular na kampanya na inilaan ito nang ayon sa Seksiyon 91081.

(2) Tumanggap, kung isang kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato, ng karagdagang pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan upang tumbasan ang epektibong paggasta ng sinumang mga kandidato sa halalan na humigit sa mga epektibong paggasta ng kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato.

(b) Ang pinakamalaking pinagsamang halaga ng pagpopondo na dapat tanggapin ng isang kalahok na kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato upang tumbasan ang independiyetneng mga paggasta sa kampanya at ang mga sobrang paggasta ng hindi kalahok na mga kandidato ay hindi dapat humigit sa apat na ulit ng halaga ng baseng pagpopondo alinsunod sa Seksiyon 91099 para sa isang partikular na panahon ng kampanya sa primarya o pangkalahatang halalan.

91095.5. (a) Ang isang paggasta ng isang kandidato sa isang primaryang halalan laban sa isang kandidatong tumatakbo para sa katungkulang iyon sa primarya ng ibang partido ay dapat tratuhin na isang independiyenteng paggasta sa kampanya laban sa kandidatong iyon kapag ang mga epektibong paggasta ng kandidatong iyon ay mas mababa kaysa paggasta ng kandidatong gumawa ng paggasta para sa mga layunin ng Seksiyon 91095.

(b) Ang komisyon ay dapat magpalaganap ng mga regulasyon na naglalaan ng kabahagi ng mga paggasta na tumutukoy o naglalarawan ng higit sa isang kandidato para sa mga layunin ng Seksiyon 91095.

(c) Ang mga paggastang ginawa bago ang panahon ng pangkalahatang halalan na binubuo ng isang kontrata, pangako, o kasunduan upang gawin ang paggasta sa panahon ng pangkalahatang halalan na nagresulta sa pagpapalawig ng kredito ay dapat tratuhin na waring ginawa sa simula ng panahon ng pangkalahatang halalan.

91097. (a) Ang isang karapat-dapat na kuwalipikado o kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato na tumatakbo sa isang primaryang halalan ay dapat tumanggap ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa kandidato para sa panahon ng kampanya sa primaryang halalan bilang isang kalahok na kandidato o sa simula ng panahon ng primaryang halalan, alinman ang mas huli.

(b) Ang isang karapat-dapat na kuwalipikado o kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato ay dapat tumanggap ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa kandidato para sa panahon ng kampanya sa pangkalahatang halalan sa loob ng dalawang araw ng trabaho pagkatapos ng pagpapatunay ng mga resulta ng primaryang halalan.

91099. (a) Para sa mga karapat-dapat na kandidato sa isang primaryang halalan:

(1) Ang baseng halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa karapat-dapat na kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato sa isang primaryang halalan ay isang milyong dolyar ($1,000,000).

(2) Ang halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa karapat-dapat na kuwalipikadong kandidato sa isang primaryang halalan ay 20 porsiyento ng baseng halaga na matatangap ng kuwalipikado-sa-katungkulan na kandidato.

(b) Para sa mga karapat-dapat na kandidato sa isang pangkalahatang halalan:

(1) Ang baseng halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato sa isang pangkalahatan, espesyal, o espesyal na runoff na halalan ay isang milyon tatlong daang libong dolyar ($1,300,000).

(2) Ang halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa karapat-dapat na kuwalipikadong kandidato sa isang pangkalahatang halalan ay 25 porsiyento ng baseng halaga na matatangap ng kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato.

Artikulo 6. Mga Iniaatas na Pagsisiwalat

91107. (a) Kung ang mga paggasta ng isang hindi kalahok na kandidato o ang mga pangakong gumawa ng mga paggasta sa kampanya ay humigit sa halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-Kinikilingang Halalan na inilaan sa kalaban o mga kalaban ng kandidato sa Mga Walang-kinikilingang Halalan, ang kandidato ay dapat magpahayag ng bawat sobrang paggasta na, sa kabuuan, ay higit sa limang libong dolyar ($5,000) sa komisyon online o sa paraang gumagamit ng elektroniko sa loob ng 24 na oras pagkatapos gawin ang paggasta o pangako, alinman ang unang nangyari.

(b) Ang komisyon ay maaaring gumawa ng sarili nitong pagpapasiya sa kung ang mga sobrang paggasta ay ginawa ng mga hindi kalahok na kandidato.

(c) Pagkatapos matanggap ang pahayag ng sobrang paggasta o pagpapasiya na ang sobrang paggasta ay ginawa, ang komisyon ay dapat na maglabas kaagad ng karagdagang pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa kalabang kuwalipikado-sa-pagganap na kandidato alinsunod sa Seksiyon 91095.

91111. (a) Bilang karagdagan sa anumang ibang ulat na iniaatas ng kabanatang ito, ang isang komite, kabilang ang isang komite ng partidong pampulitika, na inaatasang magharap ng mga ulat alinsunod sa Seksiyon 84605 at gumagawa ng mga independiyenteng paggasta sa kampanya na dalawang libo limandaang dolyar ($2,500) o higit sa isang taon ng kalendaryo na may kaugnayan sa isang kandidato para Sekretaryo ng Estado, ay dapat magharap online o mag-ulat sa paraang gumagamit ng elektroniko sa Sekretaryo ng Estado na nagsisiwalat ng paggawa ng independiyenteng paggasta sa kampanya. Ang ulat na ito ay dapat magsiwalat ng kaparehong impormasyon na iniaatas ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 84204 at dapat iharap sa loob ng 24 na oras pagkatapos gawin ang independiyenteng paggasta sa kampanya.

(b) Dapat isama sa ulat sa Sekretaryo ng Estado ang isang pinirmahang pahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag ng tao o mga taong gumawa ng independiyenteng paggasta sa kampanya na tumutukoy sa kandidato o mga kandidato na ang independiyenteng paggasta sa kampanya ay naglalayong makatulong na maghalal o tumalo at nag-aapirma na ang paggasta ay independiyente at kung ito ay iniugnay sa isang kandidato o isang partidong pampulitika.

(c) Sinumang indibidwal o anumang organisasyon na nabigong magharap ng iniaatas na ulat sa Sekretaryo ng Estado o nagbigay ng maling impormasyon sa isang ulat na iniharap alinsunod sa subdibisyon (a) o (b) ay maaaring multahan ng hanggang tatlong ulit ng halaga ng independiyenteng paggasta sa kampanya, bilang karagdagan sa anumang ibang mga remedyo na itinatadhana sa batas na ito.

(d) Ang Sekretarya ng Estado ay dapat magkaloob ng impormasyon na natanggap alinsunod sa subdibisyon (a) sa komisyon nang kasabay pagkatanggap. Pagkatanggap ng isang ulat na ang isang independiyenteng paggasta sa kampanya ay ginawa o inubligang gawin, ang komisyon ay dapat maglabas kaagad na karagdagang pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan alinsunod sa Seksiyon 91095.

91113. Lahat ng mga isinasahimpapawid at nakalimbag na anunsiyo na inilagay ng mga kandidato o ng kanilang mga komite ay dapat kabilang ang isang malinaw na nakasulat o binigkas na pahayag na nagpapabatid na ang kandidato ay nag-aproba ng mga nilalaman ng anunsiyo.

Artikulo 7. Depensang Pambatas, May Hawak na Katungkulan,at mga Pondo sa Pasinaya

91115. (a) Sa kabila ng Seksiyon 85316, ang isang Sekretaryo ng Estado o kandidato para sa katungkulan ng Sekretaryo ng Estado ay maaaring magtatag ng isang nakahiwalay na kuwenta upang mabayaran ang mga bayad sa abugado at ibang mga gastos na pambatas na nakuha para sa depensang pambatas ng kandidato o inihalal na opisyal ng estado kung ang kandidato o inihalal na opisyal ay napapailalim sa isa o higit na mga pamamaraang sibil o pangkrimen o mga pamamaraan sa pangangasiwa na lumitaw nang tuwiran mula sa pagsasagawa ng kampanya sa halalan, ng proseso ng halalan, o ng pagganap ng mga aktibidad at tungkulin sa pamahalaan ng inihalal na opisyal ng estado. Ang mga pondong ito ay maaari lamang gamitin upang mabayaran ang mga gastos sa abugado at ibang mga kaugnay na gastos na pambatas.

(b) Ang isang Sekretaryo ng Estado ay maaaring magtatag ng isang nakahiwalay na kuwenta para sa mga paggastang kaugnay ng paghawak ng katungkulan na makatwirang may kaugnayan sa isang layuning pambatasan o para sa pamahalaan gaya ng tinukoy sa subdibisyong ito at sa mga regulasyon ng komisyon. Ang kabuuang halaga ng mga pondo na maaaring ideposito sa isang taon ng kalendaryo patungo sa isang kuwentang itinatag alinsunod sa subdibisyong ito ay hindi dapat humigit sa limampung libong dolyar ($50,000).

(c) Ang isang Sekretaryo ng Estado ay maaaring magtatag ng isang pampasinayang pondo upang masakop ang gastos ng mga aktibidad, pagdiriwang, pagtitipon, at komunikasyon na naganap bilang bahagi ng, o sa ngalan ng, pasinaya sa Sekretaryo ng Estado.

(d) Ang pinakamalaking halaga ng mga kontribusyon na maaaring matanggap ng isang kandidato o inihalal na opisyal na estado na ang katungkulan ay sakop ng mga tadhanang ito mula sa isang nag-ambag sa isang taon ng kalendaryo para sa lahat ng mga kuwentang inilarawan sa mga subdbisyon (a), (b), at (c) na pinagsama ay limang daang dolyar ($500). Lahat ng mga kontribusyon, pera man o bagay, ay dapat iulat sa isang paraang itinagubilin ng komisyon. Ang mga kontribusyon sa mga naturang pondo ay hindi dapat ituring na mga kontribusyon sa kampanya.

(e) Sa sandaling ang hidwaang pambatas ay malutas, dapat gamitin ng kandidato ang anumang mga pondong natitira pagkatapos ng lahat ng mga gastos na kaugnay ng hidwaan ay mabayaran o pagkatapos na ang inihalal na opisyal ng estado na ang katungkulan ay sakop ng mga tadhanang ito ay umalis sa katungkulan, para sa isa o higit na mga dahilan na nakalagay sa mga talataan (1) hanggang (5), inklusibo, ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 89519.

Artikulo 8. Mga Kabawalan sa mga Kandidato

91121. Ang isang hindi kalahok na kandidato ay maaari lamang tumanggap ng ayon sa batas na kontribusyon pagkaraan ng petsa ng halalan kung ang kontribusyon hindi humihigit sa mga netong utang na natitira mula sa halalan.

91123. Ang mga kalahok na kandidato ay maaaring tumanggap ng mga kontribusyong pera o bagay mula sa mga partidong pampulitika sa kondisyon na ang pinagsamang kabuuang halaga ng mga naturang kontribusyon mula sa lahat ng mga komite ng partidong pampulitika ay hindi humihigit sa katumbas ng 5 porsiyento ng orihinal na nakalaang pagtustos ng Mga Walang-kinikilingang Halalan para sa katungkulang iyon para sa halalang iyon. Ang mga naturang paggasta ay hindi dapat ibilang laban sa mga perang ginasta ng mga kandidato ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

Artikulo 9. Mga Pahayag ng Pamplet ng Balota

91127. Ang Sekretaryo ng Estado ay dapat magtalaga sa pamplet ng balota ng estado at sa anumang Internet Web site na naglilista ng mga kandidato na pinananatili ng anumang ahensiya ng pamahalaan kabilang ang, pero hindi limitado, sa Sekretaryo ng Estado ang mga kandidatong boluntaryong sumang-ayon na maging mga kalahok na kandidato.

91131. (a) Ang isang kandidato para Sekretaryo ng Estado na isang kalahok na kandidato ay maaaring maglagay ng isang pahayag sa pamplet ng balota ng estado na hindi humihigit sa 250 salita. Ang pahayag ay hindi dapat gumawa ng anumang pagtukoy sa sinumang kalaban ng kandidato. Ang kandidato ay maaari ring magkaloob ng isang listahan ng hanggang 10 nagrerekomenda para sa paglalagay sa pamplet ng balota ng estado o halimbawang balota, gaya ng angkop. Ang pahayag na ito at listahan ng nagrerekomenda ay dapat isumite alinsunod sa mga takdang panahon at mga pamamaraang itinatag ng Sekretaryo ng Estado para sa paghahanda ng mga pamplet ng balota ng estado at ng mga opisyal sa mga halalan ng county para sa paghahanda ng mga halimbawang balota.

(b) Ang isang hindi kalahok na kandidato para Sekretaryo ng Estado ay maaaring magbayad upang ilagay ang isang pahayag sa pamplet ng balota ng estado na hindi humihigit sa 250 salita. Ang isang hindi kalahok na kandidato ay maaari ring magbayad upang ilagay ang isang listahan ng 10 nagrerekomenda sa pamplet ng balota ng estado o halimbawang balota, gaya ng angkop. Ang pahayag ay hindi dapat gumawa ng anumang pagtukoy sa sinumang kalaban ng kandidato. Ang pahayag na ito at listahan ng mga nagrerekomenda ay dapat isumite alinsunod sa mga takdang panahon at mga pamamaraang itinatag ng Sekretaryo ng Estado para sa paghahanda ng mga pamplet ng balota ng estado at ng mga opisyal sa mga halalan ng county para sa paghahanda ng mga halimbawang balota.

Ang mga hindi kalahok na kandidato ay dapat singilin ng ayon sa proporsiyon na gastos sa paglilimbag, paghawak, pagsasalin, at pagpapakoreo ng anumang pahayag sa pamplet ng balota at listahan ng mga nagrerekomenda na ibinigay alinsunod sa subdibisyong ito.

Artikulo 10. Mga Paglalaan para sa Pondo sa Mga Walang-kinikilingang Halalan

91133. (a) Ang isang espesyal, dedikado, hindi lumilipas na Pondo ng mga Walang-kinikilingang Halalan ay nililikha sa Tesorerya ng Estado. Magsisimula sa Enero 1, 2011, ang mga pondong nakulekta alinsunod sa Seksiyon 20600 ng Kodigo sa mga Halalan ay dapat, kapag inilaan ng Lehislatura, makuha mula sa Pondo ng Mga Walang-Kinikilingang Halalan patungo sa komisyon para sa paggasta para sa layunin na magkaloob ng mga pagtustos ng publiko para sa mga kampanya sa halalan ng mga sertipikadong kalahok na kandidato sa mga panahon ng kampanya sa primarya at pangkalahatang halalan.

(b) Ang pagpopondo para sa gastos sa pangangasiwa at pagpapatupad ng komisyon na may kaugnayan sa batas na ito ay dapat na mula sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan at dapat na, para sa bawat apat na taong pag-inog ng halalan, hindi hihigit sa 10 porsiyento ng kabuuang halagang idineposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa panahon ng apat na taong pag-inog ng halalan.

91135. Ang ibang mga pinagkukunan ng kitang idedeposito sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay kabilang ang lahat ng mga sumusunod:

(a) Ang mga nag-aangkop na kontribusyon na iniaatas sa mga kandidato na naghahangad na maging sertipikado bilang mga kalahok na kandidato at ang mga sobrang nag-aangkop na kontribusyon ng mga kandidato.

(b) Ang sobrang punlang pera na mga kontribusyon ng mga kandidatong naghahangad na maging sertipikado bilang mga kalahok na kandidato.

(c) Ang mga hindi nagastang pondong ipinamamahagi sa sinumang kalahok na kandidato na hindi nanatiling kandidato hanggang sa primarya o pangkalahatang halalan na ang mga ipinamamahagi, o mga pondong nananatiling hindi nagagasta ng isang kalahok na kandidato kasunod ng petsa ng primarya o pangkalahatang halalan na ang mga ito ay ipinamahagi.

(d) Mga boluntaryong donasyon na tuwirang ginawa sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

(e) Ibang mga pondong inilaan ng Lehislatura.

(f) Anumang interes na nalikha ng Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

(g) Anumang ibang mga pinagkukunan ng kita mula sa Pangkalahatang Pondo mula sa ibang mga pinagkukunan gaya ng ipinasiya ng Lehislatura.

Artikulo 11. Pangangasiwa

91137. (a) Sa pagpapasiya na ang kandidato ay nakatugon sa lahat ng mga iniaatas para maging isang kalahok na kandidato gaya ng itinatadhana sa batas na ito, ang komisyon ay dapat mag-isyu sa kandidato ng isang kard, kilala bilang "Kard ng Debito ng Mga Walang-kinikilingang Halalan," at isang "linya ng debito" na nagbibigay sa mga kandidato at mga miyembro ng mga tauhan ng kandidato na kumuha ng pagpopondo sa Mga Walang-kinikilingang Halalan mula sa kuwenta ng komisyon upang bayaran ang lahat ng mga gastos sa kampanya at mga paggasta na hanggang sa halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na natanggap ng kandidato.

(b) Ang isang kalahok na kandidato o sinumang ibang tao sa ngalan ng isang kalahok na kandidato ay dapat magbayad ng mga gastos sa kampanya sa pamamagitan ng pera, tseke, money order, pautang, o ng anumang ibang mga paraan ng pananalapi na iba sa Kard ng Debito ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

(c) Ang mga perang isang daang dolyar ($100) o mas mababa kada araw ay maaaring kunin sa Kard ng Debito ng Mga Walang-kinikilingang Halalan at gamitin upang bayaran ang mga gastos na hindi hihigit sa dalawampu't-limang dolyar ($25) bawat isa. Ang mga rekord ng lahat ng mga naturang paggasta ay dapat panatilihin at, pagkatapos hilingin, ihanda sa komisyon.

91139. Kung ipinasiya ng komisyon na walang sapat na pondo sa programa upang pondohan nang sapat ang lahat ng mga kandidatong karapat-dapat sa mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, ang komisyon ay dapat magbawas sa mga gawad nang ayon sa proporsiyon sa lahat ng mga karapat-dapat na kandidato. Kung binigyan ng paunawa ng komisyon ang isang kandidato na ang mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ay babawasan at ang kandidato ay hindi nakatanggap ng anumang mga pondo ng Mga Walang-Kinikilingang Halalan, ang kandidato ay maaaring magpasiya na maging hindi kalahok na kandidato. Kung ang isang kandidato ay nakatanggap ng mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan o nais magsimulang tumanggap ng mga naturang pondo, ang isang kandidato na nais kumulekta ng mga kontribusyon ay maaaring gawin ito sa mga halagang hanggang sa mga limitasyon sa kontribusyon na itinatadhana sa mga hindi kalahok na kandidato pero hindi dapat kumulekta ng higit sa kabuuang mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na karapat-dapat ang kandidato na matanggap kung nagkaroon ng mga sapat na pondo sa programa hindi kasama ang halaga ng mga pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na ipagkakaloob o naipagkaloob na. Kung, sa dakong huli, ipinasiya ng komisyon na ang mga sapat na pondo ay makukuha na, ang mga kandidato, na lumikom ng mga pribadong pondo, ay dapat tumanggap ng mga pondong hindi naibigay sa kanila.

91140. Dapat iakma ng komisyon ang mga limitasyon sa punlang pera sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 91085 at sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 91087 at sa mga halaga ng pagpopondo ng Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan sa Seksiyon 91099 sa Enero pagkatapos ng paghalal sa Sekretaryo ng Estado upang ipakita ang pagtaas o pagbaba sa Indise ng Presyo ng Mamimili at ang pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga nakarehistrong botante sa California. Ang mga pag-aakmang ginawa alinsunod sa seksiyong ito ay dapat buuin sa pinakamalapit na sampung dolyar ($10) para sa mga limitasyon sa punlang pera at isang libong dolyar ($1,000) para sa mga halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

Artikulo 12. Pagpapatupad

91141. (a) Kung ang isang kalahok na kandidato ay gumasta o nag-ubligang gumasta ng higit sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na ibinibigay sa kandidato, at kung ipinasiya ng komisyon, napapailalim sa pagrepaso ng hukuman, na hindi isang halaga na inasahan o dapat sanang inasahan na magkaroon ng malaking tama sa resulta ng halalan, dapat bayaran ng kandidato sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ang isang halagang kapantay ng sobra.

(b) Kung ang isang kalahok na kandidato ay gumasta o nag-ubligang gumasta ng higit sa pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na ibinibigay sa kandidato, at kung ang sobrang halaga ay ipinasiya ng komisyon, napapailalim sa pagrepaso ng hukuman, na isang halagang inasahan o maaaring

inasahan na may malaking tama sa resulta ng halalan, dapat bayaran ng kandidato sa Pondo ng Walang-Kinikilingang Halalan ang isang halagang hanggang 10 beses ng halaga ng sobra.

91143. Labag sa batas na sadyang tanggapin ng mga kandidato ang mga benepisyong higit sa karapat-dapat sila, gumasta ng higit sa halaga ng pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na natanggap nila, o maling gamitin ang mga naturang serbisyo o pagpopondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan.

91145. Sinumang tao na kusa o sadyang lumabag sa anumang tadhana ng kabanatang ito ay nagkasala ng isang misdemeanor. Sinumang tao na kusa o sadyang nagtulak sa sinumang ibang tao na lumabag sa anumang tadhana ng kabanatang ito, o tumutulong at kumukunsinti sa sinumang ibang tao na labagin ang anumang tadhana ng kabanatang ito ay dapat managot sa ilalim ng seksiyong ito.

91147. Ang pag-uusig para sa isang paglabag ng anumang tadhana ng kabanatang ito ay dapat simulan sa loob ng apat na taon pagkaraan ng petsa na nangyari ang paglabag.

91149. Walang taong napatunayang nagkasala ng misdemeanor sa ilalim ng kabanatang ito na dapat umaktong tagalobi o kontratista ng estado, o tumakbo sa isang inihahalal na katungklan sa estado, para sa isang panahon na limang taon kasunod ng petsa na napatunayan ang pagkakasala maliban kung ang hukuman sa panahon ng pagsentensiya ay partikular na nagpasiya na ang tadhanang ito ay hindi angkop.

91157. Ang kabanatang ito ay dapat lamang manatiling may-bisa hanggang Enero 1, 2019, at sa petsa na pinawalang-bisa ito, maliban kung ang isang batas na pinagtibay sa huli, na pinagtibay bago ang Enero 1, 2019, ay nagtanggal o nagpalawig ng petsang iyon.

SEK. 5. Artikulo 8.6 (nagsisimula sa Seksiyon 18798) ay idinaragdag sa Kabanata 3 ng Bahagi 10.2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

Artikulo 8.6. Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante

18798. (a) Sinumang indibidwal ay maaaring magtalaga sa pahayag sa buwis na ang isang kontribusyon na sobra sa liabilidad sa buwis, kung mayroon, ay gawin sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan, alinsunod sa Seksiyon 18798.1.

(b) Ang mga kontribusyon ay dapat na nasa buong dolyar na mga halaga at maaaring indibidwal na gawin ng bawat pumirma sa isang magkasamang pahayag.

(c) Ang isang pagtatalaga sa ilalim ng subdibisyon (a) ay dapat gawin para sa anumang nabubuwisang taon sa indibidwal na pahayag para sa nabubuwisang taong iyon at, sa sandaling magawa, ay dapat na hindi mapapawalang-bisa. Kung ang mga pagbabayad at kreditong iyon ay iniulat sa pahayag, kasama ng anumang ibang mga kreditong kaugnay ng kuwenta ng indibidwal, ay hindi humihigit sa liabilidad ng indibidwal, ang pahayag ay dapat tratuhin na waring walang pagtatalagang ginawa.

(d) Dapat baguhin ng Lupon ng Buwis sa Prangkisya ang mga pormularyo ng pahayag upang isama ang isang espasyong tinatawag na "Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante" upang hayaan ang pagtatalaga na ipinahihintulot sa ilalim ng subdibisyon (a). Ang mga pormularyo ay dapat ding magsama ng mga tagubilin na ang kontribusyon ay maaaring magkahalaga ng isang dolyar ($1) o higit at ang kontribusyon ay gagamitin upang magkaloob ng pampublikong pagpopondo para sa mga kampanya ng mga kuwalipikadong kandidato para Sekretaryo ng Estado na sumang-ayon na hindi kumuha ng mga pribadong pera para sa kanilang mga kampanya.

(e) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang isang boluntaryong kontribusyon na pagtatalaga para sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante ay hindi dapat idagdag sa pahayag ng buwis hanggang ang ibang boluntaryong kontribusyon ay matanggal.

(f) Ang isang pagbawas ay dapat ipahintulot sa ilalim ng Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 17201) ng Kabanata 3 ng Bahagi 10 para sa anumang kontribusyon na ginawa alinsunod sa subdibisyon (a).

18798.1. Sa pamamagitan nito ay itinatatag sa Teserorya ng Estado ang Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante upang makatanggap ng mga kontribusyon na ginawa alinsunod sa Seksiyon 18798. Ang Lupon ng Prangkisya sa Buwis ay dapat magpasabi sa Konroler ng pareho ng halaga ng mga perang ibinayad ng mga nagbabayad ng buwis na sobra sa kanilang liabilidad sa buwis at sa halaga ng mga isinauling pera na itinalaga ng mga nagbabayad ng buwis alinsunod sa Seksiyon 18798 upang ilipat sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante. Dapat ilipat ng Kontroler mula sa Pondo ng Buwis sa Personal na Kita patungo sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante ang isang halaga hindi sobra ng kabuuan ng mga halagang itinalaga ng mga indibidwal alinsunod sa Seksiyon 18798 para sa pagbabayad sa pondong iyon.

18798.2. Lahat ng mga perang inilipat sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante, pagkatapos ilaan ng Lehislatura, ay dapat ilaan gaya ng mga sumusunod:

(a) Sa Lupon ng Prangkisya sa Buwis at sa Kontroler para sa pagbabayad ng lahat ng mga gastos ng Lupon ng Prangkisya sa Buwis at ng Kontroler na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin sa ilalim ng artikulong ito.

(b) Sa Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan na itinatag alinsunod sa Seksiyon 91133 ng Kodigo ng Pamahalaan.

18798.3. (a) Maliban kung iba ang itinatadhana sa subdibisyon (b), ang artikulong ito ay dapat lamang manatiling may-bisa hanggang Enero 1 ng ikalimang nabubuwisang taon kasunod ng unang paglitaw ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante sa pahayag ng buwis sa personal na kita, at sa petsang iyon ay pinawawalang-bisa, maliban kung ang isang batas ay pinagtibay sa huli na pinagtibay bago ang angkop na petsa ay nagtanggal o nagpalawig ng petsang iyon.

(b) (1) Bago lumampas ang Setyembre 1 ng ikalawang taon ng kalendaryo, at bago lumampas ang Setyembre 1 ng bawat kasunod na taon ng kalendaryo na ang Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante ay lumitaw sa pahayag ng buwis, ang Lupon ng Buwis sa Prangkisya ay dapat gumawa ng lahat ng mga sumusunod:

(A) Alamin ang pinakamababang halaga ng kontribusyon na kinakailangang matanggap sa susunod na taon ng kalendaryo para lumitaw ang pondo sa pahayag ng buwis para sa nabubuwisang taon na kasama ang susunod na taon ng kelendaryo.

(B) Magkaloob ng nakasulat na paunawa sa Komisyon sa mga Walang-kinikilingang Gawaing Pampulitka ng halagang ipinasiya sa subtalataan (A).

(C) Alamin kung ang halaga ng mga kontribusyon na tinantiyang matanggap sa taon ng kalendaryo ay magiging kapantay o hihigit sa pinakamababang halaga ng kontribusyon na ipinasiya ng Lupon ng Prangkisya sa Buwis para sa taon ng kalendaryo alinsunod sa subtalataan (A). Dapat tantiyahin ng Lupon ng Prangkisya sa Buwis ang halaga ng mga kontribusyon na tatanggapin sa pamamagitan ng paggamit ng mga aktuwal na halagang natanggap at isang tantiya ng mga kontribusyon na tatanggapin sa katapusan ng taon na iyon ng kalendaryo.

(2) Kung ipinasiya ng Lupon ng Prangkisya sa Buwis na ang halaga ng mga kontribusyon na tinantiyang tatanggapin sa isang taon ng kalendaryo ay hindi magiging kapantay man lamang ng pinakamababang halaga ng kontribusyon para sa taon ng kalendaryo, ang artikulong ito ay pawawalang-bisa sa mga nabubuwisang taon na magsisimula sa o pagkaraan ng Enero 1 ng taong iyon ng kalendaryo.

(3) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang pinakamababang halaga ng kontribusyon para sa isang taon ng kalendaryo ay nangangahulugang dalawang daan limampung libong dolyar ($250,000) para sa ikalawang taon ng kalendaryo pagkatapos ng unang paglitaw ng Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante sa pahayag ng buwis sa personal na kita o sa iniakmang pinakamababang halaga ng kontribusyon na iniakma alinsunod sa subdibisyon (c).

(c) Para sa bawat taon ng kalendaryo, simula sa ikatlong taon ng kalendaryo pagkatapos ng unang paglitaw ng Pondo ng Mga Walang-kinikilingang Halalan ng mga Botante sa pahayag ng buwis sa personal na kita, dapat iakma ng Lupon ng Buwis sa Kita, sa o bago ang Setyembre 1, ang pinakamababang halaga ng kontribusyon na tinukoy sa subdibisyon (b) gaya ng mga sumusunod:

(1) Ang pinakamababang tinantiyang halaga ng kontribusyon para sa taon ng kalendaryo ay dapat na ang halagang kapantay ng produkto ng pinakamababang tinantiyang halaga ng kontribusyon para sa taon ng kalendaryo na iminultiplika sa factor na pag-aakma sa implasyon gaya ng tinukoy sa subtalataan (A) ng talataan (2) ng subdibisyonn (h) ng Seksiyon 17041, binuo sa pinakamalapit na dolyar.

(2) Ang factor na pag-aakma sa implasyon na ginagamit para sa taon ng kalendaryo ay dapat ibatay sa mga pigura para sa pagbabago ng persentahe sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California na natanggap sa o bago ang Agosto 1 ng taon ng kalendaryo alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (h) ng Seksiyon 17041.

(d) Sa kabila ng pagpapawalang-bisa ng artikulong ito, anumang mga halaga ng kontribusyon na itinalaga alinsunod sa artikulong ito bago ang pagpapawalang-bisa nito ay dapat na patuloy na ilipat at ipamahagi alinsunod sa artikulong ito na may-bisa kaagad bago ang pagpapawalang-bisa na iyon.

SEK. 6. Ang mga tadhana ng Seksiyon 81012 ng Kodigo ng Pamahalaan, na nagpapahintulot sa mga susog na pambatasan sa Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika, ay dapat umaplay sa lahat ng mga tadhana ng batas na ito na inilagay noong Hunyo 8, 2010, balota, maliban sa Seksiyon 91157 ng Kodigo ng Pamahalaan, at Artikulo 8.6 (nagsisimula sa Seksiyon 18798) ng Kabanata 3 ng Bahagi 10.2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ay maaaring susugan o pawalang-bisa sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura, isang mayoriya ng mga miyembro ay sumang-ayon, at pinirmahan ng Gobernador.

SEK. 8. Ang seksiyon ng batas na ito na nagdaragdag ng Kabanata 12 (nagsisimula sa Seksiyon 91015) sa Titulo 9 ng Kodigo ng Pamahalaan ay dapat ituring na upang susugan ang Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika na sinusugan at lahat ng mga tadhana ng Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika na sinusugan na hindi salungat sa Kabanata 12 ay dapat umaplay sa mga tadhana ng kabanatang iyon.

PROPOSISYON 16

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay iniharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, ng Seksiyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay malinaw na nagsususog sa Saligang-batas ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksiyon dito; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italiko* upang ipabatid na ang mga ito ay bago

IMINUMUNGKAHING BATAS

Seksiyon 1. MGA NAPAG-ALAMAN AT PAGPAPAHAYAG

Napag-alaman at ipinahahayag ng mga Tao na:

(a) Ang inisyatibong ito ay dapat makilala bilang "Ang Batas sa Karapatang Bumoto ng mga Nagbabayad ng Buwis."

(b) Nag-aatas ang batas ng California ng pag-aproba ng dalawang-ikatlo ng mga botante para sa mga pagtaas ng buwis para sa mga partikular na layunin.

(c) Ang mga pulitiko sa mga lokal na pamahalaan ay dapat isailalim sa kaparehong pamantayan bago gamitin ang mga pondo ng publiko, humiram, mag-isyu ng mga bonong iginagarantiya ng mga nagbabayad ng presyo o nagbabayad ng buwis, o kumuha ng ibang utang o pagtustos upang simulan o palawakin ang serbisyong paghahatid ng kuryente, o upang ipatupad ang isang plano upang maging isang tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon.

(d) Ang mga lokal na pamahalaan ay madalas na nagsisimula o nagpapalawak ng serbisyong paghahatid ng kuryente, o ipatupad ang isang plano upang maging tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon, nang walang pag-aproba ng isang boto ng mga tao.

(e) Madalas ang plano sa pagsisimula, pagpapalawak, o pagpapatupad ay nangangailangan ng konstruksiyon o pagkuha ng mga pasilidad o ibang mga serbisyong kailangan upang maghatid ng sebisyong kuryente, na babayaran ng mga pondo ng publiko, paghiram, mga bonong iginagarantiya ng mga nagbabayad ng presyo o nagbabayad ng buwis, o ibang utang o pagtustos.

(f) Ang pinagkukunan ng mga pondo ng publiko, paghiram, utang, at pagtustos ng bono ay pangkaraniwang ang mga presyo ng kuryenteng sinisingil sa mga nagbabayad ng presyo gayon din ng mga karagdagang singil o mga buwis na ipinapataw sa mga nagbabayad ng buwis.

(g) Ang naturang paggamit ng mga pondo ng publiko at maraming anyo ng paghiram, utang o pagtustos ay hindi nag-aatas ng pag-aproba sa kasalukuyan ng isang boto ng mga tao, at kapag ang isang boto ay iniaatas, maaaring isang mayoriyang boto lamang ang iniaatas.

Seksiyon 2. PAHAYAG NG LAYUNIN

(a) Ang layunin ng inisyatibong ito ay igarantiya sa mga nagbabayad ng presyo at mga nagbabayad ng buwis ang karapatang bumoto kahit kailan na ang lokal na pamahalaan ay naghahangad gamitin ang mga pondo ng publiko, utang ng publiko, mga bono o liabilidad, o mga buwis o ibang pagtustos upang simulan o palawakin ang serbisyong paghahatid ng kuryente sa isang bagong teritoryo o mga bagong parokyano, o upang ipatupad ang isang plano na maging tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon.

(b) Kung ang pagpapasimula o pagpapalawak ay nangangailangan ng konstruksiyon o pagkuha ng mga pasilidad o serbisyo na babayaran ng mga pondo ng publiko, o tutustusan sa pamamagitan ng mga bonong ibinabayad o iginarantiya ng mga nagbabayad ng presyo o mga nagbabayad ng buwis, o upang bayaran ng ibang mga anyo ng paggasta ng publiko, paghiram, liabilidad o utang, dalawang-ikatlo ng mga botante sa teritoryo na

pinaglilingkuran at dalawang-ikatlo ng mga botante sa teritoryo na paglilingkuran, boboto sa isang halalan, ay dapat mag-aproba sa paggasta, paghiram, liabilidad o utang. Gayon din, kung ang pagpapatupad ng isang plano na maging isang tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon ay nangangailangan ng paggamit ng mga pondo ng publiko, o pagtustos sa pamamagitan ng mga bonong iginagarantiya ng mga nagbabayad ng presyo o nagbabayad ng buwis, o ibang mga anyo ng paggasta ng publiko, paghiram, liabilidad o utang, dalawang-ikatlo ng botante sa hurisdikisyon, boboto sa isang halalan, ay dapat mag-aproba sa paggasta, paghiram, liabilidad o utang.

Seksiyon 3. Seksiyon 9.5 ay idinaragdag sa Artikulo XI ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

SEK. 9.5. (a) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (h), walang lokal na pamahalaan na dapat, kahit kailan, na magkaroon ng utang sa bono o ibang pagkakautang o liabilidad sa anumang paraan o gagamit ng mga pondo ng publiko para sa konstruksiyon o pagkuha ng mga pasilidad, gawain, paninda, kalakal, produkto o serbisyo upang magtatag o palawakin ang serbisyong paghahatid ng kuryente, o upang ipatupad ang isang plano na maging tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon, nang walang pagsang-ayon ng dalawang-ikatlo ng mga botante sa loob ng hurisdiksiyon ng lokal na pamahalaan at dalawang-ikatlo ng mga botante sa loob ng teritoryong paglilingkuran, kung mayroon, boboto sa isang halalan na gaganapin para sa layunin na aprobahan ang paggamit ng anumang mga pondo ng publiko, o pagkuha ng anumang liabilidad, o pagkuha ng anumang utang sa bono o ibang paghiram o pagkakautang.

(b) "Lokal na pamahalaan" ay nangangahulugang isang munisipalidad o munisipal na korporasyon, isang munisipal na distrito ng utilidad, isang distrito ng pampublikong utilidad, isang distrito ng irigasyon, isang lunsod, kabilang ang isang lunsod ng saligang-batas, isang county, isang lunsod at county, isang distrito, isang espesyal na distrito, isang ahensiya, o isang awtoridad ng pinagsamang kapangyarihan na kabilang ang isa o higit ng mga entidad na ito.

(c) "Serbisyong paghahatid ng kuryente" ay nangangahulugang (1) paghahatid ng enerhiya ng kuryente nang tuwiran sa mga huling tagagamit na parokyano ng pagtitingi, (2) pamamahagi ng enerhiya ng kuryente sa mga parokyano para sa muling pagbebenta o tuwiran sa huling tagagamit na parokyano ng pagtitingi, o (3) pagbebenta ng enerhiya ng kuryente sa huling tagagamit na parokyano ng pagtitingi.

(d) "Palawakin ang serbisyong paghahatid ng kuryente" ay hindi kabilang ang (1) serbisyong paghahatid ng kuryente sa loob ng mga kasalukuyang hangganan ng hurisdiksiyon ng isang lokal na pamahalaan na tanging tagapagkaloob ng serbisyong paghahatid ng kuryente sa loob ng mga hangganang ito, o (2) pagpapatuloy na magkaloob na serbisyong paghahatid ng kuryente sa mga parokyano na tumatanggap na ng serbisyong paghahatid ng kuryente mula sa lokal na pamahalaan bago ang pagpapatibay ng seksiyong ito.

(e) "Isang plano na maging tagapagkaloob ng kuryente sa pagkakatipon" ay nangangahulugang isang plano ng isang lokal na pamahalaan upang magkaloob ng mga serbisyong pagkakatipon na pinili ng komunidad o upang palitan ang inawtorisang lokal a pampublikong utilidad sa bahagi o sa bahagi para sa serbisyong paghahatid ng kuryente sa alinman sa mga parokyano ng tinging kuryente sa loob ng hurisdiksiyon nito.

(f) "Mga pondo ng publiko" ay nangangahulugang, nang walang limitasyon, anumang mga buwis, pondo, pera, kita, equity, mga yaman, mga nalikom ng mga bono o ibang pagtustos o paghiram, o mga presyong binabayaran ng mga nagbabayad ng presyo. "Mga pondo ng publiko" ay hindi kabilang ang mga pederal na pondo.

(g) "Utang sa bono o ibang pagkakautang o liabilidad" ay nangangahulugang, nang walang limitasyon, anumang paghiram, bono, papel de bangko, garantiya o ibang mga pagkakautang, liabilidad o obligasyon, tuwiran o hindi tuwiran, anuman ang uri, kung sakaling kailanganin o hindi, o paggamit ng anumang mga pagkakautang, iabilidad o obligasyon para sa pagbabayad ng anumang mga perang ginasta mula sa mga buwis, pera, kita, equity, mga yaman, mga kontribusyon ng mga nagbabayad ng presyo, ang tesorerya ng lokal na pamahalaan, o ibang mga pinagkunan.

(h) Ang seksiyong ito ay hindi dapat umaplay sa anumang utang sa bono o ibang pagkakautang o liabilidad o paggamit ng mga pondo ng publiko na (1) ay inaprobahan ng mga botante sa loob ng hurisdiksiyon ng lokal na pamahalaan at sa loob ng teritoryo na paglilingkuran, kung mayroon, bago ang pagpapatibay ng seksiyong ito; o (2) ay para lamang sa layunin na bumili, magkaloob o magtustos ng muling nagagawang bago na kuryente mula sa biomass, init mula sa araw, photovoltaic, hangin, geothermal, mga fuel cell na gumagamit ng mga muling nagagawang bago na gatong, maliit na haydroelektrikong paglikha ng 30 megawatts o mas mababa, digester gas, munisipal na pagbabago ng solidong basura, gas sa tambakan, alon ng karagatan, init ng karagatan, o kuryente sa pagbaba at pagtaas ng tubig, o pagkakaloob ng serbisyong paghahatid ng kuryente para sa sariling paggamit ng lokal na pamahalaan at hindi para sa serbisyo sa paghahatid ng kuryente sa iba.

Seksiyon 4. MAGKAKASALUNGAT NA PANUKALANG-BATAS

A. Ang inisyatibong ito ay nilalayong maging komprehesibo. Hangarin ng mga tao na kung ang inisyatibong ito at ibang inisyatibong may kaugnayan sa kaparehong paksa ay lumitaw sa kaparehong balota ng pambuong-estadong halalan, ang mga tadhana ng ibang inisyatibo o mga inisyatibo ay itinuturing na kasalungat ng inisyatibong ito. Kung ang inisyatibong ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng inisyatibong ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang lahat ng mga tadhana ng ibang inisyatibo o mga inisyatibo ay dapat na walang-bisa.

B. Kung ang inisyatibong ito ay aprobahan ng mga botante pero napaibabawan ng batas o ng anumang ibang kasalungat na inisyatibo na inaprobahan ng mga botante sa kaparehong halalan, at ang kasalungat na batas o inisyatibo sa balota sa huli ay ipinasiyang walang-bisa, ang inisyatibong ito ay dapat na nagpapatupad sa sarili at dapat bigyan ng buong puwersa ng batas.

Seksiyon 5. KAKAYAHANG IHIWALAY

Ang mga tadhana ng inisyatibong ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng inisyatibong ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

PROPOSISYON 17

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsususog sa isang seksiyon ng, at nagdaragdag ng isang seksiyon sa, Kodigo sa Seguro; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italiko* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala bilang ang Batas sa Diskuwento sa Patuloy na Pagsakop ng Seguro sa Awto.

SEK. 2. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na:

(a) Sa ilalim ng batas ng California, ang Kagawaran ng Seguro ay nangangasiwa ng presyo ng seguro at ipinapasiya ang mga diskuwento na maaaring ibigay ng mga kompanya ng seguro sa awto sa mga drayber.

(b) Gayunman, ang salungatan sa mga batas ng California sa seguro ay nagpapahintulot sa mga tagaseguro na magkaloob ng isang diskuwento para sa mga drayber na nagpapatuloy sa kaparehong tagaseguro, pero nagbabawal sa mga ito na mag-alok ng diskuwentong ito sa mga bagong parokyano. Ang mga drayber na nagpapanatili ng pagsakop ng seguro ay hindi nakakapagpanatili ng isang diskuwento sa patuloy na pagsakop kung nagpalit sila ng mga tagaseguro.

(c) Ang panukalang-batas na ito ay nagtatama ng salungatang iyon at tinitiyak na ang lahat ng mga drayber na patuloy na nagpapanatili ng kanilang seguro sa awto ay karapat-dapat para sa diskuwentong ito kahit na palitan nila ang kanilang kompanya ng seguro.

(d) Ang panukalang-batas na ito ay hindi nagbabago sa mga tadhana sa kasalukuyang batas na nag-aatas sa mga tagaseguro na ibatay ang kanilang mga presyo pangunahin sa rekord ng kaligtasan sa pagmamaneho, mga milyang minamaneho taun-taon, at karanasan sa pagmamaneho. Ang panukalang-batas na ito ay simpleng nagpapahintulot sa lahat ng mga kompanya na mag-alok ng pinalawak na patuloy na diskuwento sa pagsakop sa mga bagong aplikante na nagpapanatili ng kanilang seguro sa awto.

(e) Ang pagpapaabot ng patuloy na diskuwento sa pagsakop sa mga tao na nagpalit ng mga kompanya ng seguro ay magkakaloob sa mga drayber ng mas maraming opsyon at mapagpipilian, magtataas ng kompetisyon, at magbababa ng mga presyo para sa lahat ng mga responsableng nakasegurong drayber.

(f) Ang malaking mayoriya ng mga estado ay nagpapahintulot sa mga tagaseguro na mag-alok ng diskuwento sa LAHAT ng mga drayber na nagpapanatili ng patuloy na seguro sa awto. Ang panukalang-batas na ito ay simpleng magdadala sa California sa kalagayan ng ibang mga estado tulad ng Texas, New York, Oregon, Washington, at Florida.

SEK. 3. Layunin

Ang layunin ng panukalang-batas ay magkaloob ng karagdagang diskuwento para sa mga drayber na patuloy na nakaseguro para sa liabilidad na pagsakop ng awto.

SEK. 4. Seksiyon 1861.024 ay idinaragdag sa Kodigo sa Seguro upang mabasang:

1861.024. (a) Sa kabila ng subdibisyon (c) ng Seksiyon 1861.02, at bilang karagdagan sa mga diskuwentong ipinahihintulot o iniaatas ng batas o regulasyon, ang isang tagaseguro ay maaaring mag-alok sa mga aplikante o mga nakaseguro ng karagdagang diskuwento para sa isang polisa na ang subdibisyon (a) ng Seksiyon 1861.02 ay umaaplay, angkop sa bawat pagsakop na ipinagkakaloob ng polisa, batay sa tagal ng panahon na ang aplikante o nakaseguro ay patuloy na nakaseguro para sa pagsakop na liabilidad sa pinsala ng katawan, sa isa o higit na mga tagaseguro, kasapi o hindi. Maaaring isaalang-alang ng tagaseguro ang mga taon ng patuloy na pagsakop na nauna sa petsa ng pagkakabisa ng pagpapanibagong bisa. Ang diskuwentong ito ay tinatawag na diskuwento sa pagpapatuloy. Ang mga anak na naninirahang kasama ng isang magulang ay maaaring pagkalooban ng kaparehong diskuwento batay sa pagiging karapat-dapat ng mga magulang para sa isang diskuwento sa pagpapatuloy.

(b) Ang aplikante o nakaseguro ay maaaring magpakita ng pagpapatuloy ng pagsakop, para sa isang polisa na ang subdibisyon (a) ng Seksiyon 1861.02 ay umaaplay, sa pamamagitan ng pagkakaloob ng katunayan ng pagsakop sa ilalim ng programang murang seguro sa awto alinsunod sa Artikulo 5.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11629.7) ng Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 2, o ng katunayan ng pagsakop sa ilalim ng mga itinalagang plano sa panganib alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksiyon 11620) ng Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 2, o sa pamamagitan ng katunayan ng pagsakop mula sa naunang tagaseguro o mga tagaseguro o ibang obhetibong ebidensiya. Ang katunayan ng pagsakop ay dapat na mga kopya ng mga polisa, mga singil, o ibang mga dokumento na nagpapatunay ng pagsakop, inisyu ng naunang tagaseguro o mga tagaseguro o ibang obhetibong ebidensiya. Ang pagpapatuloy ng pagsakop ay dapat ituring na naroroon kahit na may pagtigil ng pagsakop dahil sa pag-alis ng isang aplikante o nakaseguro mula sa Estados Unidos habang nasa serbisyo sa militar, o kung ang pagsakop ng aplikante o nakaseguro ay nawala ng hanggang 90 araw sa huling limang taon para sa anumang dahilan na iba sa hindi pagbabayad ng hulog. Ang subdibisyong ito ay hindi naglilimita sa kakayahan ng tagaseguro na mag-alok ng mga karagdagang kaluwagang panahon para sa mga pagkawala.

SEK. 5. Seksiyon 1861.02 ng Kodigo sa Seguro ay sinususugan upang mabasang:

(a) Ang mga presyo at hulog para sa isang polisa sa seguro ng awto, gaya ng inilarawan sa subdibisyon (a) ng Seksiyon 660, ay dapat ipasiya sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na factor sa pababang hanay ng kahalagahan:

(1) Ang rekord sa ligtas na pagmamaneho ng nakaseguro.

(2) Ang bilang ng mga milya na nagmamaneho siya taun-taon.

(3) Ang bilang ng mga taon ng karanasan sa pagmamaneho ng nakaseguro.

(4) Ang ibang mga factor na maaaring gamitin ng komisyonado sa pamamagitan ng regulasyon at may malaking kaugnayan sa panganib ng pagkawala. Ang mga regulasyon ay dapat maglagay ng kani-kanyang timbang na ibibigay sa bawat factor sa pagpapasiya ng mga presyo at hulog sa awto. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang paggamit ng anumang pamantayan nang walang pag-aproba ay dapat bumuo ng hindi makatarungang diskriminasyon.

(b) (l) Bawat tao na nakatugon sa pamantayan ng Seksiyon 1861.025 ay dapat na kuwalipikadong bumili ng isang polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber mula sa tagaseguro na pinili niya. Ang isang tagaseguro ay hindi dapat tumangging

mag-alok at magbenta ng polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber sa sinumang tao na nakatutugon sa mga pamantayan ng subdibisyong ito.

(2) Ang presyong sinisingil para sa polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber ay dapat sumunod sa subdibisyon (a) at dapat na hindi kukulangin sa 20% na mas mababa sa presyo na sisingilin sana sa nakaseguro para sa katulad na pagsakop. Ang mga presyo para mga polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber ay dapat aprobahan alinsunod sa artikulong ito.

(3) (A) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat pumigil sa isang katumbas na tagaseguro, inorganisa bago ang Nobyembre 8, 1988, ng isang klab ng sasakyan na humahawak ng isang sertipiko ng awtoridad sa ilalim ng Kabanata 2 (nagsisimula sa Seksiyon 12160) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 2, at nag-aatas ng pagkamiyembro sa klab ng sasakyan bilang kondisyon bago makakuha ng segurong inilarawan sa subdisyong ito.

(B) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat pumigil sa isang tagaseguro na nag-aatas ng pagkamiyembro sa isang partikular na di-nagtutubong organisasyon, na naroroon na bago ang Nobyembre 8, 1988, bilang isang kondisyon bago ang pag-aaplay para sa segurong inisyu sa o sa pamamagitan ng mga grupo ng pagkamiyembro, kabilang ang mga grupo ng prangkisya, mula sa pag-aaplay para sa pagsakop na iniaalok sa mga miyembro ng grupo, sa kondisyon na ito o ang isang kasapi ay nag-aalok din at nagbebenta ng pagsakop sa mga hindi miyembro ng mga grupo ng pagkamiyembro.

(C) Gayunman, lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay dapat na angkop sa segurong inawtorisa ng mga subtalataan (A) at (B):

(i) Ang pagkamiyembro, kung may kondisyon, ay para lamang sa napapanahong pagbabayad ng mga butaw ng miyembro at ibang mga lehitimong pamantayan na hindi batay sa rekord ng pagmamaneho o seguro, sa kondisyon na ang pagkamiyembro sa isang klab ng sasakyan ay hindi maaaring ibatay sa paninirahan sa anumang lugar sa loob ng estado.

(ii) Ang mga butaw ng miyembro ay binabayaran lamang para sa at bilang pagsasaalang-alang sa pagkamiyembro at mga benepisyo ng pagkamiyembro at may makatwirang kaugnayan sa mga benepisyong ipinagkakaloob. Ang halaga ng mga butaw ay dapat nakabatay sa kung ang miyembro ay bumibili ng segurong iniaalok ng organisasyon ng pagkamiyembro. Wala sa mga butaw na ito ng miyembro o anumang bahagi nito na dapat ilipat ng organisasyon ng pagkamiyembro sa tagaseguro, o anumang kasapi ng tagaseguro, abugado-sa-katayuan, sangay, o kompanyang humahawak, sa kondisyon na ang ang tadhanang ito ay hindi dapat pumigil sa lehitimong transaksiyon sa pagitan ng mga organisasyon ng pagkamiyembro at ng mga entidad na iyon.

(iii) Ang pagkamiyembro ay nagkakaloob ng mga lehitimong serbisyo o serbisyo bilang karagdagan sa karapatang mag-aplay para sa seguro. Ang mga serbisyong ito ay dapat na makatwirang makukuha ng lahat ng mga miyembro sa loob ng bawat uri ng pagkamiyembro.

Alinmang tagaseguro na lumabag sa sugnay (i), (ii), o (iii) ay dapat na napapailalim sa mga parusang nakalagay sa Seksiyon 1861.14.

(c) Ang kawalan ng naunang pagsakop ng seguro sa awto, sa sarili nito, ay hindi dapat maging pamantayan ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat para sa polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber, o sa pangkalahatan para sa mga presyo sa awto, mga hulog, o kakayahang iseguro. ~~Gayunman, sa kabila ng subdibisyon (a), ang isang tagaseguro ay maaaring gumamit ng pagpapatuloy ng pagsakop ng seguro sa awto sa tagaseguro, isang kasapi, o ibang tagaseguro bilang isang mapipiling factor sa pagpresyo. Sa pamamagitan nito ipinapasiya at ipinahahayag ng Lehislatura na isinusulong ito ang layunin ng Proposisyon 103 na himukin ang kompetisyon sa mga tagadala upang ang pagsakop sa kabuuan ay sasailalim sa paligsahang pagpresyo. Napag-alaman at ipinahahayag ng Lehislatura na ang kompetisyon ay isinusulong kapag ang mga nakaseguro ay nagagawang humingi ng diskuwento para sa mga regular na pagbili ng seguro mula sa alinmang tagadala na nag-aalok ng diskuwentong ito dati mang nakabili o hindi ang nakaseguro mula isang tagadala nag-aalok ng diskuwento. Ang pagpapatuloy ng pagsakop ay maaaring ipakita ng pagsakop sa ilalim ng programang murang seguro sa awto alinsunod sa Artikulo 5.5 (nagsisimula sa Seksiyon 11629.7) at Artikulo 5.6 (nagsisimula sa Seksiyon 11629.9) ng Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 2, o ng pagsakop sa ilalim ng itinalagang mga plano sa panganib alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksiyon 11620) ng Kabanata 1 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 2. Ang pagpapatuloy ay dapat ituring na naroroon kahit na may pagtigil ng pagsakop na hanggang dalawang taon dahil sa pag-alis ng nakaseguro mula sa estado habang nasa serbisyo sa militar, at hanggang 90 araw sa huling limang taon para sa anumang dahilan.~~

(d) Ang isang tagaseguro ay maaaring tumangging magbenta ng polisang Diskuwento sa Mabuting Drayber na nagbibigay ng seguro sa isang motorsiklo maliban kung ang lahat ng mga tinukoy na nakaseguro ay lisensiyadong magmaneho ng isang motorsiklo para sa mga naunang taong taon.

(e) Ang seksiyong ito ay dapat magkabisa sa Nobyembre 8, 1989. Ang komisyonado ay dapat magpatibay ng mga regulasyon na nagpapatupad sa seksiyong ito at ang mga tagaseguro ay maaring magharap ng mga aplikasyon alinsunod sa artikulong ito na sumusunod sa mga regulasyong ito bago ang petsang iyon, sa kondisyon na walang naturang aplikasyon na dapat aprobahan bago ang petsang iyon.

SEK. 6. Magkasalungat na mga Panukalang-batas sa Balota

Kung ang panukalang-batas na ito at ang ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas na may kaugnayan sa pagpapatuloy ng pagsakop ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota ng halalan, ang mga tadhana ng ibang mga panukalang-batas ay dapat ituring na kasalungat sa panukalang-batas na ito. Kung ang panukalang-batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga boto, ang mga tadhana ng panukalang-batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat na walang-bisa.

SEK. 7. Susog

Ang mga tadhana ng batas na ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban kung para isulong ang mga layunin nito ng isang batas na ipinasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ay sumang-ayon.

SEK. 8. Kakayahang Ihiwalay

Hangarin ng mga tao na ang mga tadhana ng batas na ito ay maihihiwalay at kung ang tadhana ng batas na ito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan, ay ipinasiyang walang-bisa ang naturang kawalan ng bisa ay hindi dapat makaapekto sa ibang tadhana o paggamit ng batas na ito na mabibigay ng epekto nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong rehistradong botante.

   Ang kahulugan ng isang rehistradong botante ay isang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa estadong ito, na may edad na hindi kukulangin sa 18 taon at wala sa bilangguan o nasa paglayang may-pasubali para sa napatunayang krimen, at nakarehistro na bumoto sa kaniyang kasalukuyang tirahan.
2. Ikaw ay may karapatang bumoto ng isang probisyonal na balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa mga talaan ng bumoboto.
3. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay nasa lugar at nakapila sa lugar ng pagbobotohan bago magsara ang botohan.
4. Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa pananakot.
5. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali.

   Kung sa anumang oras bago ka bumoto, naniniwala ka na ikaw ay nagkamali, ikaw ay may karapatang magpalit ng iyong nasirang balota para sa isang bagong balota. Ang mga botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa isang opisyal ng mga halalan bago magsara ang botohan sa araw ng halalan.
6. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung ikaw ay hindi makaboto nang walang tulong.
7. Ikaw ay may karapatang magsauli ng isang nakumpletong balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang presinto sa county.
8. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal ng halalan sa ibang lengguwahe, kung may sapat na mga residente sa iyong presinto upang magarantiyahan ang paggawa.
9. Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan ng halalan at magmanman sa proseso ng halalan.

   Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan at tumanggap ng kasagutan o idirekta sa naaangkop na opisyal para sa sagot. Gayunman, kung ang walang-tigil na pagtatanong ay nakakaistorbo sa pagsagawa ng kanilang tungkulin, ang lupon o mga opisyal ng mga halalan ay maaaring huminto sa pagsagot sa mga tanong.
10. Ikaw ay may karapatang mag-ulat ng anumang hindi legal o may-panlilinlang na aktibidad sa isang lokal na opisyal ng mga halalan o sa Tanggapan ng Sekretarya ng Estado.

Kung sa paniniwala mo ay tinanggihan ka ng anuman sa mga karapatang ito, o kung may nalalaman kang pandaraya o maling kilos sa halalan, mangyaring tumawag sa kompidensiyal na walang-bayad na Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa (800) 339-2957.

Ang impormasyon sa iyong sinumpaang pahayag na rehistrasyon ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng mga halalan upang padalhan ka ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, kagaya ng lokasyon ng iyong lugar ng pagbobotohan at ang mga isyu at kandidato na makikita sa balota. Ang pang-komersiyong paggamit ng impormasyon ng rehistrasyon ng botante ay ipinagbabawal ng batas at ito ay pagkakasala. Ang impormasyon ng botante ay maaaring ibigay sa isang kandidato para sa katungkulan, isang komite ng panukalang-batas sa balota, o iba pang mga tao para sa mga layuning nauukol sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pampulitika, o pamahalaan, na pinagpasiyahan ng Sekretarya ng Estado. Ang lisensiya sa pagmamaneho at numero sa panlipunang seguridad, o ang iyong pirma na makikita sa iyong kard ng rehistrasyon ng botante, ay hindi maaaring ipamigay para sa mga layuning ito. Kung ikaw ay may anumang mga tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o nais mong iulat ang pinaghihinalaaang maling paggamit ng ganitong impormasyon, mangyaring tumawag sa Linya ng Botante ng Sekretarya ng Estado sa (800) 339-2957.

Ang mga partikular na botanteng humaharap sa mga sitwasyon na may panganib sa buhay ay maaaring kuwalipikado para sa kompidensiyal na katayuan ng botante. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang programang Safe at Home ng Sekretarya ng Estado na walang-bayad sa (877) 322-5227 o bisitahin ang Web site ng Sekretarya ng Estado sa *www.sos.ca.gov*.

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

PAMBUONG-ESTADO NG CALIFORNIA NA TUWIRANG

PRIMARYANG HALALAN

www.voterguide.sos.ca.gov

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Tandaang Bumoto!
Martes, Hunyo 8, 2010
Ang mga pagbobotohan ay bukas mula
7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

Lunes, Mayo 24, 2010
Huling araw upang magparehistro para bumoto.

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga sumusunod na wika, makipag-ugnayan lamang sa opisina sa mga halalan ng inyong county o tawagan ang:

English:	(800) 345-VOTE (8683)
Español/Spanish:	(800) 232-VOTA (8682)
日本語 **/Japanese:**	(800) 339-2865
Việt ngữ **/Vietnamese:**	(800) 339-8163
Tagalog:	(800) 339-2957
中文**/Chinese:**	(800) 339-2857
한국어**/Korean:**	(866) 575-1558
TDD:	(800) 833-8683

Upang mabawasan ang mga gastos sa halalan, ang Estado ay nagpapakoreo ng isa lamang patnubay sa mga direksiyon kung saan higit sa isang botante ang naninirahan.

OSP 10 117501